


mga papel ng ika-8ng konggreso ng linggwistiks sa Pilipinas

handog ng departamento ng linggwistiks ng up diiman



isang publikasyon ng **THE ARCHIVE**

Proceedings of the
**8TH PHILIPPINE LINGUISTICS
CONGRESS**

Wika at Pagpapalaya
1997

Copyright Notice

The copyright of all articles published in the PLC conference proceedings remains with the authors, i.e. authors retain full ownership of their article. The views reflected by the authors in the conference proceedings do not necessarily reflect the views of the publisher, editors, and conveners.

Access to the papers uploaded is free on the condition that proper attribution is given.

Recommended entry:

[Author]. (1997). "Title of Paper". In *Wika at Pagpapalaya: Mga Papel ng Ika-8ng Konggreso ng Linggwistiks sa Pilipinas (The Archive Special Publication)* ([page numbers]). Quezon City: UP Diliman Cecilio Lopez Archives of Philippine Languages and Department of Linguistics. Accessed [Date] at the UP Department of Linguistics website: [link].

For more information, please refer to the Acceptable Use Policy of the University of the Philippines.

Department of Linguistics
Palma Hall
Quirino Avenue
University of the Philippines
Diliman, Quezon City 1101
Philippines

<https://linguistics.upd.edu.ph/>

linguistics.upd@up.edu.ph

The **ARCHIVE** is published nonperiodically by the **CECILIO LOPEZ ARCHIVES OF THE PHILIPPINE LANGUAGES** of the Department of Linguistics, College of Social Sciences and Philosophy, University of the Philippines, with the cooperation of the **PHILIPPINE LINGUISTICS CIRCLE**. It is designed for the publication of preliminary reports and data-oriented papers dealing primarily but not exclusively with Philippine languages and dialects.

Contributions and inquiries concerning orders should be sent to the Editorial Committee, The **ARCHIVE**, Faculty Center 2111, University of the Philippines, Diliman, Quezon City, Philippines

EDITORIAL COMMITTEE

ERNESTO A. CONSTANTINO

CONSUELO J. PAZ

EMILITA L. CRUZ

IRMA U. PENEYRA

VIVECA V. HERNANDEZ

RICARDO MA. NOLASCO

BUSINESS MANAGERS

ROWENA T. BACHILLER

JOSEPH JUNSEN S. DECENA

PAGSILANG NG WIKA: KASO NG FILIPINO

Consuelo J. Paz

Unibersidad ng Pilipinas-Diliman

Hanggang sa panahon na ito, wala pang sayantifik na paliwanag kung saan nagmula ang wika o tungkol sa orijin ng wika. May ilang tyuri tungkol dito, nakakatawa pa nga ang ilan tulad ng tyuri na nagmula ang wika sa sigaw ng naghihinagpis pero hindi pa rin tiyak kung papano talagang nag-umpisang magkomyunikeyt ang tao sa paraan ng wika.

Mas importante ang penomenon na tuluyang nagbabago ang wika. Malinaw na pinapakita ito ng anumang wika at napapag-aralan ito ng mabuti sa sayantifik na paraan. Maaring magbago ang mga kombinasyon ng mga tunog (sa ponoloji), ang sistema ng pagbubuo ng mga salita (sa morfoloji), magbago ang mga sentens (sa sintaks) at mga kahulugan ng mga ito (sa semantiks). Maaaring mangyari, na dahil sa mga pagbabago, nagdedebelop ang wika ng mga fityur na iba sa dating wika. Halimbawa, hindi na halos makikilala ang anyo ng Ingles nung panahon ni Chaucer kung ikukumpara sa Ingles ngayon dahil nagbago ang wika sa iba't ibang yugto ng panahon hanggang sa ito'y naging ang kasalukuyang Ingles at mga dayalek nito. O di kaya, ang pagkakaiba ng salita ng mga jenerasyon, kahit hindi kasing lubha ng unang halimbawa, at kahit di pa gaanong matatag, ay masasabing pinakamalubhang dahilan ng tinatawag na pwang sa jenerasyon o generation gap. Hindi magkaintindihan ang mga matatanda't bata.

Nangyayari din na nabuo ang bagong wika, ang tinatawag na pagsilang ng wika o language birth ni W. Foley (Foley, 1988), na resulta ng mga sosyolohikal na katunayan at prosesong linggwistik. May dalawang paraan sa pag-usbong o pagsilang ng wika, na nangyari dito sa Pilipinas: sa paraan ng pagbuo ng pidjin na nagiging kreyol (creole) at sa paraan ng pagpili o pagbuo ng linggwa frangka.

Sa unang paraan nasisilang o nabubuo ang wikang tinatawag na kreyol mula sa isang pidjin. Hindi tinuturing na wika ang pidjin hangga't wala pang sinusundan na sistema ng mga rul ang mga nagsasalita. Isang paraan ng oral na komunikasyon ang pidjin na walang mga gramatikal na signal at ang mga salita'y tumutukoy lamang sa mga bagay at gawa na nakikita o naobserbahan, sa madaling salita sa mga bagay na nararamdaman ng mga senses. Ginagawa ang pagpalitan ng mga ganitong salita ng mga taong hindi marunong ng wika ng kausap nila sa sitwasyong multilinggwal. Ang ibig

sabihin nito'y higit sa isang wika ang ginagamit ng mga grupong nagtagpo at tumira sa isang lugar.

Kadalasan, ang matinding pang-ekonomikong pangangailangan katulad ng komersyo o trabaho, ang nagbibigay ng malakas na motibesyong makipag-komyunikeyt sa nagsasalita ng wikang kahit di alam ng kausap. Nangyari ito sa mga lugar na nag-angkat ng mga trabahador na galing sa ibang bansa para magtrabaho sa mga malalaking plantasyon, katulad ng nangyari sa Hawaii. Bukod sa magkakaibang wika ang mga trabahador na sama-samang tumitira doon, iba pa ang wika ng tagapangasiwa. Kahawig nito ang sitwasyon sa Zamboanga (Mindanao) at sa Ternate (Cavite) nung panahon ng Kastila. Malakas ang pangangailangan ng mga sundalong dayuhan na makipag-komyunikeyt sa mga katutubong komunidad at sa mga iba pang mga galing sa ibang lugar na naatrak doon dahil sa oportunidad magnegosyo dala ng mga pangangailangan ng kampo. Sa sitwasyong ito, napilitan makipagkomyunikeyt ang mga taong magkaiba ang kultura't wika para mabuhay sa komunidad. Kaya, di katakataka kung ang kinalabasan nito'y mga simpleng salita na walang mga gramatikal na patakaran na dapat sundan. Nakapagkomyunikeyt sila sa paraan ng mga salitang simple lang ang kahulugan na tumutukoy sa mga ordinaryong pang-araw-araw na bagay na nakikita, nahahawakan, o naririnig. Pidjin ang tawag sa ganitong paraan ng komunikasyon. Walang ibang gamit ito kundi masabi at malaman ang pinakabehisik na pangangailangan ng mga nagkokomyunikeyt.

Masasabi din, na kaya maiigsing salitang walang manipestesyong sintaktik ang isang pidjin ay dahil sa pananaw o atityud ng mga gumagamit nito. Paniwala ng ibig makipagkomyunikeyt na di alam, di maiintindihan o di káyang intindihin ng kausap nila ang kanilang wika. Samakatuwid, mababa ang pagtingin sa kakayahan ng kausap kaya mga salitang pangmangmang o pangbata ang ginagamit. Madalas, persepsyon ito ng mey hawak sa awtoridad o kapangyarihan sa loob ng komunidad.

Habang ginagamit ang isang pidjin at nauulit ang mga paraan kung papanong sabihin ang partikular na bagay, sitwasyon o kagawian, nagkakaroon ng mga oral na signal para malaman ang pagkaiba ng mga salitang ginagamit sa partikular na kahulugan. Galing sa mga simpleng form na nagiging komplikado at prediktabol ang mga form na naglalahad ng mga partikular na sitwasyon. Ganito nabubuo ang mga preys at sentens. Kapag naging gawi na ng isang komunidad na gamitin ang mga pananalitang ganito at ang mga ito na rin ang ginagamit nila sa mga anak nila - nagkaroon na ng native speakers - masasabing isang wika na ito at tinatawag itong kreyol.

Nagsilang ang komunidad ng bagong wika. Ang salita ng kasalukuyang jenerasyon ng Hawayanong nagmula sa mga galing sa iba't ibang bayan para magtrabaho sa mga plantasyon doon ay halimbawa ng kreyol. Ganoon din ang Chabakano na wika sa Zamboanga na isinilang ng pangangailangan ng mga nanakop na Kastila at mga katutubong naninirahan doon nung dumating ang mga dayuhan. Narito ang isang halimbawa ng Chabakano sa Zamboanga:

"Sabe tu, tiene kita buen tiempo ahora asegun con el PAG-ASA."
[Chabakano]

"Alam mo, magkakaroon tayo ng magandang panahon ngayon ayon sa PAG-ASA". [Filipino]

Madalas marinig ang obserbasyon na pidjin ang Filipino. Malamang ang talagang ibig sabihin ng mga mey ganitong paniwala'y kreyol at di pidjin ito. Kaya lang, talaga bang pidjin (o kreyol) ang Filipino? Bago sagutin ang tanong na ito, ipapaliwanag ko muna ang pangalawang paraan sa pagsilang ng wika, ang linggwa frangka.

Katulad ng sitwasyon na nangangailangan ng pidjin, nagkakaroon ng linggwa frangka o wikang komon ang isang lugar kung saan nagamit ang isang wika. Maaaring mangyari na maging linggwa frangka ang isa sa mga wikang ginagamit sa komunidad, na kadalasan tagpuan ng mga taong mey iba't ibang wika. Sa madaling salita, di sadyang pinipili ng komunidad ang isang wika para magkaroon ng kinekelangang interaksyon. Kadalasan wika ito ng nakakarami o wikang tinitingala o mey prestij. Halimbawa ang Ilokano ang rejonal na linggwa frangka sa Norteng Luzon. Maaari ding maging linggwa frangka ang wikang nabuo ng pagbabahagi at paghalo ng mga fityur ng iba't ibang wikang ginagamit sa isang lugar o komunidad. Nangyayari ito kung mga magkaka-mag-anak na wika o myembro ng isang pamilya ng wika -- mga wikang mey bahaging komon -- ang sangkap ng sitwasyong pangwika. Ganito ang sitwasyon na nagbunga ng Filipino.

Balikan natin muna ang sitwasyon na nagbubunga ng pidjin/kreyol at ikumpara sa sitwasyon na nagbubunga ng linggwa frangka pati ang Filipino. (Tingnan ang teybol 1 sa p. 10).

Pare-parehong multilinggwal, o bilinggwal man lamang ang sitwasyong pangwika na responsable sa pagbuo ng pidjin/kreyol, ng linggwa frangka at sa ganon ng Filipino. Sa ganitong sitwasyon hindi nagamit ng mga gustong mag-interak ang kanilang katutubong wika, liban sa sitwasyon kung

Teybol 1

	Pidgin	Kreyol	Lingwa Frangka	Filipino
Sitwasyong Pangwika	multilinggwal o bilinggwal	multilinggwal o bilinggwal	multilinggwal o bilinggwal	multilinggwal
Pangangailangan	ekonomik, kapangyarihan, hangaring kolonyal	ekonomik, kapangyarihan, interaksyon sa komunidad	ekonomik, interaksyon sa komunidad	ekonomik, interaksyon sa komunidad, unifikasyon ng grupo, edukasyon, literasi
Istruktura	simple, walang mga relasyong sintaktik	ponoloji, morfoloji, sintaks at mga idyom	ponoloji, morfoloji, sintaks at mga idyom	ponoloji, morfoloji, sintaks at mga idyom
Katutubong Wika	hindi	oo	ng isa sa mga grupo	oo
Pinang-galingan/ Hinanguan	mga simpleng form ng mga wika sa komunidad	pidjin	1) isa sa wikang gamit sa komunidad 2) pagkon - tribyut ng mga fityur ng magkamag-anak na wika sa isang komon na gramatikal na istruktura	linggwa frangka
Gamit	masabi ang pinakabeysik na pangangailangan	pang-araw-araw na gamit at masabi ang mga abstrak na iniisip e.g. sa literetyur	interaksyon sa loob at labas ng komunidad, pagbuklod ng iba't-ibang grupo	interaksyon ng iba't-ibang grupo sa bansa, unifikasyon ng bansa, edukasyon, literasi at literetyur
Ortografi	wala	pwedeng meron	pwedeng meron	mey ortografing nagdedebelop

ang naging linggwa frangka'y katutubong wika ng isa sa mga grupo sa naturang lugar. Sa ganitong kalagayan, hindi matatawaran ang pangangailangan ng mga nandodoon na humanap, mag-improvays o mag-adap ng paraan para makapagkomyunikeyt.

Ang pangangailangan na ekonomik ang isa sa mga matinding rason na komon sa pagsilang o pagbuo ng bagong paraang komunikasyon. Pero sa kaso ng kreyol, di lang interaksyon sa loob ng komunidad ang gamit nito tulad ng pidjin, kundi ginagamit na rin sa loob ng pamilya, naging unang wika ng mga anak at nagagamit sa paghiwatig ng mga abstrak na pag-iisip dahil meron na itong sintaks.

Nasabi ko na sa ilang papel na sinulat ko tungkol sa Filipino na mey bahaging komon o unibersal na nukleyus ang mga wika sa Pilipinas at ito ang pangunahing rason kung bakit madaling nabuo, tinanggap at lumaganap ang linggwa frangka - Filipino - sa iba't - ibang sentro ng populasyon sa bansa. Pero hindi din nangyari ito kung walang matinding pangangailangan na makipagkomyunikeyt ang mga nasa mga halong komunidad kung saan umiiral ang nasabing pangangailangan. Ito'y mga komunidad na dating sapat na ang wikang katutubo, pero dahil naging sentro ng komersyo, edukasyon o agrikultura/industriya, nahaluan ng mga taga-ibang lugar na mey mga dalang sariling wika. Ang isang nangyari'y umiral ang isa sa mga wikang sinasalita sa ganitong multilinggwal na sitwasyon, tulad ng Ilokano sa mga sentro ng populasyon sa Norteng Luzon at Cebuano sa ilang parte sa Mindanao, halimbawa Cagayan de Oro.

Sa isang banda naman, nabuo ang linggwa frangka sa pagkomyunikeyt sa mga wikang lubos na magkakahawig at nagpalitan ng fityur, o di kaya, mas malaki ang inambag na mga fityur ng isa sa mga wika. Ito ang tiniyurays kong nangyari sa pagbuo ng Filipino. Naekspows o nalantad ang komunidad, kadalasan isang sentro ng populasyon, sa Tagalog/Pilipino dahil, unang una, tinuro ito sa mga eskwelahan. Dahil din nasa rihyon katagalugan ang Manila na sentro ng industriya at komersyo, mas maraming salita ang naibahagi ng Tagalog sa Filipino kesa sa ibang mga wika sa Pilipinas. Madadagdag pa rito ang dahilan na dala ng mga komersyanteng Tagalog, tulad ng mga manglalako ng kalakal na pambahay na lumilibot sa iba't ibang lugar sa bayan, ang kanilang wika. Sinabi sa akin ng isang grupo ng mga babae sa looban ng Surigao na naenganyo silang matutong intindihin ang Tagalog dahil sa kelangan nilang mag-order ng gamit sa naglalakong Batangenyos. Walang ibang paraan silang makapagbili ng mga gamit nila kung hindi sila pumaron sa malayong bayan. Ang Filipino nila doon ay halong

Surigaonon at Tagalog. Mahirap sabihing Tagalog ang nagresultang salita dahil halos pareho naman ang istruktura ng dalawang magkapamilyang wika at ang mga tunog/punto at maraming salita'y Surigaonon. Nangyari at nangyayari din ito sa iba't ibang lugar sa bansa kaya maririnig na sinasabi ang:

Sige mag-ano, magsakay ka na dyan sa LRT, Nong. [Filipino]

Sige magkwan, magsakay ka sa dinha na LRT, Nong. [Sebuano]

Sina bida, ading. [Filipino]

Imbigada, ading. [Ilokano]

Makikita sa mga halimbawa na ang mga elementong magkapareho o magkatulad sa mga wikang nagtagpo'y ang naging beys o pinagtayuan ng wikang binuo. Ang mga binahaging mga elementong katutubo naman, ang nagbibigay ngayon ng katangian sa mga varayti o dayalek ng Filipino. Dahil nagsimulang linggwa frangka, wikang sinasalita, di maiiwasan ang pagbukas nito sa pag-aambag ng mga elementong galing sa mga katutubong wika ng nagsasalita. At dahil sa katangiang ito, tunay na bukas sa pangangailangan ng mga nagsasalita, at sa ganon dinamikong bumabagay sa kapaligiran. Ito'y makabuluhang bagay na dapat ipagdiin dahil pinalawak at pinayaman ang Filipino ng mga katutubong elemento ng mga wika ng mga etnolinggwistikong grupong gumagamit nito. Pero malamang, dahil din dito, napalaganap ang pananaw na "maling Tagalog", "binaboy na Tagalog" o "pinalawak na Tagalog" ang Filipino.

Pero hindi lamang wikang Tagalog, -- ang istruktura, o mga salita ang pinalawak, o binawasan (mali) o hinaluan (binaboy) -- ang masasabing "naging" Filipino. Hindi bukod tanging Tagalog ang istruktura ng Filipino. Malaki ang bahagi nitong matatagpuan sa lahat ng mga wika sa Pilipinas. Halos pare-pareho ang pagbigkas ng ilang mga tunog at pagbubuo ng mga salita, halimbawa ang pagkabit ng apiks sa stem sa pagbuo ng isang adjektib tulad ng Tagalog: *ma + ganda = maganda*; Ilokano: *na- + pintas = napintas*; Tausug: *ma- + lingkak = malingkat*. O di kaya ang pagbuo ng mga sentens tulad ng: Tagalog: *Maginaw kahapon*; Bikol: *Maliput kasuugma*; Sebwano: *Tugnaw gahapon*. Malaki rin ang bahagi ng bokabularyo, -- bokabularyong katutubo at bokabularyong pinulot sa mga banyagang wika: *Instik*, *Kastila't Ingles* -- na komon sa halos lahat ng mga wikang ito.

Halimbawa:

<i>katarungan</i>	<i>pakbet</i>	<i>kompyuter</i>
<i>manong</i>	<i>sabon</i>	<i>plastik</i>
<i>nakakabuang</i>	<i>siguro</i>	<i>bolpen</i>
<i>pwede</i>	<i>drayber</i>	<i>inday</i>
<i>ate</i>	<i>bilao</i>	<i>petsay</i>

Ang isa pang isyu na di pa malinaw sa marami ay ang pagkakaiba sa Engalog/Taglish at Filipino. Sa katunayan, masasabing parehong nagkaron ng language mix: naghalo ang mga preys, sentens at idyom ng Tagalog at ng Ingles sa Engalog/Taglish at naghalo naman ang mga fityur ng mga wika sa Pilipinas sa Filipino. Ang pagkakaibang malaki'y ang hinahalo sa Taglish ay mga fityur ng Tagalog at Ingles na mga wikang lubhang magkaiba o di myembro ng isang familyang wika. Samantala, sa Filipino ang naghahalo'y mga wikang halos magkapareho ang istruktura ng sintaks. Bukod dito, napakaraming mga kogneyt o mga salitang halos pareho ang bigkas at kahulugan, at marami ding magkapareho o magkatumbas na idyom.

Sa Engalog/Taglish nagkakaran ng buong-buong paglilipat sa kowd, sa lebel ng tunog, salita, sintaks at kuminsan sa idyom. Masasabing mey paglilipat rin sa kowd sa Filipino pero sa lebel lamang ng tunog at salita, at bahagya lang sa sintaks. Halimbawa sa:

"In so doing, walang importation ng langis. Exactly, ngayong nalulugi sila blackmail ang ginagamit. Di, in case of emergency the government can take over, hindi na tama yang ginagawa sa taong bayan."

(radyo, Mel & Jay)

"You know I'm concerned maging sa mudels kelangan mey nutrisyon."

(Ad ng Lucky Me Noodles)

Kuminsan, o siguro dapat sabihing madalas, hinahalo ang Filipino at Taglish:

"Sadyang ididiley o ihohold muna. At the same time, tatalakayin ngayong umaga ng komite ng Ways & Means."

(News)

Softer, jucier pa -- Taglish
mas sof, mas jusi pa -- Filipino
mas malambot, mas makatas pa -- Tagalog

Epekto ng paggamit ng dalawang wika ng isang bilinggwal ang pagkowd-switch at mey mga pag-aaral na kung kelan at papano magagawa ito na hindi sakop ng papel na ito. Sasabihin ko na lamang na base sa pag-aanalays ko ng Filipino hindi ko matatawag na naglilipat ng kowd ang paghiram o pagpulot ng mga salita sa mga banyagang wika. Unang-una, dahil hindi nililipat ang sistemang pagbigkas ng mga tunog ng halimbawa Ingles, kapag hiniram ang salitang galing sa wikang ito. Kaagad nababago ang pagbigkas ng mga salitang Ingles, lalu kung matutunan ito sa paraan ng pagkasulat o nabasa, at binabagay sa sistema ng tunog ng Filipino. Kaya madaling nasama sa bokabularyo nito ang:

kudeta (Frances),
lahar (Indonesian),
hamburjer (Ingles), at iba pa.

Ang isa pang epekto ng pagkadinamikong wika ng Filipino ay ang pagkadami ng mga sinonim na nagpapayaman sa wika dahil maraming mapapagpilian.

Halimbawa:

<i>komite</i>	<i>komiti</i>	<i>lupon</i>
<i>libro</i>	<i>buk</i>	<i>aklat</i>
<i>maestra</i>	<i>titser</i>	<i>guro</i>
<i>magnanakaw</i>	<i>kawatan</i>	
<i>eroplano</i>	<i>erpleyn</i>	<i>pleyn</i>

Pasok sa istruktura ng Filipino ang mga tunog, salita o anu pa man na galing sa mga ibang wika; mga wika sa Pilipinas o banyagang wika. Dapat kilalanin ito para hindi nagiging problema ang pagsulat. Hindi dapat ihiwalay ang pagsulat ng mga pumasok na salita sa istruktura ng Filipino o dapat lang isunod ang pagsulat sa pagbigkas nito. Di katulad ito sa Taglish na linilipat na kowd at hindi pasok sa wika ang mga banyagang elemento.

Hindi matatawaran ang kahalagahan ng Filipino -- na binuo ng mga mismong nangangailangan at gumagamit nito at hindi ng isang grupo o institusyon -- sa pagkalat ng impormasyon at pagbigay ng pagkakataon sa

gumagamit nito na makilahok sa mga disisyon na makabuluhan sa buhay nila bilang mamamayan ng bansa. Hindi pa lang siguro naabot ang kanais-nais na kapangyarihang ito, pero nandyan na ang potensyal. Kelangan lamang na seryosong palaganapin ang Filipino bilang wika ng edukasyon at gobyerno. Kung may ganitong armas laban sa kamangmangan at sa marjinalisasyon, na umiiral kapag hindi makasangkot sa nangyayari dahil sa hindi natututo o nakakaintindi, lalong madaling maabot ang mataas na literasi sa bansa, na dapat sanang seryosong hangarin ng mga humahawak sa edukasyon. Ano pa ba ang makapangyarihang paraan para maging pantay-pantay at malaya ang mga mamamayan kundi ang wikang madaling matutunan na magagamit para matuto laluna't kasangkot ang halos lahat sa pagbuo o pagsilang at pagpalaganap nito.

ANG PAGSASALIN: NAKAKAPAGPALAYA NGA KAYA?

ni
Anicia del Corro

(Papel na binasa sa ika-8ng Konggreso ng Linggwistiks sa Pilipinas, Disyembre 15-17, 1997; sa Oditoryum ng ISMED, U.P. Diliman, Quezon City)

1.0 Introduksyon

Ang pagiging malaya ay isang adhikain ng lahat ng tao. Unang-una na dito ang politikal na kalayaan, na tayo ay may karapatang ibilang na isang bayan na sovereign, hindi napapailalim kaninuman. Kaya may karapatan at kakayahang magpasiya kung ano ang higit na makakabuti para sa bansa. Ang politikal na kalayaan ng isang bansa ay isa na sa pinakakongkretong halimbawa kung ano nga ang kalayaan.

Ang konsepto ng kalayaan ay makikita din sa mga gawain na nagbibigay karapatan sa isang indibidwal na mamuhay o gumawa ng mga bagay ayon sa mga kagustuhan niya. Ngunit hindi nangangahulugan na kapag may politikal na kalayaan ay laging may mapagpalayang pag-iisip o pananaw.

Ang wika ay isang aspeto ng gawain ng tao kung saan maaring makita kung ito'y nakakapagpalaya o nakakapagpaalipin. Ito ay nakakapagpalaya kung ang isang tao ay libreng magpahiwatig ng kanyang nilolooob sa pamamagitan ng wika na para sa kanya ay pinakaepektibong paggamit nito para makamit ang kanyang hangarin. Halimbawa, kung gusto ng isang Pilipino'y lubusan niyang maipaliwanag ang kanyang damdamin, gagamitin niya ang kanyang sariling wika, ang kanyang sariling dayalekto, sa idiyolektong natatanging kanya lamang. Bakit niya gagamitin ang ibang wika dahil lamang sinasabi ng lipunan iyon ang katanggap-tanggap ayon sa pamantayan ng mga makapangyarihan? Ang ganitong paggamit ng wika ay mapang-alipin. Bihag ang mga tao sa mga pamantayan na labag sa natural na pagkilos at paraan ng pag-iisip.

1.1 Paksa

Ang paksa ng papel na ito ay pagsasalin, kung ito ay nakakapagpalaya nga. Dito pa lamang ay sasabihin ko na na nakakapagpalaya ang pagsasalin. Dahil dito, ang isinulat ng isang tao sa isang wika, ay maari maging bahagi rin ng kaalaman ng ibang mga taong iba ang wika, o iba ang kultura. Ang pagsasalin ang paraan ng pagbubukas ng lahat ng mga pagkakataon para makibahagi sa kaalaman ng buong mundo. Dito na papasok ang pagpili o diskriminasyon kung ano ang gustong malaman ng isang tao, kung kaya't isasalin ang isang akda.

Ang Biblia ang libro na may pinakamaraming salin. Sa ngayon, may mga 2,167 na mga wika na may hindi kukulangin sa isang aklat ng Biblia na naisalin na sa ibang wika. Ang 880 dito ay may buong New

Testament o Bagong Tipan na naisalin na at ang 355 dito ay may buong Biblia (UBS Bulletin, 1997, p274). Bakit Kaya mayroong ganito karaming salin? Kapag sa tingin ng isang may kakayahang magsalin na mahalaga ang nilalaman ng isang akda, ito ay isinasalin. Sa Bible Society, ito ang aming paniwala na ang bawat tao sa mundo ay dapat mabigyan ng pagkakataon na malaman ang nilalaman ng Biblia. Kaya hindi lamang pagsasalin ang ginagawa ng Bible Society kundi pati na ang paggawa ng lahat ng paraan para ang presyo ng Biblia ay abot-kaya ng mga tao.

Sa pagtalakay ko ng paksang ito, mahalagang maipaliwanag ko ang paniwala namin sa Bible Society na ang Biblia ay ang salita ng Diyos. At dahil ito ay salita ng Diyos, kailangang tapat ang salin: walang labis, walang kulang.

Nabanggit nga na ang pagsasalin ay nakakapagpalaya dahil hindi na kontrolado ng unang may-akda ang kanyang mambabasa. Nagkakaroon ng pagkakataon na malaman din ng ibang tao ang isang isinulat kahit na hindi sila ang unang pinaglaanan ng akdang iyon. Pero tama lamang ang salin kung, maiintindihan ng mga bagong mambabasa ang akda, gaya ng pagkakaintindi ng orihinal na mambabasa. Ganito nga ba ang nangyayari sa mga salin? Ipinapahiwatig ng katanungang ito na ito ang istandard na sinusunod ng Bible Society sa isang salin. Dapat maintindihan ng mga Tagalog na gumagamit ng Bibliang Tagalog ang nilalaman nito, kagaya ng pagkakaintindi ng mga Judio sa kapanahunan ni Jesus kapag binasa nila ang mga ebanghelyo o gaspel.

2.0 Ang Dalawang Pamamaraan ng Pagsasalin

2.1 Formal Korespondens

Kung ang isang tao ay bibili ng Bibliang Tagalog, hindi sapat na sabihin niyang Bibliang Tagalog dahil maraming mapagpipilian ng Bibliang Tagalog. Lalung-lalo nang marami ang mga biblia sa Inggles. Sa ngayon, hindi kukulangin sa 109 ang mga salin ng Biblia sa Inggles (Ewert, 1983, p250). Bakit kaya kailangan ang ganito karaming mga salin?

Makikita ang dalawang uri ng pagsasalin sa mga halimbawang ibibigay, ang isa ay galing sa Matandang Tipan o Old Testament, at ang dalawa sa New Testament (NT).

1 Samuel 24:3

AB At siya'y naparoon sa mga kulungan ng kawan sa daan, na kinaroroonan ng isang yungib; at pumasok si Saul upang takpan ang kaniyang mga paa. Si David nga at ang kaniyang mga tao ay tumatahan sa pinakaloob na bahagi ng yungib.

MBB Nang matapat sila sa isang kulungan ng tupa sa tabi ng daan, nanabi siya sa may bunganga ng kuweba sa tapat ng

kulungan. Samantala, sina David ay nagtatago sa loob ng kuwebang iyon.

May isang bahagi ang vers na ito kung saan mapupuna ang malaking pagkakaiba, ang dahilan kung bakit pumasok si Saul sa kweba. Ayon sa Ang Biblia (AB), ito'y "upang takpan ang kanyang mga paa." Bakit kaya kailangang takpan ni Haring Saul ang kanyang mga paa? Maiintindihan ang kahulugan nito kung ihahambing sa Magandang Balita Biblia (MBB). Si Haring Saul ay "nanabi" kaya niya kinailangang pumunta sa kuweba. Ang susunod na tanong dito ay kung bakit napakalaki ng pagkakaiba ng pagkakasalin.

Sa pagsasalin, laging may dalawang wika na pinag-uusapan. Ito ay ang Sors na wika (SW) o orihinal na wika at ang Reseptor na wika (RW) o ang wika kung saan nagaganap ang pagsasalin. Kapag nagsasalin ang isang tao na walang kinalaman sa mga prinsipiyo ng pagsasalin, malamang formal korespondens ang susunding pamamaraan. Sa paraang ito, nais ng nagsasalin na magkaroon ng katugma na nakikita sa anyo sa RW ang bawat salita o kataga man lang na nasa SW. Ginagawa ito dahil gustong siguraduhin na ang lahat ng nasa SW ay hindi nawawala kaya makikita rin sa RW. Hindi nga ba ito ang layunin ng pagsasalin - ang mabigyan ng katugma ang lahat ng nasa SW, at makikita ito sa RW? Pero hindi ito madaling maintindihan at hindi ba ang pagkakaintindihan ang layunin ng pagsasalin? Kaya may isa pang paraan ng pagsasalin - ang Daynamik Ekwibalens (DE). Ito ang ginamit na paraan sa MBB kung saan isinalin ang "upang takpan ang kanyang mga paa" na "nanabi". Sa madali't sabi, ang dahilan ng pagpunta ni Haring Saul sa Kuweba ay ang tawag ng kalikasan.

Saan naman kaya nanggaling ang ekspresyon na "takpan ang kanyang mga paa"? Sa kultura ng mga Semito, mahahaba ang mga damit. Kaya kung ang isang tao nga ay kailangang manabi at ito'y uupo para sa gawaing ito, natatakpan ang mga paa. Ito ang pinanggalingan ng ekspresyong "takpan ang paa". Ang resulta ng ganitong pagkakaupo ay natatakpan ang mga paa. Katangian ito ng mga yupemismo na sa halip na tuwirang sasabihin ang ginagawa ng isang tao, at dahil mahirap nga itong bigkasin sa harap ng tao, babanggitin na lamang ang nakikita sa panlabas. Sa Tagalog, literal na tinumbasan ang Hebreo

lehasek et ragelayv (BHS, 1984, p490)
takpan marker paa niya

Sinikap ng nagsalin na may katumbas ang bawat salitang "takpan" at "paa". Sa ating mga Pilipino, malamang walang nakakaintindi sa ekspresyon na ito at ang unang dahilan na diyan ay dahil iba ang ating kultura. Ngunit para sa mga Judio, natural lang na gagamitin nila ito. Kung naiiba ang ating kultura, bakit isinalin pa rin na "takpan ang paa" sa Bibliang Tagalog?

Ang literal na pagsalin o formal korespondens ay isang lehitimong paraan ng pagsasalin. Ang marami sa mga naunang mga

salin ng Biblia ay sumunod sa ganitong pamamaraan. At hanggang sa kasalukuyan, marami pa ring mga salin ang literal. Sa mga salin sa Inggles, ang pinakapopular ay ang King James Version (KJV). Ito ay unang nailimbang noong 1611 kaya ang Inggles ay pang-1611 din pero nangunguna pa rin sa mga bentahan sa maraming bansa. Para sa 1 Samuel 24.3, ang salin ng KJV ay: "...and Saul went in to cover his feet". Kapag tinatanong kung ano ang pagkakaintindi sa ekspresyon na nabanggit, sinasabi ng ilan sa ating mga kababayan ay dahil daw baka may lamok, o kaya giniginaw si Haring Saul o kaya gusto niyang magpahinga kaya siya pumasok sa kuweba at tinakpan siguro ng kumot ang kanyang mga paa.

Ang vers na ito ay isa lamang halimbawa kung saan malamang hindi maiintindihan ang tunay na kahulugan ng sinasabi ng Biblia. May marami pang iba. Pero ang mga literal na salin kagaya ng Ang Biblia o ang KJV ay ginagamit pa rin ng napakaraming tao dahil gusto nila ang salin na pinakamalapit sa mga SW na Hebreo at Griyego. Napakalaki ng pagtingin ng maraming mga Kristiyano sa Biblia kaya gusto nila na ang salin nila ay ang pinakamalapit na salin ng salita ng Diyos, sa madali't sabi, walang labis, walang kulang. At kapag sinabing napakalapit, madalas ay hinahanapan ng ebidensyang nakikita, na tugmang-tugma nga ito. Sa palagay ko, sa tingin ng mga taong ito, kung mas malapit sa mga SW, mas malapit na rin sa Diyos at dahil dito'y mas banal. Walang masama sa ganitong pananaw. Pero sa isang nag-aaral ng wika, napakagandang suriin ang ganitong pananaw. Ano ang nag-uudyok para sabihin ng maraming taong gumagamit ng mga literal na salin na mas malapit iyon sa Diyos?

2.2 Daynamik Ekwibalens

Bago natin sagutin ang tanong na ito, tingnan muna natin ang pangalawang paraan ng pagsasalin - ang daynamik ekwibalens. Sa pamamaraang ito, sa halip na anyo ang gustong tumbasan, mas mahalaga ang kahulugan. Kaya ang Hebreong "Lehasek et ragelayv" ay isinalin na "nanabi" dahil ito nga ang kahulugan. Sa Inggles na salin, ganito rin ang ginamit na pamamaraan sa Good News Bible (GNB). Sa 1 Samuel 24.3, ang salin ng GNB ay "He came to a cave...and went in to relieve himself". Tuwiran ang pagsasalin kaya madaling maintindihan. Sinisikap ng mga tagasunod ng DE na sa kabila ng pagiging tapat na salin, ang lingguwistik patern na ginagamit ay natural. Kailangan hindi mahalatang ito'y isang salin.

Sa maraming mambabasa ng Biblia, hindi nila inaasahan na sa unang pagbasa ay maiintindihan nila ang kanilang binabasa kung ito'y ang Biblia. Kaya pagkatapos binasa ng isang tao sa Amerika ang GNB, sabi niya: "Marahil hindi ito ang Biblia dahil naintindihan ko!" Kung madali nga maintindihan ang DE, iisipin na ikakatuwa ito ng mga tao. Pero mapapansin na ang mga daynamik ekwibalent na mga salin ay hindi nangunguna sa bentahan. Bakit kaya?

Kung tutuusin, ang daynamik ekwibalens ang siyang pamamaraan sa pagsasalin na tunay na nagpapalaya. Hindi na ang anyo ng SW ang siyang magsasabi kung ano ang dapat na mga katangian ng salin sa RW. Hindi kagaya ng halimbawa sa Hebreo "lehasek et ragelayv" na ang hahanapin din ay isang salita para sa Heb "lehasek". Tag takpan, "et" marker at Heb "ragelayv" Tag paa niya. Sa DE, higit na pinapahalagahan ang maintindihan ang akda ng mga reseptor. Isinasaalang-alang na iba ang kultura ng orihinal na pinag-ukulan ng ulat na iyon kaya kailangang ibagay sa panibagong babasa o makikinig o odiyens.

Sa kabila ng mga pakinabang sa paggamit ng DE, nasabi nga na hindi pa rin ito ang mas mabili. Sa palagay ko, dala ito ng pagkawalang tiwala ng isang nagbabasa kapag iba na ang anyo. Totoo ito, at dahil nga dito'y, mahirap nang mapag-iba ang salin sa isang parapreys. Sa Bible Society, maingat naming ipinapaliwanag na ang DE ay naiiba sa isang parapreys kung saan ang tagasalin ay may pagmamalabis sa pagdagdag sa kahulugan dahil sa kagustuhang maging maliwanag ang salin. Sa DE, naiiba man ang anyo, maipapakita pa rin na ang bawat aspeto ng kahulugan sa SW ay may katumbas na kahulugan sa RW. Pero dahil hindi na nakikita ang anyo ng SW, malakas ang pagdududa na binago na ang kahulugan. Hindi nasusukat ang pagkakatatugma ng mga salita kaya relatibo ang pagsusuri. Wala na ito sa galing ng salin kundi sa uri ng midyum. Kahit na paano, anomang bagay na may pisikal na ebidensya ay may malakas na epekto sa kaisipan ng isang tao. May nakikitang pagkakatatugma sa FK kaya hindi mahirap kombinsihin ang tao na wala ngang nawawala. Pero sa DE, naiiba ang anyo at ito ay sanhi ng pagdududa.

2.3 Mga halimbawa mula sa Bagong Tipan o New Testament

Gawa 1.12

AB Nang magkagayon ay nangagbalik sila sa Jerusalem buhat sa tinatawag na bundok ng mga Olivo, na malapit sa Jerusalem, na isang araw ng sabbath lakarin.

MBB Ang mga apostol ay nagbalik sa Jerusalem buhat sa Bundok ng mga Olibo, na halos isang kilometro ang layo.

Ang pagkakaiba ng salin ay makikita sa huling preys, sa Griyego "sabbatou exon odon" (UBS GNT, 1994, p417). Ang literal na salin nito ay "daang mayroon ang sabado", na sa Inggles ay isinalin na "Sabbath day's journey away". Ito'y inayos na nang kaunti para maging makahulugan pero sinikap pa rin na sunod sa anyo ng SW.

Sa aking karanasan ng pagtuturo ng pagsasalin sa Biblia, ang madalas na pakahulugan ng marami sa vers na ito sa AB, ay naglakad daw ang mga apostol ng isang buong araw. Ang iba pa nga ay pitong araw daw. Pero kung may kaalaman tungkol sa kultura ng mga taong tinutukoy ng Biblia, alam kaagad na ang sabbath ay araw ng pamamahinga at mahigpit na ipinagbabawal ang paggawa ng anumang

mabigat na trabaho. Sa paglalakad, ang pinapayagan lamang ay 1,100 na metro (NIV, 1978, p1227). Ang preys sa Griyego ay isang idiyom na tumutukoy sa distansya na pinapayagang lakarin ng mga Judio. Sa MBB, isinalin ito na "halos isang kilometro ang layo". Ito ba'y walang labis, walang kulang? Sa palagay ko tama ang salin na ito. Mahirap matiyak ang tinatanggap na layo dahil hindi rin pare-pareho ang sinasabi ng mga aklat tungkol dito sa Judaismo.

Pinapakita uli ng dalawang salin ng Gawa 1.12 na tunay ngang nakakapagpalaya ang DE dahil maaari pa ring maintindihan ang vers na ito kahit na hindi sapat ang kaalaman tungkol sa kultura ng mga Judio. Kaya lang, mabigat ang bintang ng mga tagasunod ng mga FK na tinanggal daw ang isang mahalagang konsepto sa Biblia, ang sabbath. Pero kung susuriin, napapaloob ang salitang "sabbath" sa idyom at ang kahulugan ng buong idyom ay napapaloob sa daynamik na salin.

Isa pang halimbawa ay ang Efeso 1.7:

AB Na sa kaniya'y mayroon tayo ng ating katubusan sa pamamagitan ng kaniyang dugo, na kapatawaran ng ating mga kasalanan, ayon sa kayamanan ng kaniyang biyaya.

MBB Tinubos tayo ni Cristo sa pamamagitan ng kanyang kamatayan at sa gayo'y pinatawad na ang ating mga kasalanan. Gayon kadakila ang pag-ibig na ipinadama niya sa atin.

Gusto kong pansinin natin ang preys "sa pamamagitan ng kanyang dugo". Sa Bagong Tipan, isang napakahalagang doktrina ay ang kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo na namatay siya para sa kasalanan ng tao. Para sa kanyang pagkamatay ay madalas na ginagamit ang ekspresyon na "sa pamamagitan ng kanyang dugo", na sa MBB ay isinalin na "sa pamamagitan ng kanyang kamatayan". Ito ba'y walang labis, walang kulang? Dugo ang simbolong ginagamit para sa kamatayan. At dahil ang DE ay hindi naayon sa anyo ng SW, "kamatayan" ang nauukol na daynamik na salin. Pero sa mga konserbatibong Kristiyano, binansagan ang mga DE na salin na "anemik". Kulang ba ang salin dahil walang sinamang "dugo"? Maliwanag na may dugo sa pagkamatay ni Jesus dahil sa pagkapako niya sa krus. Kung ang isang tao ay pinatay sa paraang hindi na siya pinakain, hindi na ba iyon "sa pamamagitan ng kanyang dugo"? Makikita dito ang napakalakas na impluwensiya ng anyo sa pagsasalin. Sa ganitong pagkakataon, ang impluwensiya ng anyo ay nagiging mapang-alipin sa halip na nagpapalaya. Ang ugat nito ay makikita sa napakahabang tradisyon ng pag-aalay ng handog na isang hayop para sa makasalanan. Sa handog na ito, ang hayop ay kinakatay at ang altar ay dapat malagyan na dugo. Di nga ba si Jesus ay ang kordero ng Diyos!

Kung susuriin pa natin ang vers na Efeso 1.7, hindi lamang sa preys "sa pamamagitan ng dugo" dapat nakatuon ang ating pansin kundi sa

salitang "katubusan" sa AB at "tinubos" sa MBB. Ito ang salitang nagsasabing nag-alay si Cristo ng kanyang buhay para sa lahat ng tao. Puwedeng namatay ang isang tao sa madugong aksidente, halimbawa nabangga ang sinasakyan, pero hindi gagamitin dito ang preys, "sa pamamagitan ng dugo". Ipinapakita ng halimbawang ito na hindi lamang sa iisang salita nakasalalay ang kahulugan kundi sa kabuuan ng isang pangyayari.

Ang GNB ay nasabi nga na binansagan na "anemik" dahil ang laging gamit ay "kamatayan" sa halip na "dugo". Para sa Efeso 1.7, may pagbabagong ginawa pagkatapos ng unang pagkalimbag. Pinalitan ng "sacrificial death" ang "death". Nasa ibaba ang mga halimbawa.

Efeso 1.7

RSV (formal) In him we have redemption through his blood, the forgiveness of our trespasses...

GNB (daynamik) For by the death of Christ we are set free, (unang limbag) that is our sins are forgiven.

GNB (sumunod na limbag) For by the sacrificial death of Christ we are set free, that is our sins are forgiven.

3.0 Pagpapalaya at Tradisyon

Ang kahit anong bagay na nagiging bahagi ng tradisyon ay di kalaunan na nagiging mapang-alipin. Nawawala na ang nakakapagpalayang katangian ng wika o ng anomang ekspresyon ng isang ideya dahil nakasanayan na ang nananatiling ginagamit. Halimbawa, ang nakagawian nang pamamaraan ay siya ring sagabal upang baguhin ito. Ang mas matagal nang tradisyon ang mas mahirap ding buwagin. Sa wika, kapag naisulat na ang isang akda, lalo itong tumitibay, at dahil dito'y kung minsan salungat sa nakakapagpalayang katangian ng wika.

3.1 Mga Unang Salin sa Inggles

Nakasanayan na ang Biblia ay nasa mga wikang banyaga, Hebreo at Griyego. Pero nakita ni John Wycliffe ang pagkukulang sa pag-unawa sa Biblia dahil napapalayo na ang pamumuhay ng mga tao sa itinuturo ng Biblia. Kaya isinalin niya ito sa Inggles (mula sa Latin) noong 1380. Dahil dito, tinagurian si Wycliffe na isang heretik. Pinahinto siya sa kanyang trabaho bilang isang tiyolojan sa Pamantasan ng Oxford at namatay siya noong 1384. Buti na lang at may nagtaguyod ng mga nasimulan niya, pero ang mga tagasunod niyang ito ay pinatay sa pamamagitan ng pagsunog, kasama ng pinakaunang mga salin sa Inggles ng BT.

Ganoon din ang ginawa kay William Tyndale nang isalin niya sa Inggles ang Bagong Tipan at ang unang limang aklat ng Matandang Tipan. Pinilit niyang makakuha ng permiso para magsalin pero hindi

ito nabigyan. Nagtuloy pa rin siya sa pagsasalin sa Inggles at noong 1536, tinagurian din siyang isang heretik pinatay sa pamamagitan ng pagsakal at pagkatapos ay sinunog.

Malaking protesta rin ang sumalubong sa King James Version noong lumabas ito noong 1611. Ngunit nang ito'y tinanggap na pagkatapos ng maraming taon, ayaw namang tanggapin ang iba pang salin lalung-lalo na ang GNB. Sinunog din ito noong 1966 bilang protesta sa makabagong paraan ng pagsasalin na tinatawag na daynamik ekwibalens.

3.2 Maraming Sumunod na mga Salin na Daynamik sa Inggles

Magbuhat noong 1970, marami na ang mga lumabas na iba-ibang salin sa Inggles. Marahil, dahil marami ang mga sunud-sunod na lumabas, hindi na nakakapagtatag ng tradisyon ang mga nauna, walang nararamdaman na resistans sa iisang salin at sa halip, malayang nagkaroon ng iba-ibang salin para sa iba-ibang mga odiyens o mga tanging pinaglalaanan ng salin. Maraming klase o uri ang mga mambabasa dahil iba-iba ang mga pangangailangan ng mga gumagamit ng Biblia.

Ang lahat ng mga Biblia sa mga meyor na wika sa Pilipinas ay may formal at daynamik na mga salin. Sa mga salin sa Inggles makikita ang maraming pagkakaiba pa ng mga odiyens. Sa ilalim ng daynamik, kung mas gusto ang Inggles na sunod sa diyalekto ng mga Americano, nandiyan ang Philips New Testament. Kung gusto naman ay mas mataas ang antas, Inggles na ginagamit sa pagsusulat na nagpapakita ng pagka-elegante ng wikang ito, New English Bible ang pipiliin. Ang Contemporary English Version (CEV) ay isa sa pinakabagong salin sa Inggles. Kadalasan, ang DE na salin ay tinutugma sa wikang ginagamit ng mga taong may edad na 18-35. Pero ang CEV, tinawag itong "Bible for the Whole Family" dahil mababasa at maiintindihan ng kapwa mga bata at mga matatanda. Maingat na pinili ang mga pangungusap para natural na natural ang pagkakagamit ng mga ito. Mayroon ring mga Bibliang pambata. Inaakma ang wikang ginagamit sa salin na ayon sa wikang ginagamit ng mga bata. Ito ay isang hamon sa isang tagasalin, ang panatiliin ang katapatan ng isang salin pero ibinababa ang antas ng wika para maintindihan ng mga bata.

3.3 Mga Formal na Salin sa Inggles

Sa mga formal na salin, ang mga pagbabago ay hindi dahil naiiba-iba ang mga odiyens kundi dahil nagbabago ang pananaw ng mga tagasalin, at nagbabago rin ang reseptor na wika. Malaki ang mga pagbabago ng wika sa New King James Version (NKJV, 1982) mula sa KJV (1611).

1 Samuel 24.3

NKJV He came to the sheepfolds by the road, where there

was a cave; and Saul went in to attend to his needs.
Mapapansin ang pagbabago mula sa "to cover his feet" na ngayo'y "to attend to his needs".
Matt 26.23

KJV And he answered and said, He that dippeth his hand with me in the dish, the same shall betray me.

Sa verb ng 3ps (third person singular) ay tinaggal na ang "eth" sa dulo ng mga salita at mga pronawn na "ye" at "thou".

Sa NRSV (1990) na rebisyon ng RSV (1952), ang Griyegong "hinei" ay hindi na laging "behold" ang salin dahil hindi na ito ginagamit sa natural na pagsasalita kundi lamang sa mga formal na mga sitwasyon.

Halimbawa: Matt 1.23a

RSV Behold, a virgin shall conceive and bear a son....

NRSV Look, the virgin shall conceive and bear a son....

Romans 3.25

RSV ...in Jesus Christ, whom God put forward as an expiation by his blood, to be received by faith.

NRSV ...in Jesus Christ, whom God put forward as a sacrifice of atonement by his blood, effective through faith.

Marami sa mga pagbabago ay leksikal kagaya ng halimbawa sa Romans 3.25. Sa sintaktiko, ang pagbabago ay hindi dahil nagbago na ang mga SW na pawang mga patay na wika na, kundi dahil ang salin ay hindi na kasing akma sa SW at kaunting inayon sa pananalita na natin ngayon. Hanggat puwede, iniwasan na ng tagasalin ang mga artipisyal na mga pagkakaayos ng mga salita. Ito ay adjasment na ginagawa ng tagasalin para maging mas pangkaraniwan ang tunog ng salin, at hindi parang sinauna. Kasama natin dito ang mga pagbabago sa nagaganap sa reseptor na wika. Kapuna-puna na sa pagsasalin, mapapag-aralan ang dayakronik na mga pagbabago sa salin, at hindi sa SW.

4.0 Pagpapalaya sa Larangan ng Midyum

4.1 Pasalita

Ang mapagpalayang katangian ng wika ay kitang-kita sa iba-ibang midyum na puwede nitong paggamitan. Pero ang pangunahing midyum na gamit sa wika ay ang pagsasalita. Bago pa nagsimulang

sumulat ang tao, siya ay nagsasalita na. Ang pagsasalita ay hindi na pinag-aaralan, hindi gaya ng pagsusulat. Pero kapag naman naisulat na ang isang bagay, ang konseptong o ideya na isinulat ay nagkakaroon ng depinadong anyo at hindi na ganyang kadalang baguhin. Ganito ang nangyari sa kasaysayan ng pagsusulat ng Biblia, lalung-lalo na sa Bagong Tipan.

Ang pinakaunang isinulat na libro ng BT ay ang unang sulat sa mga taga-Tesalonika. Ito ay isinulat noong ika-49 na taon, ng kapanahunan na ni Cristo. Pero ang unang pinagsamang kolekeyon ng mga libro ng BT ay nabuo lamang noong 367 AD. Sa napakahabang panahon, hindi gumawa ng mga kopya ng mga libro ng BT. Maraming dahilan ang mababanggit kung bakit ganito. Unang-una na rito ang katangian ng lipunan nila "oral culture". Ang mga palakad sa pang-araw-araw na buhay ay nagagawa sa pamamagitan ng salitaan, at hindi isinusulat. Ang mismong mga Rabbi o mga titser tungkol sa Judaismo ang mahigpit na nagbawal na isulat ang mga katuruan. May kasabihan sila na ang isip ng magaling na titser ay parang isang tangkeng lalagyan ng tubig na hindi tatagusan kahit na isang patak nito. Kapag nakasulat daw, mas madali itong hanapan ng kamalian (Barclay, 1972). May ibang dahilan pa kung bakit hindi kaagad isinulat o gumawa ng mga kopya ng Bagong Tipan. Napakamahal noon ng mga gamit sa pagsusulat kagaya ng parchment o balat ng hayop na ginagamit na papel. At marami din ang naniwala na malapit nang bumalik ang Panginoong Jesus at pagkatapos noon ay magtatapos na ang lahat.

4.2 Bibliang Nakasulat

Pero mas hanaig ang mga dahilan para isulat na ang Biblia at gumawa ng mga kopya nito. Naisip ng kinauukulan na malapit na ring mamatay noon ang mga apostoles. Pangalawa, kinailangan na ang mga kasulatan para maipamahagi ang Magandang Balita at pangatlo, para mahadlangan ang paglaganap ng mga taliwas na katuruan o heresi. Ang natatanging katangian ng pasulat ay ito ay hindi na pabagobago; ito'y permanente, kung ihahambing sa binibigkas lamang. Naniniwala akong malaki ang impluwensiya ng katangiang ito kung bakit formal ang mga pinakaunang mga salin na nakasulat. Nasabi nga na hindi isinulat ang BT at hindi gumawa ng iba pang mga kopya nang matagal na panahon ay dahil ang nakasulat ay mas madaling hamunin kaysa hindi nakasulat. Kaya, sa palagay ko, nang ang mga titser ng Judaismo ang siya lamang may mga kopya ng Biblia, hindi pa ito nakasulat para sa lahat ng mga gumagamit, ang mga salin ay hindi lamang mga formal korespondens kundi daynamik din. Sa mga sinagoga, halimbawa, ang Biblia ay binasa sa Hebreo at may nagsalin naman sa Aramaiko, ang wika ng mga nakararami. Noon pa man ay may prinsipyo na ang mga tagasalin na ang literal na salin ay malamang na hindi tapat. At sinasabi pa na, "ang gumagawa ng literal na salin ay nanlililalang, at ang nagdadagdag ay isang lapastangan". Pero nang marami na ang mga kopya ng BT, ang mga unang salin na naitala ay iyon lamang mga formal. Hindi nakakapagtaka na ang unang mga salin ay formal. Sa kalikasan ng pagsusulat, mas mabibigyang diin ang pagkakatugma ng mga anyo. Pero nangigibabaw

pa rin ang katangian ng wika na ito'y nakakapagpalaya. Sa katagalan, nadebelop din ang daynamik na mga salin.

Isang magandang halimbawa dito ang salin ni William Tyndale. Ang unang edisyon ay sobra sa pagka-literal sa pagsunod sa Vulgate (Ewert, 1983). Pero ang pangalawang edisyon nito na tinapos ng mga estudyante ni Tyndale ay sunod na sa natural na paggamit ng isang taal sa Inggles.

4.3 Mga Bibliang Hindi Nakasulat

Matagal ang tradisyon na ang midyum na nakasulat lamang ang ginamit para sa Biblia. Sa Bible Society halimbawa, kinailangan munang mamulat na halos kalahati ng buong populasyon ng mundo ay hindi makabasa o hindi na nagbabasa bago sineryoso ang ibang midyum. At dagdag pa dito mga taong may kapansanan sa mata. Pero dahil sa bagong kamulatan, itinaguyod na magkaroon ng mga salin kagaya sa odiyo caset na maaaring mapakinggan at video na napapanood. Ang bawat midyum ay dala ang kani-kaniyang kahirapan upang masiguro ang katapatan ng isang salin. Ang video, halimbawa, ay napakahirap suriin dahil ang mga nagtataglay ng kahulugan ay hindi na lamang mga salita kundi ang kilos ng katawan, ang lakas ng pagsasalita, ang musika (kung kasama ito) at marami pang iba. Pero kahit na mahirap, ito naman ang may mas malakas na epekto para maibahagi ang kahulugan sa Biblia.

5.0 Kongklusyon

5.1 Ang Anyo at Kahulugan

Nakakapagpalaya ang wika. Ito ay hindi likas sa wika kundi sa gumagamit ng wika - ang tao. Mapanlikha o "creative" ang tao kaya lagi siyang humahanap ng paraan para malaya niyang maipahayag ang kanyang gusto, sa pinakamadaling paraan para sa kanya. Ito ang dahilan kung bakit maraming pagkakaiba sa sari-saring antas ng paggamit ng wika. Tunay ngang ipinapakita nito na ang wika ay pumapailalim sa tao, at hindi ang tao sa wika. Sunud-sunuran ang wika sa gusto ng mga gumagamit.

Nakita ng tao ang kahalagahan ng pagsasalin, kaya ginamit niya ang wika para maangkin din ng ibang wika ang kaalamang namulatan lamang sa orihinal na wika. Sa unang pamamaraan ng pagsasalin, naimpluwensiya ang tao na sundang mabuti ang anyo. Sa pagsasalin ng Biblia, naging alipin ng Hebreo at Griyego ang ibang salin dahil sintaktika ng mga ito ang sinunod, at sa leksiko, mahirap maintindihan ang salin na Tagalog kung hindi alam ang kahulugan sa Hebreo at Griyego.

Pero sa pagsisikap ng tao, nagpumiglas siyang muli at nagdebelop ng pagsasalin na hindi base sa anyo. Malayang sinunod ang kahulugan sa halip na ang anyo sa paraang daynamik ekwibalens.

At patuloy pang malayang naghahanap ng mga paraan ang Bible Society para maabot ang lahat ng mga tao ng Magandang Balita ng Biblia sa pamamagitan ng iba-ibang salin para sa sari-saring mga odiyens, at gamit ay iba-ibang midyum na akma sa kakayahan ng mga tao.

May paradoks sa paggamit ng daynamik ekwibalens. Totoo ngang mas madaling maintindihan ang salin na nababatay sa kahulugan sa halip na anyo pero, kapag naman hindi na nababanaagan man lang ang anyo ng SW, simula na ang pagdududa at baka hindi na tapat ang salin. Nag-uugat ito sa isang katotohanan na ang anyo ay may malakas na impluwensiya sa ating pag-iisip.

5.2 Ang Pagpigil sa Malayang Pagsasalin

Kung ang tao ang sanhi ng pagkamapagpalaya ng wika, ang tao rin ang dahilan na kung minsan ang wika ay mapang-alipin. Puwedeng gamitin ng tao ang wika para pigilin ang malayang pagdaloy ng kaalaman.

Nabanggit nga na si Tyndale at ang mga tagasunod ni Wycliffe ay sinunog kasama ng kanilang salin ng BT sa Inggles. Ipinagbawal na isalin ang Biblia. Pinigilan ng mga may kapangyarihan ang paggamit ng salin. Siyempre, kung kaunti lang ang nakakaalam ng Hebreo at Griyego, nagiging mas makapangyarihan ang mga may alam nito.

Mayroon ding isang hadlang sa malayang pagkakaintindihan sa pamamagitan ng mga salin na batay sa kahulugan. Ito ay ang konserbatismo. Dahil dito, ipinapairal ang kaisipan na kung malayo ang salin batay sa anyo ng SW, malamang malayo ring makaunawa at makasunod sa kalooban ng Diyos. Dito makakatulong nang malaki ang lingguwistiks para maintindihang mabuti ang kalikasan ng wika.

Mga Simbolong Ginamit

AD	Anno Domini
BT	Bagong Tipan
DE	Daynamik Ekwibalens
FK	Formal Korespondens
GNB	Good News Bible
KJV	King James Version
NKJV	New King James Version
NRSV	New Revised Standard Version
NT	New Testament
RSV	Revised Standard Version
RW	Reseptor na Wika
SW	Sors na Wika

Piniling Bibliograpiya

- Barclay, William. 1972. *Introducing the Bible*. Nashville: Abindon.
- Biblia Hebraica Stuttgartensia. 1984. Stuttgart: German Bible Society.
- Ewert, David. 1983. *From Ancient Tablets to Modern Translations*. Grand Rapids, Michigan. Zondervan Publishing House.
- Nida, Eugene A. at Charles R. Taber. 1974. *The Theory and Practice of Translation*. Leiden. E.J. Brill.
- _____ at Jan de Waard. 1986. *From One Language to Another*. New York. Thomas Nelson Publishers.
- UBS Greek New Testament. 1994. *Pang-apat na edisyon*. Stuttgart: German Bible Society.
- World Annual Report 1996. UBS Bulletin 180/181. England, United Bible Societies, 1997.

Mga Salin ng Biblia

- Ang Biblia. 1982. Manila: Philippine Bible Society
- Contemporary English Version. 1995. New York. American Bible Society.
- Good News Bible. 1976. New York: American Bible Society.
- King James Version (1611). 1987. Manila: Philippine Bible Society.
- Magandang Balita Biblia. 1980. Manila: Philippine Bible Society.
- New International Version. 1978. Grand Rapids, Michigan. Zondervan Publishers.
- New King James Version. 1982. New York: Thomas Nelson Publishers.
- New Revised Standard Version. 1989. New York: Oxford University Press.
- Revised Standard Version. 1977. New York: Oxford University Press.

ANG BROADCAST MEDIA AT ANG WIKA

Cindy Muñoz-de Leon

ABS-CBN Broadcasting Corporation

Kapag pinag-usapan na ang tungkol sa media at ang wika, ito ang madalas na tinatanong: Ang *lingo* ba ng media ay likha ng masa o ang *lingo* ng masa ay likha ng media? Bago natin ito subukang sagutin ay tingnan muna natin kung ano'ng uri ng environment mayroon ang media sa kasalukuyan.

After 14 years of repression brought about by Martial Rule, media revelled in the democratic space brought about by the 1986 EDSA People Power Revolution. Ngayon ay maaari na rin nating sabihin na mayroon nang tunay na freedom of the press at freedom of expression. (Mula po sa puntong ito ay gusto ko'ng iparating na i-li-limit ko po ang sakop ng diskusyon sa broadcast media lamang --- meaning ang TV at radio --- dahil may kakaiba po'ng katangian ang print media.)

Sa pagpasok natin sa bagong milenyo, ang buong mundo ay napapaloob sa malawakang information revolution. Dahil sa mabilis na takbo ng buhay, people are now very hungry for information, ever on the lookout for the ones who can deliver it faster and easier. Aling opisina pa ba ang walang fax? Ilan na ba sa ating mga kakilala ang mako-contact mo through e-mail? Di ba't feeling mo, out ka kung wala kang cable sa bahay o kung hindi ka pa nakasubok mag-internet? At huwag nating kalimutan, sina Bill Gates ng Microsoft at Ted Turner na nagtayo ng CNN are now two of the world's richest men.

In the Philippines, communications technology, and along with it, broadcast technology, also grew by leaps and bounds in the 90's. People from the rest of the archipelago now enjoy news and entertainment from radio and television simultaneously with those from Metro Manila. Noong araw po kasi, ay talaga namang masasabi nating huling-huli sa balita ang ating mga kapatid sa probinsiya dahil kailangan pa'ng i-ship ang mga tapes ng mga newscast mula sa Maynila. Kaya't napapanood nila ang news, two or three days later they've been broadcast in Manila. With the advent of modern satellite technology, not only is the nationwide simulcast of programs possible --- we can now even broadcast from any remote point in and out of the country, beam it back to Manila to be seen by all Filipinos at exactly the same time.

Ngayon din po ay napakalawak na ng coverage o nararating ng broadcast media. Mayroon nang 106 na TV stations at affiliates ng mga networks at 391 naman na radio stations at affiliates sa buong bansa. Base sa latest figures --- out of the 13.8 million Filipino households, 61% na ang mayroong TV at 88% naman ang may radyo. At patuloy pang bumibilis ang penetration rate --- lalo na for areas outside Metro Manila.

Habang lumalawak ang coverage ng broadcast media, ay ang pagdami rin ng choices para sa mga viewers at listeners. Sa telebisyon halimbawa, para sa isang maliit na bansa tulad ng Pilipinas, ay mayroon tayong anim na channel sa VHF o free TV at lima naman sa UHF. Huwag po nating bilangin ang 50 channels or more na pagpipilian pa sa cable. Totoo ngang napakatindi ng kompetisyon para sa atensiyon ng mga manonood at taga-pakinig.

The broadcaster's mandate is to be able to respond effectively to the needs of its audience: be it in terms of news, information, entertainment, public service and education. Dalawang aspeto po ang involved diyan: sa pamamagitan ng hardware o broadcast facilities at equipment at ang software, na ang ibig sabihin ay ang mga programang napapanood o napapakinggan.

For the hardware portion, madaling masagot kung natutugunan ng broadcaster ang mandatong ito. Ang mga tanong lang na kailangang sagutin: may signal ka ba sa lugar na ito at kung mayroon, ay malinaw ba ito?

Bilang halimbawa, ang ABS-CBN ang may pinakamalaking TV coverage at 88.7% of the entire Philippines and 91.8% of Filipino households with television sets. Sa mga surveyed areas nationwide, higit sa 90% ng mga households ay napapanood nang malinaw ang ABS-CBN.

Mas masalimuot ang usapin pagdating sa programming, dahil ang tanong na ay kung may nanonood o may nakikinig ba sa iyo? Kung walang nanonood o nakikinig sa broadcaster ay masasabi nating walang saysay ang ibinigay na franchise sa kanya.

Lumalabas dito na hindi lamang responsibilidad ng broadcaster na mag-set-up ng mga facilities at equipment upang maipaabot ang kanyang serbisyo sa publiko, ngunit responsibilidad niya rin na siguraduhing may makikinabang sa mga programang ibo-broadcast niya. Malaki ang kinalaman ng tamang pagpili ng wika o linguaheng ginagamit ng broadcast media sa mga programang pang-radyo at pang-telebisyon.

(Note: Sa puntong ito, nagrol VTR)

Interviewee 1

Ang media, usually ginagamit lang kung ano na 'yung common, eh, common term. Like for example, kung ano 'yung naririnig, 'yung usual na naririnig sa labas, pagdating sa pagsusulat ng balita, 'yun na rin 'yung kine-carry over nila. (Ang kaibhan) sa broadcast, is that, naririnig ka lang, walang visual support. Unlike kung sa print, sa print talaga kailangang maging conscious ka, di ba? Oo. Pero sa broadcast, ang hinahabol mo dito 'yung agad na mai-intindihan sa unang pakikinig. 'Yung Taglish pang FM lang 'yon. 'Yon ang trend ngayon sa FM. But sa AM, it's always the Tagalog na Tagalog sa bahay.

Interviewee 2

Para nga mai-impart mo 'yung mensahe mo ganon, hinahalan mo 'yon ng mga colloquial, ng minsan street language. 'Yung word, halimbawa, na *mangangalakal*, gano'n, kung gagamitin mo sa balita 'yon mas ipeprefer ko 'yung *businessman* o *negosyante*, gano'n.

Interviewee 3

We make it, as possible we make it na, 'yon nga, conversational nga, na talagang acceptable ba, sa 'yun talagang common tao na maiintindihan nila. Kasi, minsan nga pag may mga malalalim sumulat, inaano kaagad 'yon, nirerevision kaagad 'yon, binabago kaagad 'yung script.

Interviewee 4

Kung papa'no ako magsalita, gano'n din ako magsulat. So, 'yung mga naririnig o lumalabas sa bibig ko, 'yun na rin ang ginagamit ko for 'yung language ko for the media. Hindi ako gumagamit ng mga salitang, 'yung archaic hindi na natin ginagamit katulad no'n, halimbawa, 'yung mga *sadya*, na puwede namang sabihing *talaga*. 'Yung mga hindi mo naman naririnig like 'yung *ngunit*, pero naririnig naman natin, *pero*, 'yun gano'n. Kasi, in that way, mas magiging, active 'yung language at mas parang napaka 'yung ang lapit-lapit no'ng host na parang kinakausap lang 'yung mga kausap sa TV.

Interviewee 2

Walang, ano, hard and fast rule 'yun ano du'n sa policy kung ano ba talaga ang dapat nyong gamitin na lengguwahe.

Interviewee 1

Kasi may mga terminologies, kung minsan, na accepted sa atin dito sa Manila, generally, because it's Tagalog. Pero pagdating mo sa Mindanao, hindi ka na masyadong naiintindihan at saka kung minsan, mas magiging bastos pa 'yung interpretation aah, like for example, the simple word *bati* (greetings), okey. Sabihin mo 'yan sa Mindanao o sa Cebu, iba na ang implications nyan.

Interviewee 4

I write spiels for the host, so, tailor-made kung baga hindi ako nagsusulat ng feature (kundi) nagsusulat talaga ako para sa isang tao, so, like I will. Nagsusulat ako para kay Corina Sanchez, so, may mga ibang salita na talagang hinding hindi Korina Sanchez, isa na nga don 'yung mga gay speak, 'yung mga *etching* na ginagamit 'yung mga aah, *chika* 'yung mga ganyan, never mong maririnig sa bibig ni Corina so definitely, never din na dapat mag-appear sa papel o sa script na sinusulat ko. 'Yung mga sinusulat ko, deretcho na sa kanya, tapos, ine-enhance na lang niya kung gusto niyang dagdagan o may mga inputs siya but generally, siguro mga 80%, sinusunod naman niya 'yung mga nakasulat 'don.

Interviewee 1

Kung ano 'yung target audience natin, halimbawa, ang program mo caters the youth, or caters the bakya. Kailangan mong magbakya. Eh, saan ka naman, hindi ka naman pupuwedeng gumamit dito ng mga high-falutin words pagkatapos eh ang target mo, bakya. Lalo kang iiwanan.

Interviewee 2

Sa broadcast for example, you have to consider 'yung listener, mong mga sorbetero ganon, 'yun mga taxi driver, na hindi sila sanay sa mga lengguwaheng ano, mga talagang diretsong pag-

gamit for example, 'yung mga salitang *naglulubid ng buhangin*, mga ganon hindi mo gagamitin sa broadcast 'yon.

Interviewee 3

Based d'on sa research and business analysis din natin kahit World Tonight and 'yung mga late night natin, mga current affairs program, hindi rin talaga dominated by AB class, may C to D E na talagang mas maraming nanonood. 'Kala nga namin non, 'yung mga policy makers na nanonood ng World Tonight', 'yung AB lang (ang) tinatarget namin. Kasi, nakita namin 'yung analysis na ginawa nila Orly, ganon din marami rin palang C to D E. Kaya ngayon, pati si Loren pinipilit na rin naming mag-Tagalog.

Interviewee 2

In fact we are even allowed to bend grammar nyan, para lang ma-achieve mo 'yung purpose mo which is to deliver the message.

Interviewee 1

But sometimes, mali 'yung gamit. We tend to abuse the words na colloquial ang gamit tapos 'yung proper application pag formal na, mali na. Like for example, isa sa pinaka-abused word na ginagamit ngayon is 'yung *kaganapan*. We've tried our best to correct it. *Kaganapan* means fulfillment, okay. It never pertains to anong tawag dito, pangyayari or balita, it's *fulfillment*. Pero makinig ka ng kahit anong istasyon ng radyo, *kaganapan* pertains to an event, which is wrong. So, dun mo makikita kung minsan, pati 'yung construction, corrupted na rin. Makikita mong madaming mga dangling clause kasi 'yun 'yung ano, 'yung usual sa Filipino language. Marami tayong mga dangling clause na kung gagamitin mo 'yung straight construction, mali.

But just the same, nagkakaintindihan eh, and that's the trend. So, we cannot blame media dahil ang atin naman ang policy natin is, kung ano 'yung pinakamadaling maintindihan 'yun ang gamitin natin.

Interviewee 4

Nasa stage of evolution 'yung Filipino eh, di ba nga ang dami pa ngang debates dyan kung F ba o P 'yung Pilipino na 'yon. Ang sa

tingin ko hindi siya revolution, kundi nag-evolve from itong mga changes na ito from Tagalog, Pilipino, Filipino. I think, ito 'yung process ng evolution nya eh. At 'yung media part non, puwede kong sabihin na reflection siya nong lengguwahe ng kalye at puwede ko ring sabihin na eto 'yung ini-impose ng media na lengguwahe. Ang ibig kong sabihin, ah, part 'yung media, kaparte 'yung media dun sa pagbago nung language. Kasi 'yung mga writers na nagsusulat gaya ko eh naiimpluwensiyahan din naman ng mga ordinaryong taong naka-kausap ko. Kung ano 'yung naririnig ko from them kung ano 'yung mga salitang namumutawi sa mga bibig namin, pag nag-uusap kami eh, 'yun din naman ang ginagamit ko. Although, yun mga meron akong restriksyon na conversational na maiintindihan ng average Filipino. Iyon at saka ang isang ano don isang bagay na importante 'yung language naman, talagang should be functional. Meron sya dapat aah saysay, sa 'yo. Ako, bilang writer kasi 'yun ang tools ko para maiparating o 'yung mensahe ko sa tao. As a writer sa media e responsibility talaga 'to, unang-una alam mo dapat kung ano ang sasabihin mo. Second, alam mo kung paano sasabihin iyon in a way na maiintindihan ka ng ordinaryong Juan at Marya. And third, you have to realize na although functional ang ano mo, as a writer 'yun ang tools mo, pero you have to realize na very powerful 'yung mga salitang 'yon na ginagamit mo. Na 'yun nga, na naniniwala sa 'yo at meron ding posibleng hindi maniniwala.

Malinaw sa mga interview na inyong napanood na una, market-driven ang pagpili ng uri ng wikang ginagamit sa broadcast media. For ABS-CBN, we chose to cater to a mass-based audience --- and this is evident in the kind of programming mix we employ, down to our choice of hosts and personalities, down to the kind of language we use in our programs. At hindi lamang po sa mga programa, kundi sa aming on-air promotions at network-imaging materials. Sigurado po'ng napapansin ninyo na kahit sa pag-promote ng mga palabas naming Inggles ay malaya po naming ginagamit ang wikang pang-masa, na inumpisahan namin since 1989 pa.

Sa gana po'ng ito, kung babalikan natin 'yung tanong natin kanina: ang *lingo* ng media ay likha ng masa. Kung papasukan natin ito ng marketing point-of-view, maaari nating sabihing, ang *lingo* ng istasyon ay idinidikta ng kanyang target audience. Upang maging epektibo ang konsepto'ng ito, kailangang desidido ang broadcaster kung ano'ng sektor ng publiko ang kanyang gustong abutin at gayundin ay maging sensitibo sa panlasa at mga nagaganap na pagbabago sa kanyang target market sa pamamagitan ng mga feedback mechanisms tulad ng marketing research.

Pero, hindi po natatapos dito ang usapan. Nabanggit rin po kanina ang kaaakibat na responsibilidad ng pagiging broadcaster. Because of its reach, media remains a pervading influence on people's lives. Kung wika nga po ang pag-uusapan, hindi ba't naba-validate o di kaya'y lumalawak ang paggamit ng mga salita o expression once pin-ick-up na ito ng media. Kamakailan lamang, naging bukambibig ang salitang "cha-cha" dahil na rin sa pagkakabugbog sa mga peryodiko at newscasts.

Sa gana naman po'ng ito, hindi ba't masasabi ring ang lingo ng masa ay likha naman ng media?

Hindi pa rin pala natin nasagot iyong tanong natin kanina. Sa totoo lang, alam nating lahat na hindi lamang media ang nakaka-impluwensiya sa pagbubuo, pagpapalago at pagpapalaganap ng wika. Nandiyan ang kultura, akademiya, politika, simbahan, at marami pang iba. The fact that language evolves from so many influences makes it the best example of democracy at work. Tao ang nagde-decide kung ang isang salita ay magiging uso o palasak na. Tao ang nagde-decide kung ano ang pinakamabuting paraan upang sila'y makapagpahayag at maintindihan.

We need to appreciate the dynamics of language to make it work for us. For those of us in broadcast media, the choice is easy. Our objective is to bring the medium closer to the people, for it is only through this that we are able to serve them well.

Maraming salamat at magandang hapon po.

ANG LINGGWISTIKS BA AY PAG-AARAL NG WIKA?

Silvino V. Epistola
Unibersidad ng Pilipinas-Diliman

"Siyempre!" Sa katunayan, walang ibang pinapaksa ang pag-aaral na tinaguriang linggwistiks kundi likas na wika. Kadalasan, ilang may pinag-aralan din namang mga tao ang sumasansala sa akin. Huwag daw akong padalus-dalos. Mayroon din naman daw mga kasamahang doktorado, mga Pilipinong kasing kayumanggi natin, na kung magsalita ng Pranses ay anaki'y ipinanganak at lumaki sa Paris, gayong wala naman silang kaalam-alam sa linggwistikang Pranses, ngunit hindi mabasa ang *Cours de Linguistique General* kundi sa salin nito sa Ingles. Gayunpaman, marami ang maalam ng linggwistiks at magaling din sa wika.

May aral kayang nakapaloob sa bugtong ng katanungang may tatlong kasagutan na bagamat magkakaiba ay pare-pareho namang tumpak? Kung totoo ngang pag-aaral ng wika ang linggwistiks, susi ng wika ang linggwistiks. Dito nabuo ang sapantahang marunong ng linggwistiks ang marunong ng wika. Walang dapat gawin ang isang nagnanais na magpakabihasa sa isang likas na wikang katulad ng Filipino kundi magpakadalubhasa sa linggwistiks. Sa kabilang dako, walang dapat gawin ang nagnanais na magpakadalubhasa sa linggwistiks kundi hangin mula sa kanyang kasanayan sa paganito't paganyan ng Filipino ang mga dalumat at panuntunan na bumubuo sa linggwistiks ng Filipino. Dahil dito, hindi dapat ipagtakang marami ang marunong ng linggwistiks na bihasa rin sa wika. Magandang sapantaha, ngunit sa nakakasilaw na liwanag ng araw sa tutoong mundo, agad itong naglalaho at nauuwi sa wala.

Bakit? Walang kasing-tibay sa isip ng marami ang pangangatwirang dahil pag-aaral ng wika ang linggwistiks, wala itong ibang kahahantungan kundi kahusayan sa paggamit ng wika. Ayon sa ating pangangatwiran, ito ang dapat mangyari, ngunit sa tutoong buhay hindi ito nangyayari. Ang kasabihan tuloy ay hindi komo't marunong ng linggwistiks ay mahusay na sa wika, at hindi komo't mahusay sa wika, marunong na ng linggwistiks. Kailangan na nating tumigil at pagmasdang mabuti ang problemang nakaharang sa ating daanan. Ano nga ba ang linggwistiks? Gayong pag-aaral ito ng wika, bakit hindi ito nagtatapos sa minimithing kahusayan sa wika?

Nakapanghihinayang man, kailangang tanggapin ang katotohanang hindi kahusayan sa wika ang tinutungo ng linggwistiks. Isa itong agham na walang ibang layunin kundi tuklasin ang mga pangkalahatang katangian ng wika.

Sinkroniko ang pag-aaral na nakatuon sa mga balangkas ng wika at sa kayarian ng bawat balangkas mayroon sa isang likas na wikang katulad ng Tagalog o Filipino. Dayakroniko naman ang pag-aaral na nakatuon sa kasaysayan ng wika. Bilang katuwang ng sinkronikong pag-aaral, layon ng pangkasaysayan o dayakronikong pag-aaral na ilantad sa liwanag ang mga pagbabagong pinagdaanan ng mga balangkas ng wika at ng mga kayarian nito.

Hindi mapag-aalinlangan ninuman na mahalaga sa isang nagnanais na magpakabihasa sa wika na kanyang malaman ang sinkroniko at dayakroniko ng wikang kanyang pinagsisikapang matutuhan. Walang kasing inam ang kaalamang ito kung panghihimaymay lamang ng wika hanggang sa kaliit-liitan nitong sangkap ang pag-uusapan. Ito ang kaalamang makapagbibigay sa atin ng sapat na kahusayang magbalangkas ng mga salita. Sana'y sapat na itong panaklaw sa buong kalawakan ng wika. Sa gayon, makatutuhanan nang masasabing pag-aaral nga ng wika ang linggwistiks at hindi ng isang maliit na bahagi lamang nito. Ngunit sino ang makapagsasabi kung saan nakatayo ang mga hangganang muhon ng wika, at kung hanggang saan ang abot ng bisa ng linggwistiks?

Sa loob ng may kahabaan din namang panahon, naghari ang katahimikan sa larangan ng ating linggwistiks. Matagal na ngayong hindi naririnig ang alingawngaw ng pagtatalo ng mga pantas sa gitna ng kasukalang kanilang hinahawan sa pagsisikap na mapalapad ang saklaw ng linggwistiks. Tila wala na ritong ginagawa ngayon kundi malumanay na pag-uusap tungkol sa lohika ng wika, ayon sa mga pambalangkas at alituntuning itinayo nina Ferdinand de Saussure at Leonard Bloomfield. Paikot-ikot ang usapan sa sinkronikong panghihimay ng mga balangkas ng wika. Buo pa rin at hindi pinagtatalunan ang kapaniwalaan na isang sistema ang wika, at binubuo ng mga pananda ang sistemang ito. Dalawa ang mukha ng batayang sangkap na kinatatayuan ng pangwikang pananda (*linguistic sign*): ang ponemiko nitong sangkap (ang pampahiwatig o *signifier*) at ang semantiko nitong sangkap (ang pahiwatig o *signified*). Walang ibang gamit ang pampahiwatig kundi ihayag ang takda nitong kahulugan, ang konsepto ng "pahiwatig". Walang batayan sa lohiko ang pagtatakdang ito. Ang kaugnayan ng pampahiwatig ay tanging ayon lamang sa isang kinikilalang kalakaran.

Samantalang mula sa ugnayan ng pampahiwatig at pahiwatig lumilitaw ang tinagurian ni Saussure na tiyak (o positibong) katunayan ng pananda, kung tutuusin, ay galing ang panglinggwistiks na kahalagahan (ang takdang pagtitiyak) ng katunayan ng pananda sa posisyon nito sa loob ng sistema ng wika bilang isang kabuuan, sa kahulugang nakapaloob ito sa ugnayang paradigmatico at sintagmatikong nagbubukod dito sa pamamagitan ng balangkas at gamit.

Kinikilala ang mga pampahiwatig sa kanilang pagkakaiba (opposition); ang mga pampahiwatig ay arbitraryong iniugnay sa kinaukulan nitong konsepto ng pahiwatig. Inaangkin ng pananda ang pagtitiyak na tanging ginagawa nito dahil sa kinalalagyan nito sa loob ng sistema ng wika bilang isang kabuuan: ito ang katunayang nagbigay ng katwiran kay Saussure na ipahayag na dapat unawain ang wika bilang isang saradong pormal na sistema at sinabi din niya na higit sa lahat, ang pag-aaral ng wika ay maisasagawa lamang nang ayon sa sarili nitong mga pambalangkang na konsepto.

Sa ganitong pandadalamat, lumalabas na magiging bahagi lamang ng isang lalong malawak na agham na tinagurian ni Saussure na "*semiologie*" ("*semiotics*" sa terminolohia ni Charles Sanders Peirce) ang linggwistiks ng panlipunang sistema ng mga pananda. Ito ang linggwistiks na binuo ni Saussure. Itinuon niya ito sa mga produkto ng kaisipan na ipinalalaman sa mga balangkas ng wika. Wala itong kinalaman sa mga pamamaraang pangkaisipan sa siyang yumayari sa mga produktong nabanggit. Ayon kay Saussure, ang pananda ay pagsasanib ng konsepto (*concept*) at ng tunog-salita (*sound-image*). Madaling nalilimutan, paalala ni Saussure, na tinatawag na pananda ang "tubig" sa dahilan at sa dahilan lamang na taglay nito ang dalumat ng "tubig". Kaya tuloy, ang ideya ng pandamang bahagi ng pananda (ang tunog na ating naririnig tuwing binibigkas ang salitang "tubig") ay nagpapahiwatig ng ideya ng "tubig".

Sa ginawang panghihimay ni Saussure, hindi niya binago ang pananda (*signe* sa kanyang wika, "*sign*" sa Ingles), ngunit ipinalit niya ang pampahiwatig (*signifiant* o "*signifier*") sa tunog-salita at pahiwatig (*signifie* o "*signified*") naman ang ipinalit niyang konsepto. Taglay ng pampahiwatig at pahiwatig ang bisang maglalantad sa salungatang naghihiwalay sa isa't isa at sa kabuuang kinapapalamanan ng dalawang ito. Pagtatapat ni Saussure, "Tungkol sa salitang pananda, lubos akong nasisiyahan dahil wala akong maisip na salitang maipapalit ko rito, at walang maibibigay na katumbas ang karaniwang lenggwahe". Lumalabas sa gayaring paniniyak na ang panglinggwistikang pananda ay binubuo ng dalawang panimulang sangkap: ang pampahiwatig at ang katambal nitong pahiwatig. Sa tuwing paggamit ng wika, ang karaniwang naririnig na binibigkas ay ang pampahiwatig, ngunit ang katambal nito ay hindi isang bagay na makikita sa mundo kundi ang konseptong pahiwatig na nasa isip. Ang pagkakaugnay ng tunog-salita at ng konseptong pahiwatig ang tinutukoy ni Saussure nang kanyang sabihin na isang saradong sistema ang wika. Ang panglinggwistiks na pananda na kinapalolooban ng ugnayang pampahiwatig at pahiwatig ang batayang alituntunin sa pag-aaral ng wika dahil ito ay isang malaking katipunan ng mga magkakatatambal na tunog-salita at konseptong pahiwatig.

Noong una pa man, nadadalumat na ni Saussure ang agham na siyang mag-aasikaso sa buhay ng mga pananda sa konteksto ng lipunan. Magiging bahagi ito ng panlipunang sikolohiya at dahil dito'y ng pangkalahatang sikolohiya na rin. Ito ang agham na pinangalanin ni Saussure na *semiologie* (mula sa salitang Griego, *semeion*, na ang kahulugan ay *signe* o "sign" o "pananda" sa ating wika). Nilalayon ng *semiologie* ("semiologia" sa ating wika) na mailantad kung ano ang isasangkap sa pagbuo ng pananda at ayon sa kung anong mga alituntunin maisasagawa ang ganitong pagbubuo. Noong unang ipinaliliwanag ito ni Saussure, hindi pa agham ang semiologia, kaya't wala pang makapagsabi kung ano ito. Subalit noon pa man, malinaw na sa isipan ni Saussure na may karapatang mapabilang ito sa hanay ng mga itinuturing na agham, isang larangang mapagkakaabalahan ng mga palaaral sa wika. Malinaw na rin sa kanya na ang linggwistiks ay isang bahagi lamang ng pangkalahatang agham ng semiologia. Ang alituntuning madidiskubre ng semiolohiya ay alituntunin din ng linggwistiks, at ang linggwistiks ang siyang guguhit ng linyang palibot sa isang natatanging bakuran sa gitna ng mga kalipunan ng mga katunayang pang-antropolohiya. Gawain ng linggwist na alamin kung dahil sa anong bisa nagiging isang natatanging sistema ang wika sa gitna ng mga kaalamang pangsemiologia.

Lumilitaw lamang nang malinaw sa wika ang mga katangiang nagbubukod sa sistema ng semiolohiya sa lipon ng mga institusyon at lumalantad lamang sa mga bagay na hindi halos napag-uukulan ng wastong pag-aaral. Dahil dito, hindi tuloy nakikilala nang mabuti ang sadyang kahalagahan ng isang agham pangsemiologia. Ang pagsulong ng pag-unawa sa sistema ng wika ay nagiging makabuluhan lamang sa liwanag na inihahasik ng katunayang ito. Kung nais nating malaman kung ano ang tunay na katangian ng wika, kakailanganin muna nating malaman kung alin sa mga taglay nitong katangian ang katulad ng mga katangiang taglay ng iba pang mga wika.

Bakit, pag-uusisa ni Saussure, noong nagsisimula pa lamang siya sa pag-aaral ng wika, hindi pa kinikilala ang semiolohiya bilang isang nagsasariling agham na may takdang tunguhin tulad ng lahat ng ibang mga agham? Sa kanyang pananaw, paikot-ikot lamang ang mga linggwist: higit sa lahat, may handog na batayan ang wika para sa pag-unawa ng pangsemyolohiyang problema. Ngunit ang wika ay dapat pag-aralan lamang bilang wika, nang ayon sa sarili nitong kapakanan, ngunit ang nangyayari noon ay halos laging pinag-aaralan ang wika, nang ayon sa iba't ibang kapakanan na kaugnay sa kung anong mga bagay mula sa iba't ibang pananaw. Naririyang din ang akala ng marami na pambigay lamang ng pangalan ang wika. Sa karamihan ng mga kapakanang umaangkin sa wika, paghihimutok ni Saussure, hindi tuloy napag-aaralan ang taal sa lenggwahe. Lalo pang napabaon sa kasalatan ang pag-aaral ng lenggwahe nang mapansin ng

mga sikolohista ang panandang mekanismo na angkin ng mga indibiduwal. Ito na sana ang pinakasimpleng sistema ng pag-aaral, ngunit hanggang panariling pagtupad lamang ito. Hindi abot ng panandang mekanismo ang antas ng pananda ng lipunan.

Malinaw kay Saussure na higit sa lahat, ang problema ng wika ay pangsemyolohia, at lahat ng pagsulong ay nagkakaroon ng katuturan gawa ng importanteng katunayang iyan. Upang matagpuan ang totoong katangian ng wika, kailangang matutuhan natin kung ano ang taglay nito na taglay din ng lahat ng iba pang sistema ng semiolohia. Ang puwersang panglinggwistika na mukhang napakahalaga sa biglang malas (halimbawa, ang papel na ginagampanan ng aparatong pantinig) ay tatanggap lamang ng mas mababang pagwawari kung ang tangi nitong nagagawa ay ihiwalay ang wika sa ibang mga sistema.

Malinaw sa mga panayam na binigkas ni Saussure ang kanyang pagkakadalumat sa wika. Hindi basal kundi totoong bagay ang mga panandang bumubuo sa wika. Mga pananda sampu ng kanilang pag-uugnayan ang pinag-aaralan sa linggwistiks. Ito ang mga konkretong mga entidad ng agham ni Saussure. Ayon sa kanyang pagpapaliwanag, dalawang simulain ang nakapangyayari sa pag-aaral ng wika. Ayon sa unang simulain, ang panglinggwistiks na entidad ay matatagpuan sa mundo at madaling makikita gawa ng pagsasanib ng dalawang sangkap, ang pampahiwatig (*signifiant* o "*signifier*" sa terminolohiya ni Saussure) at ang pahiwatig (*signifie* o "*signified*"). Kung sakaling mawala ang isa, mawawala na rin ang entidad mismo. Ang tanging matitira ay basal. Linggwistiks ang ganitong tambalan habang may nakapaloob na ideya. Kung paghihiwalayin natin sa isip ang tambalang ito, materyal para sa pampisyolohikal na pag-aaral ang matitira.

Isinasaad ng pangalawang simulain ni Saussure na lubusang magkakatuturan lamang ang isang entidad kapag naihiwalay ito sa nakapalibot ditong mga entidad batay sa taglay na dalawa nitong sangkap na pampahiwatig at pahiwatig. Sa isang pangungusap, magkakaibang mga entidad ang sunud-sunod na maririnig. Upang maunawaan kung ano ang narinig, kailangan nating magawang paghiwa-hiwalayin ang narinig na mga entidad. Ang bawat entidad ay may sariling pampahiwatig at katambal na pahiwatig na naiiba sa pampahiwatig at pahiwatig ng ibang mga entidad. Dahil dito, madaling makikitang nakatayo nang mag-isa ang bawat entidad, mag-isa gawa ng lubos na pagkakaiba nito sa lahat ng kalapit na mga entidad.

May mga pagkakataong tanging tunog lamang ang ating naririnig at hindi natin maunawaan kung may ibig sabihin o wala ang sinasabi sa atin. Sa

ganitong pagkakataon, tunog lamang ang tangi nating naririnig. Kung mga pampahiwatig man ang mga ito, hindi natin nalalaman kung anong pahiwatig ang katambal ng bawat tunog. Hindi natin tuloy magawang paghiwa-hiwalayin ang mga tunog na dumarating sa ating pandinig. Kung ang kumakausap naman sa atin ay kapuwa nating Tagalog, hindi basta tunog lamang ang darating sa ating pandinig kundi Tagalog. Ngayon, alam natin na ang naririnig nating tunog ay pampahiwatig at batid natin ang katambal nitong pahiwatig. Upang maipakita natin na ang tunog na ito ay naiiba sa lahat ng tunog na ating naririnig o maaaring marinig sa ibabaw ng lupa, makabubuti na tawagin natin itong “tunog-diwa” (ang *sound-image* sa terminolohiya ni Saussure).

Kung tutuusin, kay Saussure natin utang ang unang ganap at maagham na hakbang sa pagsulong ng panglinggwistiks na pananda tungo sa malinaw at makabago nitong pagkakadalumat. Sinabi niya sa kanyang *Cours* na tunog-diwa at dalumat ang pinag-uugnay ng panglinggwistiks na pananda. Ang tinatawag niyang tunog-diwa ay hindi basta tunog lamang kundi ang pansikolohiyang ikinintal ng tunog sa mga pandama. Kung gayon, para kay Saussure, isang pansikolohiyang realidad na may kabilang mukha ang pananda. Masdan ang katagang “bato”: ito ay pananda na may dalawang sangkap, (1) ang tunog-diwa na dumarating sa pandama kapag binibigkas ng iba ang katagang “bato”, at (2) ang kaakibat nitong dalumat. Nakapaloob sa pormulasyong ito lahat ng representasyon ng natatanging elemento ng “bato”.

Ang hindi mapaghihiwalay na magkabilaang mukha ng pananda na inihalintulad ni Saussure sa harap at likod ng isang pliegong papel, ay ang tinatawag niyang pampahiwatig (ang tunog-diwa) at pahiwatig (ang kaakibat na dalumat ng tunog-diwa). Labas sa ugnayang ito ang “tinutukoy” ng pananda, ang *referent* sa terminolohiya ni Saussure. Ipinaliwanag niya na ang panglinggwistiks na pananda ay nagkakakatuturan gawa ng ugnayang tunog-diwa/dalumat o pampahiwatig/pahiwatig. Ang linggwistiks ay nagsasapul at natatapos sa ugnayang ito.

Kung talaga ngang magkaugnay, ano ang kaugnayan ng pampahiwatig at pahiwatig?

Sabi ni Saussure na batayang simulain ng linggwistiks ang pagkaarbitrario ng pananda. Naaayon ang pagkaarbitrario ng pananda sa isang umiiral na pamantayan, ganap, balido at sapilitan gawa ng obligasyong nakaatang sa lahat ng mga mananalita ng isang lenggwahe. Sa lalong tiyak na pagpapakahulugan, arbitrario ang pananda dahil hindi ito ganyak. Sa ibang salita, walang likas o totoong pangangailangan ang nag-uugnay ng pampahiwatig sa pahiwatig.

Nakalalamang sa lahat ng mga teorya ang teorya ng pananda na ilahad ang suliranin tungkol sa kaugnayan ng wika (*langue* sa terminolohiya ni Saussure) sa realidad na labas sa larangan ng mga pinagkakaabalahan ng linggwistiks. Gawa rin ng teoryang mapag-aaralan ang wika bilang isang pormal na sistemang tumatalima sa mga alituntunin at binubuo ng mga balangkas na nakapagbibigay ng kaayusan at iba pang kayarian. Gawa ng masusing pagsusuri, bagamat hindi naibuwal, kinailangan naman ng teoryang ito na mapasailalim sa katakot-takot na pagbabago.

Sa pagkakadalumat nito bilang isang di-mababasag na kabuuan na may lantay na kahalagahan, ang salita ay hindi na ngayon itinuturing na saligan ng pag-iisip tungkol sa mekanismo ng wika. May mungkahi pa ngang ihiwalay ang salita sa agham ng wika. Hindi na nga dapat isipin na “salita” ang nasa isip ng mga semiyolohista kapag humaharap sila sa “pananda”. Mahanga’y pangungusap ang nasa kanilang isip. Mababanaagan na rito ang pagsisikap sa linggwistiks na unawain, sa kabila ng madaling makita, sa likod ng taging na salita, ang totoong saligang katangian ng wika.

Bukod sa argumentong iyan, walang alinlangang dahil nakabatay sa nakahiwalay na salita ang *la langue* ni Saussure, ang anyo ng teorya ng pananda ay hinubog ng “dalumat” bilang huwarang interpretant ng mga sangkap ng wika. Walang wikang hiwalay sa “dalumat” bilang “pahiwatig” ang yumayari sa pinaka-balangkas ng pananda. Humantong ang walang pasubaling pagtanggap sa naturang teorya sa pagpapaalis sa bakuran ng wika ng lahat ng hindi maisasanib sa kaayusan ng dalumat – ang mga panaginip, ang kawalang-malay (ang *unconscious* ni Freud), ang panukala at iba pa – o sa pagbabawa sa katiyakan ng mga ito hanggang maging isa na lamang at di-naibang uri na lamang ng pandalumat na operasyon. Ang bunga nito ay isang pananaw na naaayon sa isang pamantayan, isang pananaw na walang kakayahang pag-aralan ang napakaraming sistema ng pagpapahiwatig nang hindi ipinaubaya sa mga walang inaatupag kundi hanapin ang mali at sikaping iwasto ang pinakamaliit sa mga ito. May nagsasabi na hindi naaayon sa katotohanan na ipagkamali ang wika sa pandalumat na pag-iisip. Idinugtong pa ng iba na sa ibabaw ng lahat, ang wika ay isang gawaing isinasagawa sa labas ng katwiran.

Sa bandang huli, matapos ang mapanuring pagsisiyasat, lumalabas na hindi sapat ang pagkaarbitrario ng pananda upang liwanagin ang kaugnayan ng tunog-diwa sa dalumat. Mukhang nabahiran ng kamalian ang pangangatwiran ni Saussure. Sinabi nga niyang hindi bahagi ng *la langue* ang diwa (ang tinutukoy ng pananda). Sa katunayan, ang talaga nitong tinutukoy ay ang nasa isip ni Saussure nang kanyang bigkasin ang [bōf] at [oks]. Magkaiba sa pampahiwatig ang dalawang ito, ngunit iisa ang tinutukoy na dalumat (diwa o pahiwatig).

Kung tutuusin, hindi ang kaugnayan ng pampahiwatig na [oks] at ng pahiwatig na "ox" ang arbitraryo. Ang nag-uugnay ng [oks] sa "ox" ay pangangailangang batay sa katuwiran. Ang tunog-diwa at ang kaugnay nitong dalumat ay hindi mapaghihiwalay. Ang dalawa ay magkatapat na sangkap ng isang establisadong simetriya. Ang arbitraryo ay ang pagkakaugnay ng isang pananda sa isang bahagi ng realidad na binigyan nito ng pangalan. Sa ibang salita, arbitraryo ang pagkakaugnay ng simbolikong wika sa realidad na labas sa simbolo na sumasagisag sa isang tiyak na bahagi ng realidad. Mukhang mayroon ditong isang posibilidad na walang kapaliwanagang pampilosopiya at panteorya sa kasalukuyang kalagayan ng siyensiya ng wika.

Batay sa pagkakadalumat ng wika bilang isang pormal na sistema, at ito ay naaayon naman sa teorya ng pananda, isinara ng linggwistiks ang bakuran nito sa simbolikong bahagi ng wika. Mula sa sandaling yaon ng pagpipinid ng linggwistiks sa simbolikong wika, wala na ritong pinag-aralan kundi ang pormal na kaayusan bilang balangkas na makapagpapabagong-anyo. Ang mga suliranin sa pagbibigay-katuturan ay napalitan ng pormalistikong pagtingin sa wika bilang isang mapagbuong sistema. Sa sistemang ito ng lubos na masaklaw (*universal* sa wikang Ingles) — mga sangkap at mga pangkalahatang alituntunin ay makapagbubuo ng mga pangungusap na wasto sa gramatika. At, kapag wasto sa gramatika ay wasto na rin sa semantiks.

Dalawang bagay ang masasabing nagawa ng linggwistiks: hinubaran nito ng kasarinlan ang wika at inihayag na ang pagbibigay katuturan ay bunga ng isang pansintaks na pagpapakabago na yumayari tuwina ng bagong mga pangungusap. Ito ang paraan na ginamit ni Leonard Bloomfield para alisin sa linggwistiks ang semantiks (ang agham ng pagpapakahulugan) at ilipat sa sikolohiya. Lalong malapit sa ating panahon at kasanayan ang *generative grammar* ni Noam Chomsky. Binigyang liwanag nito ang pormal at sintaktikong mekanismo ng ulitang pagbuo ng mga balangkas sa wika na kung wastong maisasagawa ay hahantong at hahantong sa wastong "pagpapakahulugan" sapagkat ayon sa porma ang pinag-uusapan ditong pagkakaugnay ng simbolikong wika at ng realidad ay labas sa bakuran ng Linggwistiks. Ang katanungan na kung ano ang kaugnayan ng simbolikong salita sa isang tiyak na bahagi ng realidad ay walang kasagutan sa kasalukuyang kalagayan ng agham ng wika. Sa ngayon, tanging ang "simbolo" ang tanging nakapaloob sa linggwistiks. Nasa labas ng linggwistiks ang realidad na isinasagisag ng simbolo. Isang lalong malawak na larangan na makasasaklaw sa wika at gayundin sa realidad ang kailangan.

Dapat na tayong tumigil dito. Narating na natin ang hangganan ng Linggwistiks, at kailangang pagbalikan natin ang tinawag ni Saussure na

semiologie (Semiotics sa terminolohiya ni C. S. Peirce, "palahiwatigan" sa ating wika). Tanging sa ganitong pag-aaral natin mauunawaan ang wika sa lubos nitong kabuuan: ang wika bilang pagpapakatuturan.

Sanggunian:

Bloomfield, Leonard, Language, New York, 1933.

Chomsky, Noam, Aspects of the Theory of Syntax, Cambridge, Mass., 1965.

De Saussure, Ferdinand, A Course in General Linguistics, New York, 1959.

Eco, Umberto, A Theory of Semiotics, Bloomington, 1976.

Kristeva, Julia, Language the Unknown, London, 1989.

Peirce, Charles Sanders, Collected Papers, Cambridge, Mass., 1931-1938.

LINGUISTIC HEGEMONY

Jonathan Malicsi
Professor of Linguistics
UP Diliman

He who controls the medium controls the message as well.

LINGUISTIC HEGEMONY

Ordinarily, the term "hegemony" refers to leadership or dominance, especially by one state of a confederacy. In the international scene, it is often used to refer to the perceived intentions of a state in its dealings with other states, as in the criticism that the US is extending its hegemony by linking its trade with human rights issues in client states.

I use the term "linguistic hegemony" in a similar sense, this time referring to the choice and imposition of one official language in a multilingual institution. It could mean the choice of parents to raise their children in English, the choice of a church to conduct its mass or worship service in one of the vernaculars, the choice of a university to teach only in English, or the choice of the President to require the use of only Filipino in all government communications.

In theory, the choice is based on which language or language variety will bestow the greatest number of desirable results. Parents or universities may choose English because they think fluency in it will give their children or students a decided learning advantage. Churches may choose the vernacular to evoke a more personal feeling for its rituals and messages. The government may use Filipino only in the belief that this lessens or eliminates miscommunication with ordinary people.

The desired results may be pragmatic ones, such as facilitating the delivery of information and access to information. They may also be symbolic ones, such as conferment of status, or establishment and enhancement of identity, or nurturing of native culture.

But the best intentions can produce rather odd, even unpredictable results. A school that uses English as medium of instruction in all its courses exposes its students to the English of teachers whose proficiency in it may be questionable, and who were not trained to use it for teaching. In a typical freshman semester, the college student's exposure to non-English teachers (twelve to fifteen hours per week) is far greater than to the English teacher (three class hours per week). The students' learning of the language is thus compromised. On the other hand, a church that uses the vernacular runs the risk of such personalization of ideas that the parishioners may lose the history behind such ideas, and the complications in translation that may affect details in his belief system. For example, was Joseph really a carpenter? What was the belief about Mary's moral nature before December 8, 1854, when Pope Pius IX declared it mandatory for all Catholics to believe that Mary was the Immaculate Conception, i.e., the only human being ever conceived without original sin?

In the national setting, complications in linguistic hegemony arise from (1) size of the population involved, (2) number of languages, (3) the number of native and nonnative speakers per language, (4) the functions and media of these languages, (5) the attitudes of speakers and non-speakers towards these languages, and (6) the resources needed to support the hegemony.

Classic cases of linguistic hegemony are the Russification of the Soviet Union and the Sinicization of all territories controlled by the People's Republic of China. The collapse of the Soviet Union gave rise to the renaissance of local languages in the republics which opted for independence. In contrast, the PROC is even more determined to impose Mandarin, even in far-flung provinces whose populations are not Han Chinese and whose native languages are more closely related to those in Eastern Europe.

LIBERATING STRATEGIES

Clearly, linguistic hegemony imposes limits on language choice and use. Still, there are strategies to counteract its undesirable effects.

One strategy is to subvert the hegemonist system by redefining terms.

One crucial term is "language." In the US, bilingual education is made mandatory in schools with considerable populations who are nonnative speakers of English. They are taught in their language even as their proficiency in English is being developed. Recently, the school board of Oakland, California, approved the designation of "Ebonics" or "Black English" as a separate language, thus classifying its speakers as bilingual speakers of English and Ebonics. The ruling, which now allows funding for classes conducted in Ebonics, has generated much criticism from both black and white communities.

Locally, there is still some debate as to whether Filipino (the national language) is a language different from Tagalog. The issue is immaterial to most media professionals, who merrily coin words when they broadcast on AM radio, or freely incorporate loan words in toto when they write articles in newspapers. The issue, however, seems important to those whose careers may be affected one way or another by the definition.

If Filipino and Tagalog are declared as the same language, with Filipino simply defined as the urban variant with a lot of loan words, mostly from foreign languages, then non-Tagalog politicians could interpret the campaign to propagate the national language as a Tagalization of the country, i.e., a manifestation of Tagalog hegemony. They could react as Cebu has reacted. On the positive side, the identification of Filipino with Tagalog makes all linguistic and pedagogical materials produced on Tagalog and Tagalog-based Pilipino still relevant and appropriate, and sellable.

If Filipino and Tagalog are declared as different languages, then Filipino as the national language may be perceived as culturally neutral, especially as it incorporates forms and rules from different Philippine languages. The difference also justifies funding for projects that would produce linguistic and pedagogical materials on Filipino, especially towards setting standards for formal and official use. Eventually, such materials may even be

required as textbooks for Filipino language courses, thereby guaranteeing royalties for its authors.

Perhaps, Cebuanos may also define Filipino as Cebuano-based, with as many Tagalog loan words as there are Cebuano loan words now in Filipino, and with a generous sprinkling of words from English and Spanish. After all, the 1987 Constitution does not define Filipino as Tagalog-based. Thus, a Cebuano-based Filipino may be argued as a step in its evolution.

Another case which may illustrate this strategy has to do with the English hegemony in the school system. Though the DECS bilingual policy orders the teaching of certain courses in English, and other courses in Filipino, school administrators and teachers, as well as students and their parents, still believe, with good reason, that English is the language of access to a better life.

And so students study English for at least three semesters in college. Even after eight to ten years of pre-collegiate English language instruction, college freshmen still need some corrective teaching. The CHED prescription for general education states that English I is for advanced communication skills, and that if a student is not yet grammatically proficient for English I, then he should enroll in a non-credit course called English Plus. Our research shows, however, that following the CHED prescription, the great majority of college freshmen all over the country will be enrolled in English Plus.

The English language proficiency of students has definitely declined. Now comes a possible redefinition of English language proficiency.

At least one university in Metro Manila seems to be convinced that one way of improving the students' English language proficiency is to describe Filipino English and use it in teaching. The idea is interesting. If, say, a student's composition has so-called errors like "The matter has been taken cared of," "Cope up with traffic results to a loss of working hours," "Majority of the presidentiables are interested to be at par with Vice President Estrada," "Watch out for the next speaker in this conference," all these will no longer be considered errors since they are used by most Filipino speakers of English, even professional ones. By shifting standards to Filipino English, proficiency scores get raised significantly.

Should this idea catch on, then this university will have the edge in terms of the linguistic and pedagogical materials they have produced, and the training workshops and seminars in Filipino English they could organize.

But if the institutions getting their graduates do not accept such language variety, then either their graduates get rejected, or get hired but required to retrain in English, further increasing the opportunities now open to English language consultants.

Another strategy is to reconfigure the hegemonist system by distributing different languages to different functions.

African countries are now set to shake off its colonial languages in favor of national languages. The Intergovernmental Conference of Ministers on Language Policies, held in Harare (Zimbabwe) last March 20-21, 1997, and attended by language experts and bureaucrats from 51 countries, declared that "the language policies introduced since independence have generally favoured the colonial languages by setting up language structures that confer a monopoly of official status to the languages of the former colonial power." This translates into a desire to diminish the roles of English and French in Africa, in favor of magnifying the roles of the national languages. In fact, the same Conference even declared that "scientific and technical discourse" shall be "conducted in the national languages" as part of their "cognitive preparation for facing the challenges of the next millennium."

We may as well ask whether we should follow suit and diminish the role of English in the country, even to the point of teaching science and technology in Filipino. Yet we have neighbors like Malaysia and Indonesia, whose national languages are fairly well established, but who have resorted to teaching science and technology in English to lessen the information gap between their students and mostly-English scientific and technological publications.

Perhaps the educational and cultural imperatives in Africa are different from those in Southeast Asia, such as there could be a stronger need to propagate basic knowledge and skills in the sciences to as many people as possible in the shortest period, thus necessitating the need for the national languages. In contrast, Southeast Asian countries are already immersed in information technology and have larger sectors of the populations already fluent in languages of international access, such as English, in order to warrant their strong presence in academic and commercial institutions.

A third strategy is to change the hegemonist system through language activism.

As the African conference did, we must recognize that "language policy decisions are actually political decisions that can only be taken by national governments." This entails that "guidelines for policy formulation should be sanctioned by legislative action." That being the case, language activists should begin casing legislators for their language preferences, sensitivity to language issues, and accessibility or vulnerability to lobbying. Officers of the executive branch may also be influenced to issue executive or department orders defining or redefining language use in official government transactions.

The situation in the US now is instructive.

Two hundred twenty-one years after its declaration of independence, the US has not yet passed a law declaring English as its official national language. Conventional wisdom would say that it's about time it did so, and currently, three bills in the House of Representatives are under consideration. Yet the debates are fierce, and certain issues are hotly contested. Camps are divided between the "English only" side, and the "English plus" side.

Some of the points raised are:

1 the status of English in the US is firm and unthreatened, thus making legislation for it unnecessary. "We have no more need for a national language than we do for a national religion." (Iowa State Daily, Oct 95)

2 if the US must pass a law on English as its official language, then it should not be an "English only" policy, since this is

2.1 "unrealistic" (if it does not create more English classes, especially for immigrants)

2.2 "educationally unsound" (by opposing bilingual education)

2.3 "unfair and dangerous" (by restricting government information on important issues like health, safety, traffic, court proceedings, and marriage ceremonies)

2.4 "invasive" (by controlling the language of employees for the entire duration of their working hours),

2.5 "counterproductive" (by diminishing the value of bilingual speakers)

2.6 "unconstitutional" (by restricting freedom of speech guaranteed by the First Amendment, and abridging the privileges and immunities of naturalized citizens guaranteed by the Fourteenth Amendment)

Rather, a law on English should

1 apply only to government functions

2 recognize the right of Americans to use their own languages and preserve their native cultures

3 continue to foster multilingualism as an important resource in maintaining the US's competitiveness in the global market, improving its diplomatic efforts, and supporting its national security

It appears that the main controversial issue involved in the debates is the channeling of government funding from providing services in multiple languages (including funding for bilingual education), to creating more English classes for non-English speakers.

Participants in the debate are numerous, the more outstanding ones being the US English organization, the Linguistic Society of America, the Conference on College Composition and Communication, the Joint National Council on Languages (which maintains the English Plus Information Clearinghouse), the NCTE, NEA, TESOL, MLA, the American Council of Teachers of Foreign Languages, the Center for Applied Linguistics, the American Psychological Association, the National Council for Black Studies, and even the National Council of Churches of Christ.

The degree of activism is an indication of their strong interest in the outcome of congressional action on the pending bills.

Such activism may not happen here at all, as the issue of linguistic hegemony, though real, seems to be not strong enough to counteract our natural inertia.

And this seems to be the fourth strategy against linguistic hegemony--simply disregard the ruling.

President Aquino issued an order requiring the use of Filipino in government's official communications. This was honored more in the breach during her term, and President Ramos has not resurrected the order.

UP President Abueva's language policy mandated the use of Filipino as instructional language in all undergraduate courses, except in English and other foreign languages. Non-Tagalog campuses balked at the idea because they have few or no teachers who could teach their respective courses in Filipino. Tagalog campuses scoffed because their students already know Filipino and would rather learn more English to further their studies. The deadline for the full implementation of the Filipino-as-instructional-language policy came and went without producing the desired results.

LANGUAGE RIGHTS AS HUMAN RIGHTS

The rationale for counteracting the hegemonist system is the idea that language rights are human rights. The African conference declared that in democratic Africa, "development is not construed in narrow, economic goals but instead in terms of a culturally valued way of living together, and within a broader context of justice, fairness and equity for all, respect for linguistic rights as human rights, including those of minorities."

As stated by the Conference on College Composition and Communication, "when Filipino employees are told they cannot speak Tagalog in the lounge, or when a college employee is told he must not speak Spanish during lunch break, they are denied free expression."

In this context, persons in authority who are considering the imposition of one language in their respective institutions had better be guided by respect for the rights and freedoms of their constituents.

Prescription becomes necessary only to solve specific communication problems. For example, the US Securities and Exchange Commission is considering requiring companies, beginning January 1998 but phased in over several months, to "use simpler, clearer language in the documents they give investors." This move aims to "clean out boilerplate language and other complex information that is common in public disclosure documents."

Ultimately, given the freedom of linguistic choice, the people will decide according to their own interests.

A Singaporean puts it aptly: "I feel the real crux of this language problem is neither economics nor roots, but state intervention. We see that most such complaints are directed at the state's management of languages. Each community, not the state, should decide what is the best trade off for ourselves. The Malay community has opted for more community adhesiveness while the Chinese community has opted for more wealth, and this is reflected in the use of language. There is nothing intrinsically superior or inferior in such choices."

REFERENCES:

'Black English' raises a storm. 1997. "New Language Planning Newsletter" (Jun 97), II: 4, pp. 5-6.

'English Plus Resolution.' 1997. House Resolution of 13 July 1997, sponsored by Rep. Jose Serrano (D-NY).

Morrison, Joanne. 1997. "SEC: Plain English documents coming soon," Reuters (11 Dec 97).

'Language Policy Document.' 1997. "New Language Planning Newsletter" (Jun 97), II: 4, pp. 5-6.

Papers in the website of US English, Inc. 1997.

Phil Roberts. 1995. "US debates English as official language," ISSUES (3 Oct 95), maintained by Student Publications Inc., Kansas State University.

Tan Chong Kee. 1996. In "Dear Sintercom" (an Internet discussion page), last updated 5 Oct 96.

"The National Language Policy." 1988. Conference on College Composition and Communication (March 1988).

"US needs no 'official' language." 1995. Iowa State Daily (30 Oct 95).

-oOo-

SALITANG BAKLA: MAKAPANGYARIHAN? MAPAGPALAYA?

Eufracio Abaya at Jesus Federico C. Hernandez
Unibersidad ng Pilipinas-Diliman

May mga mangilan-ngilan na ring pag-aaral ang naisagawa tungkol sa bakla o gay sa Pilipinas. Karamihan sa mga ito ay nagbigay pansin sa kasalimuotan ng leybel na bakla o gay. Maliwanag na ang mga leybel na ito ay may historikal at semantikong lalim. Minarapat namin na huwag pasukan ang diskursong ito sa papel na ito. Sapat na sa amin na gamitin ang leybel na bakla o gay upang tukuyin ang mga taong nabibilang sa categoryang homosekswal na gumagamit sa tinatawag naming salitang bakla.

Sa mga pag-aaral na naisagawa na mapapansin na may pagkakasundo sa puntong ang mga bakla o gay ay nakakaranas ng opresyon o marginalisasyon sa ating lipunan (e.g., Garcia, Remoto, Tan, Johnson, Perez) Sa mga pag-aaral na ito, binigyang diin ang stigma ng pagiging bakla/gay dahil sa tingin ng mga nakararami, ang pagiging bakla/gay ay isang sakit na nakakahawa, kasalanan sa Diyos, kamalasan sa pamilya, kahinaan ng pagkatao, pagiging salot, pagiging sumpa, pagiging katawa-tawa, pagiging gahaman sa seks--lahat ng ito'y nagsisilbing jastipikasyon upang sila nga ay lokolokohin, kutyain, o dili kaya'y hikayating magbago para maging normal.

Ang papel na ito ay tungkol sa salitang bakla bilang sosyolek. Ito ay aming susuriin bilang wika na umusbong sa kontekstong pakikipagtunggali ng mga bakla/gay sa dominanteng kulturang patriyarkal at Judeo-Christian na bumubuhay sa mga kaisipang nabanggit.

Tatalakayin sa unang bahagi ng papel na ito ang mga istruktural na katangian na gumagabay sa pagbuo ng sosyolek na ito. Ipinapakita rito na ang wikang ito ay nakaugat pa rin sa wikang Filipino. Ang sosyo-ekonomik, rehyunal, interjenereysyonal, propesyon, at edukeksyonal bakgawnd ng mga mananalita ay nagbibigay daan sa pagbubuo ng mga baryasyon sa wikang ito. Kaya naman, ang pokus lamang ng papel na ito ay ang sinasalita sa isang komunidad sa UP--ang Babaylan. Minarapat naming ito ang maging basehan ng papel na ito dahil ang mga kasapi rito ay kumakatawan sa iba't ibang sosyo-ekonomik at rehyunal na bakgawnd. Isa pa, bilang mga kasapi sa organisasyon at gumagamit ng wikang ito, kami ay nasa isang istratchikong posisyon na masuri ang iba't ibang konteksto ng paggamit ng wikang ito, na siya naming bibigyang pansin sa ikalawang bahagi ng papel na ito. Sa pamamagitan ng mga kongkretong halimbawa, bibigyang diin

dito ang tinatawag naming “veiling” o pagkukubli na isang katangian ng salitang bakla. Ang “veiling” ay isang istrategiya sa pakikipagtunggali sa “cultural violence” na bumubalot sa pakikisalamuha ng bakla sa kanyang lipunang ginagalawan. Sa prosesong ito makikita ang isang kontradiksyon: sa pamamagitan ng paggamit ng wikang ito bilang “cultural capital”, nagkakaroon ng kapangyarihang maipapahayag at gawing lehitimo ang pagigiging bakla sa harap ng lipunang nangsasaisang-tabi o nagmamarginalays sa kanila; subali’t, sa kabilang banda, ang praktis na ito rin ang siyang nagbibigay daan sa patuloy na pagtingin ng nakararami sa bakla bilang “kaiba,” isang pagtingin na maaring magpalakas at magpatatag sa proseso ng marginalisasyon.

Bilang pangwakas, bahagyang tatalakayin namin ang ilang implikasyon ng paggamit ng salitang bakla sa kasalukuyang pagmomobilisa upang makamit ng mga bakla ang kanilang karapatan bilang tao at bilang isang sektor ng lipunan.

UNANG BAHAGI

Ang Salitang Bakla

Ang bahaging ito ng papel ay ang paghihimay sa salitang bakla ng UP Babaylan sa antas ng tunog, pagbubuo ng salita, at ang simpleng konstruksyon ng sentens.

Mga Tunog

Dalawampu’t siyam ang mga tunog na natagpuan sa sosyolek na pinagbasehan ng pagsusuri. Ito ang mga sumusunod: p, t, k, b, d, g, q, f, v, ch, j, m, n, ng, ny, s, z, sh, h, x, l, r, w, y, at limang vawel, i, e, a, o, at u. Ang q ang gagamiting simbolo para sa glotal na istap, ang ch para sa voysles alviyo-palatal na afrikeyt, ang ng para sa vilar-neysal, ang sh bilang voysles alviyo-palatal frikatib, at ang x para sa voysles vilar frikatib. Ang x ay maaaring ihalintulad sa ch ng Jerman sa salitang ich.

Ang mga sumusunod ay mga halimbawa ng gamit ng mga konsonant sa imbentaryo ng mga tunog sa salitang bakla. Ang mga vawel ay makikita sa mga halimbawa para sa mga konsonant. Ang [:] ang simbulong gagamitin para sa haba ng vawel.

Mga halimbawa:

p	payo:la	'bayad'
	puri:ta	'mahirap, hindi mayaman'
t	to:sha	'salamat'
	tengteng	'talo'
k	krefas	'mukha'
	kolbam	'call boy'
b	budam	'katawan'
	bu:bas	'suso'
d	dako:ta	'malaki'
	du:dams	'seks'
g	ga:nders	'ganda'
	gibsung	'bigay'
q	waq	'wala'
	dakoq	'malaki'
f	fu:nda	'foundation'
	flo:les	'makinis'
v	va:ketch	'bakit'
	ve:yklaq	'bakla'
ch	cha:ka	'pangit'
	chi:mini	'katulong'
j	ju:li	'huli'
	je:li	'selos'
m	ma	'malay ko'
	mhin	'lalaki'
n	no:ta	'seks organ ng lalaki'
	nowschi:na	'alam'
ny	nyo:wa	'asawa, karelasyon'
	nyuwe:traks	'puwet'
s	sayt	'makita'
	sukab	'taksi'
z	zirowe:na	'wala, zero'
	wiz	'hindi'
sh	sholibi	'call boy'
	shopatid	'kapatid'
h	ham	'hundred'
	heythora	'buhok'
x	qitrix	'ito'
	qanix	'ano'

l	lafang	'kain'
	lukring	'loka-loka'
r	ri:ka	'mayaman'
	ra:mpa	'maglakad-lakad, paghahanap ng aliw'
w	wi:ni	'panalo'
	watchiko:la	'manood'
y	ye:sterday	'oc'
	payato:la	'payat'

Pagbubuo ng Salita

Tulad ng anumang wika, marami ang paraan ng pagbuo at pagpayaman ng leksikon ng salitang bakla tulad halimbawa ng pagkabit ng afiks. Maliban sa mga afiks na nagtataglay ng keys at mga semantik na afiks, maraming mga afiks na maaaring ikabit na hindi magbabago ang kahulugan ng salitang kinakabit. Ang mga afiks na ito, hindi nagtataglay ng karagdagang kahulugan. Ikinakabit lamang ito upang lalong maging mas makulay ang mga salita para lalong hindi maintindihan ng mga hindi kabilang sa grupo.

Maliban sa pagkakabit ng mga afiks, may ilan pang paraan ng pagbuo ng salita sa sosyolek na ito tulad ng substityusyon, panghihiram, paggamit ng akronims, reduplikasyon, pagkakaltas, metatesis, kahawig, katunog, at ang paggamit ng mga pangalan ng mga sikat na mga lugar at personalidad.

Mga halimbawa:

Pagkabit ng afiks

sayt + -in- + (sung) > sinayt / sinaytsung	'tiningnan'
tanders + -um + (ever) > tumanders / tumandersever	'tumanda'

Ang **sung** at **ever** ay opsyonal sa konstruksyong ito. Maaari itong ikabit bilang safix subalit hindi ito nagtataglay ng karagdagang kahulugan. Hindi nagkakaroon ng pagbabago sa kahulugan ng *sinayt* o *tumanders* nang kinabit ito ng **sung** at ng **ever**.

Substityusyon

Ang substityusyon ay ang pagpapalit ng isang tunog o segment ng isang salita ng ibang tunog o segment. Ito ay karaniwang konsonant substityusyon.

q, k, h	>	j
qinit		jinit
kili-kili		jili-jili
hirap		jirap
p, b	>	sh
maputiq		mashutiq
buhok		shuhok
C ₁ V ₁	>	ju, bo, sho, kiyo, nyo
qanak		junak
taqe		boe
takot		bokot
tao		bo-o
damot		kiyomot
tanda		shonda
qasawa		nyosawa

Panghihiram

Ang panghihiram ay likas sa bawat buhay na wika. Sa pamamagitan ng panghihiram, napagyayaman at napauunlad ang mga wika. Ang salitang bakla ay tumihirap din sa ibang mga wika dito sa Pilipinas at maging sa labas ng bansa tulad ng wikang Hapon, Ingles, Intsik, at Espanyol. May dalawang paraan ng panghihiram na nakita sa datos: una, ang paghiram ng buong anyo at kahulugan, at pangalawa, ang paghiram ng anyo subalit iba ang kahulugang ikinakabit.

Mula sa mga wika sa Pilipinas:

gurang	matanda	Bikol
dako	malaki	Hiligaynon
jutay	maliit	Hiligaynon
balay	bahay	Cebuano
daot	masama, bwisit	Cebuano

Mula sa mga wika sa labas ng Pilipinas:

otoko	lalaki	Hapon
takeshi	takot	Hapon
watashi	ako	Hapon
kangkinay	wala akong paki	Hapon

flawless	makinis	Ingles
fly	alis	Ingles
sight	tingin	Ingles
hombre	lalaki	Espanyol
mujer	babae	Espanyol
tosha	salamat	Intsik

Akronims

GL	ganda lang	'libre'
OPM	oh promise me	'sinungaling'
PG	pa-girl	'parang babae kung kumilos'
PG	patay-gutom	'patay-gutom'
PK	pang-alis kati	'pwede na'
TYG	thank you girl	'talo'

Reduplikeyasyon: ang pag-uulit ng salita o bahagi ng salita

chika	chika-chika	'usap-usap'
chuchu	chuchuchuchu	*walang kahulugan
chenes	cheneschenes	*walang kahulugan

Kahawig: ang pagkakahawig ng dalawang bagay ang batayan ng paggamit ng isang salita sa halip ng pinalitan.

bombilya / bangkok santol / nota	'seks organ ng lalaki'
----------------------------------	------------------------

Pagkakaltas

ma	malay ko
pa	pakialam mo
wa	wala
dedma	patay (ded) mali

Metatesis: ang pagpapalitan ng ayos ng tunog o segment sa salita

anda	>	daan	'pera'
------	---	------	--------

Katunog

noselift knows 'alam'

Paggamit ng mga pangalan ng mga sikat na lugar at personalidad

Ang paggamit ng mga pangalan ng mga sikat na lugar o personalidad, karaniwang artista, ay batay sa pagkakahawig ng tunog kung kaya't dapat ang kategoryang ito ay nakapaloob sa bilang 9, subalit, minarapat na ihiwalay ito sa kadahilanang malaki ang nasabing kategorya.

Baliwag	'baliw'	Morayta	'mura'
Hairora Boulevard	'buhok'	Aiko Melendez	'ayaw'
Aleli Abadilla	'alalay'	Aurora Sevilla	'araw'
Carmi Martin	'karma'	Chanda Romero	'tiyan'
Cynthia Patag	'sino sya?'	Eva Kalaw	'tae, ebak'
Flydel Mercado	'fly, alis'	G Toengi	'utong'
Gelli de Belen	'selos'	Janice de Belen	'inis'
Julanis Morisette	'ulan'	Julie Yap Daza	'huli'
Jun Polistico	'pulis'	Lucrecia Casilag	'loka- loka'
Luz Valdez	'talo, lost'	Maila Gumila	'chimay'
Peque Gallaga	'peke'	Pilita Corrales	'pills'

Onomatopeya

krug / tagag / watag 'suntok, batok'

Paggamit ng mga Metapor

bukas na ang karenderya 'may nakabukakang lalaki sa may
malapit'

Istruktura

Ang istruktura ng barayti ng salitang bakla ng U.P. Babaylan, at marahil ng iba pang uri ng salitang bakla dito sa Pilipinas, ay nakabatay pa rin sa istruktura ng mga wika natin. Marahil, ito ay nakabatay sa wika kung saan sinasalita ang barayti ng salitang bakla. Sa Kamaynilaan, kung saan naka-base ang organisasyon, ang NCR linggwa frangka ang pinagbatayan ng istruktura ng

sosyolek ng U.P. Babaylan. Ipinapataw lamang ang mga fityur ng salitang bakla sa wikang ito. Ang pagkakaiba at pagbabago sa salitang bakla ay hindi sa istruktura kundi sa mga tunog at mga salita lamang.

Halimbawa:

Fly na ever tayetch sa McDo, Tom Jones ernest na si watashi.
'Punta na tayo sa McDo, gutom na ako.'

Kung mapapansin, nagkakaroon ng korespondens ang bawat bahagi ng konstruksyon sa salitang bakla at sa Filipino. Marahil, ang kulay ng salitang bakla ay nasa tunog at paggamit ng mga salita. Ang mabilis na pagbago ng mga salita ay tunay na nakalilito sa mga hindi gumagamit ng partikular na sosyolek na ito. At ang marahang pagbago ng istruktura at ang pagkabatay nito sa ating mga wika ay nakakatulong sa mga gumagamit upang maibsan ang pagbreykdawn ng komunikasyon sa loob ng grupo.

Sa puntong ito ng diskasyon, malinaw na isang matingkad na katangian ng salitang bakla ang "veiling" o pagtatago ng tunay na kahulugan ng salita sa nakakarinig na hindi myembro ng komunidad ng bakla. Kaya naman, masasabing sa paglikha at paggamit ng sosyolek na ito, ipinapakita ang pwersa ng kahulugan at kahulugan ng pwersa.

PANGALAWANG BAHAGI

Salitang Bakla sa Konteksto ng Di-Pantay na Relasyong Sosyal

Keys 1: "Tsugian sa Parlor"

Ang mga kaganapan ay nangyari sa isang parlor, ang Mely's Beauty Box, kung saan ang lahat ng mga manggugupit ay mga bakla. Ang aming informant ay palagiang nag-iistambay dito. Sa parlor na ito, may isang kostomer na kinaiinisan ng mga bakla sa kadahilanang sobra itong mareklamo at maarte. Kung kaya't sa isang pagkakataon hindi natiis ng mga bakla ang "pagtsugi" sa kostomer habang ito'y nagpapaayos.

Paparating pa lamang ang nasabing kostomer, nag-alma na ang isa sa mga kasamahang bakla. "Mga bading paparating ang lola mong chaka. I'm sure mang-ookray na naman yan." At hindi nga nagkamali ang bakla sa sinabing mang-ookray na naman ang kostomer na maarte. Hindi pa man ito inaayusan, nagsimula na itong magreklamo, paismid-ismid at pataas-taas ng kilay, tungkol sa

lugar, sa init, sa dumi ng parlor, sa kakulangan ng bagong magasing babasahin. Bagamat inis na ang mga bakla, nagawa pa rin nilang makipagplastikan sa kostomer. Subalit, habang sila ay nakikipagplastikan sabay rin nilang sinisiraan ang kostomer. Kunyaring kakausapin ang kostomer, halimbawa, "o, misis, saan ang lakad natin? Siguro, magbobolrum na naman tayo mamayang gabi." Habang nakikipag-usap ang bakla sa kostomer sabay rin itong nagkokoment para mailabas ang galit at inis sa kostomer.

- A: "ang chami talaga ng heyrora bulevard nitis, aminin mo, bakla, tegis na a ng mga itis"
- B: "truli, mader at ang filing ni watashi, jenifer monyument, mashosholbodudel na ang chumenelin. At aminin mo, ang krepas ng tander kats lalong chumachaka, slightly, inaagnas"
- C: "at ate, saytsung mis naman daw ang shusana, veykla, chamines"
- A: "truli mader lili, misis, parang pumapayat kayo, nagdadayet na naman ho kayo ano?"
- C: "I'm sure nagsusuro"

Nagpatuloy ang ganitong daloy ng pag-uusap, pakikipagplastikan at pagtsutsugian, hanggang sa natapos ayusan ang kostomer. At sa buong usapan, ni hindi nagsuspetsa ang kotomer na siya --- ang kanyang buhok, mukha, katawan at maging ang kanyang sapatos, ang pinag-uusapan at pinagtatawanan ng mga bakla sa parlor.

Keys 2: "Rampa sa UP Oval"

Sa isa sa mga pagrampa ng mga bakla sa malapit sa kampus, naging matagumpay sila sa paghahanap ng kani-kanilang mga partner, apat na bakla, apat na lalaki. Sa kadahilanang malapit ito sa kampus, napagkasunduan na ang kanilang mga aktibidades ay isasagawa sa loob ng kampus. Ang grandstand ng UP Oval ang napiling lugar, madilim sa lugar na ito at bibihira ang taong pumaparito sa gabi.

Nagkakaligawan pa lamang, nang biglang dumaan ang sasakyan ng pulis. Mukhang napansin ng mga pulis ang kanilang mga anino o silowet kung kaya't minarapat ng pulis na itsek kung ano ang nangyayari sa grandstand ng Oval. Sa kadahilanang malayo-layo ang grandstand sa kalye, nawarningan ng unang nakakita ang kasamang mga bakla at ang kanilang mga partner. "Vaklers ol, pa-ataak ang mga puleley!" At nakapag-ayos-ayos ang mga bakla at ang mga lalaki. Dahil sa alam ng mga bakla na bawal ang kanilang mga aktibidades sa loob ng

kampus at alam nilang maaari silang hulihin ng mga pulis, kinailangan nilang mag-isip ng magandang istrateji para hindi sila pagsuspetsahan ng mga pulis sa kanilang mga ginagawa sa bahaging yoon ng UP. Napagkasunduan na pagbabaklabaklain ang mga lalaki sa pamamagitan ng kanilang galaw at salita, nang sa gayon, akalain ng mga pulis na walang bawal na ginagawa ang grupo at nagkukwentuhan lamang at nagpapalipas ng oras. Nadatnan sila ng mga pulis nang nagchichikahan at nagtatawanan na tila hindi nila napansin ang pagdating ng mga pulis. Maging ang mga lalaki ay nakikipagchikahan din, pumipilantik ang mga daliri at kinukulot ang mga boses. Sa pag-aakalang lahat sila bakla, hindi sila hinuli ng mga pulis, sa halip, pinaalis sila dahil hindi raw "safe" sa nasabing lugar sa gabi.

Keys 3: "Chikahan sa Fonenjens"

Tumawag si Jay kay Rene isang gabi para magreklamo na naman tungkol sa pagtrato sa kanya ng kanyang pamilya. Alam ng kanyang pamilya na siya'y isang bakla, at bagamat hindi siya binubugbog, palagi pa rin siyang pinagsasabihan tungkol sa kanyang mga kilos, sekswalidad, damit, ayos, at mga kaibigan.

Nang tumawag si Jay kay Rene, katatapos pa lamang nilang maghapunan at nasa dayning teybol ang pamilya. Bagamat, malapit ang telepono sa mesa nagawa ni Jay na ikubli ang kanyang mga salita, nang sa gayon, malaya niyang mailabas ang kanyang mga hinaing at mga plano sa kaibigan na si Rene.

Jay: "o, mother, anik na ang awra mis?"

Rene: "keri lang at ikaw, anis ang hana sa buhay?"

Jay: 'eh di, anik pa, award na naman si watashi sa mudra at sa pudra at imbey, mor joyn pa ang mga borpatid sa pag-award. Wit ko na talaga bet ditey sa balaysung at nasasaykolo lang si watash hitrel, mas bet ni watash na fumlay na lang sa jowa ever, tatal keri naman daw niya na doon na tumira si watashi, sey mo dun..."

Rene: "ganders mis! Lalo ka lang ma-aaward sa ginagawa mis, kung si watash yan kerik-keri na muna diyan tatal unya-unyabels masasanay na rin ang mga parental, at vaklers, gagradowa ka na naman, divanetch..."

Jay: "tro"

Sa unang bahagi ng kanilang usapan, pinag-uusapan nina Jay at Rene, ang plano ni Jay na lumayas sa kanilang bahay at tumira na lamang sa kanyang

partner. Nagaganap ang lahat nang ito sa harap ng mga magulang at kapatid ni Jay. Ang pangalawang bahagi ng kanilang "chikahan" ay ang pagkwento naman ni Rene tungkol sa kanyang mga "rampa" kasama ang kaibigang si Ernest sa isa sa mga kalye sa loob ng UP.

Jay: "saan naman daw pala tayetch fumlay kagabi, borwag aketch nang borwag sa iyo, bat no, wa ka raw diyan sa balaychi mis at magkajohn daw kayo ng lola Ernest mo..."

Rene: "eh di saan pa, eh di sa Amorsolo, akchuwal, una umatak ang kagandahan namin sa krug na ligas, eh waz, tagtuyot, epekto ata, vaklers, ng el ninyo kaya fly na lang kami sa Amorsolo"

Jay: "may nagetchos naman kayetch?"

Rene: "truli..."

Jay: "veykla, ichika mo sa watashi, dakis ba ang nowts? I'm sure hinada mo ng over at nagpabona ka pa, anes?"

Rene: "tama ba naman yun, akchuwal, jutay siya, ate, pero vaklers kerikeri ang krepas, as is super B.Y. at wang amoy, super bango, laps nga ni watashi ang jili-jili ever ng man, at eto pa taga-upam ang nagetchos namin, wa etch, taga-Eng'g..."

Jay: "ganun, lowka naman si akels... imbey naman kayetch at wit niyo man lang jinoyng ang watash..."

Sa lahat ng mga pag-uusap na ito, ang planong paglayas at ang sekswal na kwentuhan, hindi man lang ni minsan hininaan ni Jay ang kanyang boses para hindi marinig ng pamilya sa paniniwalang kahit ano man ang sabihin niya, maaari niya itong ikubli sa salitang bakla para hindi ito maintindihan ng mga nakakaranig.

Mga Refleksyon:

Ang unang keys ay nagpapakita na sa paggamit ng wikang bakla, ang mga bakla sa parlor ay nagkaroon ng kapangyarihang ipahayag ang kanilang pagkainis sa isang kostumer na nagpapakita sa pamamagitan ng kanyang pagiging mareklamo at maarte ng mababang pagtingin sa mga bakla. Maaaring sabihin na oo nga't naalipusta ng mga bakla ang kostumer, nguni't sa isang banda, wala namang kaalam-alam ang kostumer, dahil hindi naman niya naiintindihan ang salitang bakla--kaya, walang naman epekto ito sa taong inaalipusta. Sa kabilang banda, masasabi rin na sa damdamin ng mga bakla, sila ay nagwagi, lalo pa't sa pagkakataong ginagamit ang salitang bakla upang alipustahin ang kostumer, sila lamang ang nagkakaintindihan --isang sitwasyon na masasabing nagpalalim sa solidarity o pagkakaisa nila bilang mga bakla. Hindi nila magawang sabihin ng diretso sa mukha ng kostumer ang kanilang pagkainis dahil na rin sa baka hindi na

siya bumalik pa at mawalan sila ng kostumer. Tinawag ni James Scott ang mga ganitong pamamaraan ng resistans na "hidden transcripts."

Ang pangalawang keys ay nagpapakita ng kahusayan ng mga bakla sa paglito ng kaisipan ng pulis sa pamamagitan ng paggamit ng salitang bakla upang hindi sila dakpin. Maaaring sabihin na natural lamang na mapasunod nila ang mga lalaki na magbakla-baklaan upang maprotektahan ang kanilang sarili. Kahit na, sa tingin ng mga bakla, malinaw na ito ay isang pagkakataon na napasunod nila ang mga lalaking gumagamit sa kanila. Ang pinupunto namin dito ay ang naging istrateji ng mga bakla na ibandera ang kanilang identidad sa pamamagitan ng kanilang salita upang ilihis ang kaisipan ng pulis sa kanilang aktibidad. Ang pagsita ng pulis ay nagpapatutuo rin sa pagsiil sa karapatang sekswal ng mga bakla. Gayumpaman, sa pagkakataong yaon naisagawa rin ng mga bakla ang gusto nila.

Sa pangatlong keys makikita ang malayang pag-uusap ng dalawang magkaibigan ukol sa kanilang mga buhay-buhay. Bagamat sa panig ni Jay may mga taong nakakarinig, nagawa niyang ikubli ang buong usapan o mga bahagi nito na sa tingin niya ay hindi dapat malaman ng ibang tao sa kanilang bahay. Sa unang bahagi ng usapan, ang pagka-api at ang pagkahindi masaya ni Jay sa piling ng kanyang pamilyang mababa ang tingin sa mga bakla, ang malayang naireklamo niya kay Rene. Sa puntong ito, masasabi na naging matagumpay at makapangyarihan si Jay dahil naipahayag niya ang kanyang damdamin at saloobin sa kaibigan sa harap ng kanyang pamilyang hindi sumusuporta sa kanyang identidad. Sa pangalawang bahagi ng usapan, masasabing panandaliang naging malaya si Jay sa tulong ng kanyang wikang ginamit na i-ekspres ang sarili sa loob ng usaping sekswal at muli naganap ang usapan sa harap ng kanyang pamilya.

PANGATLONG BAHAGI

Implikasyon sa Pagsulong ng Karapatang Pantao ng Mga Bakla

Maaari ba nating sabihin na ang salitang bakla ay magagamit sa pagsulong ng karapatang pantao ng mga bakla? Maaari ba nating sabihin na mapagpalayang wika ang salitang bakla? Sa papel na ito, naipakita namin na ang salitang bakla ay simbolo ng identidad ng mga bakla. Sa pamamagitan nito, naigigiit ng mga bakla ang kanilang saluobin, hinaing, at pakikipagtunggali sa kulturang nagsasaisang-tabi sa kanila. Sa pamamagitan nito, nagkakaroon sila ng pakiramdam na pagkakaisa--isang komunidad, makapangyarihang damdaming bumubuhay sa kanila sa pang-araw-araw. Nguni't, ang wikang ito rin ay nagsisilbing pwera ng nakararami upang lalong bansagan silang "kaiba", dapat

magbago at sumunod sa mga dominanteng kultura na hindi kumikilala sa karapatan ng mga baklang isabuhay ang kanilang gustong isabuhay, masekswal man o hindi. Kung tutuusin, ang salitang bakla ay may dalawang mukha: isa ang instrumento upang makipagtunggali sa lipunang nang-aapi, nguni't dahil ito rin ang nagpapatingkad sa kanilang pagkakaiba, hindi malayong ito rin ang dahilan ng patuloy na pagtingin ng lipunan na sila ay lihis sa "normal" na kalakaran ng buhay.

Mga Referens:

- Altman, Dennis. 1996. "Rupture or Continuity? The Internationalization of Gay Identities." *Social Text*, 48: 77 – 94.
- Garcia, J. Neil C. 1996. *Philippine Gay Culture: The Last Thirty Years*. Diliman: University of the Philippines Press.
- _____ and Danton Remoto (eds.). 1994. *Ladlad: An Anthology of Philippine Gay Writing*. Pasig: Anvil Publishing Inc.
- _____ (eds.). 1996. *Ladlad 2: An Anthology of Philippine Gay Writing*. Pasig: Anvil Publishing Inc.
- Johnson, Mark. 1997. *Beauty and Power*. New York: Berg.
- Manalansan, Martin. 1995. "Speaking of AIDS: Language and the Filipino 'Gay' Experience in America". *Discrepant Histories: Translocal Essays on Filipino Cultures*, Vicente L. Rafael, editor. Pasig: Anvil Publishing Inc.
- Perez, Tony. 1992. *Cubao 1980 at Iba Pang mga Katha*. Mandaluyong: Cacho Publishing House
- Scott, James. 1990. *Domination and the Arts of Resistance*. New Haven: Yale University Press.
- Tan, Michael L. 1996. "Pan de coco". *Ladlad 2: An Anthology of Philippine Gay Writing*, J. Neil Garcia and Danton Remoto, editors. Pasig: Anvil Publishing Inc.

THE ROLE OF FILIPINO, SEBUANO AND THE MINDANAO LANGUAGES IN THE LIBERATION AND UNIFICATION OF MINDANAO

Luvizminda Cagas-dela Cruz

(Paper read at the Eighth Philippine Linguistics Congress, December 15-17, 1997, ISMED Auditorium, U.P. Diliman, Quezon City)

The chair of the Linguistics Department asked me in a letter sometime in September to speak on either of two topics: "Ang Papel ng Filipino at Sebuano sa Mindanao," and "Ang Papel ng Maynoria na mga Wika sa Mindanao." A few days later, he informed me through a long distance call that I was to talk on "Ang Papel ng Filipino at ng mga Wikang Mindanao." Prior to this letter and long distance, however, Dr. Constantino mentioned that the department would be holding this Congress and that I might be asked to write a paper on "The Role of Filipino and Sebuano in the Unification and Liberation of Mindanao." As there were four languages mentioned in the suggested topics, I decided to include all four in a recast title, to read: "The Role of Filipino, Sebuano and the Mindanao Languages in the Liberation and Unification of Mindanao."

In this paper, Filipino, Sebuano and the Mindanao languages are used to refer to the following:

- (1) Filipino, to the Tagalog-based Filipino heard in Metro Manila areas and to the variety of the language which is peculiar to Mindanao speakers;
- (2) Sebuano, to the dominant language in Mindanao which is a dialect of Cebu Sebuano;
- (3) Mindanao languages, the collective term for the languages of the Muslims and the lumads, regardless of their genetic membership.

The subject of this paper may be outlined thus:

- (1) Mindanao's liberation and unification in the context of its past and the present realities;
- (2) Liberation and the images that Christians, Muslims and Lumads have of one another;
- (3) Filipino, Sebuano, and the Mindanao languages and their role in Mindanao

Contextualizing Mindanao's liberation and unification

One often thinks of liberation in terms of socio-economic, political, cultural and historical mass movements as in the liberation of the blacks of Africa from slavery and white rule or the liberation from unjust socio-politico-economic structures and systems

which dehumanize persons and hinder their full development as is espoused by the liberation theology of Latin America.

Liberation collocates with the word freedom which includes both the freedom from anything that diminishes the human dignity and the freedom to pursue that which will develop and enhance that dignity. The "Instruction on Christian Freedom and Liberation" (1986), states that "Freedom demands conditions of an economic, social, political and cultural kind to make possible its full exercise." Furthermore, that in its basic form, "it is inner freedom in the form of freedom of thought and decision." The desiderata for its full exercise then makes liberation an arduous and continual struggle. That struggle, to my mind, starts with the individual. It begins with every Mindanaoan who wants to see Mindanao united within itself and with the rest of the Filipino nation.

Liberation starts with self-liberation and only a liberated person can grant to another what he has given to himself - the freedom of self-determination and self-respect. Thus, liberation from anything dehumanizing - whether social or institutional - involves the recognition of this shared humanity and what dehumanizes it. Thus also, liberation does not end with the self. It is a collaborative effort.

How will Mindanaoans begin this struggle? I believe a good starting point is an awareness and an understanding of the circumstances that have brought about this unliberating situation.

To understand the need for Mindanao's liberation and unification, one has to look at its past and the present realities which it faces. Allow me to dwell on this for sometime and please bear with my recounting of what may already be known to all.

Two features of Spanish and American colonization can be said to be the roots of the conflicts that now besiege Mindanao.

(1) The Spanish colonizers used divide and rule tactics to pursue their colonial interests and made Christianized natives fight against Muslims in the guise of defending Christianity. Thousands of natives from Luzon and the Visayas participated in Spanish expeditions to Mindanao and Sulu (Silva, 1979). The Spaniards, however, failed in eradicating Islam from the islands but they succeeded in engendering fear and hatred for the Muslims who responded with hatred, contempt and suspicion for the Christianized natives (Majul, 1973).

(2) The American colonizers perpetuated the Spanish divide and rule tactics and coupled these with a policy of attraction. When these failed, resistance to the American sovereignty in Mindanao, even then labeled "the Mindanao Problem," was effectively neutralized by settling Mindanao with outsiders. The colonial government-sponsored settlement of Mindanao started in 1912 with the establishment of the first agricultural colony in Cotabato Valley. The American-sponsored Commonwealth government continued the settlement of Mindanao ostensibly to decongest overpopulated areas in Luzon and the Visayas and to exploit the island's natural resources for national development.

However, this scheme gave opportunity not to the small settlers but to big corporations, including foreign ones and members of the politico-economic elite - both Christians and Muslims - to appropriate for themselves thousands of hectares of choice land and to exploit Mindanao's vast natural resources for their benefit (Silva, 1979).

Subsequent acts of the national government on land use and occupation tended to discriminate against the Muslims and the lumads and to favor the more technologically and educationally advanced Christian settlers. These widened the divisions among the Christians, Muslims and lumads and fed the fires of hatred and resentment.

Today, Mindanao is home to at least 40 major ethnolinguistic groups, 13 of which are Moros; 19 lumads and eight are migrant settlers. The population of Mindanao was placed at 14.297 million in 1990 (Mindanao Bids 2010, 1993).

Today, for Mindanaoans, the business of living continues against the background of skirmishes between the government troops and those of the MILF (the MNLF has lain low since the peace accord) and the Abbu Sayyaf, headline-hogging kidnappings, occasional ridos and pangayaws, threats of war by Misuari and the MNLF and recently, speculations that Mindanao's volatile situation might be used to abort the 1998 presidential elections.

Given Mindanao's history and present volatile situation, can Mindanaoans hope to be liberated and unified? What role can the languages mentioned play?

II. Liberation and the images that Christians, Muslims and lumads have of one another

The vestiges of past hatred and fear are still very much in evidence today. They are as much manifested in deed as in thought which find their way in language. For instance, for Christians, especially those living along the coastal areas, it is not an uncommon childhood experience to have been silenced by the threat of Ihatag ta ka sa Moros ug muhilak ka pa, 'I'll give you over to the Moro if you still cry.' or Saba, kay na'ay Moros, 'Hush, there's a Moro around!' Or forced to stay within the confines of one's home or yard because if you wander around, Kidnapon ka sa Moros, 'The Moro will kidnap you.' In one's adult life, it is not unusual to be warned against cultivating very friendly relations with Muslims because mga traydor na sila, 'they are traitors.' The most untrustworthy of characters is described as Muklo ug kinaiya, muklo being more derogatory than Moros. Lumads fare no better who are described as tapulan, 'lazy', hugawan, 'dirty', and dili sibilisado, 'uncivilized' by many Christians. I am sure that these Sebuano expressions have their equivalents in other languages spoken by Christians.

On the other hand, Muslims cannot be said to have only good words for Christians who in Sama and Tausug are said to be kapil or kapir, infidels or non-believers who are considered to belong to the lowest of classes. As kafil in Maranao, a Christian is sarwang 'a tao, also infidel', against whom such acts as thievery is not a crime, because the Christian is not of the faith. To be called bisaya is not to be identified as belonging to an

ethnolinguistic group but to the lowest class, the slave, the Christian. In Tausug, to be addressed, Do or Day is equivalent to having a white American call a Negro, "Boy."

The lumads such as the Manobo-Agusan say of Christians that they are mang-aagew tu pasok, 'landgrabbers.' As do the Tiduray/Tiruray who say Christians are mafas fantad who grab not just their lands but their ornaments.

It is words like these repeated thoughtlessly and carelessly which perpetuate the unsavory images that we have of the Muslim, the lumad and the Christian. It is these images that keep Christians, Muslims and lumads from knowing the real persons behind the fearful images. In "Dehumanizing People and Euphemizing War" (1994), Haig Bosmajian speaks of "the power to subjugate that comes from the power to define others..." and how metaphoric language affects "people's conceptual systems and thought processes, influencing how they perceive others, and determine their views and behavior."

On the subject of images, Schegel in "Muslim-Christian Conflict in the Philippine South" (1984), says that the Moro image as a "cruel, cunning, treacherous savage, a pirate, a raider and a slaver ... persists to this day among many if not all Christians, perpetuated from generation to generation by word of mouth, by pejorative accounts in school history books and by popular dramas." Warriner (1986), writing on the consequences of confusing the image and the real people says that, "... to the extent that individual Filipinos hold this image they will be unable to carry on satisfactory relationships with the particular Moros whom they meet and with whom they interact ... and such images always tend to generate in the person to whom they are applied the characteristics defined by the image." It is this image which according to Gowing (1969-69, cited by Schlegel, 1983-84) "is the single most serious obstacle to Moro-Christian harmony in the Philippines." Macaraya (1983-84) proposes that "To improve Muslim-Christian relationship, it is more reasonable that there should be elimination of the negative image of Christians held of them by the Muslims as well as vice-versa. In the same category is the elimination of negative and derogatory terms, names and descriptions of and about each other."

Will Mindanaoans face up to the challenge of freeing themselves from hatred, fear and resentment? Will Christians, Muslims and lumads be willing to remake the images that they have of themselves and that they have of the other? The questions, I believe, are not easy to answer.

III. The role of Filipino, Sebuano and the Mindanao languages

The hatred, fear and resentment notwithstanding, Christians, Muslims and lumads are brought together by the necessities of daily life. In some areas in Mindanao, they live in mixed communities; not in perfect harmony, to be sure, but in an atmosphere of uneasy peace. In the transactions that ensue among them, a pattern of language use is observed to occur. For instance, a Muslim, whether Maranao, Maguindanao or Tausug, typically uses Tagalog, even when his interlocutor is Sebuano-speaking. A Christian Tagalog on the other hand, typically uses Tagalog, even when he understands Sebuano or speak the language a

little, having lived in Mindanao for a long time. For his part, a Christian Sebuano typically accommodates a Tagalog-speaker in his "fractured Tagalog." The lumad typically struggles with Tagalog although he is usually proficient in Sebuano which is the lingua franca among the indigenous communities.

Though the language of widest communication is Sebuano, for many Sebuano-speakers, there is prestige in being able to speak Tagalog which is the lingua franca of the migrant settlers from Luzon, e.g. Ilokanos, Pampanguenos, Batanguenos and Bikolanos.. The Ilonggos also use more Tagalog than Sebuano. The mother tongue of the different ethnolinguistic groups remains the language of the home except among a growing number of young lumads who are heard to prefer Sebuano over their tribal language.

This contact between Sebuano and Tagalog which is used by more non-native speakers than native speakers (the Muslim groups and the non-Tagalog settlers from Luzon) has led to what Sapir (1921) calls "linguistic interinfluencing." The result is not just changes in the mother tongues of the different ethnolinguistic groups but the emergence of a variety which has incorporated features from the different languages in contact. I have identified this variety as Filipino but it is distinguishable from the Metro Manila variety as the preliminary description (see Appendix) will show. Although at the moment, this variety is heard only in such places as the Cotabato areas, Gen. Santos City and Davao City mostly among the below 30 - age group, there is reason to believe that in time it will have many more speakers and thus become a lingua franca for Mindanaoans.

The perceived advantages of this variety over either Sebuano or Tagalog are the following:

(1) It will not be identified with any ethnolinguistic group, though at the moment, it is still Tagalog-based. When it shall have become sufficiently developed, it will have incorporated features not only from Sebuano and Tagalog, but also from the Mindanao languages. Thus, the feeling of being disloyal to one's mother tongue because one spoke the language of the enemy or an inferior will be lessened.

(2) As much of learning is mediated by language, this variety is also seen to facilitate the eradication of long-held prejudices and misconceptions. Thus, inter-ethnic and inter-class divisions will also be considerably lessened making for a freer and more unified people.

(3) It will serve as a language of unity with the Filipino nation as a whole. The national government, on the other hand, when articulating its policies, programs of actions and projects in Filipino will be more understandable and less distant.

It is naive, of course, to believe that language alone, Filipino, or whatever name will be given this emerging language, can liberate and unify Mindanaoans. The conditions that guarantee liberation and unification are too complex to satisfy and the processes too involved for any one single force to bring about Mindanao's deliverance. But it is folly to underestimate the power that is in language. For language is said to be the soul of culture

**Mga Kalakaran sa Pagpaplanong Pangwika
sa Edukasyon: Karanasan ng Singapore at Hong Kong**

Lydia B. Liwanag Ph. D.
Pamantasang Normal ng Pilipinas

*(Papel na binasa sa ika-8ng Kongreso ng Linggwistiks sa
Pilipinas, Disyembre 15-17, 1997; sa Oditoryum ng ISMED, U.P.
Diliman, Quezon City)*

Introduksyon

Sa pananakop ng mga dayuhang bansa sa Asya noong ika-5, ika-16 hanggang ika-19 na siglo, hindi lamang ekonomik, pulitikal at militar na imperyalismo ang nanaig kundi napagtuunan din ng pansin ang mga proseso ng pagbabagong pangwika dala ng pagtutunggalian ng kolonyal at katutubong wika at kultura. Sa ibang bansa, napalitan ang mga katutubong wika ng wika ng mga sumakop na bansa. Sa ibang sosyedad may mga wikang ginamit at lumaganap bagamat hindi ito mga katutubo at kinagisnang wika ng mga tao. Sa pagpasok ng mga dayuhang may kapangyarihan sa mga bansa sa Silangang Asya sumibol ang mga bagong wika ng kapangyarihan. Sa mga bansang sinakop ay nagkaroon ng impluwensya ang mga wikang Ingles, Kastila, Dutch, Intsik, na nagpahina sa pag-unlad ng mga katutubong wika na may pinagdaanan nang mahabang panahon ng tradisyon sa pagpapatakbo ng gobyerno, kalakalan at paglinang ng sariling kultura.

Sa mga sosyedad na naging kolonyal tulad ng Singapore at Hong Kong, nawmayani ang sistema ng edukasyon ng sumakop na bansa. Naging layunin ng edukasyon ang pagsasanay sa mga katutubo upang makuha ang kanilang suporta at kooperasyon sa pagtanggap ng bagong sistema ng pangangalakal at pagpapatakbo ng gobyerno. Ginamit ang kolonyal na wika upang mapalaganap ang sistema ng edukasyon. Kadalasan, ang sistemang ito ay nagsilang ng mga taong elit mula sa katutubo. Ang pagkakaroon ng katatasan at literasi sa kolonyal na wika ay naging palatandaan ng pagkakaroon ng klas at pagtaas ng kanilang (elit) kalagayang ekonomik.

Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang mga bansang dumaan sa kamay ng mga mananakop ay nagsimulang magsagawa ng mga hakbang tungo sa pagsasarili. Kaugnay nito, naging sentro ng pagtatalo ang isyu sa wika sa ilalim ng mga pangangailangan ng bansa na nauukol sa nasyonal, etnik at rehiyonal na identidad, sa pag-unlad na pang-ekonomiko at sosyo-pulitikal na pagbabago. Mga bagong elit ang namuno at sa mga bansa na naghangad ng mapalawak ang relasyong ekonomik sa iba pang bansa, naging daan ito upang magkaroon ng bagong perspektibo sa larangan ng pagpaplanong pangwika. Ang mga relasyong pang-ekonomik at ang pangangailangan na magkaroon ng kaalaman sa siyensya at teknolohiya ng ibang bansa ang siyang naging daan sa mga pagbabago sa palisi sa wika sa mga bansang ito. Sa mga nakalipas na taon sa pamumuno ng kani-kanilang

gobyerno, ang mga bansa sa rehiyon (timog Silangang Asya) ay naglunsad ng pormal na mga hakbang sa pagpaplanong pangwika. Sa ganitong kumplikadong sitwasyon, ang aspektong teknikal sa pagpaplanong pangwika ay napasangkot sa mga isyu at problemang pulitikal at sosyal.

Bilang bahagi ng mga pagpaplanong ginagawa ng mga bansa na nauukol sa pangkabuhayan at panlipunang pag-unlad, napag-uukulan na ngayon ng pansin ng mga namumuno sa gobyerno ang pagpaplanong pangwika at ang kahalagahan nito sa pagkakaroon ng pagkakaisa at pagkakasundo ng mga tao sa bansa. Ayon kay Alisjahbana (1961:1ff.) ang pagpaplanong pangwika ay isang sinadyang paggabay sa debelopment o pang-unlad ng wika sa konteksto ng pagbabagong panlipunan, pangkultura at panteknolohiya. Sa kasalukuyan, ang interes sa pagpaplanong pangwika ay nakasentro sa edukasyon, kaugnay ng mga pagpaplanong pang-ekonomik ng bansa.

Dala ng pananakop ng mga dayuhang bansa na nag-iwan ng kanilang wika bilang pamana sa mga sinakop na bansa, ang pagbabago na nangyari sa pagbuo ng palisi sa wika sa edukasyon sa Singapore at Hong Kong ay nakaugnay sa kanilang kasaysayang pulitikal at ekonomik. Gayundin, masasabing ang katangian ng mga tao sa bansa (demograpi) at ang kinalalagyan ng bansa (heyograpi) ay may impluwensya rin sa pagbubuo ng mga palising pangwika sa edukasyon.

Ang pagkakaiba ng kultura at wika ng mga naninirahan sa Singapore ang naging dahilan ng pagkakaroon ng apat na pangkat ng wika ng mga tao. Samantalang ang kalagayan naman ng Hong Kong na kailangang mabuhay nang matatag sa pagiging kolonya nito ay nagnanais na mapaunlad ang kinagisnang-wika na Cantonese at mapanatili ang Ingles bilang wika ng ekonomiya.

Mga Naging Debelopment sa Palising Pangwika sa Edukasyon

A. Karanasan ng Hong Kong

1. Ang Dalawang Sistemang Kalagayan (Two-Stream System)

Mula pa sa simula, may mga salik o factors na nakaimpluwensya sa mga palisi sa wika sa edukasyon ng Hong Kong. Bilang bahagi ng Opium War Treaty settlement noong 1842, ibinigay ng China ang Hong Kong sa Britain. Sa pagiging kolonya nito, nagkaroon ng epekto ang pamamahala ng mga British sa mga palisi tungkol sa edukasyon ng Hong Kong. Bagamat hindi naging gawi o kalakaran ng gobyernong British na alisin ang mga katutubong wika o kultura ng mga nasasakupan, may pangangailangan na gamitin ang wikang Ingles sa edukasyon upang magkaroon ng sapat na tauhan na gaganap bilawng tagapamagitan sa mga tao sa Hong Kong at sa gobyernong British. Karagdagan dito, sa pananakop ng British ay kasama ang mga oportunidad na pang-ekonomiya at mga impraistraktura na bahagi ng pag-unlad sa komersyo na nangangailangan ng Ingles bilang wika ng pagkikipagkalakalan. Ang pagtatatag ng mga paaralan na

pinamamahalaan ng mga misyonaryo ay nagbigay-daan din sa edukasyon sa Ingles.

Ang Hong Kong ay binubuo ng mga Chinese (98% So 1987:2) na mula sa Canton province. May isang wika na ginagamit ang karamihan ng mga tao sa Hong Kong at ito ay Cantonese. Ang pagiging malapit nito sa China at pagkakahiwalay sa impluwensya ng mga kalapit na bansa sa bahaging politikal at kultural ay mga dahilan sa pagkakaroon ng dalawang stream na sistema ng edukasyon na nagsimula sa pansekondaryang edukasyon. Ito ay ang English medium secondary schools (Anglo-Chinese Secondary Schools) na ang midyum ng pagtuturo ay Ingles maliban sa subjek na wikang Intsik, at ang Chinese medium secondary schools (Chinese Middle Schools) na Intsik ang midyum ng pagtuturo maliban sa subjek na Ingles. Sa primaryang edukasyon ang midyum ng pagtuturo ay Intsik at ang Ingles ay itinuturo bilang pangalawa o dayuhang wika.

2. Ang Pagtaas ng Posisyon at Pangangailangan sa Ingles

Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nagsimula ang Hong Kong sa rekonstruksiyon nito. Nagpatuloy ang dalawang sistema ng edukasyon. Dala ng naganap na rebolusyon sa China noong 1949, humina ang ugnayan sa pagitan ng Hong Kong at Mainland China. Nakita ito sa development ng kurikulum ng Intsik. Ang mga paaralang Anglo-Chinese na may suporta ng kolonyal na gobyerno at ang oryentasyon ay nakatuon sa pagsasanay ng mga mag-aaral para sa pangangailangan ng kolonyal na administrasyon ay siya ngayong tinatangkilik ng mga lokal na elit na nag-aaral sa mga paaralang ito. Dala nito ang enrolment sa mga Chinese Middle School ay bumaba mula sa 60% noong 1950 at naging 10% noong 1985 (So 1987:8). Ang sitwasyong ito ay lalo pang lumala sa pagtatakda ng siyam na taon na libre at sapilitang pang-aaral noong 1978 (So 1987:9). Ang dating sistema na may dalawang stream ay nagkaroon ng pagbabago tungo sa isang sistema na may 90% ng mga mag-aaral ang lumilipat mula sa kurikulum ng Intsik patungo sa mga paaralang sekondarya na Ingles awng midyum ng pagtuturo. Ang penomena na ito ay sinasabing dala ng pwersa ng mga magulang (Educational Commission Report 1994:19). Bagamat kinikilala ng mga magulang na mas mabisa ang edukasyon sa kinagishang wika (mother tongue), nakikita naman nila na ang daan tungo sa lalo pang mataas na edukasyon at pagkakaroon ng karera sa negosyo at gobyerno ay nakasalalay sa pagkakaroon ng kasanayan sa Ingles.

3. Ang Pagbuhay sa Edukasyon sa Kinagishang-Wika (Mother Tongue)

Samantalang bumababa ang enrolment sa mga Chinese Middle Schools, ang gobyerno naman ay nagtalaga ng mga patakarán para maitaas ang status ng Intsik. Noong 1974, ang Intsik ay ginawang opisyal na wika kasama ng Ingles sa Official Language ordinance (So 1987:3). Sa mga sumunod na taon, tumaas ang status ng Intsik sa mga domain na tulad ng pasulat na komunikasyon sa pagitan ng gobyerno

at mamamayan, mga talakayan sa mahistrado at maging sa lehislatibo at munisipal na konseho (So:3-4). Naging mainit na isyu ang pagbabalik sa edukasyon sa kinagisnang-wika bago pa sa paglagda ng 1984 Sino-British Joint Declaration. Isang pangkat ng mga bumisitang konsultant ang inatasang pag-aralan ito at batay sa kanilang report noong 1982, itinatag ang Education Commission noong ika-2 ng Abril, 1984 para tayain ang sitwasyon. Noong Oktubre, 1984 at Agosto 1986, inirekomenda ng komisyong na ang bawat paaralan ay dapat na hikayatin na gamitin ang kinagisnang wika bilang midyum ng pagtuturo, at kung isasagawa nila ito, bibigyan ang mga paaralang ito ng espesyal na suporta para masiguro na hindi bababa nang biglaan ang istandard ng Ingles sa mga paaralang ito (Education Commission 1984:42-3; Education Commission 1986:30). Sa pagtingin sa katotohanan na ang kapalaran ng Hong Kong ay nakasalig sa pagbabalik sa pamumuno ng China, ang mga rekomendasyong ito ay hindi masasabing kataka-taka. Gayunpaman, ang pangunahing konsern ng mga edukador ng Hong Kong ay kung anong wika ang gagamitin sa edukasyon. Ito ba ay nangangahulugan na edukasyon sa Cantonese o Mandarin? Sa tiyak na pakahulugan, ang kinagisnang-wika ng mga taga-Hong Kong ay Cantonese na naiiba sa Mandarin sa bigkas bagamat ang pasulat na porma na itinuro sa mga paaralan ay Modern Standard Chinese na batay sa Mandarin. Ang dilemang ito na tinawag na triglossic ni T'sou (1994) ay siya ngayong kinakaharap ng mga namumuno sa edukasyon. Sa kabila ng ganitong magkakaibang paningin, ang huling sampung taon ay kakikitaan ng pagtaas ng status ng Intsik at ang papel na ginagampanan ng Ingles sa kolonya ay dagling nagkaroon ng bagong kahulugan.

B. Karanasan ng Singapore

1. Ang Apat na Sistema ng Edukasyon

Sa pagkakalagay naman ng Singapore sa pamamahala ng British kasama ng iba pang lugar sa Straits Settlement na binubuo ng Malaysia at Borneo (Sabah at Sarawak) nagkaroon ng pagpapangkat-pangkat ng mga mamamayan. Tinawag ito ni Omar (1982:27) na paraan ng kolonyal na gobyerno na "hatiin at sakupin" (divide and rule). Nagkaroon ng apat na sistema ng edukasyon na gumagamit ng apat na midyum ng pagtuturo. Ang mga ito ay ang mga eskwelahang Malay, Intsik, Tamil, at Ingles. Sa pagkakaroon ng iba't ibang sistema na may iba't ibang midyum, nagkaroon ng mas malaking bentahe ang mga pangkat ng Intsik kaysa sa mga Malay at Tamil. Sila ang mga nag-aaral sa mga paaralang Ingles para sa layuning ekonomiko at sa dahilang ito ay nakaangat sa ibang pangkat sa kabuhayan at sa lipunan. Nagkaroon ng lalong pangangailangan sa Ingles dahil sa ito ang ginamit na wika ng mga namumuno sa gobyerno na binubuo ng mga dayuhang Ingles. Kinakailangan ang mga tao na may sapat na kaalaman sa Ingles na magsisilbing tagapamagitan sa gobyernong British at sa mga lokal na mamamayan. Sa panig ng mga pangkat Malay, hindi sila nabigyan ng pagkakataon na mabigyan ng edukasyong Ingles sa mga dahilang: una, ang palisi ng mga British na protektahan ang relihiyong Islam; pangalawa, ang pagkakaroon ng

palising paghahati at pananakop; pangatlo, ang mataas na gastos sa pagtatayo ng mga bagong eskwelahan; pang-apat, ang lokasyon ng mga eskwelahang Ingles na nasa mga siyudad at hindi maabot ng mga Malay; at panglima, ang palisi ng mga kolonisador para sa mga Intsik na pigilin ang paglaganap ng mga eskwelahang Intsik kaugnay ng pulitikal na debelopment sa Mainland China.

2. Programang Bilinggwal

Nang magtamo ng pagsasarili ang Singapore noong 1959, may mga hakbang na ginawa ang gobyerno para sa implementasyon ng programang bilinggwal. Sa palising ito isinasaad ang paggamit ng Ingles at ng mga katutubong wika bilang wika sa pagtuturo mula primarya hanggang eskondarya ayon sa pagpapangkat-pangkat ng mga paaralan. Sa antas tersyarya, Ingles ang pangunahing wika sa pagtuturo maliban sa ilang kurso sa wika at literatura na itinuturo sa mga wikang katutubo ng mag-aaral. Noong 1969, nagkaroon ng implementasyon ang patakarang bilinggwal. Ang bawat mag-aaral sa primarya ay kailangang matuto ng isa pang wikang opisyal na ginagamit na panturo sa mga subjek. Naging patakarang ng gobyerno na gamitin ang Ingles bilang pangalawang wika kasama ng iba pang wika sa pagtuturo. Sa mga paaralan na Ingles ang wikang panturo magiging pangalawang wika naman ng mga mag-aaral ang isa sa tatlo pang wika (Intsik, Malay, Tamil) na katutubong wika ng mga mag-aaral.

Sa katapusan ng 1970, naging kapuna-puna ang hindi pagtatagumpay ng patakarang bilinggwal kaya noong 1978 ang Goh Report (Goh et al 1979) ay nagmungkahi ng pagbabago sa sistema ng edukasyon. Bagong paraan ng pagpapangkat-pangkat ng mga mag-aaral ang ginawa. Ito ay nalalayong maibsan ang paghihirap ng mga mag-aaral sa pagkakatatuto ng wika. Sa mga mag-aaral na mahihina o below average, ginawa na lamang na maging matatas sila sa isang wika: Ingles para sa mga Malay at Indian at Intsik para sa mga Intsik (Ministry of Education 1979). Para naman sa mga mag-aaral na may katamtamang abilidad, inaasahan na maging lubos silang matatas sa isang wika at may kakayahan namang gumamit ng isa pang wika. Sa mga magagaling na mag-aaral, may karapatan silang pumili ng paaralang papasukan sa pamamagitan ng Special Assistance Plan (SAP) na magsasanay sa kanila upang maging matatas sa Ingles at sa kanilang katutubong wika. Iba't ibang mga hakbang o panukala ang isinagawa ukol dito tulad ng pagpapangkat-pangkat ng mga subjek ayon sa midyum ng pagtuturo at pagtuturo ng mga teknikal na subjek sa Ingles sa layunin na maging balanse ang oras sa pag-aaral ng Ingles at ng katutubong wika (Goh et al 1979:22).

3. Palisi na Ingles Bilang Nasyonal na Sistema (English as a National Stream)

Noong 1983 ang gobyerno ng Singapore ay muling nagbigay-pansin sa programa ng edukasyong bilinggwal na ayon sa Kanila ay hindi kakikitaan ng pag-unlad sa parte ng mga mag-aaral. Noong ika-22 ng Disyembre 1983, ang Ministri ng Edukasyon ay nagpalabas ng pahayag

na ang lahat ng estudyante ay dapat matuto ng Ingles sa lebel ng unang wika at ang kanilang katutubong wika ay pangalawa lamang ang kahalagahan ayon sa antas ng pagkatuto (The Straits Times, 22 December 1983). Ang mga mag-aaral na may katamtamang abilidad ay inaasahan nang magkaroon ng lubos na katatasan sa wikang Ingles at kaalaman sa kanyang katutubong wika. Ang dahilan nito ay ang pagbaba ng bilang ng mga mag-aaral na nagpapatala sa mga paaralan na ang midyum ng pagtuturo ay ang katutubong wika (Intsik, Malay, Tamil). Dito nagsimula ang palisi na Ingles bilang nasyonal na sistema na ipinatupad noong 1987. Sa patakarang ito, Ingles ang siyang naging pangunahing wikang panturo sa mga paaralan mula sa elementarya hanggang sa unibersidad. Makikita na ilang pagbabago sa mga palisi sa wika sa edukasyon ang naganap sa Singapore sa nakalipas na panahon. Ang resulta nito ay ang pagtaas ng status ng Ingles na halos tumaklob na sa katutubong wika. Nangyari ito na hindi itinakda o plinano at nasa likuran ng "hindi nakikitang plano" (invisible language planning) (Pakir 1994: 165) na ito ang magulang, mga mag-aaral at mga propesyunal.

Hinaharap ng Patakarang Pangwika sa Edukasyon sa Singapore at Hong Kong

Bagamat ang Singapore at Hong Kong ay nagsimula sa magkaparehong kalagayan bilang kolonya ng British at gumamit ng wikang Ingles sa edukasyon, ang kanilang kasalukuyang sitwasyon sa wika sa edukasyon ay naging magkaiba (Tingnan sa Talahanayan I at II sa Apendiks ang pagkakatulad at pagkakaiba ng dalawa sa mga karanasan sa pagpaplanong pangwika sa edukasyon). Sa Singapore, makikita ang pag-unlad at pagsulong ng Ingles samantalang sa Hong Kong, ang wikang Intsik (Cantonese) ay nagkakaroon ng kahalagahan. Ang mga pwersa na nasa kabila ng mga pagbabagong ito ay kumplikado at palaging may pag-uugnayang pulitikal, demograpik at ekonomik. Anu-ano ang mga inaakalang pagbabago sa mga darating na 50 taon? Sa Singapore, ang Ingles ay patuloy na mananatili sa pagtupad ng mahalagang tungkulin nito at inaasahan na magkakaroon ng proseso ng kodipikasyon tungo sa isang barayti ng Ingles sa Singapore. Isang malawakang sarbey ang maaaring isagawa upang makita kung anong corpus ng Ingles ang aktwal na ginagamit ng mga taga-Singapore (Lam 1988). Ang corpus na ito ay magiging batayan ng isang detalyadong kodipikasyon na matatawag na Singapore English. Isa pa ring salik na maaaring pagbatayan ng pagbabago sa wika ay ang komposisyon ng mga tao. Sa isang pag-aaral na isinagawa ng Department of English Language and Literature ng National University of Singapore (Kwan - Terry et al 1988) nakita na samantalang ang mga pangkat Intsik at Indian ay gumagamit ng Ingles sa kanilang mga komunidad, ang pangkat ng mga Malay ay patuloy na gumagamit ng kanilang sariling wika. Patuloy rin na dumarami ang populasyon ng mga Malay sa Singapore. Kung magpapatuloy ang ganitong kalakaran, ang komposisyong demograpik ng bansa ay magbabago at kasabay nito, ang kalagayang linggwistika ay gayundin kahit na sa katunayan ang mga kabataang Malay sa Singapore ay bukas sa paggamit ng Ingles na di

katulad ng kanilang mga magulang. Kaugnay rin nito may nabubuong konsern sa parte ng gobyerno at mga magulang sa pagkakaroon ng deteryorasyon sa kultura at pagpapahalagang Intsik dala ng pagbibigay halaga sa pag-aaral ng Ingles. Sa ngayon, ang pag-unlad ng Mandarin ay sinusupportahan ng gobyerno sa pamamagitan ng programa nitong "Speak Mandarin Campaign". Nilalayon nito na mapaunlad ang kultura at pagpapahalaga ng mga kabataang Intsik sa Singapore at maiwasan ang pagsasalita ng iba pang dayalekto ng Intsik na pagmumulan ng pakakahiwa-hiwalay ng mga komunidad ng Intsik.

Sa Hong Kong, ang pagdagsa ng mga taong namumuno at mangangalakal mula sa China ay nagpapabago rin sa komposisyong demograpiko nito. Pagkatapos ng limampung taong interim na gobyerno na ipinagako sa Sino British Joint Declaration (1984), ang Hong Kong ay maaring magkaroon ng mas malaking komunidad ng mga taong nagsasalita ng Putonghua, (Mandarin) mula sa China at ang status ng Cantonese ay magpapatuloy sa pagbaba kasabay ng Ingles. Mula sa pananaw o perspektibo ng pamamahala ng Beijing, magiging mabuti kung ang mga tao sa Hong Kong ay matututong magsalita ng Putonghua habang hindi nawawala ang kasanayan sa Ingles at patuloy na nililinig ang kakayahan sa pagsasalin at pag-iinterpretar. Kaya maaasahan na magkakaroon ng malakas na direktiba mula sa gobyernong China tungo sa pagpapalit mula Cantonese patungo sa Putonghua (Mandarin). Noong ika-26 ng Setyembre, 1997, ipinalabas ng Departamento ng Edukasyong ng Hong Kong ang direktiba tungkol sa pag-aalis ng Ingles bilang midyum ng pagtuturo sa mga sekondaryang paaralan (Daily Inquirer, Sept. 27, 1997). Simula sa pasukan ng 1998, lahat ng paaralan ay gagamit ng Cantonese Chinese sa pagtuturo maliban sa mga paaralan na may opisyal na pahintulot na magturo ng Ingles. Ayon kay Helen Yu, direktor ng edukasyon, "ang mga paaralan na hindi gumagamit ng itinakdang midyum ng pagtuturo ay tatanggap ng kaukulang parusa o sanction". Ibinatay ang ganitong direktiba sa pananaliksik na ginawa ng Departamento ng Edukasyon, na pinatunayan na ang pagtuturo sa mga kabataang Intsik ay higit na epektibo sa Cantonese kaysa Ingles. Nagtatag din ng isang ahensya ng wika ang gobyerno upang palawakin ang gamit ng Cantonese sa mga ahensya ng pamahalaan.

Pagkatapos lng 1997, ang Ingles at Mandarin ang siyang magiging opisyal na wika ng teritoryo. Sa ganitong mga mabilisang pagbabago na nagaganap sa Hong Kong, ang mga edukador sa Hong Kong ay nagbibigay ng mungkahi para sa kapakanan ng mga tao sa Hong Kong at sa interes ng rehimeng Beijing, na kailangan ang pagdadahan-dahan tungo sa mabilis na paglilipat ng wika sa edukasyon na maaaring magresulta sa pagkawala ng kasanayan sa Ingles at hindi naman pagtatagumpay sa paglipat sa Mandarin. Ito rin ay magiging hadlang o makaaapekto sa kalagayang ekonomik ng Hong Kong.

Konklusyon

Ipinakita sa naging karanasan ng Singapore at Hong Kong na ang pagbuo ng palisi sa wika ng edukasyon ay kaugnay ng mga pagbabagong naganap sa mga sosyedad na ito sa lawak na pulitikal, demograpik at ekonomik. Ang Singapore ay maituturing na may pagkabansa o isang bansang nagsasarili at ang gobyerno nito ay tuwirang kasangkot sa pagpapalano ng wika ng edukasyon. Ginamit ang Ingles bilang wika ng pagtuturo sa pangunang dahilang ekonomik ngunit nagbago ang gamit ng Ingles sa paglipas ng panahon. Ito ay ginamit din bilang wika ng iba't ibang pangkat sa komunidad at ito ang nagsilbing tagapag-ugnay ng mga tao na may kanya-kanyang wika. Mula sa pagiging instrumental, ang Ingles ay gumanap ng tungkuling integratibo (Gardner & Lambert 1972:3). Sa kabila nito, masigasig din ang gobyerno ng Singapore na mapanatili ang mga wika ng iba pang pangkat sa sa layuning mapreserba ang kultural na katangian ng bansa. Samantalang ang Hong Kong sa pagpapalit ng pamamahala rito mula sa British at ngayon ay China, ay dumaraan sa isang transisyon. Nakikiramdam sa pamamalakad ng China na nauukol sa wika sa edukasyon bagamat inaasahan na ang kasalukuyang kalagayan ay mananatili ng limampung taon pa. Ang pagbabagong pulitikal na ito ay malaki ang epekto sa gamit ng Ingles sa edukasyon. Layunin ng gobyernong China na ma-integrate ang mga mamamayang Hong Kong sa mga kalakaran at pag-iisip ng mga namumuno na galing sa mainland at magagawa lamang ito kung unti-unting ituturo ang Putonghua (Mandarin) sa mga paaralan. Sa ngayon pinababayaan pang gamitin ang Cantonese bilang wika ng pagtuturo mula sa elementary hanggang sekondarya. Ipinatigil na ang paggamit ng Ingles bilang wikang panturo. Ito ay isang hudyat na mababago ang kalagayan ng wika sa edukasyon sa mga darating na panahon.

Mga Sanggunian

Mga Aklat

Alisjahbana, S. Takdir. 1986. Language Planning for Modernization. The Hague: Mouton.

Baldauf, Richard B. and Allan Luke, eds. 1990. Language Planning and Education in Australasia and the South Pacific. Multilingual Matters Ltd. England.

Doraisamy, T. R. ed. 1969. 150 Years of Education in Singapore. Singapore: Teacher Training College.

Jao, Y. C.; C. K. Leung; P. Wesley-Smit; and S. L. Wong, eds. 1980. Hong Kong and 1997: Strategies for the Future. Hong Kong Centre of Asian Studies, University of Hong Kong.

Kuo, Eddie C. Y. and Bjorn Jernudd, eds. 1988. Language Management in a Multilingual State: The Case of Planning in Singapore. National University of Singapore: Singapore.

_____ and Evangeles A. Afendras, eds. 1980. Language and Society in Singapore, Singapore University Press.

Lee, Kok Chung. 1983. Language and Language Education in Singapore. Singapore: Singapore University Press.

Lord, Robert and Helen N. L. Cheng, eds. 1987. Language Education in Hong Kong. The Chinese University of Hong Kong. The Chinese University Press.

Luke, K. K., ed. 1992. Into the Twenty First Century Issue of Language Education in Hong Kong Linguistic Society of Hong Kong. Wah Cheong Printing Press Ltd.

Fishman, Joshua A. 1973. Language Modernization and Planning in Comparison with Other Types of National Modernization and Planning. Nasa Fishman ed. 1974, pp. 79-102.

Fu, Gail Schaefer. 1987. The Hong Kong Bilingual. Nasa Language Education in Hong Kong. Robert Lord and Helen N.L. Cheng eds. pp.27-49.

GohKeng Swee and the Education Team. 1979. Report on the Ministry of Educations: 1978. Singapore: Singapore National Press.

Goh Soo Tian. 1982. Singapore: Identification of Languages in the Country. Nasa Language Teaching Issues in Multilingual Environments in Southeast Asia. Anthology Series 10 ed. Richard B. Noss, RELC, Singapore.

Kuo, C. Y. Eddie and Bjorn Jernudd. 1994. Balancing Macro and Micro-Sociolinguistic Perspective in Language Management: the Case of Singapore. *Nasa English and Language Planning: A Southeast Asian Contribution* eds. Thiru Kandiah and John Kwan Terry, pp. 70-91.

Lam, Agnes Shun-Ling. 1988a. Language Education and Literary Creativity in English: A Tale of Two Cities. *Nasa Asian Pacific Papers*, ed. Brian McCarthy, 00 70-78. Wollongong, Australian; Applied Linguistics Association of Australia.

_____. 1988b. Language Education in Hong Kong and Singapore: A Comparative Study of the Role of English. Paper presented at the Language and Literature, National University of Singapore, 6-8, September 1988.

_____. 1993. Language Education in Hong Kong: Cantonese as an Endangered Dialect. *Nasa Endangered Languages: Proceedings of the XVth International Congress of Linguists*, ed. Crochetiere, Boulanger and Queillon. Saint-Foy; Les Presses de Universite, Laval Vol. 4, pp.165-168.

Pakir, Anne. 1994. Education and Invisible Language Planning: The Case of English in Singapore. *Nasa English and Language Planning: A Southeast Asian Contribution*, eds. Thiru Kaanfiah and John Kwan Terry, pp. 158-181.

So, Wing Cheung. 1987. Implementing Mother-Tongue Education Amidst Societal Transition from Diglossia to Triglossia: A Sociolinguistic Case Study of Hong Kong. Paper presented at the 9187 Conference of the International Association of Applied Linguistics. Sydney, 16-21, August 1987.

Sudderruddin, K.I., eds. 1985. Singapore 1985. Singapore: Information Division. Ministry of Communication and Information.

Tay, W.J. Mary. 1994. Language as a Mirror of Modernization: The Case of English and Chinese in Singapore. *Nasa English and Language Planning: A Southeast Asian Contribution*, eds. Thiru Kandiah and John Kwan Terry, pp. 139-157.

T'sou, Benjamin K. 1994. Language Planning Issues Raised by English in Hong Kong Pre- and Post-1997. *Nasa English and Language Planning: A Southeast Asian Contribution*, eds. Thiru Kandiah and John Kwan Terry, pp. 197-217.

Talahanayan I

Pagkakatulad sa Karanasan at Pagpaplanong Pangwika sa Edukasyon ng
Singapore at Hong Kong

Kalagayan at Gawain	Hong Kong	Singapore
1. Kolonyal na Kasaysayan	Nasakop ng mga British	Nasakop mga British
2. Wika ng Gobyerno sa Panahong Kolonyal	Banyaga (Ingles)	Banyaga (Ingles)
3. Wika ng Edukasyon sa Panahong Kolonyal	Banyaga (Ingles)	Banyaga (Ingles)
4. Wika sa Edukasyon sa Kasalukuyan	Banyaga (Ingles at katutubong Wika (Cantonese)	Banyaga (Ingles at mga Katubong Wika - Malay, Tamil at Intsik)
5. Ahensya na Nag- iimplementa ng Palisi sa Wika sa Edukasyon	Departamento ng Edukasyon	Ministri ng Edukasyon

Talahanayan II

Pagkakaiba sa Karanasan at Pagpaplanong Pangwika sa Edukasyon ng
Singapore at Hong Kong.

Kalagayan at Gawain

Hong Kong

Singapore

1. Pinagbatayan ng Palisi
Palisi sa Wika at
Wika sa Edukasyon

official Language
Ordinance (1974)
na ipinasa ng
Gobyerno

Ayon sa The
Republic of
Singapore
Independence
Act (1965)
at sa mga
pahayag ng
mga namumuno
sa Gobyerno
(mula sa
P r i m e
Minister at
iba pa)

2. Pinanggalingan ng
mga Panuntunan sa
Pagpapatupad ng
Palisi sa Wika sa
Edukasyon

Gobyerno
at mga miyembro
ng Education
Commission

Walang
permanenteng
ahensya,
Tanging ang
mga namumuno
sa gobyerno
ang nagbi-
bigay ng mga
panuntunan

3. Palisi sa Wika sa
Edukasyon

Paggamit ng Intsik
(Cantonese) sa
primarya at dalawang
wika (Ingles at Intsik)
bilang midyum sa
sekondarya.

Paggamit ng
Ingles at
isa sa mga
katutubong
wika (Malay,
Tamil at
Intsik) sa
primarya at
sekondarya.

4. Papel ng Gobyerno
Pagpapatupad ng
Palisi sa Wika

May suporta ngunit
walang malinaw na
patakaran sa pagpa-
patupad ng palisi
sa wika sa edukasyon.
Tinawag itong
laissez-faire na
atityud

Masigasig sa
ang gobyerno
sa pagpa-
patupad ng
palisi
sa wika sa
edukasyon
kahit na
walang tiya

na ahensya
na itinalaga
ukol dito.

5. Mga Ahensya ng
Gobyerno na Tumutulong
sa pagpapatupad ng Palisi

Education
Commission

Walang
permanenteng
ahensya,
tinutulungan
ang Ministry
ng Edukasyon
ng Institute
of Education
(IE), Curri-
c u l u m
Development
Institute
Singapore
(CDIS) at ng
Ministri ng
Kultura

6. Ebalwasyon ng Palisi
sa Wika sa Edukasyon

Ginawa ng isang
pangkat ng mga
dayuhang eksperto
(Llewellyn, 1982) at
sinundan ng Education
Commission

Ginawa ng
isang
Education
Study
T e a m
(Goh 1979)
at Ministri
ng Edukasyon

SI BONIFACIO AT ANG WIKANG TAGALOG

Milagros Guerrero

Unibersidad ng Pilipinas-Diliman

Isang mapagpalayang hapon ang sumainyong lahat.

Ang paksang naibigay sa akin ay "Si Andres Bonifacio at ang Wikang Tagalog." Ang papel na titigisin ko sa araw na ito ay bahagi ng isang papel na binasa ko sa Valladolid, España, may dalawang linggo na ang nakakaraan. Sa papel na iyon, ang tinalakay ko ay ang panitikang mapaghimagsik sa wikang Ingles, Tagalog at Español ayon sa kinakailangan ng komperensya. Samantala at sapagkat dito, bilang bahagi ng kumperensya tungkol sa linggwistiks, ang tema ay "wika at pagpapalaya," ang bibigyang tuon ko ay syempre, si Andres Bonifacio at ang wika ng himagsikan ng Katipunan.

Minsan, ang mga historyador ay nawawalan ng loob, nagpapatumpik-tumpik sa pag-aaral ng napakahalagang panahon na ito dahil mayroon din namang mga historyador na nagsasabing tingnan ang bawat aspekto ng kasaysayan ng Himagsikang Katipunan, 1896 hanggang 1897, nang hindi aantig sa damdamin, hindi magpapabalikwas ng isip at puso, ihayag ang dapat lamang ihayag. Tila imposible iyon. Naroon ngang maghayag na pinagsasabong si Rizal at si Bonifacio. Naroroong pinagdudwelo si Bonifacio at si Aguinaldo. Ngunit kung ituturing natin ang kasaysayan na hindi lamang isang disiplina ng paghahayag, *exposition* o pagtatagni-tagni o pagdudugtong-dugtong ng mga tala ng kasaysayan at ng mga pangyayari sa kasaysayan, kundi para sa isang umuunlad na bayan at komunidad, at bansa; ang kasaysayan ay isang larangan ng pakikibaka at hindi kailangang humingi ng paumanhin ang sinumang historyador na siya ay may perspektibong makabayan at siya'y may pagmamahal sa bayan. Kasi sa ilang mga sulatin ay nasabing ako daw po ay *emotional*. Nauuna ang emosyon sa lohika. Sabi ko naman, magkayakap ang emosyon at lohika. At kung walang emosyon ang lohika, may problema ang tao.

Magsisimula po ako sa pamamagitan ng pagsusuri nang madalian sa *La Solidaridad*. Sino sa inyo ang nakabasa na ng buong *La Solidaridad*? Nakakatakot harapin. Lumabas ito noong 1889 at ang huling isyu o bilang ay inilabas naman noong Nobyembre 1895. Samakatwid, wala pang isang taon bago sumabog ang himagsikan noong Agosto 1896. Ang mga tradisyunal na mananalaysay at historyador ay nagsasabing may tuwirang ugat na nagdudugtong sa kilusang Propagandista/Repormista at ang kilusang mapanghimagsik ng Katipunan ni Bonifacio. Ngunit kung titingnan,

masasabing may bisa o impluwensya ang Propaganda sa panitikan, at sa mga sulatin ng Katipunan. (Pero) hindi pwedeng sabihing ang dugong nananalaytay sa Katipunan ay galing sa dugong nananalaytay sa Propaganda.

Sa kabutihang palad, napalimbag kamakailan sa pamamagitan ng Pundasyon Santiago ang lahat ng bilang ng *La Solidaridad*. Sinuri kong mabuti at sa kabutihang palad din, ang lahat ng *La Solidaridad* ay naisalin sa Ingles ni Dr. Guadalupe Fores Ganzon. Bago, dito tayo magsisimula.

Tingnan natin ang *La Solidaridad*. Marahil, ang aking pagtataya ay radikal at mahayap at hindi matatanggap ng ibang mga mag-aaral ng kasaysayan. Gayunpaman, kung susuriin natin ang unang mga bilang ng *La Solidaridad* ay makikita nating sinasabi ng mga kasapi ng *Sol* (maiksing tawag sa pahayagan) na *modestisima*, napakasimple, napakapayak ang kanilang programa. At ito ay upang maiabot sa rehimeng Kastila ang nilalaman ng kanilang loob; upang ipa- kita na ang mga Pilipino ay may sariling kultura -- upang maipakita na ang mga Pilipino ay karapat-dapat na magkaroon ng kinatawan sa pamahalaan, partikular sa Cortes o Lehislatura ng España, at karapat-dapat na maging bahagi ng lipunan ng imperyo ng España.

Samakatwid, sa kabuuan ng panahon ng pagkalathala ng *La Solidaridad* sa pamamagitan, una, ng patnugot na si Graciano Lopez Jaena, (ay) nagbigay ng tahasang sagot sa mga posisyon at pagpapalagay at perspektibo ng mga Kastila sa España at ng mga Kastila lalo na ng mga prayle dito sa Pilipinas. Halimbawa, doon napalathala ang *Pilipinas Dentro Cien Años* at ang *Indolence of the Filipinos* ni Jose Rizal. Ito'y sagot sa mga alegasyon ng mga Kastila at dito rin napalathala ang isang mahabang kritika ni Jose Ma. Panganiban tungkol sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas. Isang tahasang pag-atake sa sistema ng edukasyon sa Unibersidad ng Sto. Tomas at sinasabing ang kurikulum o kurikula, ang mga aklat at ang mga guro ay tiwalag sa sitwasyon sa Pilipinas. Bagamat mayroong isang unibersidad, ito naman ay hindi nakakatugon sa mga pangangailangan ng mga Pilipinong nagsisipasok sa Unibersidad ng Sto. Tomas at ng San Juan de Letran.

Si Trinidad Pardo de Tavera at si Pedro Paterno ay may mga sanaysay na parang nagpupuri sa mataas na antas ng kultura o sibilisasyon ng mga Pilipino bago dumating ang mga Kastila. Si Pedro Paterno ay may isang mahabang artikulo na nagsasabing kung bagaman tayo ay naging Kristyano at sa gawain na rin ng mga prayleng Kastila bago pa dumating ang mga prayle ay mayroon nang mga elementong Kristyano sa ating matatandang relihiyon. Samantala, si Marcelo H. del Pilar ay sumulat ng napakaraming mga artikulo

upang ipakilala sa pamahalaang Español na ang mga bintang na maraming mga tulisan sa Pilipinas ay hindi dahilan upang sabihing hindi ligtas na lugar ang Pilipinas, sapagkat mas marami pa ngang tulisan sa España; na ang problema ng sitwasyon ng obrero, proletarya sa Pilipinas ay hindi sukat na ikatakot sapagkat malaki din ang problemang pang-obrero sa Cataluña at sa Andalucía. Samakatwid, ipinapakilala ni Marcelo del Pilar na napakalalim, at napakalawak ng kanyang kaalaman tungkol sa lipunang Español. Sa kanilang *correspondence* o komunikasyon ni Jose Rizal at Marcelo del Pilar ay makikitang hindi nawawalan ng pag-asa si Marcelo del Pilar na maaari pang mapakilos, maantig ang damdamin ng mga partido (mga sapagkat maraming partidong nag-aaway-away sa España) at ng ministro ng mga kolonya, o ministro del Ultramar, partikular si Manuel Vecera, at, ng pamahalaan ni Canovas del Castillo at Zagasta, na maaari tayong pansinin, maaari tayong dinggin, nang sa gayon, ang inaasahan nating reporma ay isabatas ng pamahalaang Kastila. Ngunit nang 1891, suko na si Jose Rizal. At ang sabi niya, "ang larangan ng pakikibaka ay wala dito sa España kundi sa Pilipinas." "At sana," sabi nya, "ang *Sol* ay mabasa sa Pilipinas."

Samantala, si Marcelo del Pilar ay hindi nawalan ng pag-asa. Makikita sa bawat sipi ng *Sol* na siya, kung tutuusin ay walang pinag-iba sa mga Kastila kung pagsusulat lamang sa Español ang hahanapin, sapagkat higit siyang maalam sa *average* na Kastila. Ang kanyang *expressions* sa Kastila ay kapareho ng isang ciudadanong Español. Alam niya ang *current events* sa Pilipinas, sa España, sa Europa at sa buong daigdig. Ngunit, ang babasahin natin upang malaman kung papaanong nag-reaksyon ang mga Kastila ay mga aklat ng kasaysayan ng España.

Meron bang reaksiyon? Dininig ba sila? Pag titingnan ninyo ang lahat ng kasaysayan, lahat ng *textbooks*, lahat ng *monographs* tungkol sa kasaysayan ng España at hanapin ninyo ang anumang banggit tungkol sa Pilipinas sa panahong 1888, iyong unang demonstrasyon ng prinsipalya ng Binondo hanggang 1898, nang magpirmahan ng tratado ng Paris sa pagitan ng España at Estados Unidos. Wala kayong makitang banggit tungkol sa Pilipinas. Kung may banggit man ay mali pa. Ang isang libro na may banggit tungkol sa Pilipinas ay itinuturing na pinuno ng himagsikan si Jose Rizal at pagkatapos na siya ay patayin ay minana ang liderato ng himagsikan ni Emilio Aguinaldo. Ang ibang mga aklat, makapal man sila ay walang pagbanggit kahit na ano pa man tungkol sa kasaysayan ng Pilipinas maging noon pang 1565-1896. May pagbanggit sa Cuba, may pagbanggit sa Mexico at Peru, at sa buong Timog America o Latin America ngunit walang pagbanggit sa Pilipinas. Bakit kaya? Sapagkat bagaman may himagsikan sa Cuba na kasabay ng ating himagsikan, higit na matindi ang sakit na nadama nila nang

tayo ay maghimsiksik. Sapagkat ayon sa isang editorial ng *El Pais un Diario muy Liberal* noong 1896. Nang sumabog ang himagsikan sa Pilipinas, ang sabi nila "A, wala 'yan, madaling mawalan ng espiritu ang himagsikang 'yan."

Sabi, "ang elepante ay tumapak sa langgam." Pagkatapos, noong Pebrero na, nagkaroon sila ng editorial, kasi hindi pa natatapos iyong himagsikan. Ba't ganon? Di nila inasahan na kailangang magpadala sila ng *reinforcements of more than 14,000 Spanish soldiers*. Sabi noong isang editorial, "ngunit ang langgam ay kumagat sa elepante." Kakukuha ko lang ng editorial na iyon sa isang diyaryo Español.

Bakit? Maaari ba nating tahasan o tuwirang sabihin na may isang ingrediente sa *recipe* ng himagsikan na napakahalaga upang maging maalab ang pagtugon ng mga Pilipino sa tawag ng paghihimsiksik. Ang punto natin dito ay ang pakikipag-usap o usapan. Kumbinsido ako sa aking pagbabasa, *and I speak only for myself*, sana kayo rin kung kayo'y magkaroon ng pagkakataong basahin ang *Sol*, na nakikipag-usap ang mga ilustradong Pilipino sa mga Kastila sa pamamagitan ng *Sol*. Ngunit walang nakikinig. Una, dahil ayaw pakinggan; pangalawa, di nila alam kung paano pakinggan sapagkat sa Pilipinas, namamayani ang mga prayle. Ngunit ang mga prayle ay isang matibay na haligi ng patakarang kolonyalismo hindi lamang dito sa Pilipinas kundi sa iba pang naging kolonya ng España. Tama si Jose Rizal nang sabihing, "hindi dito sa España ang larangan ng pakikibaka." Kakatwa, sapagkat noong bumalik si Rizal sa Pilipinas, inamin niya sa kanyang kapatid na si Paciano na siya ay hindi na marunong magsulat sa wikang Tagalog. Kaya ang mungkahi niya kay Paciano, "magsulatan tayo sa Tagalog upang ako ay masanay."

Ngayon, sa pagdating naman ng 1892, dahil na rin sa pagkakitang walang pag-asang tutunguhin ang *La Liga Filipina*, ang isang kasapi nito, si Andres Bonifacio ay itinatag ang Katipunan sa mismong araw na mapabalita na ipatatapon si Jose Rizal sa Zamboanga. Malawak ang dapat nating pag-aralan sapagkat bago nagkaroon ng Katipunan, ang mga naging kasapi ng Katipunan ay bahagi na ng mga lohiya ng mga mason. Ang mga taga kanluran ay parang umiismid o nagtatawa kung nakikita nilang kakaiba ang pagkaunlad ng nasyonalismo dito sa Timog-Silangang Asya. Malaki ang bisa at impluwensya ng kilusan ng mga mason sa Katipunan. Katulad din ng malaki ang impluwensya ng *Young Men's Buddhist Association* sa organisasyon ni Aung San sa Burma. Kaya nga, yung YMCA ginawa nilang YMBA (Young Men's Buddhist Association). Ang istruktura, ang YMCA, pero hindi mo sukat akalain na ito pala'y *anti-British*. Sa ganoong mga pagkakataon, makikita natin ang paralelismo sa kasaysayan ng mga nasyonalismo sa Timog-Silangang Asya.

Ngunit, ang pinakamahalaga sa aking pagtingin sa mga sulatin na mailabas ng Katipunan ay ang wikang Tagalog. At siguro mga 30 lbs. iyong Solidaridad, pag pumunta kayo sa *library* hindi nyo mahila. Pero ang mga sulating babanggitin ko tungkol sa Katipunan ay hindi pa tatakbó ng tatlumpong pahina. Ang *Kartilya*, ang *Decalogo*, ang salin sa wikang Tagalog ng *Ultimo Adios* ni Jose Rizal, ang *Hibik ng Bayang Filipinas*, na *attributed* kay Andres Bonifacio, *Ang Dapat Mabait ng mga Tagalog*. Kaiiksi! Kasya sa apat na pahina ng *computer print-out*. *Of course*, di naman natin nakita yung *Kalayaan*. Binabanggit ni Manuel Artigas y Cuerva na nakita nya ang *Kalayaan* at doon ay *kanyang* pinatutunayan na si Andres Bonifacio ay isa sa mga kontributor sa *Kalayaan*. Wala pang nakakita.

Pinupuwing sa kasalukuyan bilang isang uri ng pagkakahon kay Andres Bonifacio na diumano, ang mga sulating ito ay hindi siya ang sumulat. Maaring si Emilio Jacinto lang o maaaring hindi pa nga si Emilio Jacinto at lalo nang hindi si Andres Bonifacio sapagkat si Andres Bonifacio'y hindi nakapag-aral. Paano siya makasusulat? Gayon pa man, ang mga akdang nabanggit ay *attributed to him*. At hanggang may darating na isang taong makapagsasabi na, sa totoo lang, hindi mapupuwing na hindi siya ang sumulat ng mga akdang ito. Sa pamamaraan o metodo ng kasaysayan, siya ang sumulat hangga't hindi dumarating ang isang partido na magsasabing ito ang mga katunayan na hindi siya ang sumulat. So, ito na iyong maari nating sabihing pagsasabong ng mga nauna kay Andres Bonifacio. Pamilyar na siguro kayo dito. Sabi ko noong isang araw, dahil ako'y mahilig magtanim, "iyong Brumeliad may bulaklak na." Tapos sabi ko, "a, buntis na yan, nakabukaka na iyong mga dahon sa ilalim dahil lalabas na yong binhi. Ang bastos mo naman, Mila. Hindi naman yan tao." Hindi nga siya tao pero nagbubuntis siya. So, halaman siyang nagbubuntis. Ang tao, nagbubuntis. So, ibig sabihin, *distinct* yong Propaganda sa Katipunan. Pero ang tanong: nagbuntis ba ang Propaganda, o nagbuntis ba iyong Katipunan? Makikita naman.

Ang bawat salita ay teksto, teksto hindi ng nagsulat (bagama't maaaring yon ang gusto niya), kundi teksto ng bumabasa at nakabasa. Kaya, sa aking pagtingin, kung titimbangin ang mga sinulat (mga sulating *attributed* kay Andres Bonifacio), maaari nating tigisin, lagumin, dalisayin ang kasaysayan ng Pilipinas na ang ilang mga salita ay aantig ng damdamin, magpapakirod ng puso, magpapasalakbo ng utak; na hindi kayang gawin ng gaano man kahabang sanaysay o artikulo sa wikang Kastila kung hindi ginamit ang mga salitang ito. Halimbawa, iyon na lang tatlong mga tanong sa *recruitment* ng Katipunan: *Ano ang kalagayan ng Pilipinas bago dumating ang mga Kastila? Ano ang kalagayan ng Pilipinas sa kasalukuyan? Ano ang*

kalagayan ng Pilipinas sa panahong tayo'y nagpupunyaging makuha ang buong bayan sa Katipunan? Iyong sagot doon, simple, payak; but comparable to all the annotations of Jose Rizal to Antonio De Morga's *Sucesos de las Islas Filipinas*. Kung basahin (and this is not to pit Jose Rizal with Andres Bonifacio). But if you read *Ultimo Adios*, all the emotions when you read that poem, you read it aloud. In the same manner that when you read Bonifacio's poem, you read it aloud. That is your test of the effect of the words on the audience. Pag sinabi mong "imbi," that's one word; "suwail na ina," that's a phrase, na nasa kabuuan noon ang mahigit ng tatlong daang taong pamamayani ng mga Kastila sa Pilipinas. Pag babasahin ninyo ang tulang *Casadores*, matimpi! Matimpi ang mga salita ni Andres Bonifacio. Tayo siguro, kung mumurahin natin ang CAFGU, ang *private armies*, ang *kidnappers*, mas matindi ang pagmumura natin. Pero siya, ang timpi ng kanyang wika. Ngunit, tiyak na nakaantig sa sinumang babasa o nakarinig sa nagbabasa sapagkat hindi naman lahat ay nakapagbabasa noong mga panahong iyon. Bagaman may hinala ako na si Andres Bonifacio, sapagkat galit na galit sa mga prayle, ay nasa labas ng kulambo ng simbahan. Dama pa rin niya na ang buong sambayanan ay naniniwala sa mga itinuturo ng simbahan. Kung kaya, kung susuriin ninyo ang sampung utos ng Katipunan, ay sampung utos ng simbahan. Walang *conflict* sapagkat kung sinunod nga naman ang utos ng simbahan hindi na magrerebolusyon. Ang *test* ng tagumpay ng wika, sa paggamit nito ni Andres Bonifacio ay makikita noong sya'y nasa Cavite na. Sa kasamaang palad, ang mga historiador ay hindi pinansin ang mga bagay na ito. May dalawa siyang sulat kay Emilio Jacinto. Ang *letterhead* napakahalaga; *unang nagtatag ng Katipunan, unang naggalaw ng himagsikan, unang pangulo ng republika ng katagalugan*. Hindi pinansin ng historiador. 'Andon na lahat yong kanyang *attributes*. So nang nandodoon siya sa Cavite, *it was as such that he was in Cavite*. Nilapitan siya ni Edilberto Evangelista, kandidato sa pagkapangulo. Sabi, "Supremo." Ang "supremo" daw, hindi presidente. E, "supremo," si Francisco Franco, "supremo," *president*. Ba't sya tinatawag na "supremo?" *What is that for? As president of the Katipunan? If they regarded him as like just like that only, they would not call him "supremo."* That's the evidence. And then Evangelista says, "kailangan po natin ng konstitusyon. Kasi may gobyerno na tayo. Kaya kailangan ho, tingnan ninyo itong *Maura Law*. Ito ho 'yong konstitusyon natin." Sabi ni Bonifacio, "Marami po tayong mga pantas at magagaling. Bakit naman tatanggapin na lang natin at sukat ang batas Maura? Bakit hindi tayo gumawa ng ating sariling alituntunin o konstitusyon?"

Sa sinumang nais sumanib sa Katipunan, ang sabi niya, "lahat tayo ay dapat sumanib dito. Tayong mga *Tagalog. May *asterisk* siya. Marunong siyang mag *footnote*. Ang sa "Tagalog," ang ibig sabihin, ang lahat ng

tumubo sa kapuluang Pilipinas; Tagalog man, Ilokano man, Bisaya man. *In other words*, alam niya, *that he is helping create a community*, ng isang bayan, *ultimately*, ng isang bansa. At iyong "Tagalog," hindi *ethnic*, hindi *geographical*; isang kabuuan, o isang pamayanan. So, noong dumating siya sa Cavite, sabi sa kanya ng mga taong ang perspektibo ay perspektibong Kastila, ang *political entity* o istrukturang nais gawin ay nasa perspektibong Kastila; sinalubong siya at sinabing, "Mabuhay ang hari ng bayan!" *To which he responded*, "Mabuhay ang Haring Bayan!" *He was not kidding. But he was saying*, "Mabuhay! Long live the sovereign Filipino people! Mabuhay ang Haring Bayan," *sovereign people*. Hindi siya ang hari ng bayan. So doon nakikita na natin iyong hindi pagkakaintindihan ng mga taong may perspektibong Español at banyaga at ang perspektibong tawagin nating "Tagalog," *but not "Tagalog" as an ethnic group, but "Tagalog" that encompasses the whole archipelago*. Sa kasamaang palad, mawawala ang perspektibong ito nang mamatay o nang pinatay si Andres Bonifacio. Sapagkat, ang pamahalaang sumunod sa pamahalaan ng Katagalugan ni Andres Bonifacio ay nagsimulang sumulat sa wikang Kastila. Ano kaya ang motibo sa pagsusulat sa wikang Kastila ng mga komunikasyon, ng mga batas? Upang ipakita daw sa labas ng Pilipinas, sa buong mundo, na tayo ay may karapatang mamahala ng ating mga sarili, na tayo ay isa nang bansa, sapagkat marunong tayo ng wikang Kastila. Ang problema noon, iyong mismong presidente, hindi marunong ng wikang Kastila. Isinusulat para sa kanya. Kung kaya, kung ang pamahalaang nagtatag ay hungkag, gayon din ang sulatin at panitikan ng sumunod na panahon.

Marami pong salamat.

UN MONUMENTO A MI IDIOMA:
AMBAG NI RIZAL SA PAG-AARAL SA
MGA WIKA NG PILIPINAS

Nilo S. Ocampo

(Papel na binasa sa ika-8ng Kongreso ng Linggwistiks sa
Pilipinas, Disyembre 15-17, 1997; Oditoryumong ISMED,
U.P. Diliman, Quezon City)

Nag-aaral ako ngayon ng uicang italiano, at
nasasalita ko na ng unti-unti. Lubhang matamis at
calugod lugod at napilitang autin ang mga salita...
Dung cayo sana i marunong ay tayoy macapagsulatan,
dahilan sa ang tagalog ay totoong mahirap ayusin,
baquit mabagal na acong isumulat, nacalilimot paata-pag
nasisira sa mga caauaang pananalita ng mga casama...
Ang aqing Florante ay naiuan co sa Barcelona; uala
aco sucát pagcunan at causapin ng uasto; ang inyong
sulat ay muli't muli cong binabasa. Aco i saua nagsasulat
uicang castila.

Sa sulat na ito ni Rizal sa kapatid na Saturnina ng 29 Enero
1883 mula Madrid, nalalagom sa isang banda ang interes at kagaanan
ng bayani sa mga wika (mag-aaral pa siya ng iba pa; *es muy facil*,
sabi niya sa Italian), at sa kabila naman, ang kontradiksyong dulot
ng hatak ng wika ng kadalubhasaan at dilang katutubo.

Pakiwari sa bayani, siya itong *quintessential Filipino*
intellectual, ang laki ng pagkakaluranin, hindi na makaagapay sa
katutubong wika, halimbawa sa ikatlong niyang nobela (Ocampo 1997).
Isang bahagi lang iyon, malaking bahagi gayunman, pero sa damdamin
at sa aktwal na gawain, tunay niyang pinagsumikapan, bilang taga-
Laguna ang pagtatanghal ng Tagalog, katumbas na rin ng pagiging
Pilipino, nagtatampok sa pagkabansa.

Ganito ang pahayag ng linggwist na Cecilio Lopez (1962):

Sa kalawakan ng nalalaman at sa katalasan ng pag-
iisip, si Rizal ay maitutulad sa isang Goethe o isang
Leibnitz kaya. At katulad ng mga taong nagmalasakit
upang ang sariling wika'y maisaayos at mapayaman, si
Rizal naman ay nagmalasakit din upang ang wikang
tagalog ay maging dakila at karapat-dapat na gaya ng
mga iba't ibang wikang kanyang nalalaman. Pagkaka-
na'y nag-aral na siya ng wikang tagalog; lumihan at
tumula sa wikang sarili; sinaliksik niya ang mga
suliranin ng linguwistika, ng panitikan, ng balarila;
isinatagalog ang ilang akdang nasa wikang banyaga; at
sa lahat ng pagkakatao'y pinag-ukulan ng matatalinong
pansin ang mga kapuna-punang akda sa wikang tagalog.

Ang bayani mismo ang autoridad ng RIZAL bilang GOETHE bilang LEIBNITZ, sa kanyang mga panulat. Mag-umpisa tayo sa:

Ang uicang tagalog tulad din sa latin, sa ingles, kastila at salitang anghel, sa pagca ang poong maalam tumingin ang siang naggawad, nagbigay sa atin.

Tula itong **Sa Aking Mga Kabata**, inihahayag ang (noo'y) rebolusyonaryong pahayag ng linggwistik na pagkakapantay-pantay. Hangga ngayon nga, para sa ibang tao. Mas sikat ang linyang "*hindi magmahal sa caniang salita, mahiguit sa hayop at malansang isda*," bagamat tila pang-ritwal, pang-Linggo ng Wika lang.

Kibot naman ng kaibigang Chenggoy (17 Abril 1884) hinggil sa babaeng naiwan niya sa Pilipinas: "Hinihiling niyang sabihan ka na sa pag-aaral ng napakaraming wikang banyaga baka makalimutan mo na ang sa iyo, at dapat mong mabatid na wala siyang ibang wikang sinasalita kung hindi ang sa kanya. Ipinangako ko sa kanyang hindi mo makakalimutan ang ating wika at pasusulatín kita sa kanya sa matulaing Tagalog."

Isa kayang halimbawa itong **Kundiman** na kasunod (huling dalawang saknong; ca. 1884?):

Sa may silanganan ng masayang araw
bayan kong inirog, puspos ng kariktan,
lugami sa dusa't alipin kung turan
ang makapagliligtas kapalad-palaran.

Mawalay sa kanya'y anong laking sakit
salat sa liwanag maging sa pag-ibig
araw ay malamlam, malumbay ang langit
aba kung mamatay na di ka masilip.

"Tagalog ang usapan namin habang kumakain," wika ni Rizal (13 Feb. 1883) sa isang pagtitipon ng mga magkakababayan. "Labing-apat na librang bigas ang naubos, limang manok at apat na librang karneng baboy. Naghahanap rin ng sinigang, at nagkakantahan (kunwari may videoke), impromptu o biglaang salin ng isang tulang Espanyo o Pranses."

Sa Germany noong 1886, umasa siyang "sa loob ng limang buwan ay makapagsasalita...noon gaya ng pagsasalita...ng Espanyol." Hindi lang iyong ang nangyari. Nakapagsalin pa siya ng mahabang dula ni Schiller na Wilhelm Tell, limang kuwento ni Hans Christian Andersen at isang pahina ng "pagninilay-nilay ng mga taga Rhin-Hebel."

WIKANG AMING LALAWIGAN: PAKIKIGNAY SA MGA ISKOLAR

Paksaing Pilipino, hindi lang pagkain, sentral ang wikang Tagalog, ang kanyang itinatanghal at isinusulong bilang propagandista at nasa interes niyang malaman kung paano ito pinahahalagahan sa Europa. Makikipag-ugnayan siya sa mga pantas na Europeo dahil dito.

Bungad niya sa isang liham: "Sapagkat nabalitaan kong ang inyong kamahalan ay nag-aaral ng aming wika, at nakapaglathala na kayo ng ilang akda tungkol dito, minarapat kong padalhan kayo ng isang mahalagang aklat, na sinulat sa nasabing wika ng isang kababayan ko. Ang pagkakasulat sa wikang Espanyol ay hindi mabuti sapagkat ang kumatha ay isang manunulat na hindi gaanong batikan, pero ang bahaging nasulat sa wikang Tagalog ay mahusay at ito nga ang wikang sinasalita sa aming lalawigan."

Ito ang simula ng mahabang pakikipagsulatan niya kay Blumentritt (mula Heidelberg, 31 Hulyo 1886). Padaplis na puna iyon, pahiwatig na marami pang kakaining kanin ang huli hinggil sa wikang Tagalog. Sa anu't anuman, sentral na sangkap itong diplomatik o akademik na pagpuna at pahayag sa usapan ng mga dalubhasa; nasisipi dito dahil sa makumpanyang asta ni Rizal.

Sabi niya sa sunod na liham (mula Leipzig, 16 Agosto 1886): "Mapag-utusan ninyo ako sa anumang bagay na may kaugnayan sa aming wika na pinag-aralan ko sapul sa aking kabataan. Hindi malawak ang aking kaalaman datapwat makatutulong sa inyo gaya ng maitutulong ng mga balarilang sinulat ng mga kakatwang prayle."

Makapagpapadala siya ng iba pang aklat kung nasa bahay niya lang siya sa Kalamba (may 1,000 volyum!). Naihahambing niya kasi ang mga mapanlibak na akdang Espanyol sa mga gawa ng mga iskolar ng Europa. Maanghang ang kanyang puna sa mga prayle at manlalakbay na Espanyol na nag-aastang bihasa agad sapagkat nakapaglimbag ng kanilang balarila at aklat. Aniya: "hindi nakikilala ng mga prayle ang mga manunulat na tagaibang bansa ni ang mga manunulat na kabansa nila; mahalaga pa ang isang pahina ng mga librong iyong kesa lahat ng sinulat o susulatin pa ng mga manlalakbay na Espanyol at mga prayle. Ang hindi nakakaalam na mabuti ng kanyang wikang sarili ay lalong hindi makakaalam ng mga ibang wikang hindi niya matamang pinag-aralan."

Maikling panahon lang ang itinitigil ng mga manlalakbay na nagsisulat ng kasaysayan at ginugugol pa ito sa piling ng mga Espanyol; "hindi pinag-aralan kailanman ng karamihan sa mga prayle ang balarila at ang mga kinakausap lamang nila'y ang mga Tagalog na hindi nag-aral." Angkop na tudla iyon sa kolonyal na historyograpi at aral-wika.

Sa kanyang punyaging makaiskolar, mabuti at hindi ganito ang kanyang kaibigang propesor na sumagot agad, may lakip na kanyang

mga akda. Tugon ni Rizal (Leipzig, 22 Agos. 1886): "Umaasa akong ang bagong kathang ito'y katulad ng lahat ng sinulat ninyo na taglay ang pagsisikap, pagmamatyag, pag-iingat at katalasan ng isip. Binasa ko na ang dalawang talasalitaan [Tagalog-Aleman] ninyo at ikinamangha kong kayo'y nakapagsumakit nang napakalaki upang pag-aralan ang isang wikang napakahirap, gaya ng tagalog. Ang maliliit na kamaliang matatagpuan sa mga iyon ay hindi maipasasarili sa inyo, nahuhulog rin sa gayong mga kamalian ang mga tagalog, ni sa aking pantas at matalinong kaibigang Doktor T.P. de Tavera na nagpamalas din ng malawak na kaalaman sa kanyang mga pagpapaliwanag at nakapagdulot sa aking ng kasiya-siyang pagkamangha."

Ipinahiram niya ang akda ni Tavera kay Blumentritt. Kinainggitan niya ang pagkaalam nito sa Sanskrit. Nais niyang makilala si Doktor Leiden, isang propesor ng Sanskrit at magsadya sa Vienna upang bumili ng mga libro. Hindi niya nakausap si Propesor Gabelentz, binanggit ni Blumentritt na makakatagpo niya sa Leipzig, datapwat mag-aaral siya ng wikang Olandes, dahil "ang mga olandes ay mga kapitbahay namin at maraming sinulat tungkol sa amin."

Nakatagpo niya gayunman sina Dr. Feodor Jagor, etnolohista at may-akda ng *Reisen in den Philippinen* (Paglalakbay sa Pilipinas) at si Dr. Rudolf Virchow, pangulo ng Lipunang Antropolohikal ng Berlin, pangunahing institusyon sa Europa na laan sa bago-bagong agham na ito. Inisponsor siyang mapasok sa samahang ito, at bilang bagong kasapi, nagbigay siya ng isang panayam ng kadalubhasaan. Pinili niyang paksa ang "pinakamalapit na sa kanyang personal na buhay --- isang sayantifik analisis ng sukat na gamit sa panulaang Tagalog." (Coates: 1995)

Tagalische Verskunst (isinalin bilang *Arte Metrica del Tagalo*) ang pamagat. Sa banggit sa sukat, pantig, tugma at taludturan, sinipat niya ang "isang akda...na bantog na bantog at napakaganda, sinulat ni Francisco Baltazar, huwaran ng pamamaraan ng pagsasalita ng mga Tagalog," gayundin ang "Pasion ni Hesukristo, isang aklat na lubhang kinagigiliwan, gaya ng pagkagiliw sa Bibliya ng mga Protestante o ng Koran ng mga Mahometano." Kasaysayang patula ito na inangkin na ng mga Pilipino, "sinulat sa Tagalog na maliwanag at tumataos agad sa pakiramdam, bagamat kung minsang matigas at parang magaspang."

KATALONAN, BATHALA, ANUANG, HASCHISH: LIHAMANG PAHAM

Walang patid sa usapang paham hinggil sa wika at kulturang Tagalog ang korespondens niya (16 Marso 1887) kay Blumentritt. Ano ba ang pinagmulan ng mga salitang Katalonan o Bathala? Galing sa talon? Sanskrit ba? -- di lang maiikling kahig ang mga ito. Babala niya: "Kailangang mag-ingat na mabuti sa pagbasa ng mga salitang tagalog na sinulat ng mga Espanyol. Sa aming bayan, hindi

namin binibigyan ng anumang halaga, lubusang walang halaga ang tagalog ng mga Espanyol. Walang iniwan iyon kung talakayin ko ang wikang alemang sinasalita ng alilang babae o ng mga utusang lalaki, nang hindi nababasa ang mainam na akda sa Aleman..."

Isa pang kaibigan ni Blumentritt, si Dr. A.B. Meyer na napunta sa Pilipinas noong 1870 at marami ring nasulat tungkol dito, ang naging katalakayan ni Rizal sa sulat. Saan daw galing ang salitang ANUANG? Sa ANG UANG, UANG, UNGA? Tungkol sa gamit ng HASCHISCH: "Alin mang aklat, sinumang mananalaysay na nakikilala ko ay walang sinasabi tungkol sa halamang tulad ng HASCHISCH. Ako mismo, noon pang 1879 ay gumamit ng HASCHISCH sa Pilipinas, sinubok ko lang para maranasan, at binili ko ang sangkap sa isang botika. Hindi ako naniniwalang ipinasok ang paggamit nito bago man o matapos dumating ang mga Espanyol. Ang mga Pilipino'y umiinom ng ARAK, at alak ng sasa [nipa], ng hiyog at iba pa, ngumanganga ng buyo... Ang IS IS o ASIS [haman] ay isang espisi ng higerang bundok. Magaspang ang mga dahon nito; natural na pangkiskis..."

Sa ilang mga halimbawang ito, makikita kung gaano na lang taglay-taglay ni Rizal ang interes sa pag-saral sa mga wika at ang relasyon nito sa kanyang katutubong dila. Hindi maaaring hindi ito tumungo sa isang praktikal na paglalapat.

GUILLERMO TELL: PAG-AYON SA Pagsulat ng mga ninuno

Natutuwang balita niya (ka, Paciano, 12 Okt. 1886): "Sa wakas ay maipadadala ko rin sa iyo ang salin ng Guillermo Tell ni Schiller, na nabalam ng isang linggo; hindi ko natapos agad dahil sa maraming gawain. Alam kong marami ang mali at itinatagubilin ko sa inyo ng mga bayaw ko ang pagwawasto; iyo'y isang saling halos sunod sa salita. Baha-bahagya kong nalilimutan ang Tagalog sapagkat hindi ko ginagamit sa pakikipag-usap. Tinangka kong magpasok ng maliit na pagbabago sa alfabet na Tagalog para maging lalong madali at maiayon sa matandang pagsulat ng mga ninuno natin. Halimbawa, inalis kong lubusan and C na wala sa ating alfabet, sapagkat ang salita nating cami, cayo, halimbawa, ay may tunog na K na binibigkas na may pahangin sa paraang KH. Wala ring kabuluhan ang QU, hindi rin atin ito, at hindi rin naman naririnig ang tunog ng QU sa atin. Tinangka ko ring huwag gamitin kailanman ang Y liban sa simula ng isang pantig gaya ng Y sa matandang Tagalog; kailangang iwasto ninyo ito sa maraming salitang iyon ang kahuli-hulihang titik."

Pamilyar at medyo masalimuot na isyu ito ng banyuhay at pagpaplanong pangwika ng Tagalog/Pilipino/Filipino ng kasalukuyang siglo, binuno na ni Rizal sa kanyang kapanahunan at nagsapraktika. Wika pa niya kay Blumentritt (21 Mar. 1887): "Ang mga *aparceros* ay tinatawag na kasama (ka-sama -- pumaroong kasabay) Kail'an. Ginagamit ko ang K sa halip na C sapagkat mas madaling gamitin iyon; halimbawa, kung ginagamit ang salitang-ugat na KAIN, hindi

ito kailangang baguhin sa mga salitang hango, gaya ng ginagawa sa C: CAIN, QUINAIN, pero hindi na binabago sa KAIN, KINAIN, KINAKAIN, atbp."

Kailan бага darating ang magliligtas sa aming bayani!" asam ng isang tauhan sa dula. Sa kaso ng Pilipinas ng huling dantaon 19, parating na siya, mahaba-haba ang landasin datapwat nagsimula na sa paglalakbay, isang malaking hakbang dito sa salin ng akda tungkol sa isang magiting na lalaking huwaran ng pagkabansa at pagkabayani at maliit subalit kapwa makabuluhang tugpa rin sa reporma o pagbawi ng ortograpi, "panahon nang [dapat] gawin."

Ganito ang paalala pagkatapos ng salin:

Nota! Pagbutihin ang pagkasulat: ang Y ai gamitin lamang sa punu ng silaba; sa huli ai dapat I lamang. Ang O sa tagalog ay di dapat makita kundi sa huling silaba, at ang tunug ai malapit sa U, paris ng O italiano, hindi paris nang kastila. Ang C ay dapat alisin paris ng Q na hindi kailangan, gaion din naman ang U kasunod ng G; sa tagalog ai walang GUE, ni GUI, paris sa kastila. Ang sulat tagalog ai dapat maging sulat tagalog at hindi itulad sa kastila, at ang isa pang kabutihan nito ay gagaan ang pag-aaral ng mga bata, na sa lagai ng CA, CE, CI, CO, CU, QUA, QUE, QUI, QUO, QUU at GA, GE, GI, GO, GU at GUA, GUE, GUI, GUO, GUU; ay walang pag-aaralan kundi KA, KE, KI, KO, KU at GA, GE, GI, GO, GU, alinsunod sa matandang sulat tagalog.

Nasa ilalim ng notang ito ang mga titik Tagalog at katumbas nito sa alibata.

NUEVA ORTOGRAFIA: PALATITIKANG PAMBANSA

Ipinagpatuloy niya ang "munting pagbabagong ito" sa mga salin niya kay Andersen. Sa isang sulatin sa La Solidaridad (15 Mar. 1890), pormal niyang inihain ang "bagong ortograping Tagalog."

"Nararapat padaliin ang palatitikan, at magpasok ng ibang ortograping lalong tumpak at naayon sa katwiran. Nararapat din namang maging agpang sa diwa ng ating wika at ng mga kapatid na wika nito at makapagpanatili sa anyong salitang-ugat upang sa ganito'y mapadali ang pag-aaral nito at matutuhan kahit ng mga dayuhan."

Nasaisip na rin niya ito sa NOLI; "bago" ang pagkalimbag ng mga salita't banggit doon sa Tagalog. Hindi naman ito tunay na bago, kundi paggigiit lang ng katutubo, sapagkat sa pamamagitan ng labimpitong titik ng matandang baybaying tagalog -- tatlong patinig A, I, U at 14 na katinig: KA, GA, NGA, TA, DA, NA, PA, BA, MA, YA, LA, WA, SA, HA -- "nabibigkas noon, gaya rin ngayon, ang lahat ng

salita sa ating mayamang wika." Isa na ring deskripsyon ng gramang artikulo na ito ng 1890, naisasaalang-alang ang mga impluwensyang Espanyol at lakad ng panahon at napaghahambing sa ibang wika.

Halimbawa itong talakay sa I at E, U at O: "Ang I nasa gitna ng salita ay kaisang-kaisa ng tunog ng Espanyol na I. Kung nasa hulihan ng pantig naman ay ibinubuka nang konti ang bibig sa pagbigkas at nagkakatatunog na tulad ng titik ingles na Y sa dulo ng mga salitang *carry*, *fluently* at iba pa, alalaong baga'y nagkakaroong isang tunog na alangang E at I, bagay na ikinapaniwala ng maraming Espanyol na walang pagkakaiba ang E at I sa paggamit ng Tagalog. Walang bahid ng katotohanan ang patotoong ito sapagkat walang sinumang Tagalog na magsasabing *selid* sa halip na *silid*, o kaya'y *siled*, na may maliwanag na E sa Espanyol. Samakatwid, nararapat gamit ang I maging sa gitna at maging sa dulo ng isang salita, at nararapat itakwil ang paggamit ng E na ipinasok ng mga manunulat na taga-ibang bansa.

"Ang U, kapag nasa gitna ng salita ay sintunog ng U sa Espanyol. Kapag nasa hulihan ng pantig ay ibinubuka nang konti ang bibig sa pagbigkas at ang nagiging tunog ay alangang O at U. Naging dahilan naman ang bagay na ito upang maniwala ang ilan na ginagamit ito ng mga Tagalog nang walang pagkakaiba. Ito rin ang sanhi kung bakit ipinasok ng mga prayleng mananagalog ang kakatwang pagsulat ng *olo*, *vondoc*, at iba pa. Ang pagkakaroong mga salitang *tutuo*, *noo*, *poon*, na maging ang unang O, at maging ang ikalawang O ay may tunog na U, sa hulihan at may kahabaan ang tunog. Samakatwid, maaring tanggapin ang O sa hulihan lamang ng salita, at may tunog na katulad na OU, na lalo pang makipot at patulis ang bilog na bukas ng bibig kaysa O ng mga Italyano."

Walang anumang pagbabago sa T, N, P, B, M, Y, L at U. Nananatili ang tunog ng D, maliban kung napapalitan ng R sa ikagaganda ng tunog, halimbawa ng *marami*, *darating* at iba pa; ngunit mali ang mga bigkas na *tantar*, *bakor*, *sinulir* sa halip ng *tadtad*, *bakod*, *sinulid*. Iniingatan ang tunog na H sa unahan at gitna ng salita, pero hindi ito natatagpuan sa dulo.

Ginawang simple ang mga GA, GU, GO ang naging GA, GI, GO, gayundin ang iba pang katulad na KA, KI, KO, KU para sa CA, QUI, CO, CU. Nakabatay ang pagtutol sa gamit ng K sa umano'y pinagbuhatan nito (itakwil dahil kuha sa Aleman!) "(Labis naman yatang pagpapababa... kapag pinagpilitan... Nalalaman ng lahat ng bata sa mataas na paaralan na ang K ay kilala na at nakarating sa atin sapul pa noong kauna-unahang panahon, buhat sa Gresya na may letra nang ito sa kanyang baybayin, at halos kaisang anyo ng titik na ito ang kanyang baybayin, at halos kaisang anyo ng titik na ito ang tinatawag nilang KAPPA. Mayroon ding ganito ang baybaying Hebreo bagamat iba lang ang anyo. Sa kasalukuyan, mayroon din nito ang halos lahat ng mga bansang Europeo, ang Russia, England, Denmark, Holland, Switzerland, Norway at iba pa. Mayroon din nito

ang lahat ng bansang gumagamit ng binagong ispeling na Griyego; mayroon nito ang mga Pranses, Hilagang Amerikano, Hapones, Tsino, Arabe, Sanskrit; mayroon din ang lahat ng sangay ng wikang Malayo at kung hindi man katulad na katulad ng titik na ito ay kawangis naman, na ipinapalit sa K kapag isinaibang-titik ang wikang Latin."

Nalibot na ni Rizal ang buong mundo sa pag-aaral ng mga wika! Ipinasok din niya ang gamit ng W, halimbawa aliw para sa alio, awa para sa aua, at iba pa. (Sabi niya kay Blumentritt, 10 Abr. 1895, mas nais niya ang baybay na lanaw sa lanao, samakatwid *Mindanao over Mindanao*.) May mungkahi siya sa gamit ng pandiwang pag-angkop na AY. May sinabi rin siya para sa palatuldikan. Tinalakay niya ang gamit ng NA at NG, at nagsabing isulat na lang ang G para katawanin ang NG, may pasubali gayunman na "sa bagay na ito, nararapat magpasya ang mga batikang mananagalog."

Sinabi niya gayunman kay Ponce (18 Agos. 1888) na "ganap ang pagkakangkop" ng bagong ortograping Tagalog sa matandang panulat na naengkwentro niya sa British Museum. "Sundin ninyop rin," dahil ipinatupad na ni Pedro Serrano sa nalathala nitong billete at sa lalabas pang diccionario. Oo nga, tugon ni Ponce (25 Agos. 1888), nagsusulat na siya ng ganito kasama ang kanyang pamilya at mga kaibigan. Tinanggap ni Rizal (mula Bruselas, 26 Mayo 1890) ang mga librong ipinadala ni Ponce, pati na isang artikel na salin nito, at:

...nakita na nasusulat na alinsunod sa ating ortografia. Tila mandin gayo'y ang bagay na ito'y atin nang napaglinis. Sinuman ay makapagsasabi na tayo'y mayroon ng ating sarili.

Mainam ang pagkakasalin sa wikang tagalog ng "Arancel;" dapat purihin at tularan ang gayong pagkakatagalog.

Mapagkumbaba si Ponce (2 Hunyo 1890) sa puri ng "piling kaibigan," subalit may iwing pagmamalaki:

...Sa ortografiang tagalog ng "Arancel" ay mayroon din magisagisang maling nakaligtaan, dala ng di pa natin kasanayan. Tayo'y mayroon ng panununtunang *regla*; din na maliwag ang pag sasanay. Mauunti na nating ma ikakalat sa ating lupa.

Sa pagtalima sa mungkahi niya, ginamit na rin ito ng ilang kapwa propagandista, tulad ni Marcelo del Pilar, pati na si Blumentritt, "...at inaasahan kong gagamitin na rin ng bayang Pilipino, pagkatapos ng isang makatwirang pagtatalo hinggil sa pagkamarapat at pagkaangkop sa panahon." Maaayos at pagagandahin

ng panahon ng panahon ang mga pagbabagong ito. Hinay-hinay ang lapit at pagpapalaganap, "sapagkat hindi mahihintay na gamitin ito kaagad noong mga nahirati sa pagsulat sa dating pamamaraan. Ang pagbabago'y lagi nang pinagbubuhatan ng di kokonting kahirapan, at ipinagtatapat namin na kami man ay nakasumpong din sa simula ng maraming sagwil at madalas ding nagkakamali. Makalipas ang ilang araw at doon lamang nakapanaig ang kadaliang pagkamakatwiran ng bagong paraang ito sa dating kinaugalian, at nagapi ang tanang kahirapan. Dahil dito, hindi kami nag-aalinlangang lalaganap rin sa huli ang palatitikang ito, at bagamat pinapansin namin yaong naglilimi nang husto bago pagpasyahan itong gamitin, nananalig kaming kapag naliwanagan na sila ng kabutihan ng bagong ortograpiing ito, aariin na nilang palatitikang pambansa, makatwiran at magaan sa ating matamis na wika."

LAONG LAAN: ANG PARANG NA PAGLALABANAN

Oktubre 1891, sa pagkatanto ng kawalang-saysay sa pagpopropaganda sa labas ng bansa, mariing ipinahayag ni Rizal sa mga kapanalig na

Kung ang inaasahan ng ating mga kababayan ay tayo rito sa Europa, ay totoo silang namamali... Ang gamot ay dapat ilapit sa maysakit... Ang parang na paglalaman ay ang Filipinas... umasa sa sariling lakas.

Nilagdaan niya ito bilang *Laong Laan*. Kailangang bumalik sa lupang tinubuan. Ang mga kababayan ang kailangang pukawin. Purihin ang kababaihang taga-Malolos, gumawa pa ng mga polyeto, isulat ang ikatlong nobela sa wikang Tagalog. Pinanindigan niya rito, taglay ang "bagong" ortograpi, ang mga salitang binitiwang sa FILI (Simoun kay Basilio, Kab. 7): "Kung ayaw nilang ituro sa inyo ang kanilang wika, paunlarin ang sa inyo, palaganapin, papanatilihin ang bayan sa sariling isipan..."

Nais niyang "Humagkis, humalakhak, tumangis" sa ikatlong nobela dahil mga kaugaliang Katagalugan kasama na ang mga kasiraan ang matapat niyang ilalarawan. Nabunyag gayunman ang partikular na predikament ng mga Pilipinong tulad niya: "Pinaghihirap ako sa pagsulat ng librong ito, dahil marami sa aking mga naiisip ay hindi ko malayang naipapahayag kung hindi ako gagamit ng mga neolohismo; bukod dito, hindi na ako sanay magsulat sa Tagalog." (Kay Blumm 31 En. 1892)

MONUMENTO A MI IDIOMA (BANTAYOG SA AMING WIKA): MGA GAWAIN SA DAPITAN

Hindi nga natapos ang ikatlong nobela, subalit hindi ito hudyat ng pagsuko hinggil sa katutubong wika. Sa pagkapatapon sa Dapitan, payo ni Blumentritt (1 Nob. 1892), harapin na niya ang

paggawa ng isang grammar ng Tagalog. "Sa Pilipinas walang isang taong nag-aangkin ng katalinuhang gaya mo, walang nagtataglay ng karunungan gaya mo; bukod dito anak ka ng isang bansang Tagalog; kaya't walang sinumang bubuti sa iyo sa pagkakaloob sa iyong bayan at sa buong daigdig na MakaMalayo ng isang grammar ng wikang Tagalog..."

Bandang 15 Peb. 1893, balita niya, mga ilang araw na siyang nagtatrabaho, "isang grammar na orihinal, sui generis." Sa pagtatapos ng taon (19 Dis. 1893): "Ang aking grammar ng Tagalog, ibig sabihin ang pag-aaral ko tungkol sa wikang Tagalog, ay tapos na. Di hamak na naging malawak ang kaalaman ko kaysa noong akin itong nasimulan..."

Ito na ang kanyang **Estudios Sobre La Lengua Tagala**, inialay sa dati niyang guro sa Ateneo. Dito, ang manunulat ng mga sanaysay at nobela, naging dalubwika. Ang natuto ng iba't ibang wikang banyaga, bumaling sa katutubong dila. Dayuhang wika gayunman ang daloy; maaalala ang katulad na sitwasyon ng ikatlong nobela.

"Napakaikli," surat-kamay sa isang cuaderno lamang, ang pag-aaral na ito kumpara sa iba, datapwat taglay nito ang balangkas ng masinsing pag-aaral at paghahambing-hambing.

Ganito ang panimula: "Ang Tagalog ay nalilipi sa angkan ng mga wikang ang mga salita'y nabubuo sa pamamagitan ng paglalapi at pagtatambal. Matagal na panahong ang paniniwala'y sangay ng wikang Malayo ang Tagalog sapagkat ang Malayo ang siyang unang-unang wika sa angkan ito na nakilala ng mga taga-Europa. Ngunit napapatunayan ng mga huling pag-aaral na naghahambing-hambing ng mga wikang Malayo-Polinesyan na walang matibay na saligan ang paniniwalang ito. Ang pagbabanghay ng pandiwang Tagalog ay hindi lamang hindi hango sa pandiwang Malayo kundi nag-aangkin ng lahat ng uri nito bukod pa sa mga uri ng mga ibang wika.

"Bagamat sa Tagalog, sang-ayon sa pagbigkas at pagsulat sa kasalukuyan (na kokonti ang kaibhan sa matandang Tagalog), maraming salitang hiram sa Sanskrit, Espanyol at Tsina, ang balangkas naman ng wika ay nananatili sa sariling kakanyahan at katangian. Ang mga salita itong banyaga ay para bagang pinakapalamuti ng wika, gaya ng mga batong isinisingit sa isang hiyas; puwedeng mawala o mabago kaya nang hindi nakapipinsala sa kabuuan."

Ito marahil ang di-tuwirang sagot ni Rizal sa mungkahi ni Blumentritt na gawing "lantay" o "puro" ang wikang Tagalog.

Sinundan ito ng talakay ng alfabet, at pagkatapos ng mga bahagi pananalita.

"Kung isasalig sa kahulugan ng mga salita, ang paghahati-hati sa walo o siyam na bahagi ng pananalita na karaniwang gawin ng mga sumusulat ng grammar ay maikakapit din sa Tagalog. Pero kung ang

pagbabatayan naman ay ang linggwistika, ang mga salita sa Tagalog ay nahahati sa pangngalan, panghalip, pang-abay, ugat, kataga at hulapi." (Hulapi. 1894).
Bantad sa Estudios ... ang pangkalahatang kaalaman sa mga wika ng may-akda; halimbawa, sa talakay ng unlaping MAG. o MOOG ng Aleman, MAY ng Ingles, MAGNUSIS ng Latin, MEG ALOS, MAX o MAI ng Griego, MAHIMO ng Bisaya, atbp. ay nangangahulugan ng ikagagawa ng ibig sabihin ng salitang-ugat."
At totoo nga, "dihamak na naging malawak ang kaalaman...kaysa noong...nasimulan" sapagkat may mga bagong pagkatanto.
Sabi niya kay Blumentritt, sa isa sa mga liham niyang multilingwal (31 Hul. 1894):

My grammar about the Tagal is long ago finished. I intend to published [sic] it as soon as I shall be set at liberty. I will bring to light so many things that I believe nobody thought of. I make references to bisaya, Malay and Madecassis according to Dr. Braudstter...

This Gewalttatigkeit exerted upon me gave me a new language; the bisaya; taught me how to steer a vessel and to manage a canoe; made me better acquainted with my country and presented me with some thousands of dollars! God can send you your fortune amidst the persecutions of your friends! How do you find my English?
Sa pagitan ng pagpapadala ng mga ispesimen ng mga hayop, ibon at insekto, ibinalita rin niya kay Dr. Meyer (31 Hul. 1894) ang pagkatapos ng gramat na nagsabi ng kanyang balak na sumulat ng "isang malaking diksyunaryo ng mga wika at dayalek sa Pilipinas," isang diksyunaryong naghahambing-hambing at ipapaliwanag sa Ingles, Pranses, Espanyol at Aleman. Sa puntong ito, hiningan niya ng tulong ang bayaw na Manuel Hidalgo (5 Hun. 1894): Tutulungan ninyo ako sa gawain ng paghahanap ng mga salita at paglalagay ng mga kahulugan; ako ang bahala sa mga klasipikasyong gramatiko ng mga iyon, paghahanap ng mga kauri sa mga wikang Espanyol, Ingles, Pranses at Aleman. Sa ganito'y makakagawa tayo ng isang napakahalagang akda tungkol sa wikang Tagalog." Isa ito sa mga akdang hindi natapos; apat na pahinang extant ng **Vocabulario Ingles-Tagalog**.

Sulat pa niya kay Blumentritt (4 Hul. 1894): "Iniisip kong sulatin sa Ingles ang aking gramat ng Tagalog at ang orihinal ay ipapadala ko kay Doktor Rost para maiwasto niya ang mga mali sa Ingles. Ngayong itinutuloy ko ang pag-aaral ng Bisaya, nauunawaan kong kahit sa ortograpi lang na aking iminungkahi, sukat nang

maipaliwanag nang madali ang ilang pagbabago-bagong tinig ng mga wikang ito. Sa akala ni Dr. Rost, maaring tipun-tipunin ang mga wikang sinasalita rito sa dalawa: Bisaya at Tagalog. Naniniwala akong puwedeng pagsamahin ang Bisaya at Tagalog sa isa, sa pamamagitan ng mga pagbabago-bago ng mga tinig na aking imumungkahi: ang pagkakaiba ng Tagalog sa Bisaya ay malaki lang nang konti kaysa pagkakaiba ng Plattdeutsch (wikang sinasalita sa isang pook) at ng Aleman sa timog."

Hindi ito naipatupad agad, marami ang ikokonsider. (Kay Blum., 5 Abr. 1895): "Kung ipinagpaliban ko man ang paglalathala ng aking grammar ay sapagkat nais ko munang masanay ako sa wikang Malayo, upang malutas ko kung totoo o hindi ang palagay ng marami na ang wikang Malayo'y siyang pinagmulan ng wikang Tagalog! Natututo na ako ng Bisaya, at sinasalita ko na ito nang mabuti, ayon sa ilan..."

Another understatement ito; sapat na ang kumpanya niya dahil nakapagbubulalas siya na "may diskunaryong Bisaya ako ni P. Encarnacion; kay daming mali!" Sa busisi ng alamat ng ngalang Dapitan, *rendez-vous* ito, pook na tipanan ng 800 pamilya, "ang Dapit, sa Bisaya, ay nangangahulugang mag-anyaya; Dapitan, pook na pinag-anyayahan ng 800 mag-aanak."

Pahayag pa niya: "...gayunman kailangan ko ring matutuhan ang iba pang wika sa Pilipinas; magbasa pa tungkol sa mga wikang Malayo-Polinesyan, magkaroon ng aklatang mapagsasanggunian ng mga aklat na wala ako at makita ang grammar na sinulat ng iba; hindi ko magagawa ito habang narito sa pook na ito; kinukulang ako rito ng lahat ng bagay at tinataglay ko ang pagmamalaki at ang hangad na sumulat ng isang grammar ng Tagalog, na kung hindi man magiging pinakamabuti sa lahat ng grammar na nalathala na, ay makapagdulot man lamang ng higit na nilalaman ng mga iyon. Ito ang dahilan kung bakit hindi ko ipinalalathala ang aking grammar: ang hangad ko'y makapapatayo ng isang bantayog sa aming wika: nasa akin ang panukala, pero kulang ako sa mga kagamitan at kasangkapan."

At sa oras mangyari pa. Lalo na at sumiklab ang himagsikan.

LAGOM

Kaugnay ng adyenda ng pagkabansa, hindi nakaligtaan ni Rizal ang sariling wika. Nahirati sa pagkabanyaga, tulad ng diaspora o pagkalulong ng mga Pilipinong intelektwal, ngunit sa bawat hakbangin naroon naman ang hatak ng katutubong wika, siyang nakikinitang ubod o sangkap ng pambansang talastasan. Konti nga ang produkto, at ngayon-ngayon lang napapansin, pero kuwidaw kung puwedeng isasantabi ang aktwal na halaga at implikasyon ng mga ito. Mas malawig sa paglalahad ng mga balak (napakadali ba?), subalit pahiwatig ito ng pagkasipat ng malayong tutunguhin, isang dakilang bisyon na lagi nang nanggagaod sa dakilang pagpupunyagi sa mga

sunod na salinlahi.

BIBLIOGRAPI

Coates, Austin

RIZAL; MAKABAYAN AT MARTIR. Salin ni Nilo S. Ocampo. UP Press, 1995.

Rizal, Jose

EL FILIBUSTERISMO.

EPISTOLARIO RIZALINO. 1936

ESTUDIOS SOBRE LA LENGUA TAGALA. Salin sa Tagalog ni
Cecilio Lopez 1962

ETIKANG TAGALOG. Salin ng Ikatlong Nobela ni Nilo S. Ocampo,
Lathalaing P.L. 1997

NOLI ME TANGERE

TAGALISCHE VERSKUNST/ARTE METRICA DEL TAGALO

VOCABULARIO INGLES-TAGALO

FILIPINO NG KILUSANG PAMBANSA-DEMOKRATIKO (KPD):
PILOSOPIYA AT PULITIKA SA PAMBANSANG WIKA

Monico M. Atienza

(Papel na binasa sa ika-8ng Kongreso ng Linggwistiks sa
Pilipinas, Disyembre 15-17, 1997; sa Oditoryum ng ISMED, U.P.
Diliman, Quezon City)

Panimula

May apat na bahagi ang maikling papel na ito. Una, pagbibigay ng mga mahalagang depinisyon kaugnay ng mga terminong kilusang pambansa-demokratiko (kpd), ideolohiya kaugnay ng pananaw at pilosopiya, pati na prinsipyong pang-organisasyon ng kpd. Ikalawa, ang tatlong mahalagang katangian ng Filipino o ng wikang pambansang tinutukoy at pinanindigan ng kilusang binabanggit. Ikatlo, ang tungkol sa mga panuntunan sa pagsasalin, ispelang, bokabularyo at balarilang Filipino na isinasaalang-alang at ginagamit ng kilusan sa iba't ibang antas at aktibidad nito. At ikapat, ang paglalagom at kongklusyong mahahalaw at/o mahihinuha sa naunang tatlong bahagi.

Ilang depinisyon at paglilina

Kilusang pambansa-demokratiko (KPD) ang terminong tumutukoy sa mga rebolusyonaryong pwersa--mga uri, sektor, grupo at mga indibidwal--na nasa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas na muling itinatag noong 26 Disyembre 1968 at mas kilala sa tawag na CPP-MLKMZ (Communist Party of the Philippines-Marxista-Leninista-Kaisipang Mao Zedong). Mahigpit na kaugnay ng pamumunong ito ang epektibong pangunguna ng CPP-MLKMZ sa Bagong Hukbong Bayan, mas kilala sa taguring New People's Army o NPA, at itinatag ng Unang Plenum ng Komite Sentral ng CPP noong 29 Marso 1969, at sa Pambansang Nagkakaisang Prente, higit na nakilala sa katawagang National Democratic Front o NDF, at itinatag noong 24 Abril 1973. Sa isang mas maluwag na pagtingin ang sabay-sabay at koordinadong pagkilos ng mga organisasyon at katipunang kababanggit ang nakapagpatuloy ng KPD sa Pilipinas, rebolusyonaryo ngang kilusang anti-imperyalista, antipyudal at anti-burukratang kapitalismo, na maitatangi sa nakalipas na halos tatlong dekada sa kasaysayan ng bayan. Panimulang mga punla ng ganitong patuloy na kilusan ang mga sumusunod:

- 1) Student Cultural Association of the University of the Philippines (SCAUP) noong 1959;
- 2) Lapiang Manggagawa (LM) noong 1963;
- 3) Kabataang Makabayan (KM) noong 30 Nobyembre 1964;
- 4) Samahang Demokratiko ng Kabataan (SDK), Malayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA), Socialist Party of the Philippines (SPP) at Movement for the Advancement of Nationalism (MAN) noong 1967 (Atienza: 1992).

Sa kasalukuyan, masasabi ring kaugnay at/o kakapit-bisig na nasa taliba ng KPD

ang mga militante at cause-oriented na mga uri, sektor, grupo at kalipunan ng mga indibidwal gaya ng mga sumusunod:

- 1) Kilusang Mayo Uno (KMU), sa larangan ng mga manggagawa at ng "tunay, palaban at makabayang unyonismo";
- 2) Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP), sa larangan ng mga magsasaka at manggagawang bukid na nagtataguyod ng tunay at makabuluhang repormang agraryo;
- 3) League of Filipino Students (LFS), sa larangan ng mga estudyanteng kumikilos para sa malawak at radikal na pagbabagong panlipunan;
- 4) Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN), pangunahing alyansa ng iba't ibang uri at sektor sa lipunang Pilipino na aktibong nagtataguyod ng pakikibaka para sa pambansang kalayaan at kasarinlan at tunay na demokrasya;
- 5) Congress of Teachers and Educators for Nationalism and Democracy (CONTEND), sa larangan ng mga guro at edukador na nagtataguyod ng pambansa at demokratikong adhikain ng sambayanan;
- 6) Alliance of Concerned Teachers (ACT), kalipunan din ng mga guro, laluna ng mga nagtatrabaho sa mga paaralang publiko sa primarya at sekundaryong antas na nakikipaglaban para sa interes sa ekonomiya at pulitika ng kanilang sektor;
- 7) General Assembly Binding Women for Reform, Integrity, Equality, Leadership and Action (GABRIELA), sa larangan ng mga kababaihang nakikibaka para sa pambansa at demokratikong interes na patuloy na niyuyurakan ng malakolonyal at malapyudal na kaayusan sa lipunang Pilipino;
- 8) Samahan ng mga Ex-Detainees Laban sa Detensyon at para sa Amnestiya (SELDA); at KARAPATAN, mga aktibong grupo ng mga dating detenidong pulitikal, biktima ng panyuyurak sa karapatang pantao at sibil, at mga pamilya ng mga naging detenido at biktima na patuloy na nakikipaglaban sa alinmang tipo ng paglabag sa demokratikong mga karapatan ng mamamayan; at ang
- 9) COURAGE, samahan ng mga karaniwang empleyado sa guberno at serbisyong publiko na nakikiisa sa pambansa at demokratikong pakikibaka ng nakalalaking bilang ng mamamayang Pilipino (Sinumang may bahagyang hilig na sumubaybay sa mga kilos protesta at aksyong masa sa ating bayan, o kaya'y sumubaybay sa mga pagbabalita sa radyo, telebisyon at dyaryo, ay maaasahang pumayag sa kababanggit na datos).

Alam din ng sinumang may bahagyang pagmamasiid sa kapaligiran na sa ngayon ay aktibong-aktibo ang KDP, sa pangunguna ng NDF negotiating panel na nakabase sa Utrecht, The Netherlands, at pakikipag-koordinado nito sa Melito Glor Command ng NPA sa Timog Katagalugan, sa negosasyon kaugnay ng pagpapalaya sa dalawang nabihag sa reyd sa Rodriguez (Montalban), Rizal na isinagawa ng NPA halos isang buwan na ang nakaraan. Kaugnay ng nasabing negosasyon, aktibong-aktibo rin ang mga kinatawan ng panel ng GRP (Government of the Republic of the Philippines),

gaya nina Solicitor General Silvestre Bello at Congressman Jose Yap ng Tarlac, sa pakikipagkasundo sa NDF panel tungkol sa usapin ng pagpapalaya sa dalawang bihag na sina Major Rene Francisco ng Rodriguez Police Force at Master Sergeant Joaquin Melad ng Philippine Army. (Pinalaya na ng nasabing kumand ng NPA ang dalawang bihag ng digmaan, sina medyor Francisco at sarahento Melad, noong hapon ng 5 Disyembre 1997.)

Ideolohiya ang terminong tumutukoy sa abanteng kaisipan at kamalayang gumagabay at nagpapakilos sa sulong na destakamento ng uring manggagawa---ang proletaryong partido nito---para wasakin ang pagsasamantala at pang-aapi at lahat ng tipo ng reaksiyon sa lipunang may-uri at kapitalista o alinmang lipunang binabansot ng kapitalismo, laluna sa anyong monopolyo nito. Sa kongkretong kalagayan ng rebolusyonaryong pakikibaka sa Pilipinas, ideolohiya ng uring manggagawa na siyang kumakatawan sa mga pinakaabanteng pwersa ng produksyon sa kasaysayan ng tao at daigdig ang nagpapakilos at gumagabay sa CPP-MLKMZ at lahat ng pinamumunuan nitong mga organisasyon at indibidwal. Kaisipan at kamalayan, pilosopiya at/o pananaw sa lipunan at mundo, ang ganito: nagtataguyod sa uring manggagawa bilang namumunong pwersa ng demokratikong rebolusyong bayan sa Pilipinas, pamumunong nakasalalay naman sa malawak na masang magsasaka at manggagawang bukid, at masugid na kaugnay ng nagkakaisang prente ng iba pang mga pwersa, uri, sektor, grupo at mga indibidwal na anti-imperyalista, progresibo at demokratiko; kamalayan at kaisipan ngang isinusulong ang pambansang kalayaan at kasarinlan at ang rebolusyong agraryo. Sabihin pa, malay na itinataguyod ng KPD ang demokratikong rebolusyong bayang may perspektibang sosyalista at naglalayong magtatag sa isang antas ng estadong proletaryong kaipala'y magbubunsod ng sosyalistang rebolusyon (Halaw sa *Lipunan at Rebolusyong Pilipino* ni Amado Guerrero, 1994; at kinatas din sa iba pang dokumento't babasahing KPD).

Pulitika ang terminong tumutukoy sa lahat ng anyo ng pagkilos ng KPD na may tuwiran o masustansyang layon nitong umagaw at magpanatili ng kapangyarihang kumontrol at mamahala sa gubyrerno---mula mababa hanggang mataas na antas. Pangunahin dito ang armadong pakikibaka ng NPA at mga alyadong pwersa para umagaw at magpanatili ng kapangyarihan; mahigpit na kaugnay ng ganito ang pagtatag ng mga organisasyong masa at rebolusyonaryong gubyrerno sa kanayunan. Ang mga pangmasang pagkilos ng mga organisasyong lantad at ligal sa mga syudad, poblasyon, munisipalidad at kanayunan, gaya ng mga demonstrasyon, rali, welga, piket, martsang bayan at iba pang publikong pagtitipon protesta at pagpapahayag ay tiyakang kabilang din sa gawain sa pulitika ng KPD. Sa pangkalahatan at pangmatagalan, pangunahing linya at istrategiya sa pulitika ng KPD ang "pagsalikop/pagpaligid sa mga syudad mula sa kanayunan" sa paraan ng matagalang digmaang bayan." Maidaragdag pa ang nagaganap, bagamt pauntul-untol, na pakikipag-usap pangkapayapaan ng DND sa mga kinatawan ng gubyrernong Ramos, sa Utrecht, The Netherlands bilang isang mahalagang hakbangin ng KPD sa Pilipinas---tungo nga sa pagsusulong ng rebolusyong pambansa-demokratiko (Pakikitalakay/palitang-kuro sa ilang elemento at taga-masid ng KPD sa Pilipinas, Antipolo: 2 Marso 1997). Sa pamumuno sa ideolohiya at pulitika ng CPP-MLKMZ sa KPD, kung saan sinabi nang mahigpit nitong kakawing ang NPA at NDF, prinsipyong pang-organisasyon at metodo ng pagdedesisyon at pamumuno niyon ang *demokratikong sentralismo*---kung saan sinusunod ang demokratikong proseso sa lahat ng antas, mula mababa tungong mataas, sa lahat ng pag-uusap at pagpapasya; ngunit sa sandaling napagpasyahan na, ipinatutupad nang walang pabali ang napagpasyahan,

mula itaas hanggang baba nga. Sinasabing isa itong tipo ng demokrasya na may sentral na patnubay, desisyon ng mayorya na may sentralisadong patnubay sa itaas. Pati ang mga desisyon, patakaran at iba pang kapasyahan tungkol sa wika at paggamit nito, kasama na ang pagsasalin, ispelang, bokabularyo at balarila/gramatika, ay napapaloob sa proseso ng demokratikong sentralismo (Atienza: *ibid.*).

Filipino ng KPD at mahalagang mga katangian nito

Sa KPD, ang pambansang wika ay *Filipino*, nakabatay sa Tagalog at umunlad na sa buong kapuluan at napayaman na ito ng iba't ibang salita at termino mula sa iba't ibang wika sa Pilipinas, kasama na ang mga dayuhang wika, pangunahin na ang Kastila at Ingles; gayunman, di na tinatalo pa ng kilusan ang katawagang *Filipino* sa wikang pambansa ng Pilipinas sa ilalim ng Konstitusyong 1987. Malaki man ang impluwensya rito ng Pilipinong ginagamit sa Kamaynilaan at malawak namang napasaabot ng radyo, telebisyon, pelikula, o maging ng ilang dyaryo at magasing popular, masasabing may umuunlad na itong mga barayti sa iba't ibang rehiyon sa bansa, kung saan nga ang mga salita at terminong gamitin ng nakararaming mamamayan sa liblib, munisipalidad, poblasyon at lunsod ay nakikipaglakipan sa pambansang wikang *Pilipino/Filipino*. (Kapansin-pansin sa lahat ng mga upisyal publikasyon ng kilusan, tago man lantad at laluna sa panitikan at kultura, ang mga glosari ng mga salita at terminong taal at/o nagmula sa rehiyon, probinsya, munisipalidad, lunsod at liblib na kinikilusan ng KPD; karaniwan nang makikita ang ganitong listahan ng mga salita at termino at kahulugan ng mga ito sa mga huling pahina ng mga publikasyong tinukoy.) Sa antas na *diskurso o praktikanang panlipunan* ang wika, sa pakahulugan* ni Norman Fairclough sa kanyang *Language and Power*, maituturing din diskurso *Pilipino/Filipino* ng KPD dahil may tiyak na mga salita at termino ang wikang ito na tumutukoy sa mga gawain sa ideolohiya, pulitika at organisasyon ng kilusan; may tiyak din itong mga termino para sa mga kaibigan at kaaway, sa loob man o sa labas ng kilusan; at ang mga salita at terminong tumutukoy sa ekonomiya, lipunan at kultura ay kapansin-pansin di lumilihis sa naitakda/nakatakda, maging ang gamit ng mga ito'y sa nakatatasa na organo o nakababang antas ng kilusan. Kagyat ngang masasabi na kakikitaan ang KPD ng isang tatak o senyas sa wika, sa *Pilipino/Filipinong* ginagamit at isinasapraktika nito. (Sa mga partikular na halimbawa ng mga salita at termino kaugnay ng pagpansin sa ispelang, bokabularyo, pagsasalin at balarila/gramatika, na makikita sa ibang seksyon ng papel, mas magiging kongkreto ang nasabing mga tatak o senyas ng wika ng KPD.)

Mula sa "Hinggil sa Wika" ng kilusan (Apendiks, Atienza: *ibid.*), hinahango natin ang sumusunod:

Sapagkat ang anumang kilusan sa wika sa ating bansa ay nararapat lamang magtaglay ng pagtanaw sa hinaharap ng sambayanang Pilipino, ang kilusang ito'y

*Kung saan ang wika ay tiyak na instrumento ng produksyon, pagpapanatili at pagbabago ng mga relasyon sa kapangyarihan sa partikular, at relasyon sa lipunan sa kabuuan.

di maiiwasang maging bahagi lamang ng higit na masaklaw at pangkalahatang kilusanng sambayanang Pilipino sa pagpapalaya.

Kasalukuyang nagbabangon ang mga inaapi't pinagsasamantalang mamamayan; tayo'y mulat sa katiwalian at kabulukuan ng ating kapaligiran; tayo ngayo'y kumikilos upang isakatuparan ang mga dakilang mithiin ng ating sambayanan.

Ang sarili nating mga pangangailangan ang magpapasiya at magtatadhana kung saan at papaano susulong ang wikang magbubunsod sa ating kilusan sa isang bagong kasukdulan.

Hinggil dito, ilang punto hinggil sa wika ang ating dapat tandaan. Kung ito'y ating gagamitin bilang sandata sa demokratikong rebolusyon ng sambayanang Pilipino, ito'y nararapat lamang maging *pambansa, syentipiko at pangmasa*.

Ito'y *pambansa* sapagkat isa itong wikang katutubo at sa gayo'y nagtataglay ng mga katangiang likas sa ating bansa, ibig sabihin'y isa itong kasangkapan sa paglalahad ng ating pambansang kamalayan. Sa paggamit nito'y atin na ring iginigiit ang soberanya ng ating bansa, gayundin ang kasarinlan nito. Sa kasalukuyang sistema, ginagamit ang wikang dayuhan ng imperyalismong Amerikano (imperyalismong US na ang tawag ngayon) at mga katutubong alipuris nito upang pagsilbihan ang sarili nilang interes. Ang paggamit nito'y nangangahulugang hindi naaabot ng higit na nakararami sa ating mamamayan ang mga katotohanan tungkol sa kanilang paligid sapagkat ito'y itinatago sa pamamagitan ng wikang hindi nila nauunawaan. Upang salungatin ito at mapawalang-bisa, isang katutubong wika na nauunawaan ng sambayanan ang nararapat gamitin sa paglililaw ng mga bagay-bagay at sa pagpapaabot sa mga mamamayan ng lahat ng bagay tungkol sa umiiral na sistema. Ang wikang Pilipino ay isang panlaban sa mga hibo ng imperyalismo, isang paraan ng pagpigil sa pagsasamantala ng isang bansa sa isa pang bansa.

Ito'y *siyentipiko* sapagkat ito'y batay sa obhetibong katotohanan. Isinasaad din nito ang obhetibong kalagayan, di katulad ng ginagamit ng mga burgis (burges na ngayon) at mga nagsasanggalang sa umiiral na kalagayan na binabaluktot ang wika upang itago sa nakararami ang mga katunayan. Ang pag-unawa sa lipunan at sa kalikasan ay nakasalalay sa isang banda, sa kahusayan ng pagsasaad nito sa pamamagitan ng wika, o sa ibang salita, kung paano ito nailalahad ng tao. Sa kasalukuyan, nakakagawian pa rin ng marami na gumamit ng kung anu't anong salita na hindi naman tiyak ang kahulugan, mga salitang pinalalaganap ng mga sugo ng naghaharing uri. Halimbawa, ang ating bansa ay nakagawian nang tawaging "di-maunlad na bansa" (underdeveloped country); hindi ito tiyak sapagkat itinatago nito ang katotohanan ng umiiral na kalagayan, kaya't para sa atin, ang ating bansa ay "bansang pinagsasamantalahan at inaapi" (oppressed and exploited country). Ang mga huling salita ay higit na lumililaw sa tunay na kalikasan ng ating bansa. Napapanahon na upang ating iwaksi ang lahat ng sagabal sa ating obhetibo't siyentipikong pagtingin sa mga bagay-bagay. Napapanahon na upang iwaksi ang lahat ng kaisipang piyudal at pamahiin. Ang wika'y dapat maging panlaban sa mga ito, isang paraan ng pagpuksa sa anumang naglililihim sa katotohanan.

Ito'y *pangmasa* sapagkat ito'y wika ng malawak na masa ng sambayanan at

naglilingkod sa kanila. Itinuro sa ating ng Tagapangulong Mao:

...lahat ng wastong pamumuno ay kinakailangang "mula sa masa, tungo sa masa." Ito'y nangangahulugang kunin ang mga kaisipan ng masa (mga kalat-kalat at di-sistematikong kaisipan) at tipunin ang mga ito (sa pamamagitan ng pag-aaral ay gawing buo at sistematikong kaisipan, pagkatapos ay magtungo sa masa at palaganapin at ipaliwanag ang mga kaisipang ito hanggang sa ang mga ito ay angkinin nila, mahigpit na hawakan at isalin sa kilos, at subukin ang kawastuan ng mga kaisipan sa pamamagitan ng gayong kilos. Pagkatapos, muling tipunin ang mga kaisipan mula sa masa at mula sa masa at muling magtungo sa masa upang ang mga kaisipan ay maigiit at mapairal. At ito ay patuloy, paulit-ulit sa walang katapusang pag-ikid, habang ang mga kaisipan ay lalong nagiging wasto, higit na may buhay at mayaman sa bawat pag-ikid.

Ito ang dapat maging patakarang sa wika. Ang wika, kung ito'y papaglingkurin sa malawak na masa ng sambayanan, ay nararapat maging wikang nauunawaan at inaangkin nila bilang sarili nilang wika. Ang wikang ito'y wikang laban sa wikang ginagamit ng mga reaksyonaryong uri; ang wikang ito'y tunay na nagsasaad ng mga adhikain at mithiin ng malawak na masa ng sambayanang Pilipino.

Sa kasalukuya'y unti-unting nagiging realidad ang mga pamantayang ito hinggil sa wika. Habang sumusulong ang pambansang demokratikong kilusan, ang wika ay patuloy na umuunlad at lumalapit sa pagiging ganap na pambansa, siyentipiko at pangmasa. ...Ang pagsapit ng tagumpay ng demokratikong rebolusyon ng bayan ay pagsapit na rin ng wikang pambansa sa tunay na kahahantungan nito, ang panahon nang ang sambayanang Pilipino ay nagkakaisa at nagsasarili na, ang imperyalismo, piyudalismo at burukratang kapitalismo ay napawi na, at lahat ng mamamayan ay nagpupunyagi sa pagtatayo ng lipuang sosyalista.

Mahaba ang pagsipi sa "Hinggil sa Wika." Angkop lamang ang ganito, para makita nang ganap ang pilosopiya at/o pananaw sa wikang pambansa, sa *Pilipino/Filipino*, ng kilusang ating pinag-aaralan. Mas mainam ngang sa bibig o teksto ng KPD mahango ng sinumang tagapakinig o mambabasa ang pilosopiya at pulitika sa wika ng kilusang tinutukoy. Hanggat maaari, "pagsasalitain"/ "pagtatalakayin" sa "salita/wikang sarili" ang KPD sa papel na ito.

Kaugnay pa rin ng *Pilipino/Filipino* na pinaunlad at pinayayaman sa proseso ng pagtataguyod ng demokratikong rebolusyong bayan, ganito ang sinab ni Kris Montanez, isang masugid na tagapagtaguyod at aktibong alagad ng kultura at sining ng KPD: "Ang mga dokumento, babasahing teoretikal, likhang pampanitikan at pansining ng kilusan ay nasusulat ang nakararami sa pambansang wika. Ang mga ito'y nakararating sa iba't ibang pook at sulok ng kapuluang kinikilusan ng mga kadre, kasapi at aktibistang simpatisador ng kilusan; marami at magkakaiba ang mga wika at wikain, dyalektikong paglalapat-pagtatagisan ng dalawang tipo ng wika, na di maiiwasang magbunga ng pag-unlad at pagyaman ng dalawa di lamang sa lebel ng mga salita at termino. Gayunman, malinaw na ang pambansang wika ang nakahihigit sa pagpapasok, minsan nga'y paggigiit, ng mga salita at terminong ideolohikal, pulitikal at organisasyonal sa mga wikang lokal." (Panayam).

Mga panuntunan at paliwanag hinggil sa pagsasalin, ispeleng, bokabularyo at balarila/gramatikang Pilipino/Filipino

Noong 1981, naglabas ng dalawang dokumento ang Kawanihan sa Pagsasalin (Kawsa) na nasa ilalim ng Departamento sa Edukasyon ng Pangkalahatang Kalihiman ng CPP-MIKMZ. Ito'y ang "Gabay sa Pagsasalin" at "Ilang Punto Tungkol sa Ispeleng, Bokabularyo at Balarilang Pilipino." Ang huli ay nirebisa at muling inilabas nitong 1996, at tinawag na itong "Gabay Tungkol sa Ispeleng, Bokabularyo at Balarilang Pilipino." Manipis na polyeto ang una, may 17 pahina na 6 na pulgada ang lapad at 8 pulgada ang haba, ayon sa deskripsyong pisikal dito ni Rizalina Valencia sa isang papel na binasa niya sa isang kolokyum ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Kolehiyo ng Arte at Literatura sa U.P. sa Diliman (Apendiks IX, Atienza: *ibid.*); may 54 na pahina naman at kaparehong sukat ang ikalawa.

Ayon pa kay Valencia, may dalawang pangunahing pananaw sa pagsasalin ang kilusan: una'y ang pagsasaling pagkadikit-dikit sa orihinal at naglalayong maging napakatapat sa orihinal at sa estilo ng may-akda; at ikalawa'y ang pagsasaling malaya at idyomatiko, kung saan ang diwa, hindi ang titik, ng akda ang isinasalin. Sa mga syentipikong akdang madalas ay tungkol sa mga batas ng lipunan na simulat ng mga kilalang komunistang gaya nina Marx, Engels, Lenin, Stalin at Mao, ang unang pananaw/pamamaraan ang ginagamit; at sa mga akdang pampanitikan at pansining naman, ang ikalawa ang sinusunod. Gayunman, nakikita ang dalawang panganib sa pagdidiin lamang sa bawat isa: usa una'y maaaring maging literal at mawala na ang halaga ng mga katangian at alituntunin sa gramatika ng wikang pinagsasalinan, at sa ikalawa'y maaari namang maging sobrang maluwag at malaya na ang nagsasalin at mawalan na ang halaga ang awtor ng orihinal at mabale-wala rin ang mga katangian at panuntunan ng wikang isinasalin. Sa kabuuan, ayon pa kay Valencia, dapat mabalanse ang dalawa: maging matapat sa pagsasalin ngunit gawing idyomatiko, makinis at madulas ang anumang isinalin; ang ganito'y kapuwa may pagpapahalaga sa pinagmumulan at tinutungong mga wika ng salin, sa estilo ng awtor at sa estilo ng nagsasalin. Ganito sa kongkreto ang sinusunod na proseso ng pagsasaling sinusunod ng Kawsa: "Paano isinasagawa ang aktwal na pagsasalin ng isang akda? Ang unang borador ay inihahanda ng isang kasama at sinusuri ng iba pa. Pagkatapos ay magtatakda ng isang pulong kung saan binabasa nang malakas ang salin habang sumusubaybay sa tekstong Ingles ang iba pa. Sa pulong na ito ay pinagkakaisahan ang katapatan at kakinisan ng orihinal. Ang resulta nito ay isa pang borador, na posibleng pagpulungan muli hanggang sa masiyahan ang lahat. Ang dami ng mga borador ay depende sa uri ng tekstong isinasalin---kung ito ba ay simpleng tulad ng abiso, sulat at balita, o kung ito'y mas mahaba at nangangailangan ng higit na pag-unawa. Ang pinakahuling borador ay isasabmit sa nakatatasa na organo ng Partido upang suriin at sang-ayunan." (Valencia, *ibid.*)

Sa Gabay... na ito, nakasaad ang mga sumusunod na tagubilin o pamamaraang dapat sundin at isaalang-alang ng mga tagasaling ng KDP. Pansinin:

- 1) Ang tagasalin ay dapat maging matatas sa mahigit sa isang wikang Pilipino. Higit na mainam kung siya ay likas na mahilig sa wika o kultura.
- 2) Ang tagasalin ay dapat may sapat na pagkaunawa sa akdang isinasalin.

Halimbawa, balewala ang kahit gaano kalawak na kaalaman sa linggwistika kung ang magsasalin ng manwal sa pagsasanay militar ay hindi nakakaalam ng kaibhan ng pistol sa rebolber.

3) Ang tagasalin ay dapat ding may sapat na pagkaunawa sa pangkalahatang linya ng kilusan at iba't ibang aspeto ng gawaing rebolusyonaryo, at may sapat na pamilyaridad sa mga salingang prinsipyo ng Marxismo-Leninismo.

4) Dapat munang basahin, suriin, at pag-aralan ang orihinal bago aktwal na isalin ang akda. Makatutulong ang anumang dagdag na pagbasa tungkol sa buhay at kapanahunan ng may-akda.

5) Maging konsistent sa mga katumbas ng mga terminong madalas ginagamit ng kilusan. Kapag nailabas na ang sariling leksikon o bokabularyong istandard ng Kawsa ay maaari na itong tunghayan. Sa ngayon, dapat tandaan ang sumusunod: ang national-democratic ay isaling *pambansa-demokratiko*, ang historical materialism ay *materyalismong istoriko*, ang intervene ay *manghimasok* at ang interfere ay *makialam*; ang to struggle ay *makibaka*, to combat ay *bakahin*, to resist ay *labanan* at ang to protest ay *magprotesta*.

6) Lagay magkonsulta sa mahuhusay na diksyunaryo. Para sa Pilipino, pinakakumpleto ang diksyunaryo-tesauro ni Panganiban at ang diksyunaryong Ingles-Pilipino ni Padre English. Para sa Ingles, pinakamahusay ang Webster at Oxford.

7) Mahusay na paraan ang pagbasa nang malakas para matukoy ang mga parteng asiwa o di-malinaw ang pagkakasalin.

8) Ihambing ang haba ng salin sa orihinal. Ang mas mahabang salin ay malamang na indikasyon ng palpak na pagkakasalin. Puwedeng ituring na pamantayan ang proporsyon na sinusunod sa pagsasalin ng pahayagang *Ang Bayan*: 73linyang makinilyado ng tekstong Pilipino para sa bawat 70 linya ng tekstong Ingles. Hindi dapat umabot ng limang porsyento ang inihaba ng Pilipino sa Ingles.

10) Bagamat karamihan sa mga isinasalin ngayon ay mga dokumento't akdang pampulitika, hikayatin ang mga kasamang magsalin ng akdang pampanitikan. Maaaring magsilbing tulong ang mga ilalabas na gabay sa pagsasalin ng maikling kuwento, awit, at tula sa hinaharap.

Kaugnay ng *leksikon*. Termino itong tumutukoy sa lahat ng mga salita/terminong natipon at nailista ng Kawsa. May una na itong kalipunang lumabas noong 1981, binubuo ng mahigit sa 3,000 salita/termino mula "a" hanggang "z". Sa listahan, bawat salita/termino ay may isa hanggang 20 naitalang prase parirala kung saan ginamit ang mga ito (mga prase/pariralang mula sa naisalin nang mga artikulo, kung saan isinusulat ang prase/pariralang Ingles at katumbas nitong prase/pariralang Pilipino). Nadagdagan na ang "leksikong 1981" ng mga salita/terminong hango naman sa mga bago at binagong pagsasalin, may listahan na ang mga ito na inumpisahan noong nakaraang taon; gaya rin ng unang lista ang tumbasan ng mga prase/parirala at mga salita/termino. Naaayon din ang leksikong ito sa mga rebolusyonaryong adhikain at gawain ng kilusan sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. (Atienza: 1997).

Dapat din sabihin sa puntong ito, halos sintanda ng CPP-MLKMZ ang patakarang palaganapin at paunlarin ang Pilipino bilang upisyal na wika ng rebolusyonaryong organisasyon at siya ring wikang bubuklod sa buong sambayanan para sa pagpapalaya ng baya't lipunan. Isa nga sa unang ginawa ay ang pagbubuo ng Kawsa pagkatapos maitatag ang Partido, sabihin mang sa pagpasok lamang ng dekada sitenta ang tiyak nitong pagiging aktibo at sistematiko sa mga gawain sa wika, pangunahin na ang pagsasalin. Samakatwid, 27 taon nang nagpapalaganap at nagpapaunlad ng Pilipino bilang upisyal na wika nito ang kilusan, at bilang pambansang wika ng sambayanan (Pakikipaghuntahan, Taal, Batangas: 3 Nobyembre 1996).

Maidaragdag pa ang mga pangunahing obra ng Kawsa sa gawaing pagsasalin. Ito ang mga sumusunod: 1) *Struggle for National Democracy* ni Jose Ma. Sison, ikatlong edisyon; 2) *Rebolusyon, Theoretical and Political Journal of the Central Committee of the Communist Party of the Philippines*, mga seryeng 1990 hanggang 1996; 3) mga piling artikulo sa *Selected Works of Mao Tse-tung*, Bolyum I hanggang IV, Foreign Languages Press, Peking: 1975; 4) mga piling artikulo sa mga akda nina Lenin at Marx; 4) pagsinop sa leksikon at bokabularyong istandard ng kilusan; at 6) ilang piling akdang pampanitikan. Buhos man sa mga gawain sa pagsasalin at iba pang usapin sa wika, patuloy ang gawain sa ideolohiya ng Kawsa, gaya ng pag-aaral ng mga artikulo sa Marxismo at linggwistika at pag-aaral ng mga kurso ng Partido, pagsinop ng listahan ng mga istandard na termino at karaniwang salitang ginagamit at pagpapataas ng kakayahan sa pagsasalin, kung saan bahagi ang pag-aaral ng linggwistika at teorya ng pagsasalin, pagtalakay at pagbibigay ng mga solusyon sa mga problemang nakakaharap sa pagsasalin at pagdaraos ng kolektibong pag-eedit, at pakikipagtalakayan sa mga yunit ng tagasalin tungkol sa dalawang "Gabay." Kasama ang pagbubuo ng mga grupo ng pagsasalin sa loob at labas ng Partido, ang mga gawain sa pulitika ay tumutuhog din sa gawain sa organisasyon ng Kawsa (Pakikipanayam, Gitnang Luzon, 14 Enero 1997).

Sa pagtalakay tungkol ispeling, bokabularyo at balarilang Pilipino, gagamitin ang nirebisang "Ilang Punto..." (1981), gaya ng binanggit na sa unang bahagi ng seksyong ito. Ginawa noong nakaraang taon, binubuo ng 32 pahina ng "8 x 12" na bond paper ang borador nitong limbag mula sa kompyuter. May titulo ng "Gabay Tungkol sa Ispeling, Bokabularyo at Balarilang Pilipino," tatlong usapin sa wikang *Pilipino/Filipino* ang binigyang-pansin dito, gaya ng kagyat na makikita sa mismong titulo. Tumutugon sa layuning pasimplehin ang ispeling o pagbabaybay ng mga tuntuning kaugnay ng ispeling, nakatuon ang mga ito sa mga salitang hiram at hindi naglalayong baguhin ang baybay ng mga salitang Tagalog. Nakabatay ang mga ito sa mga prinsipyong Tagalog ang basihan ng Pilipino kaya susunod ang Pilipino sa pagbabaybay sa Tagalog; kung ano ang bigkas, siyang baybay, siyang sulat; ginagamit na pamantayang bigkas ang umiiral sa Kamaynilaan na siyang sentro ng komunikasyon, komersyo at gubyrno, at lugar ding tagpuan ng mamamayan mula sa iba't ibang panig ng bansa; kung mahirap makilala kaagad ng mambabasa ang karaniwang bigkas, baybayin na lamang sa wikang pinaghiraman; at sa paghiram ng mga salitang dayuhan, natuto tayong bumigkas ng mga tunog na dati'y wala. (Halaw sa "Gabay Tungkol sa Ispeling, Bokabularyo at Balarilang Pilipino," Kawsa, 1996, *Borador*.)

Pansinin ang ilang mga alituntunin at mga salitang hiram sa wikang dayuhan na binaybay nang naaayon sa halimbawa ring mga alituntunin:

1) Sa mga salitang hiram na mababaybay kapuwa sa E/ES at sa I/IS, maaaring gamitin ang kahit alin, maging konsistent lang sa gamit sa isang dokumento o sulatin; gayundin sa mga salitang hiram na mababaybay kapuwa sa O at U. Halimbawa: estudyante/istudyante, estilo/istilo, espesyal/ispesyal; komander/kumander, kompleto/kumpleto, opisina/upisina, atbp. Magkaganito man, preperensya o mas minamabuti ng Kawsa ang *estudyante, *estilo, *espesyal; at *kumander, *kumpleto, at *upisina.

2) Ang mga tunog long I at long A sa Ingles ay AY at EY sa Pilipino, kaya *obertaym=overtime, *dedlayn=deadline, *mag-aplay=mag-apply; at *diteyni=detainee, istakeyd=stockade, *reyd=raid; ang tunog ng AU (AU, AW) ay nagiging AW, kaya *alawans, anawnsar.

3) Sa prinsipyong "kung ano ang bigkas, siyang baybay," tamang mga ispelang ang *empleyado, di empleado; *ideya, di idea; *pyudal, di peudal; ngunit mas minamabuti ang *ideolohiya kaysa idyolohiya, *teorya kaysa tyorya, *neokolonyal kaysa neyokolonyal, *diyalektiko kaysa dialektiko at *teatro kaysa tyatro.

4) Di dapat mawala ang G sa katinig na NG sa *bangko, *kongkreto, *kongklusyon at *blanko, minamabuti ang *Ingles, *kongreso at *kongresman kaysa Inggles, konggreso at konggresman na dapat na mga ispelang sa prinsipyo ng "kung ano ang bigkas, siyang baybay," dahil na rin sa lumalawak na impluwensya ng Ingles.

5) Tinatanggap na ang maraming kambal-katinig, kaya tanggap na ang mga sumusunod: *bwelo, *kwento, *dweto, *gwantes, *mwebles, *pwera, *sweldo, *twalya, *byahe, *kyut, *dyaryo, *lyabe, *myembro, *nyutral, *pyesa, *kuryer, *syentipiko at *tyempo; nariyan din ang *bloke, *klase, *globo, *plantsa, *brodkas, *Kristyano, *drayber, *grasa, *praktika, *tropa, *ekstra, *nars, *ditatsment, *tseke, *kard, *tseksponyent at marami pang iba; ngunit dahil ang mga sumusunod ay mga salitang katutubo, *ibuwal, *niyog at *muwang ang ginagamit ng Kawsa, hindi ibwal, nyog at mwang.

6) Kaya may katwiran ang mga baybay na *traysikel, *plakard, *magasin, *istak, *tortyur, *imporemer, *armalayt, *masmidya at *isparo; ngunit tinatanggap sa orihinal ang mga di madalas gamiting mga salita gaya ng *zaibatsu, *megawatts, *mopping up operation, *low intensity conflict at *graph.

7) Kung mga pangngalang pantangi ang pag-uusapan, ginagamit ang mga nakaugaliang baybay sa mga pangalan ng tao, at sa mga syudad, probinsya o partikular na lugar sa Pilipinas, kaya Mao Zedong, Jose Corazon de Jesus at Karl Marx; Maynila, Quezon City, Metro Manila, Plaza Miranda, Bulacan at Samar; ngunit pinalalaganap sa Pilipino ang mga katangiang dyograpiko ng Pilipinas gaya ng Ilog Pasig, Lambak ng Cagayan, Gulpo ng Lingayen, Kabundukang Kordilyera, Look ng Lanao, ngunit maaari pa ring mantili ang Luzon, Visayas at Mindanao. Ang mga pangalan ng kontinente ay isinasa-Pilipino rin: Asya, Aprika, Amerika Litina, Hilagang Amerika; pati dagat at kabundukan ng mundo, halimbawa Dagat Tsina at Karagatang Pasipiko. Sa pangalan naman ng mga bayan at syudad sa mundo, may binabaybay sa Pilipino gaya ng Albanya, Byetnam, Ehipto at Tsina; ngunit may binabaybay rin sa Ingles gaya ng Afghanistan, Austria, Kampuchea at Netherlands.

8) Ginagamitan ng gitling ang mga salitang tambalan gaya ng sosyal-imperyalista, kayod-kalabaw, ningas-kugon at buhang-liwayway; ang mga salitang

nilalapian ng mala-, anti-, kontra- at ultra-, gaya ng kontra-opensiba, anti-imperyalista at ultra-demokratiko; at ang pagitan ng mga unlapi at pangngalang pantangi: maka-Ramos, ala-Hitler at pa-Amerika. Ngunit may mga salitang tambalan na wala nang gitling sa ngayon: anakpawis, hanapbuhay, takipsilim, bukambibig at kisapmata; at wala na ring gitling sa mga pariralang ginagamit ang di, walang, bagong muling gaya ng di nagtagal, walang duda, muling tatag at bagong sibol; at

9) Di na ginagamitan ng kudlit o apostrophe ang mga salitang gaya ng ngunit, subalit, bastat, bawat, bagamat at kahit.

Sa usapin ng bokabularyo, itinatagubilin ng "Gabay..." na:

1) Gawing simple, buhay at iba-iba ang estilo sa pagsasalita at pagsusulat; iwasan ang gasgas nang mga salita at gumamit ng mga salitang karaniwan gaya ng *upisina sa halip na tanggapan, *setler sa halip na maninirahan, *pag-eeksport kaysa pagluluwas, *dayuhan kaysa estranghero at *malaman kaysamatalos.

2) Patingkarin ang proletaryong estilo sa komunikasyon; dapat malamang ang wika ay nagpapahayag ng mga pananaw at paninindigan kahit di namamalayan; ang demand, halimbawa, ay iginigiit, ipinaglalaban, hinihingi---pagpapakita ng militanteng paninindigan; at gamitin ang pagsusulong (o pagpapasulong) kaysa pagsulong, dahil ang una ay tiyakang nagpapakita ng partisipasyon at aktibong pagkilos ng mga rebolusyonaryong pwersa; at iwasan rin ang paggamit ng panlaping pang-, gaya ng pinunong pampamahalaan, repormang pang-edukasyon, rebolusyong pangkultura; gamitin nga ang upisyal ng guberno, reporma sa edukasyon et rebolusyon sa kultura. Mas gamitin din ang ekonomiyang pampulitika, labanan sa pulitika, materyalismong diyalektiko jaysa ekonomyang pulitikal, labanang pulitikal at materyalismong diyalektikal; pati ang mga salitang pakikibakang masa, pakikidigmang gerilya, sonang gerilya, linyang masa, kilusang masa ngunit panatilihin ang kulturang pangmasa at iwaksi ang kulturang masa.

3) Sa impluwensya ng Ingles, mas gamitin ang demonstrasyon, istatistiks, dyograpi, medyor, asasinasyon kaysa mga salitang impluwensyado ng Espanyol, gaya ng demostrasyon, istadistika, heograpiya, kumandante at asasinato; ngunit gamitin pa rin ang suhetibo at aeto.

4) Sa mga terminong gaya ng labis na halagak, balanse ng bayaran, halaga sa palitan, idugtong pa rin ang terminong dayuhang pinaghanguan, pati ang daglat nito kung mayroon, kaya: (surplus value), (balance of payments o BOP) at (exchange value) ay katambalan ng tatlong termino sa unahan.

5) Sa Ingles isulat ang mga pangalan ng mga upisyal na institusyon na higit kilala kaysa katawagan ng mga ito sa Pilipino, gaya ng mga sumusunod: Philippine National Bank (PNB), International Monetary Fund (IMF), World Bank (WB), Central Intelligence Agency (CIA), Philippine National Police (PNP) at Philippine Army (PA).

6) Malayang manghiram sa iba't ibang lenggwahe sa Pilipinas; habang hindi gaanong kilala't naipakakalat ang mga ito, sundan ang mga ito ng paliwanag, gaya ng: payaw o hagdan-hagdang bukirin sa bundok, bodong o kasunduan sa kapayapaan, pangat o tagapangalaga ng bodong, pugakhang o ripleng katutubo sa Kabisayaan at

masjid o simbahang Muslim.

7) Tinutukoy ang mga uri, saray at grupo sa lipunan kaparis ng sumusunod: burgesyang kumprador (o malaking burgesyang kumprador), na ang mga myembro ay tinatawag ding burgesyang kumprador, malaking burgesyang kumprador o kaya ay mga burges na kumprador o malaking burges na kumprador. Uring panginoong maylupa, na binubuo ng mga panginoong maylupa. Pambansang burgesya (o panggitnang burgesya o makabansang burgesya), na ang mga myembro ay mga pambansang kapitalista. Petiburgesya, na may tatlong saray (nakatataas, panggitna, nakakababa), at ang mga myembro ay mga petiburges. Proletaryado, o uring manggagawa, o uring proletaryo, na ang mga myembro ay mga manggagawa, trabahador, o obrero. Sa pagdidiin, maaaring sabihing uring proletaryado. Uring magsasaka, na may tatlong saray (mayamang magsasaka, panggitnang magsasaka, maralitang magsasaka). Mahahati ang panggitnang magsasaka sa nakatataas-na-panggitna, gitnang-panggitna at nakababang-panggitna. Mala-proletaryado, na binubuo ng mga mala-manggagawa, atlumpen-proletaryado, na binubuo ng mga lumpen.

8) Pinag-iiba ang mga salitang digmaan at digma; imperyalismong US sa halip na imperyalismong Amerikano; at huwag ding gamitin ang Hapon bilang tawag sa mga regular na tropa ng kaaway; pwedeng sabihing kaaway o pasista; sa Samar nga'y tinatawag silang unggoy.

9) Pinag-iiba ang masa, taumbayan, sambayanan, mamamayan, bayan at bansa; masa ay tumutukoy sa kolektibo, sambayanan ay tumutukoy sa masa ng mamamayan o malawak na masa ng mamamayan, bayan ay Pilipinas (kung minsang tumutukoy sa town, pero munisipalidad na ang tawag dito ng Kawsa), bansa ay "nation"; at

10) Para ipakita ang kasimungalingan ng isang salita, gaya ng eleksyon, pwede itong gamitan ng panuring, kaya huwad na eleksyon; o kaya'y lagyan ng panipi, "eleksyon."

Ang seksyon sa balarila/gramatikang Pilipino ng Gabay... ay nakatuon sa mga karaniwang pagkakamali at ilang obserbasyon tungkol sa paggamit ng Pilipino. Tinukoy nga rito ang mga partikular na puntong madalas ipinalililaw ng mga kasama, o kaya'y ang mga nakakaligtaan nila sa pagsusulat. Nakatuon nga ang mga ito sa mga kahinaan at kamaliang pambalarila, at hindi nagtangkang magtalakay o maglahad ng kabuuang mga tuntunin sa balarila; at hidi rin tinalakay ang kwestyon ng estilo, o ang mabisang pagsusulat. Gayunman, ang 24 na mga tuntunin at obserbasyon dito ay malamang magbunga ng mas higit na kahusayan sa paggamit ng *Pilipi/Filipinong* nakabatay sa Tagalog, na siyang itinuturing ng KPD na pambansang wika ng Pilipinas. Kung masinop ngang maiiugnay ang mga panuntunan, obserbasyon at paliwanag sa seksyong ito sa mga usapin ng pagsasalin, bokabularyo at leksikon na malinaw ring napaunlad at napalagananp ng KPD sa loob ng halos tatlong dekada nitong pagpapatuloy sa kasaysayan at lipunang Pilipino, di malayong ang optimistikong pagtanaw sa hinaharap ng pambansang wikang itinataguyod ng kilusan, at nakateksto na sa "Hinggil sa Wika," ay magkaroon ng kaganapan.

Kongklusyon

Pagtataguyod at pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan sa pambansang antas ang materyal at panlipunang konteksto ng wika ng KDP, gaya ng nakita natin sa *Pilipino/Filipino* pinalalaganap at pinaunlad nito sa maraming lugar na kumikilos ito; natuklasan natin ang ganito sa mismong pilosopiya't pananaw niyon sa wika at wikang pambansa, sa pagsasapraktika nito ng pagsasalin, sa pagpaparami't pagpapaunlad nito ng pambansa, sa pagsasapraktika nito ng pagsasalin, sa pagpaparami't pagpapaunlad nito ng bikabularyo at kabuuang leksikon, at sa pagsisinop nito sa mga panuntunan at obserbasyon sa balarila/gramatika, kaipala'y upang higit na mapahusay ang gagap at gamit sa pambansang wikang pinaninindigan at pinaunlad. Wikang *Pilipino/Filipino* ang pangunahin at masaklaw na wika ng KPD, wikang masasabi ngang "imbakang-tipunan," tagapagpahayag-tagapamansag at daluyan" ng pagkokonsepto, pagtiteorya, pamimilosopiya, at pagkilos sa pulitika. Walang duda na ang wikang itinataguyod ng KPD ay mahalagang instrumento ng rebolusyonaryong pagpapahayag at pagkilos nito sa lipunang Filipino, tungo sa pagkakamit ng pambansang kalayaan at demokratikong mithiin.

Maituturing na isang ispesipikong diskurso ang wika ng KPD, isang mapaniyak na praktikal na panlipunan: pagpapahayag na may makauring paninindigan, metodong diyalektiko, at siyentipikong pananaw. Diskurso ngang di lamang nagpapahayag, bagkus nga'y nang-aantig at nagpapasidhi ng damdamin at kamalayan; diskursong di lamang nagsasalita/nagsasatitik/nagsasateksto, bagkus nga'y umuusig at bumabago ng kalakarang umiiral, sa daigdig ng kabulaanan at katotohanan, at sa lipunan ng tunggalian. Wika itong karirangan at kakikitaan ng mga senyas at kislap ng ideolohiya, pulitika, at organisasyon. Tunay na radikal na konseptwalisasyon sa wika, bumibigkas at sumusulat ng pagbabago't pagpapatuloy. *Wikang Pilipinong KPD ang tatak.*

Hardin ng Bougainvillea
U.P. sa Diliman
Disyembre 1997

TAKOT SA BABEL:

Ilang Panukalang Pagkilos Para sa Filipino Bukas
ni Virgilio S. Almario

(Inihanda bilang 1997 Federico E. Alcuaz Chair Lecture at binasa sa Pambansang Kongreso sa Lingguwistika na ginanap nitong Disyembre 17, 1997 sa ISMED, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lungsod Quezon)

Habang hinuhubog ng wika ang sarili bilang isang wika ng pangangailangan, sa kabila ng mga pagkaasiwang idinudulot ng kakulangan, may bentahe itong lakas. Habang hindi pa isang wika ng aklat ang wika, at sa halip, wika ito ng awit, taglay nito ang yaman ng mga hulagway at ng pinakamataas na armonya. Habang nagiging wika ito ng bayang sibilisado, umuunlad ito sa mga pahayag pampolitika, ngunit nasasawata ang matataas na armonya at kaganapan ng mga hulagway. Bilang isang isang wika ng aklat yumayaman ito sa mga dalumat, ngunit nauwi sa prosa ang matulaing armonya; nauwi sa parabula ang hulagway, naglalaho ang makulay, maugong na mga sali-salita. Bilang isang wikang pilosopiko nakikinis itong maging tiyak, ngunit maralita; nawawalan ito ng mga singkahulugan at hindi gumagalang sa mga hulagway at armonya. -- Gohann Gottfried Herder (1766)

Kaya ikinalat sila ni Yawe sa daigdig at itinigil nila ang pagtatayo sa siyudad. Ito ang dahilan kung bakit itinawag iyonhg Babel sapagkat doon nabulol ang mga tao dahil kay Yawe at ikinalat niya ang mga tao sa buong daigdig. - Hen 11:8-9

BAGO tayo tumingin sa hinaharap ng ating wikang pambansa, suriin muna natin ang kasalukuyan ng Filipino. Sinasabi ng mga pag-aaral na ginagamit na itong lingua franca saanmang lugar sa Filipinas. Lumilitaw sa pinakahuling survey na tinatanggap ito. naiintindihan, at ginagamit sa pagbasa't pagsasalita ng malaking bilang ng mamamayan, bilang na malaki't higit kaysa Ingles dili kaya'y Sebwano. May mayaman at mataas ang uring literatura sa Filipino at epektibong wika ito ng mass media. Bukod sa ginagamit ito sa pagtuturo mulang elementarya, maaari itong pag-aralan sapagkat may mapagkakatiwalaan itong balarila at makapal na diksiyonaryong monolingguwal.

Sa termino ng pagpaplanong pangwika, at gaya ng inilatag ni Haugen (1906), nakalagpas na ang Filipino sa yugto ng pagtatatag ng mga norm o pamantayan sa mahusay na pagsulat at pagsasalita gayundin sa gawain tungo sa propagasyon. May bahagyang pagyanig sa mga norm dulot ng reporma sa alpabeto kamakailan, at babalikan ko ang problemang ito mamaya, ngunit maituturing lamang na natural na pangyayari sa isang buhay at aktibong wika.

Kaalinsabay ng lahat ng ito, pumapasok din ang Filipino tungo sa elaborasyon nito bilang wika ng pilosopiko't siyentipikong pag-iisip. Bilang "wika ng aklat." sa termino ni Herder. Marami nang panimulang gawain sa tungkuling ito ngunit hiwa-hiwalay kaya't tiyakang dapat gamitan ng pagpaplanong pangwika. Sa katunayan, dito dapat ibuhos ang lahat ng pagsisikap sa loob ng susunod na ilang taon upang tuluyang manaig ang Filipino sa lahat ng larang ng edukasyon at mga trabahong pangkabuhayan at pampolitika.

Para sa akin, ganito ang dapat maging layuning estratehiko ng pagpaplanong pangwika. Ganap na gamitin ang Filipino sa lahat ng sektor ng kapangyarihan sa

lipunan pagpasok ng ika-21 siglo. Mahigpit na kaugnay nito, gamitin ang Filipino bilang wikang panturo mulang elementarya hanggang kolehiyo sa lahat ng subjek maliban sa mga kurso sa pag-aaral ng Ingles, Espanyol, at ibang wikang banyaga.

Nakahanda na ang kalooban ng taumbayan para sa bagay na ito. Kailangan lamang ang isang malawakang plano at detalyadong programa ng kooperasyon at taunang target. Malaking tulong ang mga suhestiyon sa "The Komisyon ng Wikang Filipino and the Intellectualization of Filipino" nina Bonifacio P. Sibayan at Andrew Gonzales (1995) bagama't nakapako ang mga ito sa trabaho ng Komisyon sa Wikang Filipino at higit na nakaukol sa gawaing panglingguwistika.

Halimbawang iplano natin ang isang programa para sa limang taon. Ang target --- isang aklatan na nakasulat sa Filipino ang lahat ng libro't babasahin. Kailangan natin dito ang sumusunod: (1) malaking badyet para tustusan ang programa, (2) mga manunulat, tagasalin, at editor, at (3) mga guro na bihasa sa paggamit ng Filipino bilang wikang panturo sa iba't ibang antas at larang pang-edukasyon. Samakatwid, dapat ihanda ang mga hakbang para sa naturang tatlong pangangailangan sa unang taon ng plano.

PR Para sa Filipino

Mahalagang bahagi ng pagkuha ng badyet ay trabahong PR. Ang ibig sabihin, kampanyang pampropaganda para kunin ang tangkilik ng mga makukunan ng pondong pangwika --- ang mga politiko at negosyante. Hindi ito simpleng paglalathala lamang ng press release at ang nakagawiang palatuntunan kapag Linggo ng Wika. Kailangang iplano kahit ang kampanyang pampropaganda bukod sa kailalang maging higit na malikhain sa pamamaraan.

Para makumbinsi ang mga politiko't pilantropo, kailangang iprisinta nang mahusay ang katangian at halaga ng Filipino. Hanggang ngayon, wala pa akong nakikitang ganitong artikulo, na bukod sa malinaw at mahusay ang pagkakasulat ay nailalathag nang husto ang mga argumento para sa wikang pambansa. Iwasan na natin ang "malansang isda" ni Rizal. Sa panahong ito, kailangang ipaliwanag nang malinaw ang mga teoryang pangwika at pang-edukasyon gayundin ang resulta ng mga eksperimento.

Pilitin ding lumabas ito sa mga iginagalang na publikasyon. Kung maaari, isulat sa Ingles at ilathala sa mga babasahing Ingles. Sakyan ang hilig ng matatandang edukado't mariwasa. Ipaliwanag din ang benepisyong ng Filipino para sa kanilang negosyo o sa kanilang karera bilang politiko.

Kailangan din ang kampanya para payapain ang kalooban ng mga tradisyonal na "di-kadamdamin" sa Filipino. Hindi dapat mangamba ang mga titser sa Ingles dahil patuloy na ituturo ang Ingles bilang wikang pandaigdig ng Filipinas. Hindi dapat magmukmok ang mga kandidato sa brain drain sapagkat patuloy silang hahasain sa Ingles at may nakalaang asignatura sa Ingles para sa sinumang may ambisyong mangibang-bansa. Hindi dapat mainggit ang mga rehiyonalista sapagkat bibigyan ng malaking partisipasyon ang mga wikang katutubo habang nililinalang ang Filipino.

Bukod sa mga lathalain, kailangan ang aktibong pangkat para mag-lobby sa Malacañang, Kongreso, Korte Suprema, at iba pang sentro ng kapangyarihang

pampolitika. Mahalaga dito ang mga organisasyong pangwika at ang pag-akit sa mga estudyante/guro na may koneksiyon o kakilala sa matataas at makapangyarihan. Gamiting mabuti ang mass media. Bakit walang programa sa wika ang radyo? Gamitin ang bagong teknolohiyang pang-impormasyon.

Ang ibig sabihin, huwag tayong maghintay ng lalagpak na biyaya mula sa langit. Kailangang ang mga alagad ng wika ay maging aktibista ng wika. Kung hindi, lalong magtatagal ang katuparan ng inaasam nating tagumpay ng Filipino.

Hukbo ng Eksperto sa Wika

Kasabay ng PR ang pagsasanay sa mga manunulat, tagasalin, at editor sa Filipino. May ilang hakbang na dapat tupdin bago isagawa ang pagsasanay.

Una, lutasin ang anumang gusot at kontrobersiya kaugnay ng reporma sa alpabetong Filipino. Mga munting problema lamang ito ngunit nagmimistulang higanteng suliranin dahil pinalalaki ng magkatulong na pabalita ng mga kaaway ng wika at ng mga nag-aaway na eksperto sa wika. Nakatutulong sa paglaki ng sunog ang pagwawalang-bahala ng Komisyon sa Wikang Filipino sa ngalan ng liberalismong pangwika.

Mahalagang mamagitan agad ang Komisyon sa problemang gaya ng ispeling. Maaaring isagawa ito sa pamamagitan ng serye ng konsultasyon. Maaari din namang tawagin ang mga pangkating kasangkot sa anumang sigalot para sa isang masusing talakayan. Marami pang ibang taktika, ngunit ang higit na mahalaga'y malutas agad ang problema at magkaroon ng pagkakasundo.

Ikalawa, itigil ang lahat ng seminar, workshop, at kumperensiyang pangwika habang hindi nalulutas ang nabanggit na mga sigalot ng iba't ibang pangkating pangwika. Sa aking pagmamaisid, kinakasangkapan ang mga kumperensiya at seminar para palaganapin ang isang ispeling, estilo, o pananaw ng pangkating nag-organisa. Kaya't kapag dumalo ang isang guro sa dalawang seminar na may magkaibang pangkatin bilang organisador, malilito ang guro sa kung alin ang susundin.

Sa halip sumulong ang kaalaman, umuuwi sa kanilang paaralan ang mga guro, lalo na ang mga tagalalawigan, nang naguguluhan. Higit pang makatitipid ang bayan kung magkaroon muna ng pagkakasundo sa iba't ibang sigalot pangwika bago ituloy ang mga pambansang oryentasyon para sa mga guro ng Filipino.

Susi rin ang pagkakasundo tungo sa pagbuo ng isang panimulang patnubay sa pagsulat. Ang patnubay na ito ang maaaring ikalat sa mga lathalaan, palimbagan, at estasyong gumagamit ngayon ng Filipino upang mapabilis ang estandardisasyon. Kapag sapat na ang patnubay, ang ibig sabihin, nalinang pa sa mga nakalap na praktika mula sa mga lathalaan at mass media, saka maaaring isagawa ang maiklian at mahabaang pagsasanay sa hukbo ng mga eksperto sa wika -- mga manunulat, tagasalin, mananaliksik, editor, copyreader, deskmen, reporter, anawanser, ad writer, iskriprayter, atbpa.

Sa hukbong ito mahuhugot ang mga susulat pa ng tekstbuk, ensayklopidya, diksiyonaryo, atlas, bibliograpiya, sanggunian, at iba pang babasahin para sa

aklatang Filipino.

Hindi nangangahulugang dapat hintayin ang produkto ng mga pagsasanay bago simulan ang halimbawa'y paggawa ng textbuk. Maaaring gumawa ng mga interbensiyon, gaya ng proyektong textbuk ng Sentro ng Wikang Filipino sa U.P. Ngunit higit na kikinis at bibilis ang proseso ng pagsusulat at paglalathala kapag may mga manunulat o editor na dumaan sa sistematikong pagsasanay.

Hindi rin dapat manalig lamang sa prinsipyo na isang inhinyero dapat ang susulat ng aklat tungkol sa inhinyeriya. Isang ideal na sitwasyon iyon at mahirap mangyari sa lahat ng larangan kahit sa loob ng limang taon. Sa ngayon, marami tayong dalubhasa sa iba't ibang disiplina na gustong gumamit o gumagamit ng Filipino sa pagtuturo ngunit wala pang sapat na kakayahan at tiwala sa sarili upang sumulat ng textbuk sa kanilang itinuturo. Ngunit muli, tulad ng interbensiyong ginawa sa Sentro ng Wikang Filipino ng U.P., maaari silang palahukin sa pagsulat ng textbuk kasama ng isang may sapat na kaalaman sa wika. Marami pang ibang bentahe ang ganitong sistemang sama-samang pagsulat.

Pagtuturo sa mga Guro

Sa unang taon din dapat iplano ang nilalaman ng dalawang uri ng seminar-workshop: (1) ang pagtuturo kung paano gumamit ng Filipino sa mga klase sa araling panlipunan, agham, at matematika at (2) ang muling-pagsasanay sa mga guro ng Filipino. Plano lamang ang maaaring matupad sa unang taon sapagkat nakaangkla ito sa tagumpay ng kampanya sa badyet, sa tangkilik ng mga opisyal sa larangan ng edukasyon, at sa mabilisang pagkakaayos ng mga di-pagkakasundo sa ispelang, gramatika, at ibang kasong pangwika.

Kailangang detalyado ang plano at programa. Sinuring mabuti ang nilalaman at iniangkop sa mga pangangailangan ng mga target na guro. Nakalinya pati ang mga kukuning resource person gayundin ang sistema ng pagdudulot ng seminar-workshop. Kung tutupdin ito sa paraang rehiyonal, nakatakda pati ang mga gagamiting lunan.

Sa ikalawang taon ng plano idaraos ang mga seminar-workshop. Maaaring magkaroon muna ng pagsubok para mapag-aralang mabuti ang problema. Pagkatapos, saka ipatupad nang buong sigasig sa buong bansa.

Hindi na kailangang ipaliwanag kung bakit kailangang hasain sa paggamit ng Filipino ang mga guro sa ibang disiplina. Bukod sa produkto sila ng edukasyon sa Ingles, marami sa kanila ang asiwa sa paggamit ng Filipino. Pagkakataon din ito upang ipaliwanag sa kanila ang anumang eksperimentong pangwika na ginamit sa textbuk. Sa kabilang dako, kailangan ang muling-pagsasanay sa mga guro sa Filipino upang mabigyan ng iisang oryentasyon sa paggamit ng wika. May obserbasyon din na kailangang-kailangan ito sa mga pook na di-Tagalog upang mapalakas ang morale ng mga guro doon at madagdagan ang kanilang kakayahan sa pagtuturo.

Hindi dapat maliitin ang mga pagsasanay na nabanggit. Kung tutuusin, dito nakasalalay ang tagumpay sa wakas ng edukasyon sa Filipino, mawawalang-saysay ito kung mahina at walang-malasakit ang mga guro.

Surian sa Pagsasalin

Samantala, kailangang maitatag sa loob ng dalawang taon ang isang ahensiya na mangangasiwa sa pagsasalin. Tawagin nating itong *Surian sa Pagsasalin*. Natural na maging isang sangay ito sa loob ng kasalukuyang Komisyon sa Wikang Filipino. Ngunit maaari din itong itatag bilang isang instituto sa loob ng Unibersidad ng Pilipinas.

Anu't anuman, napakahalaga ng papel at tungkulin ng ahensiyang ito sa kabuuang planong pangwika. Hindi maikakaila na pagsasalin ang isang napakalaking trabaho ngayon sa Filipino. Kailangang isalin sa Filipino ang lahat ng panitikang-bayan at makabuluhang akda sa mga wikang katutubo ng Filipinas. Kailangang isalin sa Filipino ang mga klasikang pandaigdig, gayundin ang mga bagong akda at mga tanging textbuk at babasahing pang-edukasyon at pangkultura. Pagkatapos o bilang kasunod na tungkulin, kailangan ding isalin ang mga akda sa Filipino tungo sa ibang wikang banyaga at tungo sa ibang wikang katutubo.

Hindi naman kailangang gawin lahat ng Surian ang anumang pagsasalin. Ngunit kailangan nitong pangasiwaan ang naturang larangan: (1) bigyan ng angkop na pagsasanay at lisensiya ang mga tagasalin, (2) subaybayan ang mga proyekto sa pagsasalin ng mga indibidwal at institusyon upang hindi magkaroon ng duplikasyon, (3) ihanay nang sistematiko ang kabuuang gawain upang makita kung alin ang dapat unahin, at (4) sinupin ang mga salin at akdang kaugnay ng pagsasalin.

Kung may seksiyon na sa pagsasalin ngayon ang Komisyon o ang U.P. at ibang institusyon, mahalagang umpisahan ang pagsasalin ng mga importanteng dokumento na kakailanganin sa pagpapalawak ng impluwensiya at gamit ng Filipino. Kabilang sa mga dokumentong ito ang mga batas at atas, pasiya ng Korte Suprema, collective bargaining agreement, papeles sa seguro, mga form pang-opisina, at kung maaari, mga opisyal na test.

Patakarang Bilingguwal

Mapapansing wala akong panukala para baguhin man lamang ang kasalukuyang patakarang bilingguwal sa edukasyon. Hindi naman kasi kailangan. Maaaring lumikha pa ng kontrobersiya, at hindi natin kailangan ang kahit munting alitan sa loob ng limang taon.

Hindi kailangang baguhin ang kasalukuyang patakaran sapagkat kapag binasang mabuti ay isa lamang itong patakarang transisyonal. Ang higit nating problema ay kung paano mapabibilis ang transisyon tungo sa isang edukasyong monolingguwal sa Filipino.

Isang mahalagang aspekto ito ng kampanyang pampropaganda sa unang taon ng planong pangwika. Dapat magkaroon ng mga aksiyon para ipilit ang pagtupad ng mga paaralan, lalo na ang mga paaralang pribado at Katoliko, sa patakarang bilingguwal. Punahin sa mga diyaryo ang mga eskuwelahang hindi tumutupad. Paimbestigahan sa DECS o CHED.

Sa kabilang dako, itodo ang posibleng benepisyo sa kairalang bilingguwal

kahit sa labas ng paaralan. Ang ibig kong sabihin, may naghaharing isip-bilingguwal sa mga opisina, pribado man o publiko. Ngunit nakaiiral ang Ingles dahil walang nangangampanya para sa paggamit ng Filipino. Kung minsan, isang liham lamang ang kailangan upang ipaalala sa mga pinuno ng iba't ibang sangay ng pamahalaan na lagyan nila ng salin sa Filipino ang kanilang mga tungkulin at pangalan ng opisina sa kanilang mga karatula, letterhead, at tarheta. Isang liham din lamang marahil ang kailangan para ialok sa kanila ang pagsasalin ng kanilang mga form, regulasyon, at iba pang dokumentong kailangang basahin ng madla.

Napakaraming oportunidad para sa Filipino kahit sa loob ng kairalang bilingguwal. Kung masusuri lahat ito at mabibigyan ng kaukulang pagkilos, magiging higit na natural ang paglaganap ng Filipino sa iba't ibang sektor ng kapangyarihan tungo sa isang kairalang monolingguwal.

Ni hindi kailangan ang dagdag na pondo para tupdin ito ng Komisyon. Kailangan lamang ng konting malikhaing pag-iisip at konting pawis. Kapag binalikat, maaaring masaid ang mga oportunidad sa kalagayang bilingguwal sa loob ng tatlong taon.

Mulang Kolehiyo Pababa

Sa pagsasalin at pagsulat ng mga textbuk, magandang sundin ang estratehiya ng Sentro ng Wikang Filipino sa U.P. Inuna ang paggawa ng mga textbuk sa antas pangkolehiyo. Pagkaraan, saka pinasok ang antas sekundarya at ayon sa narinig ko'y papunta na sa antas elementarya hanggang kindergarten.

Sasabihin, unibersidad kasi ang U.P. kaya inuna ng Sentro ang antas tertiary. Hindi naman gayon. Talagang inuna ang mga textbuk pangkolehiyo sapagkat sang-ayon sa plano ng Sentro ay higit itong mabilis at episyente.

Kabaligtaran nito ang sistema ng paggawa ng textbuk sa DECS sa loob ng nakaraang panahon. Nagsisimula ito sa pinakamababang antas pataas. Bawat hakbang ay mabagal dahil kailangang laging may kasunod na field testing. Ito yata ang dahilan kaya hindi umaasenso ang implementasyon ng patakarang bilingguwal. Bukod pa, isang malaki't masalimuot na burukrasya ang DECS at wala pa marahil nagagawang libro ngayon ang Sentro kung sa DECS nakiugnay.

Higit na maganda ring pagkakataon ang pagsisimula sa antas tertiary upang higit na masubok ang kakayahan ng wika. Naisasabak agad ang Filipino sa mga komplikadong idea at konsepto. Kaya't kapag nakaigpaw sa ganitong suliranin, napakadali na para gamitin ang mga naging salin o adaptasyon para sa mga pundamental na idea o konsepto na kailangan sa antas sekundarya at elementarya. Sa ganitong paraan din, higit na nagiging mabilis ang modernisasyon ng bokabularyong Filipino.

Simulaing Pluralista

Lahat ng hakbang sa limang taong plano ay nakabatay sa isang pluralistang pagtanaw sa pagpapaunlad ng wika. Hindi tayo dapat makulong sa isang metodo o

pananaw. Sa kaso halimbawa ng pagpapayaman sa bokabularyo ng Filipino, tumagal at tumatagal ang problema dahil sa hilig ng mga ekspertong ipagmatigas ang isang paraan. Nasayang ang halos apatnapung taon ng paglikha ng mga salita sa agham at teknolohiya dahil naging labis itong purista. Sa kabilang dako, naging napakahilig namang manghiram sa Ingles ng mga dominanteng pangkatin ngayon sa unibersidad.

Pagdating sa ispelang, may pangkat na mahilig manghiram sa Ingles ngunit mapilit din sa pagpapairal ng isang unipormadong ortograpiya at pronunsiyasyon. May pangkat namang nagtataka kung bakit kailangang baguhin ang baybay ng mga hiram na salita mulang Espanyol at Ingles.

Kaso ito ng tinatawag ni Haugen ng pagpili sa *inobasyon o adaptasyon*. Mahirap ang inobasyon gaya ng pinagdaanang sakripisyo ng mga lumikha ng bagong salita sa agham. Samantala, napakasimple ng adaptasyon ngunit nagbubunga naman ito ng mga distorsiyon at depormasyon sa estruktura ng wikang nanghihiram.

Kaya hindi tayo dapat masara sa pagpili lamang ng isang paraan. Napakainam man ng isang unipormadong ispelang, may mga pagkakataong dapat magluwag muna upang makapasok ang mas marami at kailangang hiramang salita. Gayundin naman, napakadali man ang manghiram, may mga pagkakataong higit na angkop ang lumikha ng sarili dili kaya'y itapat ang isang salita mula sa ibang wikang katutubo.

Naipaliwanag ko na sa ibang okasyon kung paano tupdin ang simulaing pluralista sa pagsasalin at pagbaybay alang-alang sa madaliang pangangailangan ng Filipino.

May bahid din ng simulaing pluralista ang dapat maging tuntunin sa mga wikang katutubo ng Filipinas. Ang ibig sabihin, samantalang iginigiit ang pagkilala at paggalang sa Tagalog bilang korpus ng wikang pambansa, kailangang bigyan ng higit na puwang ang mga wikang katutubo sa pagpapaunlad ng Filipino. Hangga't hindi nakasisira sa naitatag nang balarila at talasalitaang batay sa Tagalog ay mailalahok ang mga makabuluhang katangian mula sa ibang mga wika ng Filipinas.

Sinimulan na ito sa Sentro sa pamamagitan ng masugid na paglalahok ng mga salita mulang ibang wikang katutubo upang ipantapat sa mga konsepto sa agham at matematika habang ginagawa ang mga unang textbuk. Masigasig din ngayong sinusuyod ang mga wikang katutubo upang iambag ang bokabularyo sa ginagawang diksiyonaryong monolingguwal ng Sentro.

Maaari pang ipanukala bilang susog sa patakarang pangwika ang pagganyak na gamitin ang ibang katutubong wika sa mga lugar na katutubo ito kahit sa mga opisyal na komunikasyon. Ang ibig sabihin, maaaring gamitin ang isang wikang rehiyonal sa loob ng rehiyong katutubo ito. Halimbawa, ang Sebwano sa mga pook na dominante ang gumagamit ng Sebwano; ang Iloko sa mga lalawigang dominante ang Ilokano; ang Bikol sa buong rehiyong Bikolano. Sa ganitong paraan, nabubuhay ang paggalang sa mga naturang wikang katutubo at nananatiling bahagi ng buhay at kultura ng rehiyon o lalawigan.

Gayunman, patuloy namang igigiit na gamitin ang Filipino sa mga

komunikasyong pambansa at intrarehiyonal.

Magkakaroon ng dalawang level ang patakarang pangwika: ang wikang rehiyonal sa gamit na lokal at ang wikang pambansa sa gamit na nasyonal. Bukod sa bisang pampolitika, maaaring makatulong ang sabayang gamit na ito sa higit na paglahok ng mga wikang katutubo sa elaborasyon ng Filipino.

Noong araw, isang parikala ang dramatisasyon ni Herder hinggil sa pagpapayaman ng isang wika. Habang ito diumano'y wika ng bayan, mas matipuno ang wika. Ngunit kapag ginamit ito sa akademya at larangang sibilisado, nagiging tiyak ito at makonsepto ngunit nagiging hikahos sa tula at musika. Gusto nating maging wika ng agham at makabagong buhay ang Filipino. Ngunit iiwasan natin ang babala ni Herder. Hindi dapat mabilanggo sa siyensiya ang elaborasyon ng Filipino. Sabi nga ni Haugen:

Elaboration is not only a matter of scientific vocabulary. It involves also the extension of linguistic function into the realms of imaginative and emotional experience.

Noong araw, nakasaad din sa Bibliya na iisa ang wika ng mga tao. Ngunit naisipan nilang magtayo ng tore para maabot ang langit. Hindi ito nagustuhan ng Diyos. Sinira Niya ang tore at itinaboy ang mga tao sa iba't ibang dako. Kaya iba-iba't hindi nagkakaintindihan ang mga wika ng tao sa mundo. Isang pagtatayo ba muli ng tore ng Babel ang ating plano para sa Filipino? Kung oo, sinong diyos kaya naman ang magagalit sa atin?

Ang takot sa Babel, kung mayroon nga nito sa likod ng ating isip, ang maaaring lihim na sanhi ng ating patuloy na hindi pagkakabuklod sa pamamagitan ng isang wika. Dili kaya, ginagamit natin ang takot sa Babel para patuloy tayong hindi magplano. Masyadong mahaba nang panahon ang sinayang natin sa kung ano-anong sigalot. Ito na ang panahon para bigkisin natin ang ating mga sarili at tipunin ang ating mga talino't lakas upang tupdin ang isang napagkaisahang palatuntunan para manalo ang Filipino.

Mapayapa Village
Nobyembre 28, 1997

THE STRUCTURE OF TAGALOG-ENGLISH CODE-SWITCHING

Ma. Lourdes S. Bautista
De La Salle University, Manila

(Paper read at the Eighth Philippine Linguistics Congress, December 15-17, 1997,
ISMED Auditorium, U.P. Diliman, Quezon City)

Let me begin with an excerpt from an e-mail written by a Manilan writing to her family. Does the shifting between languages appear messy and random, or is it possible to find some systematicity in the shifting?

Excerpt 1:

Mikko lost one tooth *na*. *Mabuti naman* because he's been waiting and waiting. *Yun nga lang*, he didn't tell the tooth fairy *daw kasi* he literally lost the tooth. I asked him if he swallowed it, *hindi naman daw*. He thinks he lost it in the van coming home from school last Wednesday. Now he's waiting for the others to follow. *Sabi ko, mabuti na lang* he has a very positive attitude about losing his teeth. That's from the Berenstain Bears book, I think. *Theory naman ni Grace* (my friend here), in school, *parang mas matanda ka* if you're losing your baby teeth. *Kasi* her son, *sabi ng sabi*, he wants to be *bungi daw* like his other classmates.

Sa kasalukuyan ay parang nakikita na ang pagbagsak ng Estados Unidos bilang ekonomyang naghahari sa mundo. Lumalakas na ang sarili nating rehyon -- kahit na binabatikos ng panandaliang problema sa pera -- at hindi mapigilan ang paglaki ng kanpangyarihan ng mga bansang sumusunod sa relihyong Islam. Kapansinpansin din ang bilis ng laki ng ekonomya ng China. Hindi natin alam kung aling wika ang mangingibabaw sa susunod na dantaon, kung ang wikang Arabo ba o ang wikang Tsina (na wika rin ng ating rehyon), pero sigurado akong tataob ang wikang Ingles labay ng pagkawala ng kapangyarihang pang-ekonomiks ng Estados Unidos. Hula ko na lalakas ang tiantawag ni Bienvenido Lumbera na "*Philippine Literature in Chinese*" at posibleng mangyari sa "*Philippine Literature in English*" ang nangyari sa simula ng ating dantaon sa "*Philippine Literature in Spanish*." Posible, pero hula lamang naman. Sa palagay ko ay dapat na sundin ko ang babala ko noong 1987: "Who can predict the future? Romulo tried to do it, and he had to change his mind 20 years after. If he were alive today, if he saw the enormous number and relatively high quality of Philippine writing in English today, he would doubtless change his mind again. Rizal tried to do it by writing. In Spanish, that Filipinos should write in Tagalog. Balagtas tried to do it, only to have his language repudiated by a generation of writers who wanted a fresh, modernistic Tagalog. I am sure our ancestral writers, long before Magellan lost his way among our islands, were predicting that the literary language of the future would be Maranao or Mangyan or any of the ethnic languages which boasted even then of a rich epic literature. I am clearly not the first, nor will I be the last, to boldly see a future that no one has seen or can even imagine." Papalitan ko lamang ang huling pangungusap ng artikulo ko noong 1987. Ngayong 1997, at sampung taon na ang nakalilipas, ang aking prediksiyon para sa taong 2007 ay ito: mananaliti ang literaturang Filipino, pero hindi na ito mananatiling Filipino.

WIKA AT HISTORIOGRAPIYA: Ang Pag-aaral ng Kasaysayan tungo sa Pagbubuo ng Bansa*

Z. A. Salazar
Departamento ng Kasaysayan

Bilang pagsusulat ng Kasaysayan kapwa sa pakahulugan nito sa Kastilang *historia* (mula sa Griyegong *historiè* = ulat/pagsisiyasat) at sa Pilipinong *kasaysayan* (salaysay na may saysay) at bilang simpleng metodolohiya o teknika ng pagsusuri/pag-uusisa, ang historiograpiya ay may malaking kaugnayan sa wika hindi lamang bilang midyum ng komunikasyon at ng batis pangkasaysayan kundi, higit sa lahat, bilang imbakan-kuhanan at tagapagpahayag o ekspresyon ng kalinangan (na napapaloob sa mismong batis pangkasaysayan). Ang pagkakaugnay na ito ng wika at historiograpiya ay mahigpit ding nakakabit, sa kaso ng Pilipinas, sa mithiin/gawain ng pagbubuo ng Bansa. Magiging malinaw ito kung susuriin muna natin A) ang kahulugan ng "*historia*" (ulat/pagsisiyasat) at "*kasaysayan*" (saysay/salaysay) sa konteksto ng ating nakaraan at kalinangan, bago natin analisahin nang mas masusi ang kaugnayan ng "*pag-aaral ng nakaraan*," kapwa B) bilang *historia* (ulat) at "*kasaysayan*" (saysay) at K) bilang disiplina ng pagsusuri ng at pagpapahalaga sa batis (metodolohiya at pananaw) sa ating pagiging isang pambansang kabuuan.

Historia at Kasaysayan

Magkaiba ang pinagmulan ng dalawang termino. Ang *historia* ay mula sa Griyegong *historiè*, ulat/pagsisiyasat, higit sa lahat hinggil sa nakaraan, tulad ng paggamit ng kataga ni Herodotus. Ngunit maaari ring patungkol sa ibang paksa ang *historiè*, tulad ng maaaninag halimbawa sa Pranses na ng *histoire naturelle* at Ingles na *natural history*, na tumutukoy sa (mga) "agham pangkalikasan," sa pagsusuri ng kalikasan. Ang "*Kasaysayan*" naman ay isang dalumat na taal sa ating kalinangan at nangangahulugang "isang salaysay na may saysay hinggil sa nakaraan."¹ Bagamat kapwa ay ulat o salaysay, ang una'y mas nakatuon sa proseso ng pag-alam (pagsisiyasat)

* Papel na inihanda para sa Kongreso ng Linggwistiks sa Pilipinas. Awditoryum ng ISMED, U.P. Diliman. Ika-17 ng Disyembre 1997.

¹ Matagal ko nang nilinang ang depinisyon ng ito sa aking mga klase sa Historiograpiya sa U.P. Diliman. Sa partikular, sa aking pakahulugan, ang Kasaysayan ay isang *salaysay* na may *saysay* para sa isang partikular na grupo ng tao o kalinangan at iniuulat nito sa sarili, *sarili* man, kaugnay (*kapwa*) o ibang kalinangan ang paksa. Tingnan, halimbawa, ang Z. A. Salazar, "A Legacy of the Propaganda: The Tripartite View of Philippine History," sa Z. A. Salazar (pat.) *The Ethnic Dimension. Papers on Philippine Culture, History and Psychology*, Cologne: Caritas, 1983, pah. 108.

sanantalang para sa ikalawa'y mas mahalaga (at sentral pa nga) ang kabuluhan (saysay) ng salaysay o ulat. Magkagayunman, implisito kapwa sa "Kasaysayan" at *historia* na ang wika ng salaysay o ulat ay yaong sa grupong inuulatan at nag-uulat, na iisa lamang.

Magkaiba rin ang pagtingin ng *historia* at kasaysayan sa paggamit ng metodolohiya. Bunga ito ng tuon (*siyasat* vs. *saysay*) ng bawat isa. Sa simula, walang ispesipikong metodolohiya ang *historia*; ngunit ito'y malilinang at mapapaunlad pagkatapos sa Kanluran (higit sa lahat, noong ika-19 dantaon). Papasok nang puspusan ang nabuong metodolohiyang ito sa Pilipinas mula 1910 (U.P. Departamento ng Kasaysayan),² sa kabila ng unang paggamit ni Rizal ng mga elemento nito sa kanyang mga obrang historikal -- sa partikular, ang kritikal niyang pagkalathala sa *Sucesos* ni Murga. Ang "Kasaysayan" ay nasa larangan ng awit/epiko/mitolohiya sa simula; ngunit magiging mas mapagsiyasat at kritikal din ang uring ito ng "pag-aaral sa nakaraan" sa pagsusulat nina Bonifacio at sa mga sulatin ng Katipunan. Sa mas pormal na pagkakaugnay sa *historia* aangkinin ng "kasaysayan" ang mga naaangkop na salik ng metodolohiya mula rito; sa katunayan, dahil dito'y ipapalagay ng mga unang nagsanay o nakapagsanay sa *historia* na *identikal* o iisa lamang ang "kasaysayan" at kanilang "historya." Kung kaya't sa mga di mapanuri'y madalas ngang ituring na magkatumbas ang dalawang konsepto. Nitong nakaraang dalawa't kalahating dekada, gayumpaman, madadalumat sa piling ng mga nag-uulat ng ating kasaysayan sa kalinangang bayan ang "bagong kasaysayan," na magdudulot ng ibayong kaibhan sa "kasaysayan" kung ihahambing sa "historya" sa larangan ng metodolohiya. Isa nang pundamental na pagkakaiba ay ang paggamit ng sariling wika sa diskursong historiograpiikal, bagay na nagdudulot ng higit na kahulugan sa mga dalumat mula sa kalinangang bayan.

Naiiba rin ang Bagong Kasaysayan sa *nouvelle histoire* ng Pransya na ang preokupasyong panlipunan at mapaglahat-lahat (*totalisante*), sa kabila ng pagiging historya, ay hindi naman nalalayo sa hangarin ng una. Sa Pransya mismo, nasa panlipunan at mapagbuong "proyekto" ng *nouvelle histoire* ang pagkakaiba nito sa "tradisyonal" na *histoire événementielle*, na nakatuon lamang ang mapanuring pansin sa mga kaganapan bilang pangyayari at fakt. Sa kabilang dako, ang Bagong Kasaysayan sa Pilipinas ay "bago" *vis-à-vis* sa "dati," dahil itong huli'y nakatuon sa pagpapaliwanag sa banyaga (ang iba) sa wika nito (*pangkaming pananaw*) habang ang "proyekto" ng Bagong Kasaysayan ay ang maipaliwanag ang *sariling* kasaysayan (i.e., ang ating nakaraan) -- pati na rin ang kasaysayan (para sa atin) ng *ibang kabuuan* -- sa *sariling* Bayan ayon sa konsepto't kategorya ng *sariling* kalinangan, sa *sariling* wika (ang wika ng pambansang kabuuan) -- ibig sabihin, sa *panatagong pananaw*.

Sa kabila ng lahat, kapwa *historia* at Kasaysayan ay may aspetong "ulat" at "salaysay." Ang pinakabuod nitong huli ay "saysay" o "kabuluhan"/"kahulugan"

² Tingnan ang kalakip na Dayagram I, mula sa Myra Gallardo at Elsie Ramos, "Kasaysayan ng Kasaysayan Ayon sa Klase ng Historiograpiya ni Dr. Salazar," sa Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez at Vicente Villan (mga pat.), *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan. Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan*, Lunsod Mandaluyong: Palimbagang Kalawakan, 1997, pah. 160. Gayundin ang dayagram ni Atoy Navarro hinggil sa "Kasaysayan ng Kasaysayan" sa *Ibid.*, pah. 3.

samantalang ang *historia* sa simula'y "ulat" (pagsisiyasat at resulta nito) lamang. Ang aspetong metodolohikal ay ang pangalawang aspeto ng "pag-aaral ng nakaraan," aspetong nabuo sa Kanluran -- i.e., ng *historia*; ngunit naging bahaging pinalawak at pinalalim ng Kasaysayan -- lalo't higit, sa pagkatuklas ng pagkakaiba-iba ng "pananaw" sa pagtutnton ng "saysay" sa Kasaysayan, paglilinaw ng kung *para kanino* nga talaga ang kasaysayan, kung *kanino* talaga isasalaysay ang nakaraan kung *hindi* nga (higit sa lahat) sa may-ari at pinapaksa nito (teorya ng Pantayong Pananaw).³ Ang pinakabuod ng lahat ay ang primordyal na halaga ng sariling wika sa pag-alam, pagpapakahulugan at pagpahiwatig sa sariling nakaraan.

Wika at Kasaysayan: Ang Saysay ng Salaysay

Maliwanag na ang pangkasaysayang *ulat* o *salaysay* ay may *saysay*, higit sa lahat, sa grupo ng taong pinapaksa nito -- i.e., *ulat* / *salaysay* ito sa sariling grupo. Ito'y hindi isang basta-bastang grupo lamang na walang pagkakaugnay-ugnay, walang kabuuan. May sariling kalinangan ito o dili kaya'y may nabubuo/binubuong sariling kalinangan/kabihasnan; samakatuwid, may sariling wikang sumasaklaw sa kabuuan ang una, at ang huli ay mabubuo lamang bilang mithiin sa pamamagitan ng isang panaklaw at mapagbuklod na wika. Kung kaya't mahigpit na magkakabit ang historiograpiya at kalinangan/kabihasnang saklaw ng isang wika. Ang grupong kinabibilangan at pinag-uulatan ng historyador ay dapat lamang na ipagpalagay na may kabuuan sa wika at kalinangan. At kung wala pang kabuuan, nararapat lamang na ilarawan, ipabayag, itatag at ipagpatuloy/pag-ibayuhin ito sa isang wikang pangkalahatan at pantlahat. Kung hindi, mawawalang saysay ang alinmang salaysay o ulat hinggil dito, dahil sa walang kabuuang mapag-uulatan at makauunawa nito.

Sa ibang lupain/bansa implisito ang pagkakaroon ng isang wikang pantlahat para sa kabuuang lipunan-at-kalinangan. Kung kaya't hindi pinoproblema rito ang wika ng talastasang pangkasaysayan -- i.e., ang wika ng pagsisiyasat, pagpapakahulugan at pag-uulat/pagsasalaysay ng kasaysayan ng sariling bansa. Ibig sabihin, buo ang bansa sa kamalayan ng bawat isa -- samakatuwid, hindi suliranin ang wika sa historiograpiya: kanibaltuko, kumbaga, ang dalawa.

Sa mga bansang buo na, wika ang lagakan-kuhanan-ekspresyon-tagapagpatuloy ng kabuuan, sa pangkalahatan.⁴ Sa kaso ng ating bansa, na hindi pa buo, dapat pang maging tagapagbuo (o isang mapagbuong salik) ng lipunan-at-kalinangan ang wika, laluna dahil sa lagakan, kuhanan at ekspresyon (bahagya man lamang) na ito ng kabuuang nilalayon at nagkakaanyo. Magkakasalungat na proyekto ng pagbubuo ng kapuluan ang nagdudulot ng kalituhan sa taumbayan at, mangyari pa, sa mga "agham" (kasama na ang Kasaysayan): ang "*nación*" (nasyon) ng ilustrado/akulturado at ang Inang

³ Para sa isang mas malawakang pagtalakay ng paksa, tungkayan ang nabanggit nang aklat nina Navarro, Rodriguez at Villan (*supra*, tala 2), laluna ang Talahanayan II at pagpapaliwanag nito (pah. 176 at seq.).

⁴ Cf. Z. A. Salazar, "Ukol sa Wika at Kulturang Pilipino," sa Pamela C. Constantino at Monico M. Atienza (nga pat.), *Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan*. Lunsod Quezon: UP Press, 1996. Inilathala din sa *Dyornal ng Malawakang Eduskasyon*, XXIII-XXIV (1974), pah. 53-81.

Bayan ng taal na Pilipino. Nakakabit ang bawat proyekto sa isang wika: ang Inang Bayan sa Tagalog o P/Filipino at ang "nasyon" sa Kastila sa simula at pagkatapos ay sa Ingles.⁵ Nagbunga ito ng pagkakahati ng lipunan at kalinangan⁶ na siyang sanhi ng kalituhan ng lahat hinggil sa tinutungo ng kasalukuyang "estadong nasyonal" na nababatay sa wikang Ingles at sibilisasyong Euro-Amerikano, habang nakauugat nang malaliman ang Kalinangang Bayan sa mga grupong bayan na, sa kanilang dako, ay nagmula sa isang mas malalim pang nakaraan, ang malawakang Kabihasnang Austronesyano na nag-uugnay-ugnay sa atin sa mga pinsang Indones, Malayo, Malagassy at sa buong Pasipiko.

Para sa ating kasalukuyang paksa, ang pagkakahating pangkalinangang ibinunga ng tagumpay ng akulturado at malabanyagang elit⁷ ay nagbigay-daan din sa dalawang historiograpiya: ang historiograpiyang nasyonal/maka-nasyon (pangkami) at ang historiograpiyang makabayan (para kay Inang Bayan upang mabuo ang Bansa bilang pagsanib ng nasyon at bayan o pagsaklaw nito ng Inang Bayan) -- i.e., historiograpiyang pantayo. Napakaimportante ang papel dito ng wika sa pagpapahayag ng kalinangang bayan (na nariyan na) sa P/Filipino at iba pang wika/wikaing Pilipino at sa pagbibigay anyo sa kabihasnang pambansa (na namumuo/nabubuo o binubuo pa at dapat na o maaaring sumaklaw ng kulturang nasyonal sa Ingles ng mga akulturadong elit).

Wika at Metodolohiya: Ang Batis ng Kasaysayan

Bilang metodolohiyang pang-agham mahigpit ding nakakabit ang historiograpiya sa wika, sapagkat kailangan ito upang masuri, mapakahulugan at magamit ang batis para sa ulat o salaysay. Ang batis ay maaaring sa wika ng kinabibilangang kabuuan o sa (mga) wika ng ibang kabuuan/kalinangan. Sa pananaw na pantayo, natural lamang na ang inuulatan ay ang sariling kalinangan, ang sariling bayan o bansa, ito man ay buo na o namumuo/binubuo pa lamang. Gayumpaman, ang pag-uulat sa sarili ay maaaring patungkol sa: 1) sariling kalinangan/bayan/bansa; 2) mga kaugnay/kamag-anak na kalinangan/bayan/bansa; o 3) ibang (mga) kalinangan/bayan/bansa. Sa bawat kaso, iba-iba ang wika (samakatuwid uri at anyo) ng batis, ang tratong metodolohikal at ang pagpapakahulugan nito. Magkagayon man, napakahalaga ng wika at ng kaalaman dito. Higit sa lahat, dahil sa gawaing pagpapakahulugan, napakahalaga ng sariling wika -- i.e., ng wikang ginagamit sa

⁵ Cf. ang kalakip na Dayagram II: Prosesong Pangkasaysayan mula sa Dating mga Kabuuang Sosyo-Pulitikal tungo sa Pambansang Panyagi mula sa Z. A. Salazar, "Kasaysayan ng Pilipinas. Isang Balangkas (ca. 250,000 B.K. - 1992)" sa Navarro et al. op. cit., pah. 131.

⁶ Cf. Dayagram III: Ang Dambuhalang Pagkakahating Pangkalinangan mula sa Z. A. Salazar, "Pantayong Pananaw Bilang Diskursong Pangkabihasnang" sa Navarro et al. op. cit., pah. 101.

⁷ Ang Himagsikang 1896 na pinasiklab ni Bonifacio at ng mga kasama niyang mga Anak ng Bayan para kay Inang Bayan ay bahagyang napigil noong ika-22 ng Marso 1897 nang magkudeta sina Aguinaldo sa ngalan ng *nación* upang itatag ang isang "Republica de Filipinas" sa halip ng "Haring Bayang Katagalugan" ng Katipunan. Naging behikulo ng mga akulturadong elit ang "Republika" upang itatag ang kanilang kapangyarihan, na mapananatili pagkatapos sa tulong ng Estado Unidos (cf. Z. A. Salazar, Agosto 29-30, 1896: *Ang Pagsalakay ni Bonifacio sa Maynila* (may-akda, kasama sina Ambrosio at Atienza), Lunsod Quezon: Miranda Bookstore, 1995, 170 pah.

pagpapaliwanag sa mga kasapi ng kabuuang panlipunan at pangkalinangan. Sa ating kasalukuyang kalagayan hindi malinaw -- laluna sa napasa-Kanlurang pamunuan -- kung ano ang kabuuan -- i.e., kung sa Ingles ba ito idadalumat o sa wikang pambansa. Samakatuwid, kailangang salungguhitan na wika ang suliranin sa diskurso ng Kabihasnang Pambansa. Ang wika ng/sa historiograpiyang Pilipino ay sentral sa paglilinaw sa diskursong ito.

Ang batis para sa pag-uulat (*salaysay*) sa sariling kalinangan/bayan/bansa tungkol dito mismo (*saysay*) ay pundamental na salik sa historiograpiya. Lahat ng batis, sa alinmang wika o dili kaya sa hindi man nakasulat na anyo (bagamat ang mga dinakasulat na batis -- sa kaalamang bayan (folklor) o arkeolohiya kaya -- ay pinag-aaralan, dinadalumat, pinapakahulugan at inuulat sa kung alinmang tradisyon o diskursong siyentipikong nakapaloob sa isang wika-at-kultura), ay magagamit para maipaliwanag sa sariling kalinangan/bayan o bansa ang sarili ring nakaraan. Ngunit may mga kabuuang sosyo-pulitiko-kultural na nakaaalam kung ano ang sarili, sanantalang mayroon namang hindi lubos na nakaaalam, dahil nga sa hindi pa ganap ang sariling kabuuan (tulad halimbawa, ng Pilipinas), bunga ng sariling nakaraan.

Sa ilang lugar (halimbawa Europa) ang mga batis ay nasa sariling wika o sa (mga) wika ng kaugnay/kamag-anak na (mga) kalinangan. Bukod dito, may pagkakasunod-sunod (*continuity*) at pagkakapare-pareho (*homogeneity*) ang pagsulong ng historiograpiya bilang pagsusuri o paggamit sa mga batis. Walang pagkakaibang pundamental sa paraan ng paggamit kundi sa pagbabago nito sa agos ng panahon, sa loob mismo ng sibilisasyong Europeo. Bunga nito, walang pagkabali o pagkahinto (at anumang kalituhang kinalalabasan nito) ang tradisyong historiograpiyal, ang kamalayang pangkasaysayan sa Europa.

Sa baitang na medyebal, Latin ang wikang pangkabuuan; pagdating ng oras, lumitaw at umunlad/pinaunlad ang historiograpiyang batay sa mga wikang nasyonal ngunit sa pagkakaugnay-ugnay ng mga ito sa loob ng iisang sibilisasyon. At, patungo naman sa nakaraan, walang gaanong problema ang bawat tradisyong "nasyonal" na idinugtong sa tradisyong medyebal sa Latin. Samakatuwid, may pagtutuloy-tuloy (*continuity*) ang tradisyon; kung kaya't patuloy na nagkaroon ng ugnayan ang mga diskursong "nasyonal" sa loob ng sibilisasyong Kanluranin, na walang hunusdili pang ikinabit (sa isang bahagyang mitolohikal na paraan) sa nakaraang Griyego-Romano, mga Elipsyano, Sumeryano, atbp. (cf. ang "linyar" na pagtingin sa "Kasaysayan ng mundo (!!!)" na nakasentro sa Europa!).

Sa pagtatag at pagpapatuloy ng diskurso/tradisyong intelektuwal-siyentipiko (kasama ang historiograpiya) sa mga wikang "nasyonal" naging batayan ang mga partikular na kulturang kinanugatan ng mga ito (i.e., Aleman, Pranses, Italyano, Kastila at kahit na ang mas maliliit na "nasyon" tulad ng Olanda, Dinamarka at iba pa). Dahil dito, hindi lamang naging malago at buo ang mga tradisyong "nasyonal" na umusbong/pinausbong/lumitaw mula sa "tradisyong medyebal" sa Latin kung hindi nakaambag pa nga sa pagpapanatili/pagpapalago/paglagi nito sa isang pan-Europeo-Kanluraning sibilisasyon, sa pamamagitan ng pagpapalitan/pakikipagpalaguan ng mga

kulturang nasyonal, kasama ang historiograpiya, sa bawat lengguwaheng nasyonal na bawat isa'y hindi na mabubuwag bilang diskurso at tradisyon. Sa kasamaang palad, ang ibinungang "sibilisasyon" at kaugnay nitong mga halagahin at tunguhing siyentipiko ay ipapalagay ng mga Europeo -- at, sa lalo pang kasamaang palad, tinatanggap ng mismong mga napasa/nagpasa-Kanluran na mga "katutubo" (*indigenos, indigènes, Eingeborene, natives*) ng nasakop na mga kalinangang "iba" sa Europeo -- na "unibersal," pansantinakpan at samakatuwid ay nararapat lamang na "isakatutubo" (*indigenized*) ng mga indihenong kulturang naturan para magkaroon ang mga "katutubo" mito ng tamang karunungan/kaalaman at "siyensya" (kasama na ang kasaysayan at kanyang historiograpiya). Natural lamang na ito'y sa wika ng dating kolonisador. Sa tantiya ng isang akulturadong makata/manunulat/"thinker" sa wikang Ingles sa atin, halimbawa, nabubuo sa gayon ang isang "*native clearing*," ang kaingin ng mga "kainginero" ng kaisipang "isinakatutubo" (sa Ingles!) sa loob ng malawak na kagubatang "sibilisado" at "unibersal" na nilikha, pinalalago at dominado ng Kanluran! Mangyari pa, saklaw at pasuso ng Kanluran ang nasabing siyensya/kaalaman/karunungan katutubo.

May implisitong "pilosopiya ng Kasaysayan" ang kalagayang naipaliwanag/tinukoy sa itaas. Ganito ang pagiging "unibersal" ng sibilisasyong Europeo, sa sariling pagkakahanay-hanay ng sariling historya (*Kanluraning pantayong pananaw*):

Mga kultura sa Mediteranyo, Kasama ang Griyego	Sibilisasyong Griyego Roman sa wikang Latin	mga Kulturang nasyonal sa wikang Pranses, Kastila at iba pa	Sibilisasyong Europeo
Maraming wika -- i.e., mga "lokal" na kultura	Pagbubuo ng Sibilisasyon sa iisang Wika (hanggang sa, at kasama ang, Panahong Medyebal)	Isang sibilisasyon na ipinapahayag sa maraming wika at kultura na sa simula'y magkakaugnay pa sa isa't isa sa loob ng palahong tradisyong intelektuwal sa Latin	Unibersal na sibilisasyon sa mga wikang Europeo na dapat sumaklaw sa buong daigdig ng mga "lokal" na "kultura" (kasama na rito ang kalinangan -- at nabubuong kabihasnang -- Pilipino)

500 BK 1500 MK 1750

Sa Pilipinas, ang kaisipang hedyemoniko-mitolohikal na ito ang pumasok o pumapasok/lumalaganap o lumalangkap sa mga lubusang Inglesero na produkto ng sistema ng edukasyong itinatag ng Amerikano at ipinagpapatuloy ng kasalukuyang elit. Ngunit isang suliranin lamang sa marami pang iba sa ating historiograpiya na ang

dominanteng wika ay nananatili pang Ingles. Hanggang ngayon ay 90% ng batis ay nasa wika-at-kulturang banyaga, bunga ng ating kolonyal na nakaraan (Kastila, Ingles-Amerikano, Hapon, at iba pa) at bunga rin ng ating kapabayaan (hindi pagsusulat/pag-uulat sa sariling wika). Napakahalaga ng wika rito, sa konteksto ng isang historiograpiyang Pilipino sa wika ng bayan (ang P/Filipino) na itinataguyod at ipinaglalaban ng Bagong Kasaysayan. Kaugnay nito, mababanggit ang isang napakahalagang gawain: ang pagsasama-sama ng lahat ng batis sa iba't ibang wika (banyaga man o Pilipino) upang isalin at ilathala sa P/Filipino. Kailangan ito upang maintindihan sa paggamit ng sariling mga konsepto, kategorya at kasangkapang pangkaisipan ang nasulat ng iba tungkol sa atin at sa mga kapwa natin (i.e., Indones, Malayo at iba pa).

Napakaimportante sa mapagbuong aspetong ito ng metodolohiyang pangkasaysayan ang muling pag-unawa sa inintindi ng banyaga (*ibang tao/kultura*) sa pamamagitan ng kanilang iba't kakaibang pang-unawa. Magagamit ang mga datos ng banyaga sa pag-unawa ng daloy at kahulugan mismo ng ating kasaysayan, kung may sariling perspektiba ang Pilipino sa pag-aaral ng kanyang kasaysayan sa sariling wika (*pantayong pananaw*). Tatlong halimbawa mula sa Bagong Kasaysayan ang maibibigay kaugnay nito. Sa unang pag-aaral, iba ang naging imahen ng pakikibakang Pilipino nang isinakonteksto ang sa biglang-tingin ay Kastilang konsepto ng "*real*" (kuta ng buong komunidad na nakikipaglaban), na ginamit ni Bonifacio at ng Katipunan, sa dating dalumat na Pilipino ng "*ilhan*" na nasasalalay sa *ili*, isa sa mga anyo at katawagan ng "*bayan*" sa sinaunang kabihasnan.⁸ Napatunayan na ang "*real*" (na sa Kastila'y kampamentong militar lamang) ang naging pangalan sa Tagalog ng pan-Pilipinong dalumat ng "*ilihan*," teknikang militar sa atin mula pa sa panahong Austronesyano (h.k. 7,000 B.K. - h.k. 800 B.K.). Sa isa pang pag-aaral, ang "*kabayanihan*" *per se* at yaong sa ating mga bayani (tulad ni Bonifacio) ay higit na naunawaan bilang isa ring pan-Pilipinong penomeno ng paglilingkod at pagpapanatili/muling pagtatatag o pagbubuo sa bayan, kung ihahambing sa *ibang* konsepto ng *heroeng* Kastila na ang pinakaeemplo ay si Rizal.⁹ Bilang huling halimbawa, pinag-aralan ni Prop. Nancy Kimuell-Gabriel ang naging kapalaran ng "*timawa*," dating "*malaya*" o "*maharlika*" (ang katayuang panlipunan na pinagmumulan ng mga bayani noong dati) sa pagkapalaya sa mga alipin bunga ng pagkatatag ng estadong kolonyal na Kastila sa batayan ng estadong bayan (*karadyahan*) ng Maynila ni Sulayman. Dahil sa pagsusumikap ng mga dating timawa na umakyat sa lipunang kolonyal (*upward social mobility*) upang hindi maging kapantay lamang ng "*pinalayang*" mga alipin at bunga rin ng pagiging bagong timawa nitong mga huli ay nagkaroon ng negatibong kahulugan ang katawagang "*timawa*" (= "*ganid*," "*sakim*," "*tuso*," "*mababang uri*" at "*pinalayang alipin*"), higit sa lahat noong ika-19 na dantaon. Ibig sabihin, sa pagkabuo ng lipunang makauri bunga ng kolonisasyon, naging pinakamababang klaseng sosyal ang "*timawa*" at dahil dito'y tinakasan ito ng mga dati

⁸ Z. A. Salazar, "Ang 'Real' ni Bonifacio Bilang Teknikang Militar sa Kasaysayan ng Pilipinas," *Bagong Kasaysayan*. Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas, Lathalaing Blg. 1. Mandaluyong: Palimbagan Kalawakan, 1997, 32 pah. Hinggil sa bagong pagpapanahon (piryodisasyon) ng Kasaysayang Pilipino, tingnan ang Navarro *et al.*, *op. cit.*, pah. 126-154.

⁹ Z. A. Salazar, "Si Andres Bonifacio at ang Kabayanihang Pilipino," *Bagong Kasaysayan*. Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas, Lathalaing Blg. 2. Mandaluyong: Palimbagan Kalawakan, 1997, 54 pah.

nitong mga kasapi upang sila'y makisamib/makipagtagisan sa mga kolaborador na uring maginoo, o dili kaya patuloy na gumampan sa dating tungkuling timawa (*bilang bayani*) na ipagtanggol o buuin muli ang bayan sa serye ng mga paghihimagsik na humantong sa Himagsikan nina Bonifacio.¹⁰ Sa mga wikang Pilipino dinalumat ang mga paghihimagsik at sa huli'y sa batayan ng wikang pambansa, ang Tagalog, ang pag-oorganisa at pati ang historiograpiikal na kamalayan ng Himagsikan ng mga Anak ng Bayan.¹¹

Hinggil naman sa uri at paggamit ng batis para sa pag-uulat hinggil sa mga kaugnay na kalinangan, iba rin ang pagkakaugnay ng wika at historiograpiya sa atin kung ihahambing sa mga bansang buo na, tulad ng sa Europa. Dito sa huli, tulad ng nakita na, ang Pransya, Alemanya, Inglatera at iba pa ay magkakaugnay mula pa sa tradisyong Latin, sa kabila ng magkakahiwalay na tradisyong "nasyonal" sa kasalukuyan. Natural lamang na sa sariling wika ang kabuuang historiograpiya; ngunit ang paggamit ng mga batis sa wikang banyaga bilang produkto ng mga kaugnay (*kapwa*) na kultura ay walang gaanong suliranin *hindi lamang* dahil sa pangyayaring iisa ang sibilisasyong pinanggalingan sa nakalipas at kinabibilangan sa kasalukuyan *kundi* dahil sa mahigpit na ugnayan sa isa't isa at sa mga alitan at digmaang naging katangian ng kanilang pangkalahatang kasaysayan na nakatala sa kani-kanilang wika, at, dati, sa Latin. Sa Pilipinas masalinuot pa ang problema hinggil sa kamag-anak na mga bayan, tulad ng Indonesia, Malaysia, Madagaskar at mga estado sa Pasipiko). Kahit kamalayan sa importansya ng wika hinggil dito ay hindi pa laganap. Bahagi ng pagpapalaya kay Inang Bayan at ng pagbubuo ng Bansa ang kamalayan hinggil sa pinsang mga bayang ito, dahil bahagi sila ng malalim nating nakalipas. Ang pag-aaral at pagkatuto ng mga wika ng mga pinsang kalinangan ay bahagi rin ng *paglayang historiograpiikal*. Kamakailan ko lamang natukoy, sa isang panayam pangkatedratiko,¹² ang pagkakaugnay ng mga estadong "Maphilindo" na binubuo, kasama natin, ng *kapwa* nating mga bayang Austronesyano ng Indonesya at Malaysia. Bahagi ito ng aking pagkawuri-uri ng mga paksaing historiograpiikal ng disiplinang pangkasaysayang Pilipino sa: *sarili* (kasaysayang Pilipino), *kapwa* (kasaysayan ng mga kamag-anak na kalinangan) at *iba* (di-kaugnay nating mga kalinangan).¹³

Bilang pagtatapos, ang batis para sa pag-uulat hinggil sa *ibang kabuuan/kalinangan/kabihasnan* ay napakalayo pa sa ating kamalayan, dahil hindi pa tayo nagkakainteres sa *ibang* mga kalinangan bilang paksaing historiograpiikal ng ating diskursong pangkasaysayan, liban sa pamamagitan ng Estados Unidos na para sa kasalukuyang elit ay hindi (pa) iba, bunga ng kanilang pagiging Inglesero at ng pagiging Ingles-Amerikano (Kauluranin) ng dominanteng diskursong intelektuwal at kultural. Gayumpaman, may bisyon/misyon ang U.P. Departamento ng Kasaysayan mula 1987

¹⁰ Nakatakang ilathala ang pag-aaral ni Prop. Kimuell-Gabriel bilang Lathalain 3 ng *Bagong Kasaysayan*. Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas.

¹¹ Cf. "Introduksyon" sa Navarro *et al*, *op.cit.*, pah. 4-5.

¹² "Batayang Kasaysayan ng MAPHILINDO: Ang mga Baitang ng Isang Pangkabuuang Kasaysayan ng Rehiyong Pangkalinangan ng Malaysia-Indonesia at Pilipinas (MAPHILINDO)." Pangkatedratikong Panayam Benigno S. Aquino, Jr., Pulungang Claro M. Recto, U.P. Diliman, 21 Setyembre 1993.

¹³ Cf. Dayagram IV: "Ang Panahon sa Gawaing Pangkasaysayan," mula sa "Pook at Materya: Ang Kaalaman at Karunungan Pangkasaysayan." Manuskrito, 58 pah.

hinggil dito. Pinapalawak mula noon ang pagdadalubhasa sa Timog Silangang Asya, Europa, Amerika at Silangang Asya, bilang simula ng diretsang pagpapakadalubhasa sa Aprika, Pasipiko, Kanlurang Asya, Timog Asya at iba pa. Sa gawaing ito ang talagang tinutudla ay makabuo ng isang nagsasariling *diskursong dalubhasa* o *ng mga dalubhasa* hinggil sa "iba" sa loob ng ating sariling kabihasnan, sa wika ng kabihasnang ito -- i.e., ang P/Filipino.

Konklusyon

Kapwa ang *historia* at Kasaysayan ay implisitong nasasalalay sa iisang wika bilang *kasangkapan* at *sangkap* historiograpiikal ng pag-aaral ng nakaraan. Ang mga Ingles, Pranses, Hapon, Amerikano at iba pa ay nagsasagawa ng kani-kanilang historiograpiya at nagsusulat ng kani-kanilang "*history*" "*histoire*" "*historya*" sa kani-kanilang wika para sa kani-kanilang bayan o bansa. Ang ating mga grupong etnolingguwistiko ay may kani-kanilang kasaysayan sa anyo ng kani-kanilang mga epiko o awit. Ngunit ang Pilipinas (o Katagalugan para sa KKK), bilang tadhanang pangkasaysayan, ay hindi ni grupong etnolingguwistiko o simpleng bayan ni bansa katulad ng Olanda, Hapon o Thailand.

Nasa proseso pa ng pagiging Bansa ang Pilipinas. Noong ika-19 na dantaon nagkaroon ng dalawang proyekto ng pagbubuo ng Bansa ang Kapilipinuhan: ang sa mga ilustrado (*nación*) sa wikang Kastila at ang sa mga Anak ng Bayan (*Inang Bayan*) sa wikang Tagalog. Kapwa proyekto ay may sariling historiograpiya: ang sa Inang Bayan ay ang taal-sa-Pilipinong *Kasaysayan* sa wikang Tagalog, samantalang ang sa *nación* ay ang hiram na *historia* sa wikang Kastila.


Pansamantalang nanalo ang proyektong "nasyonal" ng elit bilang resulta ng kudeta ni Aguinaldo sa Teheros noong Marso 22, 1897 at ng pagtiwala ni Aguinaldo rin at ng kanyang mga kasama sa mga Amerikano. Nang nagapi na ang "rebolusyong" pinamunuan ng ilang mga elit, pinagbigyan ng mga ito ang elit sa pag-okupa ng mga puwesto sa bagong pamahalaan/pamunuang kolonyal sa bago ring wika: ang Ingles. Magiging marurunong sa wikang ito at sa kaugaliang sosyo-pulitiko-ekonomiko ng Amerikano ang elit (na daragdagan ng mga bagong *recruit* mula sa sistema ng edukasyon sa Ingles, bilang tagapagpalaganap ng "American way of life"). Bilang tagahalili ng pagkatapos papaurong/papaalis nang kolonisador, ang mga elit mismo ang magpapatuloy sa sistemang iiwanan nito. Tagapagpatuloy rin ang elit sa historiograpiya sa Ingles na taglay ng Amerikano. Nahirati sila rito at ang tanging pagkakaiba nila sa mga nagsanay sa kanila rito ay ang atityud na "palabán" (*pangkaming pananaw*) na hindi naman magpapalaya sa kani-kanilang diwa, dahil ito'y di na naiiba sa dati at nagpapatuloy pang kolonisador, bunga ng tradisyon at wikang historiograpiikal na kapwa nilang ginagamit.

Ngunit, nagpatuloy ang Himagsikang 1896 hindi lamang sa anyo ng maraming paghihimagsik ng Bayan at, nitong nakaraang ilang dekada, sa anyo ng digmang bayan; nagpatuloy rin ang historiograpiya ng naturang Himagsikan: ang Kasaysayan, na nitong nakaraang dalawa-tatlong dekada, ay umunlad patungong Bagong Kasaysayan, sa wika rin ni Bonifacio: ang Tagalog na magiging P/Filipino, batayan ng pagpapatuloy ng pagpupunyagi sa pagbubuo ng Bansa.

Hindi ang *historya* ng elit sa wikang Ingles kundi ang Kasaysayan nasasalalay sa wikang P/Filipino at sa kalinangang bayan ang makasambag sa pagbubuo ng Bansa, dahil sa hindi ito eksklusibo't lubusang nakikipag-talastasan sa IBA (dayuhan tulad ng elit, kundi sa SARILI (ang Bayan) upang makamantan ang kabuuan ng Sangkapioipinuhan.

Dayagram I

KASAYSAYAN NG KASAYSAYAN*




* Balagyang hinango sa Atty Navarro kina Myra Gallardo at Elsie Ramos, *Kasaysayan ng Kasaysayan Bilang Disiplina sa Pilipinas* (1986); at Jaime Veneracion, *Ang Kasaysayan sa Kasalukuyan* (1990).

Dayagram II


PROSESONG PANGKASAYSAYAN:

Mula sa Dating mga Kabuuang Sosyo-Pulitikal Tungo sa Pambansang Punyagi



Dayagram IV

ANG PANAHOON SA GAWAING PANGKASAYSAYAN:



Sin = Sinkroniko; Dia = Diakroniko; A = *Sariling* Kalinangan at Kasaysayan;
 B + K = *Kapwang* Kalinangan at Kasaysayan (halimbawa Maphilindo); D - J
 (ibang Kalinangan at Kasaysayan; (bilog) = Materyang Pangkasaysayan

Salazar (1992/1997)

WIKA AT HISTORIOGRAPIYA:

Ang Pag-aaral ng Kasaysayan Tungo sa Pagbubuo ng Bansa

Z. A. Salazar

U.P. Department ng Kasaysayan

Introduksyon. Malaki ang pagkakaugnay ng historiograpiya, bilang pagsusulat ng Kasaysayan kapwa sa pakahulugan nito sa Kastilang *historia* (mula sa Griyegong *historiè* = ulat/imbestigasyon) at sa Pilipinong *kasaysayan* (salaysay na may saysay) at bilang simpleng metodolohiya o teknika ng pagsusuri/pag-uusisa, sa wika. Ang pagkakaugnay na ito ng dalawa ay mahigpit ding nakakabit, sa kaso ng Pilipinas, sa ating mithiin/gawaing magbuo ng bansa. Magiging malinaw ito kung susuriin muna natin A) ang kahulugan ng "*historia*" (ulat/pagsasalaysay) at "*kasaysayan*" (saysay/kabuluhan) sa konteksto ng ating nakaraan at kalinangan, bago natin analisahin nang mas masusi ang kaugnayan ng "pag-aaral ng nakaraan," kapwa B) bilang *historia* (ulat) at "*kasaysayan*" (saysay) at K) bilang disiplina ng pagsusuri ng at pagpapahalaga sa batis (metodolohiya at pananaw) sa ating pagiging isang pambansang kabuuan.

A. *Historia* at "*Kasaysayan*"

1. Magkaibang pinagmulan: a) *historia* mula Griyego: *historiè* o ulat/imbestigasyon, higit sa lahat hinggil sa nakaraan, ngunit maaari ring tungkol sa ibang paksa (cf. *histoire naturelle* / *natural history* = "agham pangkalikasan" / pagsusuri ng kalikasan, halimbawa); b) "*Kasaysayan*" mula sa ating kalinangan (= salaysay na may saysay hinggil sa nakaraan): samakatuwid, kapwa ulat (salaysay) at kabuluhan (saysay).

2. Metodolohiya: sa simula, walang ispesipikong metodolohiya ang *historia*. Ito'y malilinang at mapapaunlad sa Kanluran (higit sa lahat, noong ika-19 dantaon). Papasok sa Pilipinas ito mula 1910 (U.P. Departamento ng Kasaysayan). "*Kasaysayan*" na sa larangan ng awit/epiko; mitolohiya. Ngunit sa pagkakaugnay sa *historia* aangkin ang "*kasaysayan*" ng metodolohiya mula rito; sa katunayan, ipapalagay ng mga nagsasanay sa *historia* na identikal dito ang "*kasaysayan*." Nitong nakaraang dalawa't kalahating dekada lamang madadalumat ang "bagong kasaysayan" na magdudulot ng ibayong kaibhan sa "*kasaysayan*" *vis-à-vis* sa *historia*, kahit na sa *novelle histoire* ng Pransya na ang "preokupasyong panlipunan" at

pangkalahatan (*totalisante*) ay hindi nalalayo sa ambisyon ng "bagong kasaysayan" mismo.

3. Samakatuwid, may aspetong "ulat" at "salaysay" ang *historia* at "kasaysayan." Ang pinakabuod nitong huli ay "saysay" o "kabuluhan" / "kahulugan" samantalang ang *historia* ay "ulat" lamang sa simula. Ang aspetong metodolohikal ay ang pangalawang aspeto ng "pag-aaral ng nakaraan," aspetong nabuo sa Kanluran ngunit naging bahaging pinalawak at pinalalim ng "kasaysayan" -- lalo't higit, sa pagkatuklas ng pagkakaiba-iba ng "pananaw" sa pagtutunton ng saysay, sa paglililaw ng kung para kanino nga talaga ang kasaysayan, kanino talaga isasalaysay ang nakaraan kundi (higit sa lahat) sa may-ari at pinapaksa nito.

B. Maliwanag na ang ulat o sanaysay ay may saysay, higit sa lahat, sa grupo ng taong pinapaksa nito -- i.e., ulat / salaysay ito sa sariling grupo. Ito'y hindi lamang basta-bastang grupo na walang pagkakaugnay-ugnay, walang kabuuan. May sariling kalinangan ito; samakatuwid, may sariling wika. Kung kaya't mahigpit na magkakabit ang wika-at-kalinangan at historiograpiya; ang grupong kinabibilangan ng nag-uulat o historyador ay dapat lamang na ipagpalagay na may kabuuan sa wika at kalinangan.

1. Sa kaso ng Pilipinas, ang kabuuan ay isa pa lamang na mithiin sa kasalukuyan. Wika ang lagakan-kuhanan-ekspresyon-tagapagpatuloy ng kabuuan, sa pangkalahatan. Sa kaso ng ating bansa, dapat pang maging tagapagbuo ang wika, lalo na dahil sa lagakan, kuhanan at ekspresyon (bahagya man lamang) na ito ng kabuuang nilalayan.
2. Ang magkakasalungat na proyekto ng "nación" (nasyon) ng ilustrado/akulturado at Inang Bayan ng taal na Pilipino. Nakakabit ang bawat proyekto sa isang wika: ang Inang Bayan sa Tagalog o P/Filipino at ang "nasyon" sa Kastila at pagkatapos sa Ingles. Nagbunga ito ng kalituhan at sa pagkakahati ng lipunan at kalinangan (cf. ang Dambuhalang Pagkakahating Pangkalinangan).
3. Historiograpiyang nasyonal / maka-nasyon (pangkami) vs. historiograpiyang makabayan (para kay Inang Bayan upang mabuo ang Bansa bilang pagsanib ng nasyon at bayan o pagsaklaw nito ng Inang Bayan). Napakaimportante ang papel dito ng wika sa pagpapahayag ng kalinangang bayan (na nariyan na) sa P/Filipino at iba pang wika / wikaing Pilipino at sa pagbibigay anyo sa kabihasnang pambansa (na namumuo / binubuo pa at maaaring sumaklaw ng kulturang nasyonal sa Ingles ng mga akulturadong elit).

K. Bilang disipilinang pang-agham, mahigpit ding nakakabit ang historiograpiya sa wika, sapagkat ito ay kailangan upang maanalisa / magamit ang batis para sa ulat /

salaysay. Ang batis ay maaaring sa wika ng kinabibilangang kabuuan o sa (mga) wika ng ibang kabuuan / kalinangan.

1. Batis para sa ulat sa sariling kalinangan.
 - a. Sa ibang lugar (halimbawa Europa): ang mga batis ay nasa sariling wika o sa (mga) wika ng kaugnay na (mga) kalinangan.
 - 1) Sa panahon (*i.e.*, dating baitang na medyebal): Latin.
 - 2) Sa panahon at heyograpiya (Aleman, Italyano at iba pa, sa kaso ng Pranses halimbawa).
 - b. Sa Pilipinas, masalimuot ang sitwasyon:
 - 1) Hanggang ngayon ay 90% ng batis ay nasa wika-at-kulturang banyaga, bunga ng ating kolonyal na nakaraan (Kastila, Ingles-Amerikano, Hapon, at iba pa) at bunga rin ng ating kapabayaan (hindi pagsulat / pag-ulat sa sariling wika).
 - 2) Napakaimportante ng wika dito.
2. Batis para sa pag-uulat hinggil sa mga kaugnay na kalinangan.
 - a. Europa (Pransya, Alemanya, Inglatera at iba pa).
 - b. Pilipinas (cf. Indonesia, Malaysia, mga estado sa Pasipiko). Masalimuot pa ang problema; kahit kamalayan sa importansya ng wika hinggil dito ay hindi pa laganap. Bahagi ang kamalayang ito ng pagpapalaya kay Inang Bayan at ng pagbubuo ng Bansa. Ang pag-aaral at pagkatuto ng mga wika ng mga pinsang kalinangan ay bahagi rin ng *paglayang historiograpiyal*.
3. Batis para sa pag-uulat hinggil sa *ibang* kabuuan / kalinangan / kabihasnan. Napakalayo pa natin dito. Cf. ang bisyon / misyon ng U.P. Departamento ng Kasaysayan. Sa kabila nito ang talagang nararapat ay isang *diskursong dalubhasa* o ng *mga dalubhasa* hinggil sa "*iba*" sa loob ng ating sariling kabihasnan, sa wika ng kabihasnang ito -- *i.e.*, ang P/Filipino.

Konklusyon

WIKA, KASARIAN AT SEKSWALIDAD

Lilia Quindoza-Santiago
Unibersidad ng Pilipinas-Diliman

Sa aking sanaysay na "Diskursong Patriarkal sa Wika at Panitikang Bayan," (Constantino at Atienza, 1996), pinansin ko na ang ilang mga katangian ng Filipino at mga wika sa Pilipinas kaugnay ng usapin ng kasarian. Kapag sinuri natin ang *lexicon* ng mga wikang Filipino at mga wika sa Pilipinas, mapupunang una, ang mga *noun* o pangngalan lalo na kung tumutukoy sa mga bagay (hal. mesa), ay walang tiyak na kasarian. Ang mga pangngalan, halimbawa, sa Espanyol ay "la mesa", ibig sabihin, *feminine* o "el niño", ibig sabihin, *masculine*. Ang mga pangngalan na nagtatapos sa /a/ ay kadalasan ay *feminine* samantalang yaong nagtatapos sa /o/ ay *masculine*. Sa Tagalog at mga wika sa Pilipinas ay walang ganitong *gendering* o pagsasari. Halimbawa, ang makata o ang maglalako ay maaaring tumukoy sa lalaki o babae. Ito ay maliban sa ilang pangngalan o noun na *self-explanatory*, ibig sabihin, tukoy na agad ang kasarian sa bansag pa lamang, i.e., ama, ina, binata, dalaga, inahin, kalakyan, tatyaw, mga bansag na tumutukoy sa mga tao o hayop, etc. Ang mga panghalip o *pronoun* ay wala ring tiyak na kasarian, at sa partikular, walang makikitang *sexual bifurcation* o paghahati batay sa *sex* sa ikatlong panauhan kaya hindi natin pinoprotektado ang *he/she* sapagkat simpleng *siya* (Tag) o *isuna* (Ilk) ang ating ginagamit. Ang ating Maykapal at Bathala ay Siya at hindi *He*.

Samakatwid, kung walang *lexical* na batayan ang *gendering*, mas bukas ang ating pambansang wika at mga wika ng bansa sa pagkakapantay ng mga kasarian. Puwedeng mas *privileged* o pinapaburang kasarian kung *lexicon* ang pagbabatayan. Puwede ring sabihing may sari-saring mga kasarian sa bansa, isang katunayan kung bakit mayroon tayong mga *generic* na termino para sa mga taong may kakaibang kasarian bukod sa pagiging babae at lalaki. Halimbawa nito ang bakla. Ang bakla o bayot ay hindi katumbas ng *homosexual* dahil isa itong pagsalabat ng kasarian (*gender crossing*). Ang pagsalabat ng kasarian sa bakla ay isa nang partikularidad na kultural at makikilatis din halimbawa sa pagkakaroon ng "paring babae" sa katutubong pagsamba. Kung susuriin ang *etymology* ng paring babae tulad ng nakamihasnang itawag sa mga taong nagsasagawa ng mga ritwal ng pagsamba sa bundok Banahaw, mapapansin natin na ang katawagang ito ay pagsalikop ng dalawang kasarian dahil ang pari, nagmula sa *pater/padre* ay lalaki, pero ito ay naging babae sa paring babae. Kaugnay nito, ginagamit din

ng mga katutubong sekto ng pagsamba rito ang konsepto ng "haring babae" na kung tutuusin, tulad ng paring babae ay isang pagsalabat ng kasarian.

Sa kasalukuyan may mga tinatawag namang "baklang babae". Ibig sabihin, hindi babae, hindi lalaki, hindi rin bakla na babae. Sa kasong ito, nagmumukhang may sariling sari na ang bakla dahil ginagamit na bilang pang-uri ng babae at lalaki. Ang bakla sa kasong ito ay tila nabibigyan na ng awtonomiya bilang kasarian dahil kung may baklang babae e di mayroon ding baklang lalaki. Sa kanyang *persona* (baklang babae), mamamalas marahil ang mga katangian ng pinaghalong babae/lalaki at pagiging babae.

Sa mga kasong ito ng pagsasalabat ng mga kasarian matutunton pa natin ang maraming bansag sa mga babae at lalaki sa bansa na nagmumula sa tunguhing magkahalo o mapaghalo ang iba't ibang katangian ng mga sari. Halimbawa, ang pagtuya na ang isang lalaki ay isang "*ander di saya*" ay isang paglalarawan ng pagsakop ng babae sa katauhan ng kanyang bana o asawa. Ang *ander di saya* mangyari pa ay katawagang nauso lamang nang dumating na sa atin ang Ingles dahil ang *ander* ay mula sa Ingles na "*under*" na ang ibig sabihin ay sa ilalim. Kaya ito ay tumutukoy sa lalaking sakop ng babaeng nakasaya. Isang pagtuya sa mga asawang lalaki na napaiilalim sa kapangyarihan ng mga misis.

Matatawag na isa ring pagsalabat ng kasarian ang nangyayari sa *tomboy*. Ito naman, pansinin natin ay tumutukoy sa babaeng-lalaki. Pansinin na ang salitang *tomboy*, kahit pa *coinage* ito sa pagdurugtong ng "*tom*" at "*boy*" sa katunayan ay hiram, ibig sabihin, sumulpot din lamang ito nang dumating din sa atin ang wika at kulturang *anglo-saxon* dahil ang *tomboy* ay may deribasyon sa wikang Ingles. Pero tulad ng salitang bakla, ang *tomboy* ay di rin katumbas ng *homosexual*. Hindi kasingkahulugan ito ng *lesbian* pagkat ang *tomboy* tulad ng bakla ay mga katangian ng pagkalalaki ng isang babae kahit na may kasintahan o asawa ang babae.

Ang isa pang katibayang maipapanukala natin kung bakit walang tiyak na kasarian o pagsasari sa ating wika ay ang katunayang marami tayong terminong masasabing *gender neutral*. Pambalaki ang itinawag dito ni Lope K. Santos. Halimbawa nito ang mga salitang "kapatid" na ang pagkakilanlan ay hindi *brother* o *sister* kundi kapatid, di tiyak ang sari. Ganito din ang katayuan ng katawagang "anak" hindi *son* or *daughter* kundi anak na di-tiyak ang sari. Mapupunang ang mga katawagang ito ang naging palasak na bansag sa isa't isa ng mga kasapi ng Katipunan noong himagsikan sa pagtatapos ng nakaraang siglo. Sila'y mag-kakapatid ng mga anak ng bayan -

pagbibigay-halaga na rin ito sa pagkakapantay ng mga kasarian at pagkakaroon ng parehong responsibilidad ng mga babae, mga lalaki, maging mga bayot at bakla sa ikagagaling ng bayan.

Bukod sa katawagang kapatid, pansinin natin ang iba't ibang katawagan ng mga kasapi ng Katipunan batay sa kanilang designasyon sa organisasyon - yaong mga ordinaryong kasapi ay katipon, yaong mga nasa larangan ng labanan ay kawal at yaong mga pinuno ay bayani (Agoncillo at Guerrero, 1973). Lahat ng designasyong ito mangyari pa ay puwedeng lalaki, puwedeng babae at pinatitibayan ito ng pagkakaroon ng aktibong mga kasapi ng Katipunan na mga babae at lalaki sa lahat ng antas ng kasapian.

Sa gayon masasabi natin na may malalim na ugat sa kalinangan at kasaysayan ang kawalan ng tiyak na pagsasari ng mga pangngalan sa ating wika.

Sa kontekstong linggwistikong ito kung gayon, maaaring suriin din ang ilan sa mga asersiyon ni Neil Garcia hinggil sa *Gay Liberation Movement* sa Pilipinas. Sa kanyang libro (1996), iginigiit ni Garcia na walang *Gay Liberation Movement* sa Pilipinas, maipapanukala na marahil, ang kawalan ng *Gay Liberation Movement* sa Pilipinas ay ang katunayang hindi naman totoong dumanas ng matinding diskriminasyon batay sa kanilang sari ang mga bakla sa Pilipinas. Yan ay kung ang mga bakla ang siyang katumbas ng tinatawag na *gay*, bagama't ang pasubali ni Neil Garcia ay hindi magkapareho ang bakla at ang *gay* o *homosexual*. Ang bakla ay isang katangian ng pagkababae, sang-ayon sa kanya at maaaring maraming bakla ang may-asawa o *heterosexual*, di tulad ng *homosexual* na ang ninanasa ay pakikipagrelasyon sa kabaro o kasari. Tungkol sa usapin ng mga bakla kung gayon, isang nakikiliting larangan ng pananaliksik ang maaaring buksan sa posibleng kaugnayan nila sa kapangyarihan ng mga prayle o pari sa Pilipinas. May pangkasaysayang pinag-ugatan kaya ang kakaibang "lakas" o pagtanggap sa mga bakla sa pagkatanggap ng mga prayle bilang mga iginagalang na mga personalidad sa mga komunidad. Pagka't kung tutuusin, ang mga prayle sa unang tingin ay mga lalaking nakabaro (nakasutana) at may buong daigdig ng di berbal na signipikasyon at simbolisasyon na nagpapaliwanag sa katauhan ng prayle. Ang simbolikong pagpapakahulugang ito mangyari pa ay pinanday na rin ng mga katutubo sa kanilang pakikipag-ugnayan sa mga prayle. Pagkat para sa mga katutubo, maaaring hinalinhan ng mga prayle ang mga babaylan ng sinaunang panahon na nagsilbing lider ng mga ritwal pagsamba. Ang mga babaylan, sang-ayon na rin sa pananaliksik ng mga historyador, ay ang kadalasang pumapasok sa katauhan ng babae o umaangkin ng katangian ng pagkababae upang manalangin o sumamba (Salazar,

1988). Pagdating ng mga prayle, naulit ang gayong asta ng pagsamba, iba nga lamang ang relihiyon at kaayusang pulitikal na kinapalooban ng prayle at ng babaylan. Pero, hindi malayo na dito natutunton din kung bakit tila, sa kaayusang kolonyal, ay may pribilehiyo o nagmumukhang may espasyo para sa mga bakla. Ang kanilang lakas o kapangyarihan ay maaaring *reinforce* dahil sa pagtamo ng kapangyarihan ng mga prayle sa Pilipinas.

Dahilan sa ganitong *lexical* at kultural na mga partikularidad, may mga maaaring maggiit na hindi *sexist* and wikang Filipino at mga wika sa Pilipinas. Dito ngayon may pagtatalo. Dahil sa kasalukuyang anyo at gamit nito, lumilitaw na napakaraming *sexist* na manipestasyon ang wika at kultura sa Pilipinas. Ito'y sa kadahilanang kahit palasak ang pag-iiba-iba ng mga sari, kahit may sandigan ng pagkakapantay-pantay ng mga kasarian, ang buong wika naman ay binubuo ng iba't ibang aspekto bukod sa mga katawagan. Kahit mahalagang larangan ng wika ang *lexicography*, may istruktura rin ito na may mapagpasiyang kahalagahan din. Bukod dito, may isang buong kaban ng pagpapakahulugan, may kasaysayan, may diskurso at semantiks at hermenyutiks na mahuhukay sa pinagdaanan nitong kasaysayan, isang kasaysayan na nakaugat sa kasaysayan ng lipunang gumagamit at nagsasalita nito. Pumapanday din ang kasaysayan ng gamit ng wika ng isang kamalayan na nag-uukit ng pag-iiba at sa kalaunan ay pagpapabor sa iisang kasarian, na sa puntong ito ay ang lalaki.

Dahil sa kasaysayan ng pagkasakop, ang wikang pambansa ay nalahian/nalahiran ng pagsasari na may *bias* o kiling sa lalaki at patriarkal na diskurso. Ang manggagamot, nang ito ay isalin ayon sa impluwensya ng wika at kultura ng mananakop ay naging doktor, ang manananggol ay naging abogado, at ang mamamayan ng bansa ay Pilipino. Kung mga babae ang tinutukoy sa mga pangngalang ito, kailangang gawing doktora/abogada/Pilipina. Dahil sa pagsasari na ito, higit na ginamit ang mapang-sakop na doktor, para sa propesyon ng panggagamot at kung ang nagsasagawa nito ay babae, kinailangang gawing /a/ ang huling letra para matiyak na babae ang tinutukoy. Samakatwid, ang *gendering*, maipanunukala, ay isa ring malalim na pagtagos ng kulturang dayuhan sa kalinangang katutubo.

Ang ganitong *gendering* sa wika ay hindi lamang naglagda ng pagbabago sa kaayusang linggwistika. Tulad ng batid nating lahat, ang anumang pagbabagong linggwistika ay naglalagda o nakikintal ng malalim na pagbabago sa estilo ng pamumuhay at sensibilidad. Ibig sabihin, hindi lamang simpleng linggwistikang pagbabago ang naganap nang mas maging palasak ang salitang doktor kaysa manggagamot. Nalahian na tayo ng

Espanyo at Amerikano kaya nakalimbag na rin sa ating kamalayan at mga texto ng ating panitikan/panitikang bayan, ang isang pananaw na *misogynous*, ibig sabihi'y may pagkiling sa iisang kasarian. Ang pagkapatahimik ng babae sa usapin ng *gendering* sa larangan ng wika ay tumagos sa larangan ng panitikan, sa larangan ng kultura at pamumuhay.

Ang pagkapatahimik (*silencing*) ng babae sa puntong pangwika ay higit na pinasidhi ng nangyaring kolonyal, piyudal at patriarkal na kaayusan. Sa panahon ng kolonyalismong Espanyol halimbawa, nagtakda ng mga koda ng mabuting gawi at asal para sa mga babae ng mga lalaki at ang mga kodang ito ay hindi galing sa mga babae mismo kundi sa mga prayleng lalaki o bakla. Nagkaroon din ng idealisasyon sa kasarian ng babae (Santiago, 1997). Tingnan ang mga halimbawa ng mga pagtatakda ng kagandahang asal at mabuting gawi, sa Urbana at Felisa, na sinulat ni Padre Modesto Castro at ang mga larawan ng pagpapakasakit at pagkamartir sa iba't ibang pasyon, at ang pagsasapedestal o pagtatanghal ng ikon ng kadalisayan sa pag-ibig sa Jocelyn, ang Baliwag, etc. Ang mga textong ito ay naglimbag ng napakalalim na epekto sa sexwalidad ng kababaihan sa Pilipinas.

Papaano natin babaguhin kung gayon ang kasalukuyang *sexist* na pagkiling ng Filipino at iba pang wika sa Pilipinas? Una, hindi rin lamang *linguistic* ang kinakailangang gawing pagbabago, *i.e.*, pagpapanumbalik at pagpapatingkad sa mga katawagang walang *gendering* o nyutral (ha. kapatid, kabsat, etsetera), kailangan mas panlipunan ang pagbabago upang tumagos sa mga gawi at kaugaliang kultural. Ibig sabihin, hindi na natin puwedeng tanggalin sa bokadura ang pagkakaroon ng mga salitang abogado/a o doktor/a pero puwede nating sikaping igiit sa praktika na may pantay na kagalingan ang doktor na lalaki at doktor na babae. Pangalawa kung gayon, masidhi ang pangangailangan ng pagbabago ng mga istrukturang panlipunan at mababago o maaaring mabago ang mga ito sa paglulunsad ng mga kilusan na siyang liligalig sa ating kamalayan. Dito gumaganap ng mahalagang papel kapwa ang kilusang feminista at kilusang mapagpalaya ng bansa.

BIBLIYOGRAPI

- Agoncillo, Teodoro and Milagros Guerrero. A History of the Filipino People. Manila: National Bookstore, 1973.
- Constantino, Pamela at Monico Atienza. Mga Piliping Diskurso sa Wika at Lipunan. Quezon City: U.P. Press, 1996.

Garcia, J. Neil C. *Philippine Gay Culture: The Last 30 Years*. Quezon City: U.P. Press, 1996.

Santiago, Lilia Quindoza. *Sa Ngalan ng Ina: Sandaang Taon ng Tulang Feminista sa Pilipinas*. Quezon City: U.P. Press, 1997.

Santos, Lope K. *Balarila ng Wikang Pambansa*. Maynila: Surian ng Wikang Pambansa, 1956.

Salazar, Zeus. "Ang Babaylan sa Kasaysayan ng Pilipinas." *Women's Role in Philippine History*. Quezon City: University Center for Women's Studies (UPCWC), 1989.

ANG PROGRAMA NG PAGSASALIN SA WIKANG HAPON

Tomonobu Nagai
Visiting Lecturer - UP Diliman

When I first came to the Philippines, I was surprised to find that there were so many Filipino writers who wrote books in English. However, When I came to UP I could hardly find English written in the bulletin boards. At the same time, some people asked why there were many books translated into Japanese language.

Ever since we were young, we Japanese studied every subject in school in Japanese like mathematics, physics, chemistry, law and so on. Most Japanese think this natural. But I am convinced that there are some factors for this. Today, I would like to discuss them with you.

1. *The Factors why there are many books translated in Japanese in the History of Japan*

There are four main factors:

- a) Geographical conditions
- b) Characteristics of the Japanese language
- c) Introduction of the Chinese characters (orthography)
- d) The Introduction and development of paper and publishing in Japan

a) As you know, Japan lies a considerable distance off the eastern edge of the Asian continent. And since the dawn of history, we have never been conquered directly by other countries. The reason for this is that the waves of the sea of Japan and the sea of Genkai served as a defensive wall to prevent foreigners from invading the islands. Since Japan had not been conquered by anyone, the Japanese did not develop any prejudice against other cultures. The Japanese had a very big interest in learning the culture of other people. As far as the Japanese were concerned, the best of foreign culture must be accepted by all means. This learning of culture was done through literature because it was only means of contact with the outside world. A Japanese would not be able to read the literature in its original language; therefore, literature was translated into Japanese.

- b) There are relatively few phonemes in Japanese. We have only about 25 phonemes: five vowel sounds, and about 18 consonant sounds and 2 semi-vowels. One or more phonemes are used to form syllabic units which are pronounced with equal length. This is called *morae* the shortest unit of speech. All Japanese words and expressions are combinations of these *morae*. There are 104 *morae* in Japanese. For example, *sakura* is made up of three *morae* (sa.ku.ra), but the evening greeting *Konbanwa* is not three *morae* but 5 (Ko.n.ba.n.wa).

The Japanese believe in many gods and deities who exist in everything – in a tree, in a stone, in animals, including the chairs you are sitting on. And our ancestors specially believed that there is a great deity or soul in each word and letter. They call it *Kotodama*.

With this *Kotodama* and simple *morae*, the Japanese brain works a bit differently from that of other people. Most people hear words in the left brain, and listen to the music, natural sounds and noises in the right brain. But the Japanese hear natural sounds and noises as words in the left brain with simple *morae*. So we have many “onomatopoeia” to express the natural sounds. We have many kinds of onomatopoeia about the falling of the rain, the falling of the snow, the shining of the sun, etc.

Examples:

the rain -	<i>potsupotsu, shitoshoto, zaazaa</i>
the snow -	<i>huwahuwa, chirachira, konkon, shinshin</i>
the sun -	<i>sansan, giragira, jirijiri</i>
others -	<i>punpun, iraira, gayagaya, dobbon, potchan, gasshaan, shiin, miin, minmin, tsukutusku booshi tsukutsuku biooshi</i>

This belief in *kotodama* which gave the Japanese the motivation to translate literature into their own language. They believe that there are spirits in words and they would like to learn the spirits in words of other languages.

- c) Japanese did not originally have its own writing system. It adopted the Chinese characters to represent the *morae* of Japanese. With a writing system, translation flourished.

One might ask why the Japanese choose Chinese as their writing system. One reason is that the Chinese characters are ideographs, representing

ier to translate concepts which are not in Japanese, because the original writing system was used. Japanese does not solely depend on the sound, but on the meaning a character possesses. More of this will be discussed later.

- d) Paper was developed in China around the 2nd century and was introduced to Japan in the 7th century. It was further developed by the Japanese in the Edo period (17th century) and is now known as "Washi" or Japanese paper. This, in effect, encouraged the development of a publication system. As a result of this, many kinds of books, newspapers and magazines started to be published. Another factor to this increasing demand for publication was the fact that the lifestyle of the people had become more comfortable and there was a demand for leisure. When Japan opened its doors to the West in the late 19th century, Western culture and high technology began to enter, especially the printing technology, which led to the further development of publication in Japan. In a short span of time, Japan was able to develop an efficient publication system which led to mechanized large-scale publication. They could publish more than two thousand kinds of books in a year at the end of the 19th century, during 20 years from the start of the Meiji period (1868).

2. *The Advantages of Chinese Characters*

I have mentioned earlier that the Japanese adopted Chinese characters as their code for writing. After all these years, even when Japanese have developed their own writing system, they continue to use Chinese characters. Some students of mine asked me why they have to study Chinese characters considering that they are studying Japanese. You may also be wondering why.

Using Chinese characters has certain advantages.

To understand one of the advantages, let us take the following example:

hydrocephalic

scialytic lamp

Is there anybody who knows these words? Maybe some can understand but not all, I guess. The words in Chinese characters are as follows:

Most Japanese or people who understand Japanese-Chinese characters, even if they do not know how to pronounce them, can understand the meaning

水頭症

無影灯

Most Japanese or people who understand Japanese-Chinese characters, even if they do not know how to pronounce them, can understand the meaning of these words. The first word is read as *Suitooshoo*. The first is *sui* (水) which means water. The second one is *too* (頭) which means head, then the third one is *shoo* (症) which means symptom. So the meaning of the entire words is a kind of sickness wherein there is water in the head.

The next word is *mueetoo*. The first character is *mu* (無) which means nothing. The second, *ee* (影) which means shadow. The third is *too* (灯) which means lamp. So the meaning of the entire word is a kind of lamp which does not have a shadow, the kind of lamp used in the operation room while operating.

After looking at the examples given above, you would now have some idea of what I am talking about. The first advantage of Chinese characters is that each character represents a meaning. Knowing the meanings of these characters will help in understanding words, even if we see the word for the first time.

Here are some other characters and their meanings.

銀 (gin) : silver

川 (kawa) : river

Can you guess the meaning of the words below?

• 水無川

• 水銀灯

The first word means river without water and the second word means mercury vapor lamp.

The second advantage of Chinese Characters is that making new words is easy and the words made can be kept short. For example, when we translated Ping-Pong, we joined 卓 (taku : table) and 球 (kyuu : ball), and we made new word, 卓球 (takkyuu). And when we made a pocket calculator, we made the word, 卓上電子計算機 (table-on, electroni-calculating, machine), and we shorten it like 電卓.

If there were no Chinese characters, Japanese would have to deal with very long words or explanations for things and ideas.

Example:

電話機 : こえをかみなりのようなつぶにかえてはなすからくり

So the Japanese used the Chinese characters as some device. I will comment on this in detail later.

3. *Three Kinds of Japanese Character: Hiragana, Katakana and Chinese Character*

As mentioned earlier, 1500 years ago Japanese didn't have their own letters. The Japanese learned the Chinese characters to read Chinese classics and get the newest knowledge from China. They learned to write documents in Chinese. However, the Japanese government saw the need to develop a system of writing which can be called the Japanese's own.

There are two ways Chinese characters are used in Japanese.

- 1) Some Chinese characters are borrowed and read using a Japanese reading system, yet maintaining the meaning. If we were to do it in Filipino, this is what would come out:

山 means mountain and we read it as "bundok"
 * 人 means person and we read it as "tao"

Of course, there are words which we keep the original Chinese pronunciation.

- 2) Chinese characters are used as sound symbol without any connection to the meaning of the characters.

For example:

When writing "ko.n.ni.chi.wa", they wrote "己无仁知波"

when writing "a.ri.ga.to.u", they wrote "安利加止宇"

Now, look at the following Japanese sentence.

はなこは アメリカの大学で スポーツ科学を 学ぶ。

How many kinds of characters can you distinguish in the sentence above?

At first, you can point out that there are Chinese characters.

大学 (dai.gaku: university).

科学 (ka.gaku: science)

学 (mana: learn)

You will notice there are two ways to read the character "gaku" and "mana". The sound of "gaku" is Chinese and that of "mana" is Japanese. This goes as well for all the Chinese characters. There are always two readings, the Chinese reading and the Japanese reading. Both readings are used in different combinations when forming words.

For example, for place names,

京都 (kyou,to)

東京 (tou,kyou)

are read in Chinese

神戸 (kou,be)

大阪 (oo,saka)

are read in Japanese

福岡 (huku,oka)

is read as 福 in Chinese, and is read as

岡 in Japanese.

Aside from the Chinese characters, there are two other characters that can be found in the sentence above. The character that has a soft shape with soft curved lines is called Hiragana. We use Hiragana for original Japanese words, particles, auxiliary verbs and the inflected parts of adjectives or adverbs, conjugated parts of verbs and so on.

はなこ (female name)

は,の,で,を (particles)

(学) びます (conjugate part of a verb)

The other character that has a sharp shape with sharp angles is called Katakana. We use Katakana mainly for foreign loan words except Chinese words and onomatopoeia.

アメリカ (America)

スポーツ (sport)

Can you guess how Hiragana and Katakana were made? Hiragana and Katakana were derived from Chinese characters which were used as phonograms. (See Figure 1)

安 → あ → あ → あ	a	加 → か → か → か	ka	左 → さ → さ → さ	sa
以 → い → い → い	i	幾 → き → き → き	ki	之 → し → し → し	shi
宇 → う → う → う	u	久 → く → く → く	ku	才 → す → す → す	su
衣 → え → え → え	e	計 → け → け → け	ke	世 → せ → せ → せ	se
於 → お → お → お	o	己 → こ → こ → こ	ko	曾 → そ → そ → そ	so

Derivation of Hiragana from Kanji

阿 → ア → ア	a	加 → カ → カ	ka	敢 → サ → サ	sa
伊 → イ → イ	i	幾 → キ → キ	ki	之 → シ → シ	shi
宇 → ウ → ウ	u	久 → ク → ク	ku	須 → ス → ス	su
江 → エ → エ	e	介 → ケ → ケ	ke	世 → セ → セ	se
於 → オ → オ	o	己 → コ → コ	ko	曾 → ソ → ソ	so

Derivation of Katakana from Kanji

Figure 1: Derivation of Chinese Characters

The original Hiragana characters were when the Japanese, especially women, wrote letters, poems and novels. When writing letters, they used a writing brush and they tried to write letters with fast and beautiful stroke. From this, the original characters changed and resulted in the Hiragana characters. Katakana were used in studies and note-taking. Using katakana in making notes is fast and precise. So they used only one part of a Chinese letter.

Having these three writing systems gives the Japanese some advantages. First, the characters can prove to be very ideographic. If we write Tanaka-san in Katakana, タナ カさん, we think he/she is a Japanese-American or Japanese Filipino. Secondly, when we read sentences in haste, reading only the Chinese characters and Katakana, we can guess the content. Lastly, we have no need to leave spaces between the words. On the whole, using each letter properly makes reading sentences easier for the Japanese.

4. Three big assimilations of culture from foreign civilization and Translation

We had three big assimilations from foreign civilization.




Figure 2: Chronological Table

- 1) There was already assimilation of culture from China from as early as the 5th century. It was started by the Imperial court from 7th to 8th century. The government sent many researchers to China and many literature and articles were brought into Japan. The rulers then and the educated class were fascinated by the Chinese culture. It was the Chinese classics and Chinese characters which had a great influence in the development of the writing system of Japan. The Japanese language could never have grown without the Chinese language. This influence continued until the Meiji period in the 19th century.

From the Chinese characters at hand, the Japanese also created characters of their own. For example,


働 (work: 人 person+ 動 move), 峠 (mountain pass: 山 mountain+ 上 up+ 下 down),
 畑 (火 fire + 田 rice field) 辻 (crossroads 道 road+ 十 cross),
 躰 (manners: 身 body + 美 beauty), 鰯 (sardine: 魚 fish+ 弱 weak)

- 2) The second big assimilation started at the end of the Edo period. The Edo Shogunate opened the country in 1854, and much knowledge and information from the West, Holland, Britain, the United States, and so on began to flood in. There were many special terms which came into use in literatures, but the Japanese could only translate them into Chinese characters. The Japanese made many new words for themselves using Chinese characters which were also, eventually, used in China.

哲 (wise)	学 (leaning):philosophy	社 (group)	会 (meet):society
銀 (money)	行 (shop): bank	会 (meet)	社 (group):company
鉄 (iron)	道 (road): railroad	市 (city)	民 (people):citizen
工 (industry)	廠 (wide space):factory	家 (house)	庭 (garden):home
個 (each)	人 (person):individual	時 (o'clock)	間 (during):time
条 (article)	件 (case):condition	意 (mind)	識 (distinguish):senses
科 (departmentalize)	学 (learning):science	主 (main)	義 (sense) : ism
簿記 (bo,ki) : book-keeping => bo-kee => bo (thin) ki (record)			

Making more new words in Chinese, more Chinese characters came to occupy in daily Japanese language.

Number of Chinese words among 1000 words well-used in present magazines



M: Manyo Shu	(759 A.D.)	326 words
G: Genji Story	(1000 A.D.)	446 words
J: Japanese Portuguese Dictionary	(1604 A.D.)	654 words
H: Hepburn Japanese - English Dictionary	(1867 A.D.)	761 words
I: Inoue Japanese - English Dictionary	(1909 A.D.)	951 words
K: Kenkyu-sha Japanese - English Dictionary	(1954 A.D.)	992 words

Figure 3

And also some suffix characters like 的 (teki) 性 (see), 化 (ka) made word formation easier.

Development of the Suffix Characters





Figure 4

In magazines, there is less than 50% of pure Japanese words now. Around 50% of words are Chinese characters. (See figure 5).



- 3) The third big assimilation started after the Second World War. This is the time when many loan words from English started to enter the language. The reason is that people started learning English in junior high school and they were accustomed to English and were impressed by it. And the mass media used much English or other European words and foreign sounding words which likely caught the attention of the public.

ナイター (nighter:night game)
 ロマンスカー (Romance car)
 アフターサービス (after service:after-sales service)
 テーマソング (theme song:theme song)
 アルバイト (albeit => part-time job)
 さぼる (sabotage => sabo-ru: cut a class)

Even though there are Japanese words existing, there is a tendency to use the foreign loan word rather than the Japanese one.

葡萄酒 (budooshu : wine) => (wain : wine) ワイン
 魔法瓶 (mahoobin : thermos) => (jaa : jar) ジャー
 開店 (kaiten : open the shore) => (oopun : open) オープン

5. Problems of loan words at present and Prospects of the Translation in the future

Actually, there is a flood of foreign loan words especially English words in Japanese life. We write and pronounce them in Katakana. So we call them Katakana words. We hear more Katakana words in advertisements.

カネボウのニューイヤー・キャンペーン (new year campaign) のコンセプト (concept)は、
 レボリューション (revolution) アクティブ (active) なビジネス・ウーマン (business woman) の唇
 を美しくビビッド (vivid) に、そして エレガント (elegant) にメークアップ (make up) します。

If you pick up the names of Japanese cars, you will be surprised that most of these are named in Katakana words. Why don't the companies name them "Fuji" or "Ninja"? They say that most Japanese like the Western sound. Of course, I agree with them. The Japanese have a tendency to use words from a culture they look up to. But it is controlled by ourselves. If the company named a car with some charming word in Japanese, and continue to use it for their next line of cars, buyers will become accustomed to Japanese names.

Whether the name of a car is a Katakana word or not does not influence our life but there is a boom of such kind of Katakana words. For example, once there were many English words in popular songs and singers pronounced even Japanese words like English. But now, young people feel it is out of date to put English words in songs and many singers sing songs with a clear Japanese pronunciation.

But if Katakana words influence our life, it is a problem. If the Japanese feel some threat from loan words, they cry out and do take action. The most important social problem in Japan is the welfare of the aged. There are many Katakana words in this field.

For example: ケアプラン(keapuran: care plan),

ホームヘルパー(hoomuperupaa: home helper)

ドナー(donaa: donor)

ライフサポートアドバイザー(raihusapootoadobaizaa: .

life support adviser)

The aged made a complaint to the officers in the welfare section of the city hall that they can not understand the words. They said that they don't feel they receive the best care by the staff called "home helper". So the Ministry of Health and Welfare tried to pick up Katakana words from the white paper and change them to Japanese words. Five staff members had to stay up three nights to change them.

Some people say that foreign loan words in Japanese are useful because they make the language international. Some other people also insist that we will lose the freedom of expression. They say we have to keep many expressions because they are related to the Japanese culture.

But I think when they comment about Katakana words, they should distinguish these words according to their influence in our life and that the government has to regulate them accordingly.

The Japanese has a tendency to shorten the long words nowadays. Most of the shortened words have four morae. Some say that the Japanese is a farming tribe and they feel a sense of security when they keep simple duple time slowly. So four is 2 time 2. The Japanese likes four morae words.

スパコン(supakon) ⇨ スーパー コンピューター(suupaa konpyuutaa : super,
computer)

リモコン(rimokon) ⇨ リモート コントロール(rimooto kontorooru : remote control)

エアコン (eakon) =>	エア コンディショナー	(ea kondichonaa)
ゼネコン (zenekon) =>	ゼネラルコントラクター	(zeneraru kontorakutaa: general contractor)
マザコン (mazakon) =>	マザー コンプレックス	(mazaa konpurek- kusu: mother complex)
ボディコン (bodikon) =>	ボディー コンシャス	(bodii konshasu: body conscious)

The reason why this kind of abbreviation happens is that the word is used frequently and people can understand the meaning very well. We come to use "informed consent", which means the thorough explanation by a doctor before giving medicine or having an operation. But we don't have any abbreviated word for this year because it cannot be well known by the Japanese. I think that a fixed abbreviated word is already a Japanese word, and not a foreign word because most of the people have accepted it and it is very useful.

Lastly, thinking of the future of translation, we should attend to the issue of the Chinese characters. An American linguist declared that the Chinese character was inappropriate for the computer system in the 1980's. But now, we have succeeded in developing a system that automatically converts characters to Chinese characters in the "waapuro", word processor. We are using more Chinese characters in sentences. Internationally, the power of the image of Chinese characters is being acknowledged in the internet. The Chinese characters were the means of information among the Chinese groups who had different speech. So the Chinese characters will be revived as the common code of the information network.

References:

- Comrie, Bernard. (1994) Introduction to Contemporary... I (1) : 1 - 87
 Kabashima, Tatsuo. (1986) Wago, Kango, Gaireiso, Nihongo no Kiso, Hoso Daigaku, 8
 Sanado, Shinji. (1988) Nihongoshi, NAFL Institute, 2-3
 Suzuki, Takao. (1995) Nihon Kanji no Tokusei ni Tsuite, Nihongo. Una Kokusaigo ni nariuraka, kodansha Gakujutsu Bunko, 4
 Ishino, Hiroshi. (1997) Gairaigo no Mondai, Nihongo 3, Iwanami, 7
 Ishii, Masahiko. (1989) Senmon-yogo no Jittai to Kanji, Gendai seikatsu to kanji, Kanjokosa, 10

ANG PAGPAPALAYA NG LINGGWISTIKS AT WIKANG PAMBANSA NG PILIPINAS

Ernesto A. Constantino
Unibersidad ng Pilipinas - Diliman

O. Sa aking lektur ngayon na tungkol sa pagpapalaya ng linggwistiks at wikang pambansa ng ating bansa, ididiskas ko ang ilang bagay na humahadlang o pumipigil sa paglaya ng dalawa sa dayuhan at kolonisadong gawi at kontrol. Pagkatapos, ididiskas ko ang mga ilang bagay na makakatulong sa pagpapalaya sa dalawang ito. Sa huli, ipagdidiin ko na ang pinakamabilis at pinakaepektibong paraan para sa pagpapalaya ng linggwistiks at wikang pambansa ng ating bansa sa mga dayuhan at sa mga kolonisado at elitistang pag-iisip at kontrol ay ang paggamit ng ating wikang pambansa nang malaya at walang balakid bilang tangi o pangunahing wikang panturo sa ating edukasyon at sa pag-aaral ng ating mga wika at mga ibang wika.

1. Ang akademikong pag-aaral ng linggwistiks at ng wikang pambansa (WP) ng Pilipinas ay sabay at magkasamang sinimulan sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) noong 1922, pitumpu't limang taon na ang nakararaan. Sa taong ito, itinatag sa UP ang Departamento ng Linggwistiks ng Pilipinas na sya ngayon ang departamento namin, at dalawang misyon ang ibinigay sa departamentong ito. Ang unang misyon ay gawin ng nasabing departamento ang Pilipinas bilang sentro para sa pag-aaral ng mga wika natin sa dahilang ang mundo'y umaasa sa ating bansa na magbigay ng iskolarsyip at direksyon sa pag-aaral ng mga wika natin. Pero nuong panahong iyon wala pa tayong mga linggwist na Pilipino na kailangan para sa pagsasagawa ng misyon na ito.

Ang ikalawang misyon na ibinigay sa itinatag na departamento ay ang tumulong, batay sa pag-aaral ng mga wika natin, sa pagbuo ng ating wikang pambansa na lubhang kailangan para sa pagkakaisa at progreso ng ating bansa. Nuong panahon ding iyon wala pang kinikilalang wikang pambansa sa Pilipinas.

1.1 Sa kabila ng pagtatatag ng nasabing departamento sa UP, naging mabagal ang pagdevelop at pagsulong ng linggwistiks ng Pilipinas na dapat magmula sa sayantipikong pag-aaral ng mga wika nating mga Pilipino. Gayon din naging mabagal ang pagdevelop at pagsulong ng ating wikang pambansa kahit na ngayon na ito'y batay na sa ating pambansang linggwa frangka. Sa aking palagay ang pinakamalakas na hadlang sa pagdevelop at pagsulong ng linggwistiks at wikang pambansa ng ating bansa ay ang kawalan o kakulangan ng sapat o nararapat na kalayaan para sa pag-aaral ng linggwistiks at mga wika ng ating bansa. Dahil dito, minarapat kong ifokus sa aking lektur ngayon ang pagbibigay ng kalayaan o ang pagpapalaya sa sayantipikong pagtuturo ng ating mga wika at sa pag-aaral at paggamit ng ating wikang pambansa.

1.2 Sa simula pa, ang unang problema ng linggwistiks ng Pilipinas ay ang kawalan ng mga Pilipino na mag-aaral at magtuturo sa sayantipikong paraan ng ating mga wika. Nang unang mag-ofrer ng dalawang kurso tungkol sa linggwistiks ng Pilipinas sa UP nuong pasukan ng 1923-24, isang Jerman ang nagturo ng mga kursong ito. Nuong taong 1928 nakatapos sa pagkadoktor sa linggwistiks sa Jerman ang isang Pilipino; siya ang unang linggwist na Pilipino. Pero mula nuon hanggang sa matapos ang dekada ng 1950, nanatiling nag-iisa ang linggwist na ito at siya'y laging okupado sa mga trabahong administratibo.

Nuong dekada ng 1960 naging dalawa ang linggwist na Pilipino, naging tatlo nuong dekada ng 1970 at ngayon anim o pito na ang nakapag-aral at nagtuturo ng linggwistiks sa aming departamento at sila'y nagireserts tungkol sa ating mga wika. Sa mga linggwist na ito, isa ang retirado na at isa pa ang dapat retirado na rin kundi inekstend ang kanyang apoyntment. At hanggang ngayon sa UP lamang may programa para sa degrading BA, MA at Ph.D. sa Linggwistiks.

Maitatanong natin, bakit kokonti ang linggwist na Pilipino gayong napakarami ang mga wika natin na karamihan ay bahagya pa lang o hindi pa sapat na napag-aaralan? Maliwanag ang sagot dito: Dahil ipinwera sa mga kurikulum ng ating mga eskwelahan ang pag-aaral at paggamit ng ating mga wika pati na ang ating wikang pambansa. Maraming banyagang wika mula sa Amerika, Yurop at Asya ang itinuturo sa ating mga eskwelahan mula pa nuong panahon ng pananakop sa ating bansa ng mga Kastila at Amerikano hanggang sa ngayon. Sa kabilang dako, ang ating wikang pambansa lang ang sinimulang ituro bilang subjek sa ating mga eskwelahan nuon lamang 1940 at ginamit ang wikang ito bilang wikang panturo na rin sa mga ilang subjek mula nuong 1974 sa ilalim ng palisi ng bilinggwal na edukasyon. Marami ring eskwelahan ang may palising "Speak English only" na nagpapagamit ng Ingles lang at nagbabawal sa paggamit ng ating mga wika, kasama na ang ating wikang pambansa, sa luob o premises ng eskwelahan maliban lang sa mga klase sa wikang pambansa.

1.3 Dahil sa kakulangan ng linggwist na Pilipino ang pag-aaral ng ating mga wika ay naging kontrolado ng mga dayuhan, una ng mga Kastila at sumunod hanggang ngayon ng mga Amerikano. Ang mga prinsipyo at teorya na itinuro at ginamit ng mga dayuhang ito sa pag-aaral ng ating mga wika ay ibinatay o nagmula sa pag-aaral ng mga wika nila. Sa ngayon, ang mga prinsipyo at teoryang mula sa Amerika ang pinag-aaralan at natututunan ng mga Pilipino at ang mga prinsipyo at teoryang ito ang itinuturo nila sa kanilang mga estudyante at kanila ring ginagamit sa pag-aaral ng ating mga wika.

1.4 Sa kabila nito, masasabi na namin ngayon na may malaking kalayaan at kakayahan nang magdevelop ang linggwistiks ng ating bansa sa UP kahit na kokonti pa rin ang mga linggwist sa aming departamento. Masasabi na namin ito dahil simula pa nuong 1962 sinikap namin sa aming departamento na alamin lahat ng mga wika sa Pilipinas at kumolekta sa bawat isa ng maraming deyta o datos para sa pag-aaral ng mga wikang ito. Sinikap din namin at patuloy naming sinisikap na pag-aralan ang mga wika natin batay sa kanilang tunay o sariling istruktura at hindi

batay sa istruktura ng mga ibang wika lalo na ng Ingles. Sinikap din namin at patuloy naming sinisikap na hwag gamitin ang anumang prinsipyo o teorya na hindi angkop sa tunay na istruktura ng ating mga wika. Isa pang bagay na napakahalaga sa pagpapalaya ng ating linggwistiks sa dayuhang kontrol ang paggamit ng mga linggwist na Pilipino ng ating wikang pambansa sa pag-aaral at pagtuturo ng linggwistiks at ng ating mga wika at sa pagrireserts at pagsulat ng mga pag-aaral tungkol sa ating mga wika. Layunin namin sa aming programa sa linggwistiks na alisin sa mga dayuhan ang kontrol sa at direksyon ng pag-aaral ng ating mga wika para makabuo ng at mapaunlad ang linggwistiks na mula o batay sa mga pag-aaral ng mga Pilipino sa kanilang mga sariling wika. Sa ngayon, maliban sa kakulangan ng sapat na bilang ng mga linggwist na Pilipino, isa pang malaking pangangailangan para sa pagpapalaya ng ating linggwistiks sa dayuhang kontrol at oryentasyon ay ang pagsulat ng mga teksbuk, workbuk, grammar at mga iba pang kagamitan para sa pag-aaral ng ating mga wika na batay unang-una sa mga pag-aaral na nagawa ng mga Pilipino sa ating mga wika at nakasulat sa ating wikang pambansa. Ang tunay na linggwistiks ng ating bansa ay iyong linggwistiks na nagmumula sa sayantipikong pag-aaral ng mga Pilipino sa kanilang mga wika na nakasulat sa kanilang wikang pambansa at naglalaman ng kanilang mga sariling isipan, prinsipyo at teorya tungkol sa mga wika natin. Mapapalawak ang linggwistiks na ito sa pag-aaral ng mga ibang wika sa labas ng ating bansa at sa pag-aaral ng mga isipan, prinsipyo at teorya ng mga ibang linggwist tungkol sa wika. Gayunman, mananatiling pinakabuod ng ating linggwistiks ang sayantipikong pag-aaral ng ating mga wika ng mga Pilipino at ang paggamit nila ng ating wikang pambansa sa kanilang pag-aaral ng mga wika.

2. Tulad ng pag-aaral ng ating mga wika, kakulangan din sa kalayaan ang pinakamalaking problemang kinakaharap ng ating wikang pambansa sa paggamit nito. Kahit na idineklara ng ating konstitusyon ang Filipino bilang wikang pambansa ng Pilipinas, pinipigil pa rin ng ating gobyerno ang pagganap ng wikang ito sa dalawang pinakamahalagang tungkulin ng isang wikang pambansa. Ito ang paggamit ng wikang ito bilang tangi o pangunahing opisyal na wika o wika ng gobyerno at wika ng edukasyon. Sa dayuhang wika pa ipinagaganap ng ating gobyerno ang mga tungkuling ito. Ito'y kontra sa inuutos ng ating konstitusyon na dapat pangunahan at itaguyod ng ating gobyerno ang paggamit ng Filipino bilang wika ng opisyal na komunikasyon at wika ng edukasyon. Hindi dapat pigilin ng ating gobyerno ang paggamit ng mga Pilipino sa kanilang umiiral o "de facto" at "de jure" na wikang pambansa sa mga opisyal na komunikasyon at sa kanilang edukasyon. Ang Filipino ang wikang ginagamit at naiintindihan ng karamihan ng mga Pilipino. Higit na mas marami kaysa sa mga ibang wika kasama na ang Ingles ang mga Pilipinong gumagamit at nakakaintindi ng wikang Filipino. Dahil dito, dapat bigyan ng ating gobyerno ng kalayaan at preperensya ang paggamit ng wikang ito ng mga Pilipino, lalo na sa kanilang gobyerno at edukasyon. Ang mga isyung ginagamit laban sa paggamit ng Filipino, na diumano'y di-raw intelektwalisado o di-pa develop ay pawang walang tunay na batayan at panakip lamang sa kakapusan ng kaalaman at pagkagusto sa wikang ito ng mga taong gumagawa ng ganitong paratang

2.1 Ang ating gobyerno ang nagpapatunay na pinakamalakas' na fwersa na pumipigil sa kalayaan ng ating wikang pambansa na gampanan ang dapat nitong gampanan. Gayunman, may ilang Pilipino, kadalasan mga nagtuturo sa Kolehyo't Unibersidad at mga manunulat, na nakakapigil sa malayang paggamit at pagdevelop ng Filipino dahil sa kanilang isipan at/o ginagawa tungkol sa wikang Filipino. Sa lektyur ko ngayon, ang mga isipan at/o ginagawa ng mga Pilipinong ito tungkol sa panghihiram ng mga salita at sa pag-ispeling ng mga hiram na salita ang aking ididiskas.

2.2 May mga Pilipino na kontra sa paggamit sa wikang Filipino ng mga hiram na salita, lalo na yung mga hiram na Ingles. Pinipilit nilang humanap o kaya'y bumuo o mag-imbento ng mga salitang "katutubo" na ipapalit sa mga hiram na salita. Ang gawaing ito ay sadyang pumipigil sa malaya at natural na paggamit at pagdevelop ng wikang Filipino. Ang paggamit natin ng ganyang uri ng wika ay lubhang mahirap. Madalas hindi maintindihan o mahirap maintindihan ang mga "katutubong" salitang ipinapalit sa mga hiram na salita. Bakit nila pipigilin ang panghihiram ng mga salita kung gustong hiramín o kaya'y kailangang hiramín ang mga ito dahil wala silang katumbas na "katutubo" sa wikang Filipino, tulad ng *telepono*, *hatdog* at *kompyuter*? Bakit imbes na manghiram ng salita gagamit ng patay o di-na ginagamit na salita dahil ito'y "katutubo", tulad ng "dalumat" imbes na "konsepto", o kaya'y bubuo o mag-imbento ng "katutubong" salita para ipalit sa hiram na salita, tulad ng paggamit ng "sipnayan" bilang kapalit ng "matematiks" o "matematika"? Maliwanag na ang pagbabawal sa panghihiram ng wika ay pagpipigil sa kalayaan ng wikang magdevelop ng natural at pagpipigil din sa paggamit ng wika ng natural.


2.3 Meron ding ilang Pilipino na pumapayag na manghiram ng mga salita pero ayaw nilang baguhin ang ispelang ng mga hiniram na salita. Gusto nilang manatili ang "orihinal" na ispelang ng mga hiram na salita kahit na napakalayo ang nasabing ispelang sa bigkas. Halimbawa, ayaw nilang palitan ang orihinal na ispelang ng mga salitang hiniram sa Ingles na "bubble gum", "black eye", at "policy" ng ispelang na "babol gam", "blak-ay" at "palisi" na sumusunod sa mga tuntunin sa ispelang ng wikang Filipino.

2.4 Ilang Pilipino rin ang pumapayag na palitan pero ng di-kumpleto o di-lubos ang ispelang ng ilang hiram na salita. Halimbawa, ang gagawing ispelang sa Filipino ng hiram na salitang "subject" ay "subjec" na may "c" sa dulo imbis na "k" dahil sa "c" raw sa ispelang ng salita sa Ingles. Isa pang halimbawa: ang ispelang sa Filipino ng hiram na salitang Ingles na "textbook" ay "textbuk" na may "x" at dalawang "t" para hindi malayo sa orihinal na ispelang sa Ingles.

2.1 Maliwanag na ang mga Pilipino na nagpapatuloy sa pagsunod ng kumpleto o di-kumpleto sa orihinal na ispelang ng mga salitang hiniram sa Ingles ay nanatiling kolonisado pa rin ng wikang Ingles at hindi pa nakakalaya sa kontrol ng wikang ito. Gusto rin nilang maging kolonisado rin ang wikang Filipino ng wikang Ingles. Ang ganitong kolonisadong isipan, gawain at hangarin ng ilang Pilipino at lubhang nakalulungkot at nakasasama't pumipigil sa malaya at natural na

pagdevelop at paggamit ng wikang Filipino. Dapat manatiling malaya ang ating wikang pambansa at mga ibang wika sa kontrol ng anumang wika para epektibo nilang mapasulong at mapaunlad ang kalayaan ng mga Pilipino, lalo na sa pag-iisip at paggawa.

3. Sa huli, masasabi natin na ang pagpapalaya sa pag-aaral at paggamit ng ating mga wika, lalo na ang ating wikang pambansa, sa kontrol ng anumang dayuhang wika ay pagpapalaya rin sa isipan ng mga Pilipino.



cover design daniel.tayona

DEPARTAMENTO NG LINGGWISTIKS
2/F Bulwagang Rizal (dating Faculty Center)
U.P. Diliman, Quezon City
tel. blg. 926-98-87, 920-53-01 loc. 7419